

"Ang nobelang ito ay patunay sa malikhaing diwa at malalim na kakayahan ni Genevieve Asenjo. Isang pambihirang akda."
CIRILO F. BAUTISTA
LUMBAY NG DILA
GENEVIEVE L. ASENJO

Ang pahinang ito ay sadyang iniwang blangko.

Ang akdang ito ay isang likhang-isip. Anumang pagkakatulad sa historikal na mga pangyayari ay hindi kailangang ituring na totoo.

“Sa hanay ng mga kabataang manunulat, isa sa lalo't higit na namumukod-tangi si Genevieve Asenjo saksi ang kanyang marami nang mambabasa, gayundin ang marami nang gantimpala sa panulat na kanyang natamo.

Sapol ng kanyang panitik ang mga anyo ng tula at maikling kuwento, at sa pinakahuli ay ang nobela (*Lumbay ng Dila*) na ang mga nilalaman ay tumutuhog sa mga karanasan at buhay-buhay na babae/lalaki, gilid-gilid/sentro, rural/urban, personal/pulitikal, nasyonal/global—na sa pangunahin ay kanyang itinatampok sa pamamagitan ng mga babaeng persona sa kanyang mga tula, ng mga pangunahing babaeng tauhan sa kanyang maiikling kuwento lalo pa nga ba sa kanyang pinakahuling akdang *Lumbay ng Dila*.

Dapat ding bigyang-diin ang partikular, naiiba, at espesyal na kontribusyon ni Asenjo sa larangan ng wika. Isang misyon at adbokasi na ni Asenjo na buong pagmamahal at pagmamalaking isentro ng kanyang panitik ang kanyang kinamulatang wika sa Visaya (Kinaray-a), gayundin ang barayting wikang Kinaray-a-Filipino.”

**—Fanny A. Garcia**

"Kung tutuusin, huling-huli na itong nobelang *Lumbay ng Dila* ni Genevieve L. Asenjo kung konteksto ng *Maragtas* ang pag-uusapan. Ayon kasi sa folk history na ito tungkol sa sampung datu mula sa Borneo na dumating sa Panay noong ika-13 siglo, sa Antique—partikular sa tabing-ilog ng Malandog sa bayan ng Hamtic ngayon—itinatag ang unang barangay sa Filipinas. Ngayon lamang ang kasadya ko pagkabasa nitong maanyag at matapang na nobela."

**— John Iremil E. Teodoro**

"Although *Lumbay ng Dila* is Asenjo's first novel, her work shows that she already has mastery of the form as can be seen in the colorful and enduring story; tight structure and plot; interesting, believable, and vivid characterization; clearly delineated setting; timely and timeless ideas; appropriate choice and handling of point of view; and fresh and effective use of language. If Asenjo's purpose in writing her novel is to entertain readers, I think she is able to accomplish this. Like her earlier readers, I also enjoyed reading her novel thoroughly."

**— Gerardo Z. Torres**

# LUMBAY NG DILA

Genevieve L. Asenjo

C & E Publishing, Inc.
2010

C & E
Publishing, Inc.

*C & E Publishing, Inc. was established in 1993, and is a member of ABAP, PBAI, NBDB, and PEPA.*

Lumbay ng Dila
Inilathala ng C & E Publishing, Inc.
para sa De La Salle University Manila

839 EDSA, South Triangle, Quezon City
Tel. No: (02) 929-5088
Telefax: (02) 929-5713
e-mail: info@cebookshop.com

Karapatang-ari © 2010 ng C & E Publishing, Inc.
at ni Genevieve L. Asenjo

Reserbado ang lahat ng karapatan. Alinmang bahagi ng librong ito ay hindi maaaring kopyahin o isulat sa anumang anyo maging ito ay palimbag, mimyograp o makinilyado nang walang pahintulot ng tagapaglathala o ng may-akda.

**Datos sa Pagkakatalogo ng Publikasyon**

PL 6058.9 .A7 L8 2010

Asenjo, Genevieve L.
Lumbay ng dila / Genevieve L. Asenjo. -- Quezon City : C & E Pub., 2010.
486 p. : 18 cm.

ISBN 978-971-584-935-7 (NP)
978-971-584-936-4 (BP)

I. Title.

Disenyo ng Pabalat: Vicente Garcia Groyon
Layout: Judith Ann C. Buhain

*kay Heath*

Ang pahinang ito ay sadyang iniwang blangko.

# 1

TANGHALING-TAPAT ngayon. Kalagitnaan ng Hunyo. Taong 2007. Nasa dibdib niya ang alinsangan ng tag-init, nasa talampakan ang lamig ng tag-ulan.

Nakatayo siya—si Sadyah Zapanta Lopez—sa isang burol sa kanilang baryo, ang Barasanan, sa bayan ng Dao. Nasa dulong timog ito ng Antique, isang probinsya sa Panay na ayon sa isang paring musikero nito, ang lugar kung saan nagtatagpo ang dagat at bundok. Lupa at dagat sa pinggan naman ito para sa isa niyang babaeng makata na kasalukuyang nasa Amerika.

Sinuklay niya ng mga daliri ang lampas-balikat na buhok. Inamoy ang bango nito.

Isang pag-aanyaya sa banal sa kanyang paligid na dumapo sa kanyang ulo.

Katulad kaninang umaga. Umaasu-aso ang kanin na sinandomeng. Nakalapag ito sa mesa sa kanyang gilid katabi ang pinggan ng piniritong danggit, nilagang itlog, tortang talong. Nagbu-brew sa French Press ng Starbucks ang House Blend.

Sa kanyang laptop, nagsisimulang bumukas sa Capricorn ang www.horoscope.com. Naririnig na niya ang "Love's Divine" ni Seal sa video na pinadala sa kanya ni Priya sa YouTube. *Alaala ng Pagkabasa*. Ito ang pamagat ng kanyang blog sa Multiply. Naisulat niya ang ganito: *Isang tubig ang alaala na humahagunos sa tamang panahon. Katulad ngayong umuulan at gusto kong maniwala sa muling pagkaluntian ng bukid*.

Hindi niya ito naipagpatuloy.

Tumunog ang kanyang cellphone. Isang breaking news ang mensahe na kaagad din narinig ng buong baryo sa Bombo Radyo. Ito rin ang bumati sa kanya sa Inquirer7.net. at Philstar.com. Nasisiguro niyang ito rin ang ibinabalita sa mga istasyon ng TV. Marahil may nakatatak pang eksklusibo.

**Former Antique Assemblyman Marcelo N. Lopez, acquitted after 21 years of trial!**

Nakilala niya ang pagkamangha, higit kaysa pagkabigla, na lumukob sa kanya. May anyo ng kaligtasan.

# 2

SIYA SI SADYAH ZAPANTA LOPEZ. Apat na taon ang nakararaan, nauso ang Friendster. Sumali siya at naitatak niya sa bahaging Who Do You Want To Meet ang magkatambal niyang pagnanasa: My grandfather Marcelo Nones Lopez and my mother Teresa Checa Zapanta-Lopez.

Natunaw ang kanyang akala na naiwan niya ito sa paliku-likong kalsada ng Antique nang makatapos sa kolehiyo sa University of the Philippines Visayas sa Miag-ao. Naitapon maging ang huling hibla ng lungkot nito sa daungan ng Iloilo nang makasakay siya sa barko patungong Manila.

Nabuwag ng font na Garamond ang kanyang hiya. Napalitan ng tapang ng **Bold** at bighani ng *Italics* ang kanyang panliliit. Umangkin ng tatag ng karaniwang 12 font size ang kanyang pag-aalinlangan. Na para bang

ang tayo nito sa pahina ng website ay may integridad ng ganda at lakas niya ngayon sa edad na 28.

Nagulantang siya. May pagkamangha. Parang tulad noong una niyang masaksihan bilang Assistant Instructor ang nagliliparan, nagkikislapan, at nakatutuliling na flash animation sa powerpoint presentation ng kanyang mga estudyante sa La Salle.

May intensidad ng unang danas niya ng pakikipagniig sa edad na 20. Kay Stephen, ang dati niyang mangingibig na Tsinoy. Napakabilis ng mga daliri ng binata sa pag-abot-tanggal ng hook ng kanyang bra. Sa mga labi't palad nito, nakalimutan niyang maliliit ang kanyang mga suso. Nasundan niya ang pagluslos nito ng puting briefs. Hanggang sa makawala sa mga paa nito at tuluyang humimlay sa sahig. Natulala siya sa isang napakagandang tanawin—ang bantayog sa pagitan ng mga hita ni Stephen. Hindi na niya namalayan kung sa pitaka ba o sa bulsa ng pantalon nito hinugot ang strawberry-flavored condom. Nang lumipat ang mga bibig nito sa naglalagablab niyang kandungan, napaigtad siya't napahiyaw, dahil para bang nag-aamoy-dila ito sa whipped cream ng café mocha.

May sindak nang hapong iyon na nadaanan nila ni Ishmael, ang dati niyang nobyo na Muslim, ang pagsusunog ng mga aktibista sa mga mukha nina George Bush at Gloria Macapagal-Arroyo sa harapan ng US Embassy. Animo'y nagsilundagan ang lahat ng poot mula sa mga mata at lalamunan ng mga aktibista. Mga bola ng apoy na nagpagiling-giling sa kalsada at hinabol

sila ni Ishmael. Hanggang sa sumuot at gumapang ito sa buo niyang katawan. Naging isang higanteng virus na kumakatkat sa kanyang kalamnan at buto.

Pinagtagpo niya ang mga daliri nila ni Ishmael sa pagsisitayuan ng kanyang mga balahibo. Niyanig siya ng panginginig at may lindol na dumagundong sa kanyang isipan: "Ano ang totoo, Marcelo? Ano ang totoo, Teresa?"

DITO NABUO, sa kanyang buhay-pag-ibig, ang pagkamangha na naramdaman niya kaninang umaga. Kasukob ang pinaniniwalaan niya ngayon: *Ang pag-ibig ay isang distansya*.

Sa simula, sa pagitan ng magkaharap na balkonahe nila ni Priya sa magkatambal na gusali. Ang liwanag ng ilaw ay isang bintana. Ang hangin na dumadaan ay naglalakbay mula sa isang pinto papasok sa elevator, pababa, para umakyat, sa isa pang elevator, tungo sa kabilang pinto, saan ang katok ay kapangalan ng cold shower at pillow talk ng mga libro, musika, paglalakbay.

At ngayon, ang pagpapalaot nila *online*. Sa kanyang Filipino-English na tunog Kinaray-a. Sa Indian-inflected English ni Priya. Sa pinagtutugma nilang oras ng Manila, Philippines, at Munich, Germany.

Ang lumbay ng dila.

HINDI TUMAGAL ang pagbuhos ng ulan. Hindi rin umaraw.

Isa-isa niyang isinara ang website. Sunud-sunod na pinindot ang mga hakbang sa pagpapahinga ng laptop.

Nakabukas ang bintana. Napasulyap siya. Nagkikiskisan sa hanging Hunyo ang mga  dahon ng punong atis. May liwanag na nagtatagos sa pagitan ng paglalapit at paglalayo ng mga tangkay. *Mga kamay ng Diyos*, naisip niya. Nagbibigay-daan sa liwanag na makararating sa kanyang utak, magniningning sa kanyang mga mata at mukha, magpapahinahon sa kanyang boses.

Inubos niya ang almusal. Sinimot ang isang tasang kape. Saka binitbit ang isang bote ng mineral water palabas ng bahay.

Anim na kabitbahay ang kanyang nadaanan. May malalaking puno ng akasya, mga puno ng sinigwelas at saging sa magkabilang gilid ng kalsada na dinadaanan ng linya ng koryente, mga halaman na hindi na niya nakikilala ngunit natatandaan niyang namumulaklak. Pinamimitas niya ito noong bata siya; sinisipsip ang katas ng mga talulot.

Sinuyod ng kanyang tsinelas ang mga mumunting bato sa kalsada. Hinayaan niyang kumapit ang alikabok sa naka-shaved na mga binti sa suot na shorts na maong. At parang mga hanay ng maliliit na pulang langgam na gumapang sa kanyang loob ang sundot na umakyat sa burol na ito.

ITONG BUROL ang nagsisilbing watchtower ng higit walong-hektaryang nakapalibot sa kanya. Pamana ng kanilang apoy Ati Bulalakaw. Makikita mula rito kung may mangangahas pumutol ng kahoy o kung may sunog.

Malayo ang dagat sa kanila. Nasa kabila ng Bundok Aliwliw kung saan tumatalbog ang kanyang paningin. Kung saan nakatayo ang satellite dish ng isang network ng cellphone. Sa kalawakan, natatandaan niyang leksyon noong Grade 4 sa pampublikong paaralan sa kabilang baryo ang ulap na nakalutang: *cumulus*. Pansamantala, para itong naging balloon na naglalaman ng utos, nagsusulputan kasabay ng nagkikislapang pana sa ulo ng diyablo na kailangang patayin upang maka-abante sa laro sa kompyuter na Ragnarok.

Naglaro sila ni Priya nito isang gabi.

Sa paanan ng bundok, parang kabuteng nagsusulputan ang mga yerong bubong ng mga kongkretong bahay. Isang bahaghari sa kanilang iba't ibang kulay. Isang talaan ng Bangko Sentral ng Pilipinas sa palitan ng mga pera sa kanilang iba't ibang laki at taas.

Sa di-kalayuan, isang malawak na palayan. Napalunok siya ng laway. Nakadadaloy lamang sa buong baryo ang pag-asa ng mga magsasaka sa masaganang ani, sa tuluy-tuloy na pagbuhos ng ulan.

Papalapit, ang hilera ng mga punong niyog at kawayan sa magkabilang gilid ng pampang. Nakikilala niya pa ang mangilan-ngilang puno na nagkukubli ng

sapa roon: kaimito, lumboy, banaba, kamunsil, madre de cacao, ipil-ipil.

Pagkatapos, isa uling malawak na palayan. Sang-ayon sa lakas ng init at ulan saka ihip ng hangin, nag-aaruga rin ito ng mais, melon, pakwan, kamatis, labanos.

Sa paanan ng burol na ito, lumulubog-lutang sa kanilang sombrerong buri sina Nene at Nonoy.

Pinsan niya sa ama si Nene. Dalawang taon ang tanda sa kanya. Bana nito si Nonoy, na mukhang artistang si Piolo Pascual na kalbo, lampas kuwarenta, sunog ang balat.

Nagtatanim sila ng mga madre de cacao na magsisilbing firebreak sa ipinapatayo niyang nursery ng mahogany.

Pangalawang araw na ito. Magkasama sila kahapon. Nangalay ang kanyang likod. Lalo na ang kanyang kanang braso. Natulog siya kagabi sa lambot ng paghilot ng mga kamay ni Nene.

Ipinagdiriwang ng mag-asawa sa lupang ito ang balita. Sa kanilang suot na kamisetang may manggas. Nauna silang umalis ng bahay, bitbit ang pala at piko mula sa pagkakasandal sa puno ng atis.

Marahil tulad ng mga punla ng mahogany at mga puno ng madre de cacao, nangangako ang araw na ito ng mas taas-noo nilang paglalakad sa mga kalsada sa bayan ng Dao at San Jose, ang kapital ng probinsya. Lalo na nina Joshua at Angela, pito at apat na taong gulang na anak nina Nene at Nonoy. Pagdating ng sarili nilang pagkamalay sa kasaysayan ng kanilang angkan.

Nakita siya ng mag-asawa. Kumakaway ang mga ito. Gumanti siya.

Binuwal ng hangin ang nasimot niyang bote ng mineral water at napatalikod siya.

Isa uling malawak na palayan. Ngayon, hagdan-hagdan, paakyat sa bundok na walang gubat. Sa kabila nito, ilang baryo na mga Kawasaki at Yamahang motorsiklo lang ng mga ahente ng gamot at trucking ng mga negosyante ng hayop ang nakapapasok. Ilang eleksyon na, hindi pa rin nagkakakoryente. Naikuwento sa kanya ni Nene na may generator ang ilang may kapamilya sa abrod.

Iloilo na sa malayung-malayo. Ang San Joaquin, ang unang bayan mula Antique. Kung lalakarin, maaaring kalahating araw. Sa kanyang kaliwa, ang baybayin ng Anini-y, ang kasunod na bayan. Kung ihahambing sa Manila Bay, para itong postcard sa tingkad nitong asul at sa puting ulap na animo'y nakatungtong sa abot-tanaw.

Pang-screensaver.

Sa kanyang kanan, ang hilera ng huling nakatala sa Census na 204 kabahayan ng kanilang baryo. Dumidiretso ang kanyang paningin sa lubak-lubak na kalsada papasok sa bayan ng Dao hanggang sa mga tulay papuntang San Jose. Pagkatapos, tulad ng isang avatar sa natutunan niyang laro sa kompyuter, nagteteleport siya sa kabundukan ng Panay. Kung titingnan ang mapa ng rehiyon, ito ang pumapagitna sa Antique sa dalawa pang probinsya, ang Capiz at Aklan. Narito ang Bundok Madya-as at Bundok Baloy. Narito ang kabundukang

kumakanlong sa *Sulod*, lahi ng pinagmamalaking *binukot* at *babaylan* ng epikong *Hinilawod* na naitala ng mga iskolar ng UP.

Higit sa lahat, ito ang kabundukan na naging tahanan ng kanyang mga magulang. Ang nagpaulila sa kanya.

Wala pa ito sa google.earth.

Kaya dinungaw niya sa unang pagsakay sa eroplano. Sa unang pag-uwi pagkatapos ng halos pitong taon. Nitong Abril at siya—si Sadyah Zapanta Lopez—ay isa nang propesora sa De La Salle University Manila.

TANGHALING-TAPAT ngayon. Sumasayaw sa hangin ang mga dahon ng talahib, tanglad, makahiya at iba pang damo sa burol na ito kung saan siya nakatayo. Isang pagtungtong-lampas sa mga balakid na nakabalot sa kanyang mga lumang tanong: *Saan ako magsisimula? Paano?*

Nalalanghap niya ang tubig-balon ng kanyang kabataan sa sapa sa di-kalayuan, ang mga lumot na kumakapit sa mga bato roon, ang mga lilang bulaklak ng banaba na inakyat niya para ipalamuti sa kapilya sa Flores de Mayo. Maging ang putikan sa unahan nito na animo'y kama kung makahiga ang kalabaw habang nakatali ang leeg sa puno ng madre de cacao.

Unti-unti, hindi na lamang isang pagnanasa ang makita sina Marcelo at Teresa. Nahihinog sa kasiguraduhan ang dati niyang pananalig sa *basi pa lang.*

*Baka pa lang* makita na niya silang higit pa bilang mga naka-jpeg.format na attachment sa kanyang email.

Isang tugtog sa kanyang isipan ang ganitong linya ng kanyang Auntie Fely: *Ito na ang tamang panahon, Sadyah. Kailangan mo nang makipagkita sa iyong ina. Kay Teresa ang totoong kuwento, wala rito sa Barasanan!*

# 3

MASASABING NAGSIMULA ang paghawan niya ng daan patungo kay Teresa noong 2000. Nang mauso ang pakikipag-chat at siya—si Sadyah Zapanta Lopez—ay si teresa_gwapa sa Yahoo Messenger o YM.

Kay Stephen Chua niya lang ito ipinagtapat, si superman77.

Nagkakilala sila sa FilipinoFriendFinder.com. Una silang nagpalitan ng numero, pagkaraan, ng email. Iyon lamang at ipinagkatiwala nila sa isa't isa ang kanilang tunay na pangalan.

Nagkasundo sila sa MWF @10 ng gabi na iskedyul sa pag-log in sa YM.

Higit isang buwan na silang virtual buddy nang magkasundong mag-eyeball.

Biyernes iyon ng gabi, alas nuebe, at nagbabadya ng bagyo ang Oktubre. Sa Starbucks sa intersekyon ng kalyeng malapit sa kanyang tinitirahan.

*Ask for My Photo*. Ito ang kapwa nakalagay sa kanilang account sa FFF. Sa YM naman, puting pusa na naggigitara ang avatar ni Stephen. Si Tori Amos ang sa kanya. Sa pabalat ng album nitong *Boys For Pele*. Nakaupo sa silya ang kanyang idolo, sa tablang sahig na nagkalat ang mga dagami, litaw ang isang hita sa mahabang palda, may putik sa mga paa. Nakalugay ang mahaba at aluning buhok nito. Kandong ang isang armalite. Sa kanyang tagiliran, nakabitin-patiwarik ang isang malaking manok.

Nagising siya nang umagang iyon sa text message ni Stephen na asul na polo ang isusuot at maong na pantalon. Itim na sapatos.

***Well-behaved women rarely make herstory***. Sagot niya, sa mababasa naman nito sa isusuot niyang itim na kamiseta.

Naglakad siya papasok sa unibersidad na may pananabik sa isipan at katawan. Hindi siya nagutom sa pagitan ng mga klase.

L*ANKY*. Ito ang salita, parang post-it sa kanyang isipan, nang iniluwal ang binata ng salaming pinto. Natandaan niya ang nabanggit nitong taas: 5’10”.

Ipinakita ng ngiti nito ang suot na braces. Nakabitbit ito ng malaking payong. Abuhin. May marka ng isang

kilalang bangko. May pagkatiyak, na siya nga si Sadyah Zapanta Lopez, sa pagsukbit nito sa silya sa kanyang harapan.

Katulad din ng kanyang pagkatiyak sa iginanting ngiti at kaway. May kasabay na kapanatagan, sa hindi guwapo ngunit hindi rin pangit na mukha ni Stephen; may mumunting isla ng taghiyawat. Matangos ang ilong.

"I love your shirt. *Well-behaved women rarely make herstory.*"

32-A ang kanyang dibdib.

"20 pesos, ukay-ukay," sagot niya.

Natawa sila. Hindi siya sigurado kung naniwala ang kaharap. Ngunit totoo ito at gusto niya ang lapat nito. Gayundin ang laki at haba. Tamang-tama sa kanyang low-waist na maong, bootleg na Levi's. Orihinal naman ito.

"Unique naman ng name mo, Sadyah with an h."

"Unique din kasi ako."

"Mukha nga."

Muli silang natawa. Hanggang bumaling si Stephen sa nakapaskel na listahan ng mapagpipiliang inumin. May pagtigil, isang pag-aatubili, na lalong nagpapanatag sa kanya.

Pinalagutok niya ang mga daliri. Kilala niya ngunit wala pa sa alaala ng kanyang dila ang caffe latte, ang cappuccino, ang café mocha. Hindi pa kaibigan ng kanyang ilong ang espresso. Napalunok siya ng laway. Lalong wala siyang malasahan sa kung anong

magkaibang hagod mayroon sa lalamunan ang robusta at arabica.

"Ano'ng sa'yo?" baling ni Stephen.

"Ikaw."

"Mocha frappuccino?"

"Sige."

Tumayo si Stephen, hugot ang itim na pitaka sa likurang bulsa ng pantalon. Pumila.

Ipinatong niya ang mga siko sa mesa. Nakakuyom ang kanyang mga palad.

Sa couch sa kanyang kanan, nagbubuklat ang isang estudyante ng *Cosmo Magazine*. Nabasa niya rito ang 101 Dating Tips; sa nakabukas na kopya sa National. Natatandaan niya na dapat *witty and sweet*.

Kinapa niya sa isipan kung papaano.

Napansin niya na walang nababakanteng mesa. Sa unahan, nagtuturo ng Ingles ang isang kolehiya na naka-uniporme ng puti sa hindi niya mawari kung Taiwanese o Koreanong dalaga.

"Sadyah with an 'h'." Patong ni Stephen sa dalawang order ng mocha frappuccino.

"That means happy sa Kinaray-a at Hiligaynon."

Kumunot ang noo ng binata. Uminom.

May isang email si Stephen na nagdala sa kanya sa archive ng isang newspaper saan nakapaskel ang pagiging topnotcher nito sa nakararaang board exam ng Mechanical Engineering. 98.77%.

Napag-alaman din niya sa internet na valedictorian ito ng St. Stephen's at magna cum laude ng UST.

First-year law student ngayon sa San Beda. Tulad ng pagpapakilala nito sa YM.

Gusto sana niyang sabihin na nasa Kinaray-a ang talas ng kanyang mga bibig. Ito ang sinasalita sa buong Antique at sa maraming probinsya sa Iloilo. Maging sa Palawan at Mindanao. Katulad na lamang sa Kidapawan at Koronadal sa Cotabato. Ito ang itinuturo ng mga iskolar na wikang-nanay ng Hiligaynon, na mas kilala bilang Ilonggo, ang sinasalita ng mga taga-Iloilo at taga-Negros Occidental; gayundin ng mga taga-Capiz at ng simbahan sa buong isla ng Panay.

Ngunit tumunog ang "Sway" na versyon ni Michael Buble. Naalala niya na wala siya sa klase bilang Assistant Instructor ng Philippine Literature. O estudyante ng Master of Fine Arts in Creative Writing.

"I thought you're a Muslim." Si Stephen.

"How come?"

"Your name."

"I see. Isyu ba 'yun?"

"Makakapag-date ka ba naman?"

"Bakit hindi?"

"Di ba bawal 'yun?"

"How about sa inyo, bawal pa rin ba ang ***huana***?"

Nalaman niya ito sa pagbabasa ng Chinese-Filipino Literature. Dapat *witty* na *sweet*, bulong ng kanyang isip. Pinalagutok niya ang mga daliri.

Napasandal si Stephen. "Panganay kasi ako kaya preferably Chinese. But I also want to do things my way."

"Strict ang parents mo?"

"My Dad, sobra. Kaya nga nag-law ako, e. For the good of the family daw. Nasa copra trading kasi kami. Nanghihinayang nga mga friend ko, kakalawangin daw pagka-engineer ko. But I'm thinking I can do both naman. What do you think?"

"May kilala akong lawyer na theater actor. May nabasa akong banker na chef din. You love law naman, di ba?"

"Yes...partly because of idealism. Saka I would like to venture rin into politics someday."

"Talaga?"

"Wala ba sa mukha ko?"

"Hindi naman. Naalala ko lang Lolo ko. Abogado rin kasi siya. Former Assemblyman ng province namin. Naging Asst. Majority Floor Leader siya sa Batasan at sabi nila, kahit si Marcos bilib sa galing niya sa pakikipagdebate."

"Wow, big time ka pala. Buhay pa siya?"

"Nakabilanggo."

Uminom siya. Tuluy-tuloy.

Sergio Mendes ang sumunod na tugtog. Nagustuhan niya ito, nakilalang isang jazz, bagama't hindi siya pamilyar.

"He was accused as the mastermind sa Guinsang-an Bridge Massacre noong 1984. Five years old ako."

Inasahan niyang babanggitin ni Stephen ang tipong "Case Number blah-blah-blah, People of the Philippines vs. Former Assemblyman Marcelo Nones Lopez."

Ngunit nakatingin lang ito sa kanya, naghihintay ng karugtong. Naisip niya na siguro nga, mas magiging magaling itong inhenyero kaysa abogado.

"Namatay ang kalaban niya sa pulitika, si Gov. Edgardo Villavert Salazar… The Don Quixote of the Impossible Dream."

Napasandal siya at napatingin sa mga daliri. Malinis ang kanyang maiiksing kuko.

Sa Antique, nakatayo sa plaza ng San Jose ang rebulto ni Gov. Edgardo Salazar. Lilok ng isang National Artist for Visual Arts na anak ng probinsya. Noong kabataan niya, katumbas ng pagtugtog ng "Impossible Dream" ang panunukso sa kanya ng mga kaklase. Naging isang malaking kahihiyan ang pagiging apo ni Marcelo N. Lopez. May isang sulat siya noong hayskul. Hindi niya ito naipadala sa Binirayan Hills kung saan nakapiit ang matanda.

Kinuha niya ang kanyang mocha frappe at tuluy-tuloy na ininom.

Inayos niya ang hapit ng kamiseta sa likod. Ibinaba. Hindi siya nakasinturon.

"So Tita mo si Gov. Isabel Lopez-Chan, the President of the Governors' League."

"Na model din ng *sinamay* and *patadyong* gowns. No…I mean, hindi kami magkakakilala."

"Kaya pala misteryosa ka, ang daming intriga sa buhay mo."

"Kaya nga attracted ka sa akin, e."

Humalakhak si Stephen.

Sinimot niya ang mocha frappe.

"How about 'yung Kapamilya?"

"No relation whatsoever."

"Pero doon din sila galing, di ba?"

"Sa Iloilo. Sa Jaro. 'Yung alam ko, lumipat sila dito sa Manila noong NPA na ang pumalit sa mga HUK."

"Grabe. Sa amin sa Pagadian, nangongolekta pa rin sila ng revolutionary tax. Kaya nga mercenary na talaga."

"Alam mo ba na NPA ang mga magulang ko?"

Isa uling halakhak. Lalong naningkit ang mga mata ni Stephen. Bigla, ikinatuwa niya ang braces nito.

"I know this is too heavy for an eyeball. Pero seryoso... kaya nga teresa_gwapa ang handle ko, e. She's my mother, Teresa Zapanta Lopez alyas Kumander Rafflesia. Si Kumander Pusa naman ang tatay ko, si Leandro."

Nakatitig sa kanya si Stephen. Dinarakip ang katotohanan sa kanyang mga mata.

Hinawakan niya ang itim na bag sa katabing silya. Pagkatapos ipinatong ang mga siko sa mesa. Saka pinalagutok ang mga daliri.

Lumulusot sa bintanang salamin ang kanyang paningin; lumalampas sa trapik, lumulutang sa kalawakan ng Manila pauwi sa Antique, lumapag sa tulay ng Guinsang-an sa Hamtic—ang bayan sa pagitan ng Dao at San Jose.

Hindi lamang bangkay ni Edgardo Salazar ang binuhat mula sa tulay na ito noong 1984. Dito nagwakas ang pagiging *ilahas* ng kanyang amang si Leandro.

At wala siyang puntod, maging isang hukay, na madadalaw. Pinaniniwalaang nakaligtas ang kanyang ina, si Teresa, ngunit walang balita.

"Hindi ko nahalatang aktibista ka."

"Kasi isinumpa ko sa harap ng Oblation na hindi ako magiging NPA."

"Kelan?"

"Nung una kong punta sa UP. Nung nag-confirm ako ng slot at nag-apply ng STUFAP."

"At never kang naengganyo? Kahit sa rally?"

"Once lang. Nung 1996, froshie ako. Nag-caravan kami mula Miag-ao hanggang city campus sa Molo. Mga 50 kilometers 'yun. Gusto kasi ng congressman na ibalik sa city government ang lupa dahil marami naman daw idle assets ang UP.

Bumababa siya noon sa library nang makita ang napupunong pila ng mga dyip sa harapan ng College Union Building (CUB) kung saan naroon ang kantina at post office. Marahil dahil sa sipol ng hangin mula sa mga puno ng kamunsil o sa kalam ng kanyang sikmura, naisip niya na kahit ₱15.00 na batchoy ang kanyang tanghalian, masuwerte pa rin siya: nakapasa siya sa UPCAT. Sumakay na rin siya ng dyip.

Bumalik bilang isang nakabubuwisit na tunog ang mga islogan at sigaw ng mga aktibista. Parang pag-drill ng dentist sa mga butas sa kanyang ngipin sa infirmary. Nagpatuloy ito hanggang dito sa Manila. Parang jologs na ringtone na biglang tumunog sa gitna ng panonood ng palabas sa CCP.

“Nakapunta ka na ba ng Iloilo?”

Umiling-iling si Stephen.

“E, sa China?”

“Hong Kong, several times. Saka Taiwan. I can speak both Mandarin and Fookien.”

“*Ni hao ma*.”

Napangiti si Stephen. “Pa’no mo nalaman ’yan?”

“Mga Tsinoy karamihan sa mga estudyante namin, di ba?”

“Magkano na ba’ng tuition d’yan?”

“Alam ko depende sa course, e. Full load ’ata tumatakbo mula 30 thou. Would you believe ₱49.50 lang ang binayaran ko kada semester hanggang maka-gradweyt?”

“Suwerte mo.”

“Nasa Bracket 1 kasi ako, ang mga pinakamahirap na iskolar ng bayan. ’Yung naka-tsinelas lang hindi dahil uso kundi dahil wala talagang pambili ng bagong sapatos. Alam mo, maraming beses na pumapasok ako sa klase na hindi nakakain. May mga araw na kahit kinse pesos na batchoy, pinaghahati-hatian pa namin ng dalawa sa mga naging kabarkada ko. Kahit gustung-gusto kong uminom ng Coke nun kailangan kong tiisin para maipong pandagdag sa badyet para sa kompyuter. And I’m not talking here of pagbababad sa internet, ha, kundi para sa pag-eencode at pagpi-print ng mga papel sa mga klase. Lalo na nung nagte-tesis na.”

“Naranasan ko rin nga ’yung hirap na pinagdaanan ng parents namin. Wala kaming koryente nun sa Pagadian.

My Dad was 17 when he supported his many brothers and sisters. Some of them finished college, some hindi. Syempre may mga tamad. Dad ko tumigil na rin kasi at that time, my Lolo was physically incapable of maintaining the newly found business—'yung copra trading. Kaya 'yun, since then, naiahon niya mga kapatid niya. Full force pa sila noong araw. Nagtutulungan until after quite a number of years, nagkanya-kanya sila. Pero dahil sa kanilang frugality at hardwork, we're okey na. Okey kasi sangkatutak kaming magkakapatid. Gastos dito, gastos doon."

Naikuwento ni Stephen sa YM na nakatira sila sa 3-bedroom condo unit sa Binondo. Apat silang magkakapatid, puro lalaki. Dalawa ang kanilang katulong. Nasa Pagadian ang kanilang mga magulang. Dito sila pinapag-aral simula elementarya dahil sa paniniwala ng mga magulang na mas magaling ang pagtuturo sa mga paaralan sa Manila.

"Libre ang master's mo?"

"Faculty Development."

"So pag may master's ka na, ano na'ng magiging rank mo?"

"Assistant Professor."

"Malaki na suweldo nun... sigurado."

"Contractual ako. Saka publish o perish. Palaging may form na humihingi ng updates sa publication at riserts."

"Ba't sa La Salle ka nagturo?"

"Bakit hindi?"

"I mean, from Antique pumunta ka dito at nag-apply?"

"I was hired."

"Wow. Galing naman."

"Ikaw nga rin, e."

"Kaya nga magkasundo tayo."

"Marami ka na bang naka-chat at naka-eyeball?"

"Ikaw pa lang."

"*Pastilan*! *Kuyawa* Steph, *uy*. I think, bagay nga sa 'yo maging abogado."

"Marunong ka palang mag-Bisaya."

"Konti. Marami kasi akong naging kaklaseng Cebuano, lalo na 'yung mga taga-Mindanao."

"Totoo. Maraming naka-chat pero mostly foreigners. Saka, di ba, I was busy then sa pagre-rebyu para sa board, so kahit tagarito, wala ring nangyari. Lalo na kapag hindi nami-maintain 'yung momentum."

"Buti na-maintain natin sa'tin."

"Iba ka kasi."

"Bakit?"

"Ewan…basta…si Sadyah ka kasi – with an 'h'."

Natawa sila.

"Siguro Sadyah ang ipinangalan nila sa akin kasi that means happy nga. Siguro pinaniwalaan nila na 'your name is your destiny' and with Sadyah, I'll grow up fine. Kahit pagkapanganak sa'kin sa bundok, iniuwi nila ako kay Auntie Fely, 'yung nag-iisa at bunsong kapatid ng tatay."

"Wow. Kaya pala naughty ka."

"What's the relation? Magkapareho ba sila?"

"Sa akin...oo. If you're naughty, you'll be happy. That is, if magka-jibe ang concept natin ng 'naughty' at 'happy.'"

Natigilan siya. May kislap ang mga mata ni Stephen katulad ng braces nito.

Nanuot ang lamig ng aircon sa kanyang balat. Sa dulo ng kanyang dila. Sa kanyang mga palad. Sa kanyang beywang sa pagitan ng kanyang pantalon at kamiseta. Sa kanyang mga bukong-bukong at kuko sa bukas na sandal.

Nagtatapos sa mwaah ang kanilang palitan sa cellphone. Ganuon din sa YM. Nabanggit ni Stephen na gusto niya iyong totoo. Nagpapadala ito ng mga 'naughty' na picture message. Saka jokes. Lalo na kapag Linggo. Hal. 2 patients r taking sperm count. D nurse masturbates P#1 but sucks P#2. P1: Ba't blow job sa kanya eh sa akin handjob lang? Nurse: Cash ito, syo PHILHEALTH. Minsan, text pa nito: What is the square root of 69? Meron ba nun? Sagot niya. Hanggang Math 101 lang siya sa UP ngunit natatandaan niya sa Algebra sa hayskul na 68 lang ang mayroon. Oo, sagot nito. Kung hindi pa raw niya ito alam, ituturo nito sa kanya.

Doon at kinutuban siya. Nahimasmasan. Putcha, sabi niya, parang cunnilingus na una niyang narinig sa lalaking kaklase sa kolehiyo, sa COM 102. Akala niya kung ano na naman itong bagong sulpot na pagkain o hindi kaya inumin. Katulad ng shawarma at zagu. Bastos, sagot niya. Humingi naman ng paumanhin

ang binata. Nagbibiro lang daw. Toxic daw kasi ang mga pinag-aaralan niya at may pagsusulit sila kinabukasan. Gusto lamang daw niyang makatawa.

"Nagbibiro ka na naman," simangot niya, pinaglalaruan ang straw.

"Sinusubukan lang kita."

"Tingin ko nga."

Nagtama ang kanilang mga mata. May ilang sandali, at ibinaling nila sa paligid ang pagkahiya, na nagpatahimik sa kanila.

Hinawakan ni Stephen ang kanyang payong. Saka hinugot ang cellphone sa bulsa ng pantalon. "May bibinyagan kami before 12."

Kinuha niya ang kanyang itim na bag sa katabing silya. Kinandong niya ito. Hinintay niyang magpatuloy ang binata.

"Nasabi ko bang I'm a Protestant? Part-time pianist ako noong college. Di ko rin nakaya nung patapos na. Ikaw, do you attend church?"

"Hindi na."

"Bakit?"

"Basta."

"Sige na."

"Ang kulit mo."

"But you're a Catholic?"

"Sa mga madre ako nag-hayskul."

"Maraming naging atheist sa UP."

"Baka nga isa ako dun."

Muling napatingin si Stephen sa kanyang cellphone; hawak-hawak ang payong.

Binitbit na rin niya ang bag.

Nagkatanguan sila at tumayo.

"Hatid na kita."

"Huwag na. Malapit lang ako...di pa naman umuulan."

"Ayaw mo yatang malaman ko kung sa'n ka nakatira, e."

Naramdaman niya ang pagkapit ng alinsangan sa kanyang batok. May boltahe ng tuwa sa kanyang mga hakbang palabas sa pag-isip na gusto muli siyang makita ni Stephen. "Salamat," ngiti niya sa guwardiya.

Magkasabay sila pakanan, paliko sa kalyeng diretso sa kanyang tinitirahan. Ngunit tinuro-hila siya ng binata sa parking lot sa unahan sa kabilang kalsada. Hindi niya inaasahan na may dala itong kotse dahil sa pagbibitbit nito ng payong.

Kinilig siya sa pagsagi ng kanilang mga braso habang tumatawid; isang pag-alalay ang paghawak ng binata sa kanyang beywang, na inalis nito nang makalampas na sila sa gitna ng kalsada.

Isang puting Nissan Patrol ang minamaneho ni Stephen. Pinindot nito ang stereo at boses ng isang DJ ang pumagitna sa kanila, na sinundan ng "It Might Be You."

Naupo siya nang tuwid. Ito ang unang pagsakay niya sa magarang kotse, at silang dalawa lang ng binata.

Dalawang bloke ang layo ng kanyang kuwarto na nirerentahan. Sa pangalawang palapag ito ng isang lumang gusali. Isang liko. May madadaanan na Jollibee,

Chowking, Pizza Hut, 7-11, tatlong karinderya, dalawang beauty parlor, isang internet café, at terminal ng padyak. Ibinaba siya ni Stephen sa harapan mismo ng pulang bakal na tarangkahan nito.

"Thanks…goodnight," sabi niya, sabay bukas sa pinto ng kotse.

Naramdaman niya ang paglapat ng kamay ni Stephen sa kanyang balikat. Napalingon siya—may panginginig sa maliliit na tambol sa kanyang dibdib. Nangyari ang dala nitong mensahe: isang halik sa labi.

Sandali lang. Dahil kumalas siya nang maramdaman ang dila nito. Isang kapangahasan na bagama't pinagpantasyahan niya sa maraming gabi bago ang pagkikitang ito, hindi niya inaasahan.

Kinapa niya sa bulsa ng bag ang susi habang itinutulak ang pinto ng sasakyan.

"Ingat," narinig niyang sabi ni Stephen nang muntik na siyang madapa pababa.

Nahakbang niya ang kanal bago napalingon. Mula sa bombilya sa harapan ng gusali at sa liwanag galing sa mga bukas na tindahan, nakita niyang nakapatong ang kanang siko ni Stephen sa pinto ng sasakyan. Nakaturo ang hintuturo nito sa sentido, hawak ng isang kamay ang manibela, at nakatingin sa kanya. Para bang gusto nitong makasiguro na ito ngang tarangkahan ang kanyang papasukan at walang kidnaper na hahablot sa kanya.

"Ikaw rin," sagot niya, kumakaway.

IYON ANG itinuturing niyang pinakaunang kuwarto sa loob ng 20 taon. Lumaki siya na kahati si Nene sa isa sa tatlong kuwarto sa kawayang bahay ng kanyang Auntie Fely sa Barasanan. Ngunit kay Nene naman talaga iyon. Dahil isang karton lamang, sa ilalim ng katre, ang kanyang mga gamit. Nag-aatubili siyang galawin ang mga nakapatong sa harap ng salamin ng tokador: *Mimi* na pulbo na mukhang chalk lalo na kapag ikinukuris ni Nene sa mukha bago matulog. Para raw pumuti siya na parang si Janice de Belen. May isang bote rin ng malaking pabango na winiwisik lamang ng pinsan sa buong katawan kapag may *binayle*. Bata ka pa, sasabihin sa kanya ni Nene tuwing pinapanood niya ito. Kinaiinisan niya iyon.

Nang gabing iyon, sa tablang sahig ng kuwartong iyon kung saan nakahiga siya sa isang single foam at nakatalukbong ng kumot na lila si Bugs Bunny, naintindihan niya ang kalungkutang higit isang buwan na pinalaot sa internet sa loob ng limang buwan na pagbubuno ng buhay-syudad. *Hindi lamang mahirap ang maging matalino't magaling, malungkot din*. Siya, dahil isang mahirap na ulila. Si Stephen, dahil panganay—lalo na at isang Intsik. Ito, at ang kanilang alaala ng probinsya, at pagkilala hindi lamang sa talino ng isa't isa, kundi ng bugso ng puso't puson bilang mga normal na dalaga at binata.

At ang paghaharap na iyon ang nagpakita sa kanya na ang tipo ni Stephen ang maaari niyang ibigin: matangkad, balingkinitan, at ang kaguwapuhan ay

iyong parang siya lamang ang nakahuhuli. Tulad noon, sa paniningkit ng mga mata nito, at sa tuwing may namumuong ngiti sa mga labi. Nagustuhan niya ang kapanatagang pumagitna sa kanila habang iniinom nila ang kanilang mocha frappuccino: lumuluwang ang pagbubukas niya ng sarili. Higit sa lahat, naramdaman niya ang pag-akyat ng tiwala sa sariling ganda sa bagsak at tigil ng mga tingin ni Stephen.

Natulog siya ng gabing iyon na mas malapot pa kaysa iba't ibang timpla ng kape ang panaginip.

# 4

BINUKSAN NIYA ang pulang tarangkahan ng gusaling iyon kay Stephen pagkalipas ng tatlong araw. Dumating ang pinaghandaang ulan ng payong nito. Isang bagyo. Bumaha at kanselado ang klase sa lahat ng antas.

Si Stephen ang kauna-unahan niyang bisita sa kuwartong iyon.

Brown-out nang magising siya. Hindi siya makapagsasaing sa maliit na rice cooker na nakapatong sa isang mesa sa sulok. Ubos na ang nakaimbak niyang de-lata ng pineapple chunks. Wala na rin siya kahit biskwit.

Bumaba siyang dala ang pitaka. At napatulala sa kahulugan ng bagyo sa Manila: isang maitim na ilog ang tatawirin niya palabas ng tarangkahan.

Sa totoong ilog nag-uumapaw ang baha sa Antique. Hindi sa kalsada.

Nandiri siyang lumusong para lamang makitang sarado ang lahat ng mga tindahan.

Bumalik siya. Dalawang bar ang natitira sa kanyang cellphone. Kinumbinsi niya ang sarili na walang masama sa pagsubok. Nag-text siya kay Stephen: *am dying of hunger. care 2 bring me food? thnx. mwwaaahh*.

Kaagad sumagot ang lalaki: *OK...give me 15 mins.*

*Thanks. Ingat. Mwuuaah.* Saka isinara niya ang cellphone sa kaba na baka hindi na siya makatatanggap ng mensahe ng binata sakaling tuluyang mawalan ito ng baterya. Kinimkim niya sa pagbibilang mula 1 hanggang 100, makailang ulit, ang tiwala na darating ang binata. Palakad-lakad siya. Bubuksan niya ang cellphone, baka may bagong mensahe, para muli itong isara.

Bumalik siya sa pagkakahiga. Pabangun-bangon. Palakad-lakad. Paupu-upo.

Napansin niya ang paninilaw sa alikabok ng berdeng kurtina sa nag-iisang bintana. Sumilip siya. Tunay na isang maitim na ilog ang kalsada. Nakalutang ang mga basura ng syudad. May mangilan-ngilang nagpapadyak.

Inilatag niya ang Bugs Bunny na kumot. Pinagpalit-palit niya ang pagkakasandal ng tatlong throw pillow sa nag-iisang malaking unan. Inayos niya ang pagkakapatung-patong ng mga aklat sa dulong bahagi ng kabayo ng plantsa na nagsisilbing study table niya at kainan. Pinadaanan niya ng kamao ang pagkakadikit ng 5" x 8" na poster ng reproduksyon ng *Sun Flower* ni Van Gogh sa kremang dingding.

Nagwalis siya at nagwisik ng air freshener. Nagbilang uli mula 1 hanggang 100, pabalik-balik. Kinse minutos.

Iyon at nag-miskol si Stephen. Tamang-tama bago namatay ang kanyang cellphone, na naihulog niya sa burol ng mga throw pillow. Isang slow-mo ang pagdungaw niya sa bintana. Naging confetti ang *Sun Flower* ni Van Gogh. Lumulundag-lundag ang maraming Bugs Bunny.

Naka-park ang puting Nissan Patrol ni Stephen sa kabilang gilid ng kalsada, na sa mga ordinaryong araw, ang puwesto ng isang matabang mama sa kanyang kaha ng mga sigarilyo't kendi.

Nagsuklay siya, gamit ang salamin ng kanyang Johnson compact face powder. Inilugay niya ang lampas-balikat na buhok, sa wash-and-wear na gupit. Nagpahid siya ng kaunting pulbo at nagwisik ng cologne.

Naka-shorts siya at naka-kamiseta ng mapusyaw na dilaw, Penshoppe. May extra-padding ang kanyang bra.

At ngayon, handa siyang lumusong sa baha sa pagsalubong kay Stephen. Mag-aatubili kaya ito sa pandidiri? Hindi siya isang malupit na diyosa na lumikha ng pagbahang ito at hindi rin isang diwata na makapagpapalit nito sa isang magarang daan dahil papasok ang kanyang prinsipe. Maiinis kaya ito sa kanya dahil walang abiso sa ganitong kondisyon at maaaring walang baha at hindi brown-out sa kanila sa Binondo?

Lumusong siya, iniisip na putikang palayan ito ng Antique—isang magandang bagay dahil makapagtatanim na.

Binuksan niya ang tarangkahan at kumaway.

Lumusong si Stephen, naka-shorts itong maong, polo na puti, at Birkenstock. Dalawang supot ang kanyang bitbit. Dalawang order ng value meal ng Jollibee, dalawang bote ng Diet Coke at isang medium-size na bote ng mineral water.

Para itong nakalutang sa baha. Naalala ni Sadyah ang paglalakad ni Hesus sa tubig at ang paghawan ni Moses ng Pulang Dagat.

"Nakakahiya, Steph. Thank you talaga, ha."

"Okey lang."

Inabot niya ang mga supot. Umakyat sila, nakahawak si Stephen sa kanyang beywang.

"Sexy mo," sabi nito, tukoy sa bakat na umbok ng kanyang likuran sa suot na shorts.

"May reklamo?" Ganti niya, pabiro, at naramdaman ang extra-padding ng kanyang bra.

Umiling-iling ang binata. "'Yan ang gusto ko," sagot nito.

May boltahe ng koryente na gumapang sa kanyang katawan. Tulad noong sa kotse sila at bahagya niyang inihilig ang ulo at napapikit sa pagsalubong sa goodnight kiss nito. Napapisik siya habang ipinipihit ang seradura ng pinto.

Lumibot ang mga mata ni Stephen sa kanyang kuwarto. Umaabot hanggang sa mga sulok. Suwerte na walang lumabas na mga ipis o naghahabulang mga daga.

"Magkano renta mo?"

"Tatlong libo."

"12" x 5"," narinig niyang sabi pa nito. Inilapag niya ang mga supot sa kabayo ng plantsa. Inilabas niya ang cheeseburger at inabot sa binata ang bote ng mineral water para buksan ito.

"Kain ka na," balik nito sa kanya.

Padekuwatro siyang naupo sa nag-iisa niyang folding stool at sumubo.

Pinukpok ni Stephen ang dingding."Merong tao sa kabila?"

Tumango siya. "Hindi kami magkakakilala."

Inalis ni Stephen ang tsinelas at umupo sa gilid ng foam, nakasandal sa dingding. Nagpatuloy siya sa pagnguya ng cheeseburger. Maya-maya, tumayo si Stephen at sumilip sa bintana. "Safe naman doon, di ba?"

Tumango siya, pero ang totoo, hindi siya sigurado. Malay ba naman niya kung kailan aatake ang mga karnaper.

Humila si Stephen ng isang libro sa mga nakasalansan sa ibabaw ng kabayo ng plantsa. *Sunlight on Broken Stones* ni Cirilo F. Bautista ang kanyang nabunot.

"Buti walang baha sa inyo," sabi ni Sadyah.

"Mababa lang." Patiklup-tiklop ito ng mga pahina. Binalik niya ito at kumuha uli ng isa. *The Rose* ni Li-Young Lee. "May mga lalaki rin dito?"

"Mga estudyante."

"Saan ang C.R.?"

"Diretso lang paglabas... sa dulo."

May walong kuwarto sa palapag. Puro okupado. Tatlo ang C.R. at apat ang paliguan. Dalawa ang lababo.

Palaging nababara. Walang pakialam ang ilan. Nagkukunsime siya pati sa basura. May malaking garbage bag sa magkabilang sulok. Mabilis itong mapuno at hindi araw-araw ang pagkuha ng kalbong supervisor-collector, kaya kadalasan nilalangaw ang nagkalat na mga supot ng basura.

Binalik ni Stephen ang libro at nagpaalam lumabas.

Binilisan niya ang pagsubo. Hindi siya nabubusog sa cheeseburger. Binuksan niya ang Chicken Joy.

Kinukumos niya ang plastic wrapper ng burger nang bumalik si Stephen. Dumiretso ito sa bintana para muling silipin ang kanyang Nissan Patrol.

Uminom si Sadyah. “Kumusta ang binyagan n’yo?”

“As usual, hintayan. Madaling araw na nga ’ko nakauwi. Naghihintay Mommy ko sa sala.”

“Close kayo?”

“Um…okey lang. Minsan lang naman kasi kami nagkikita.”

“Mabait ba Mommy mo?”

“Grabe. Hindi natutulog hangga’t hindi pa kami nakakauwi.”

“Kahit nasa province siya?”

“Oo, minsan hindi ka nun titigilan ng miskol.”

“Palagi ka bang late umuwi?”

“Wala na nga akong social life. Santambak ang binabasa namin. Araw-araw may recitation. Suwerte mo nga may time ako para sa’yo.”

“Ang dami ko palang utang na loob sa’yo. Hindi pa naman ako sanay sa ganun.”

Natawa sila.

"Dito ka nga," yaya ni Stephen. Umusog ito sa gitna ng foam para makapagtabi sila.

Nakasandal sila sa dingding, kapwa kumakandong ng throw pillow. Maririnig mula sa labas ang pagpasada ng mga sasakyan sa tubig-baha.

"Kuwento ka," sabi niya.

"Ikaw nga 'tong maraming kuwento, e."

"Uumagahin tayo."

"Basta katabi ka."

Napanguso siya, kinurot ang binata sa tagiliran. Gumanti ito ng marahang pagpisil sa kanyang ilong. Pagkatapos tumayo at sumilip uli sa bintana. "Baka mamaya lalakad na lang ako pauwi."

Sumilip na rin siya at simulang kabahan. Malaki ngang problema kapag nagkataon. Lumabas siya ng kuwarto. Sumunod si Stephen. Walang katau-tao. Ayaw niyang umakyat sa tagapamahala sa ika-apat na palapag. Hindi siya sigurado na makatutulong ito. "Alam ko may pay parking doon sa kabila, sa likod ng Chowking," nasabi niya.

"Parang may nadaanan nga ako kanina." Nagmadaling bumaba si Stephen. Sumunod siya. Wala nang baha sa loob ng gusali. Humupa na rin maging sa labas.

"I'll be back," sabi ni Stephen, pagkasara ng tarangkahan.

Bumalik siya sa kuwarto at binuksan ang bote ng Coke. Nabilaukan siya nang maalala ang susi. Nasaan ang kanyang susi? Wala sa kanyang bulsa. Nabitbit niya pababa at hindi namalayang nahulog? Wala rin sa

ibabaw ng plantsa ng kabayo. Napagkamalan ni Stephen na sa kanya at nadala?

Ipinahupa niya ang kaba sa bintana, kayakap ang isang throw pillow; ang kaagad na pagbabalik ni Stephen ang ipinapanalangin, hindi ng koryente.

NAKITA NILA sa sahig sa paanan ng foam malapit sa kabayo ng plantsa ang kanyang susi. Natabunan ng kumot. Malutong ang kanilang tawanan: masarap mapatunayan na kaba lang ’yun—na nanakaw ang sasakyan ni Stephen, na nawala ang kanyang susi.

Nakasandal sila sa dingding, kapwa kumakandong ng throw pillow. Maririnig mula sa labas ang pagpasada ng mga sasakyan sa tubig-baha. Nilulukob ng dilim ang kanyang kuwarto at liwanag ng *Sunflower* ni Van Gogh sa dingding at ng bukas na bintana ang nagsisilbing ilaw.

“Grabe, brown-out pa rin,” sabi ni Stephen.

“May nakatago akong lighter at mga kandila.”

“Sige, kuwento ka na.”

“Gagabihin tayo.”

“Sige lang. Safe na parking dun.”

# 5

SIYA SI SADYAH ZAPANTA LOPEZ. Apo nina Marcelo Nones Lopez at Anyag Lampasa. Anak nina Leandro alyas Kumander Pusa at Teresa alyas Kumander Rafflesia ng Coronacion Chiva "Waling-Waling" Command ng Central Panay. Lumaki siya sa Barasanan, Dao, Antique sa kanyang Auntie Fely at Uncle Lydio. Itinuring niya na mga kapatid ang mga pinsang sina Bongbong at Nene.

Pitong taong gulang siya noong 1986, noong EDSA 1. Maliban sa pagnguya ng *People Power* na cheese curls na nabibili ng 50 sentimos sa tindahan sa gitna ng baryo, ito ang alaala niya sa taong iyon: ang kumpol ng kuwento ng kanyang Auntie Fely at ang luhang nangilid sa pisngi ng kanyang Lolo Marcelo.

NAGSIMULA SIYA sa hilig ng kanyang Auntie at Uncle sa pagkukuwento. Lalo na bago matulog. O kabilugan ng buwan at nasa *tambi* sila. Sa di-kalayuan, may pagtitipon ang mga alitaptap sa puno ng akasya.

Paborito niya ang mito tungkol kina Tungkung Langit at Alunsina. Sila ang diyos at diyosa ng Panay. Isang araw, nag-away sila matapos madiskubre ni Tungkung Langit ang pag-eespiya sa kanya ng hangin, sa utos ni Alunsina. Sa halip na humingi ng kapatawaran o maging miserable, lumayas si Alunsina. Nagdusa sa matinding pangungulila si TL. Kaya naisipan niyang likhain ang mundo mula sa memorabilia ni Alunsina. Naging araw ang korona. Naging buwan ang suklay. Naging konstelasyon ng mga bituin ang mga alahas. Ang pagtawag ni TL sa pagbabalik ni Alunsina ay nagiging kulog. Luha ng kanyang pangungulila ang mga patak ng ulan.

Nasaulo rin niya sa mga pagkanta ng kanyang Auntie at Uncle ang *Maragtas* ng Panay. Sa kolehiyo, napag-alaman niyang isinulat ito ng isang Pedro Monteclaro.

*During the 13th century/ according to our history/ in faraway Borneo/ may kinagamo didto/. Bangod sa isa ka Sultan/ Makatunaw iya ngalan/ Makatunaw mapintas sa iya sinakpan.*

Isa itong ***komposo***. Ayon dito, may sampung datu, sa pamumuno ni Datu Sumakwel, na tumakas ng Borneo dahil sa kalupitan ni Sultan Makatunaw. Sakay ng kanilang balangay, namataan nila ang baybayin

ng Malandog sa Hamtic sa Antique. Dumaong sila at nabighani sa kagandahan ng isla.

Ito ang tinutukoy ng mga matandang iskolar na panimula ng *Malayan settlement*.

Mga Ati ang katutubo ng Panay, sa pamumuno ni Datu Marikudo at ng asawa nitong si Maniwantiwan. Masasabing kaagad nabighani sina Marikudo at Maniwantiwan, o maaaring mapagtiwala lamang ang mga katutubo sa kabutihan ng tao o kaya'y nahirapang umayaw: ipinagpalit nila ang buong isla ng Panay sa isang gintong salakot at kuwintas na sumasayad sa lupa.

Ito ang sinasabi ni Ricaredo Demetillo na *Barter of Panay*.

Tuwing Binirayan Festival sa Antique, na sa kabataan ni Sadyah ay ipinagdiriwang tuwing huling linggo ng Disyembre, nagbubukas ito sa pagsasadula ng pagdaong na ito ng sampung datu at sa naganap na palitan.

Noong nasa kolehiyo siya, nagkaroon ng serye ng tsismis tungkol sa pagkadiskubre ng sumasayad na kuwintas ni Maniwantiwan sa isang bundok sa Hamtic. Ganoon din sa isang bundok sa pagitan ng Antique at Capiz at sa Siwaragan River sa San Joaquin, Iloilo. Nagkandarapa ang marami sa paghahanap ng gintong salakot. Ngunit naging hanggang kuwento lamang din iyon. Sa panahong iyon, matunog ang usapan tungkol sa nakaw na yaman ng mga Marcos.

NAGPATULOY SIYA sa bakasyon na iyon na pinasama siya sa Nasuli. Pitong taong gulang na raw kasi siya, Grade 1. Makakaya na niya ang mahabang lakaran, akyatan, at babaan.

Gustung-gusto niya kapag nanggagaling sa Nasuli ang kanyang Auntie at Uncle. Marami silang dalang prutas at gulay. Kung tag-kaimito, tag-kamunsil, tag-bayabas, tag-sinigwelas, tag-makopa. Doon din nanggaling ang mga bulaklak na birds of paradise na tumutubo sa likuran ng kanilang bahay at ang come down my love na umaabot sa banggerahan mula sa pagkakapit nito sa santol sa gilid ng bintana. Naalala rin niya ang mga dahon ng lagundi na pinapakuluan ng kanyang Auntie. Ito ang pinapainom sa kanila sa umaga bago sila pumasok sa klase.

Ngunit kahit sa ganoong murang edad, alam niya na higit pa roon ang Nasuli. Ito ang baryo kung saan isinilang at lumaki ang kanyang Tatay at Auntie. Dito sa Nasuli, ang huling baryo ng Dao malapit sa Anini-y, ang huling bayan ng Antique kung saan makikita ang isa sa pinakamataas na tuktok, ang Punta Nasug, at ang kilalang Siraan Hot Spring at Nogas Island na isang marine sanctuary, ang *balay daku*. Ang malaking bahay.

*Haunted house*, ito ang palaging ikinukuwento sa kanya nina Bongbong at Nene. Isang taon ang tanda ni Bongbong kay Nene. Dalawang taon naman ang tanda ni Nene sa kanya.

Patpatin si Bongbong, parang walis tingting. Matangos ang ilong nito at kaagad namumula ang kutis kapag naaarawan. Mestisong pobre, ang tawag sa kanya ng kanyang Auntie tuwing nagrereklamo ito sa pagtatali ng kalabaw sa ilalim ng mangga sa dulo ng palayan.

Masakitin naman si Nene, mahina ang baga. Palagi siya nitong kinukurot. Halimbawa, kapag nahamugan ang mga sinampay dahil hindi niya kaagad napunpon dahil sa pagkawili sa paglalaro. Sinisigawan siya nito tuwing nakikita na nagbabasa ng komiks habang nagbabantay ng sinaing. Mabubulag daw siya dahil masama ang pagbabasa sa pag-aagawan ng liwanag at dilim. Ito raw ang dahilan kung bakit malabo ang mga mata ng mga manok pagdating ng takipsilim kaya ito ang magandang oras para mahuli sila.

Sisitahin naman ni Bongbong si Nene. Mag-aaway ang dalawa. Pagagalitan sila ng kanilang mga magulang. Pagkatapos hindi sila magkakabatiang tatlo. Hanggang sa babasagin ito ng isang utos o puna. O hindi kaya, tulad minsan, ng pagkahinog ng mga sinigwelas sa harapan ng bahay at nag-unahan silang umakyat.

Ginagawa nila siyang *taga:* tagasaing, tagawalis, tagaigib, tagahugas-pinggan, tagaabot ng kung anu-ano mula rito, mula roon.

Nang araw na iyon, sumabay sila sa pagbangon sa banig sa tilaok ng mga alagang manok. Nagkamiseta at nag-shorts, tuck-in. Naka-tsinelas. Nagbaon ng pinakamagandang damit, iyong kulay dilaw na may laso sa likod. Kapareho kay Nene. Kulay pula naman

sa kanya. Doon lang nila ito isusuot, para hindi mapawisan o marumihan. Doon na rin sila magmemedyas at magsasapatos. Doon na rin magpupulbo ng *Mimi*.

Mula sa huling puno ng gumamela sa tarangkahan, isang mahabang palayan ang kanilang tinawid. Natutuwa siyang naliligo ang kanyang mga paa sa hamog ngunit kinaiinisan niya ang tusok ng makahiya at pagdikit ng mga amorseko sa kanyang shorts. Panay ang pagbunot niya sa mga ito sa pagkati ng kanyang balat. Nahuhuli tuloy siya. Napuno na ni Bongbong ng tubig mula sa balon sa sapa ang isang galon nilang baon. Nagpapahinga na si Nene sa lilim ng akasya sa burol sa di-kalayuan. Papaakyat na rin ang mag-asawa matapos makaputol ang kanyang Uncle ng sanga ng madre de cacao na itinutungkod.

“Parang di ka apo sa tuhod ni Bulalakaw,” puna sa kanya ng kanyang Uncle.

“Parang di ka apo sa tuhod ni Vicente,” dugtong ng kanyang Auntie.

*Vicente, Itik*. Palagi niya itong naririnig lalo na kapag lupa ang pinag-uusapan. *Lupa ni Itik*, sasabihin nila.

“Sino ba si Itik, Auntie?” Tanong niya nang makaakyat.

Inabutan siya ng tiya ng isang nilagang saging na saba. Sa burol na iyon, habang isang payong ang punong akasya, sinagot siya ng kanyang Auntie na Lolo nila itong si Itik.

Iyon at ipinakilala rin sa kanya, sa kanila, ang iba pang ninuno ng pamilya.

ANAK SI VICENTE "Itik" Lopez ni Guadalupe, isang babaylan na sinasabing pinakamagaling maghabi ng *patadyong*, sa isang prayle. Ayon kay Manding Condring ng Estrella Bangotbanwa—ang grupo ng babaylan at manggagamot na nagtitipon sa burol ng Atok, isang sitio sa Gamad na isang baryo sa pagitan ng Barasanan at Nasuli—namatay si Guadalupe sa isang pamumuno ng *sambayang*. Isa itong ritwal para sa kasaganaan ng lupa. Hindi nakayanan ng kanyang katawan ang lakas ng iba't ibang espiritu na sinugo't sumanib sa kanya.

Anak sa labas, naulila pa sa murang edad si Itik.

Wala itong naging bukambibig kundi ang makalampas sa kabundukan ng Antique upang hanapin ang amang paring Kastila. Naririnig ito ng buong baryo tuwing nakasakay siya sa kanyang kalabaw. Sa kung anong suwerte, may isang misyonerong Belgian na napadpad sa kabundukan ng Dao. Nagkaklase ito sa ilalim ng akasya. Natuto si Itik ng konting Ingles. Isang gabing madilim matapos ang isang araw na paglalakad, sumampa si Itik sa barko sa Madrangca sa San Jose patungong Manila. Namasukan ito bilang muchacho ng arsobispo sa Intramuros. Ngunit hindi niya nakita ang ama. Ang kanyang nakita ay si Matilde, ang pamangkin ng arsobispo na nakatira sa palasyo.

Nagkagustuhan sina Itik at Matilde.

Isang gabi na maliwanag ang buwan, nag-alsa-balutan sila.

Mula sa palasyo ng arsobispo sa Intramuros, nagtungo sila sa Ilog Pasig. Sakay ang maliit na bangka,

nakarating sila sa Batangas pagkatapos ng tatlong araw. Ngunit sa look pa lang ng Manila, hinabol na sila ng mga tauhan ng simbahan.

Hindi sila naabutan. Dahil bumaba sila sa isang bayan sa Laguna. Nagpakupkop sila sa isang pamilya. Nakapagpalit sila ng damit para magbalatkayo. Nang makarating sila sa Batangas, panandalian silang tumigil sa isang baryo at nagpalipat-lipat ng tirahan. Sa pagtatago't pagtatakbong ito ipinagbuntis ni Matilde si Marcelo.

Nahirapan si Matilde. Pumayag si Itik na bumalik sila sa Intramuros. Ngunit hindi matanggap ng arsobispo ang kanilang relasyon. Nagpakupkop si Matilde sa isang kumbento ng mga madre. Bawal si Itik doon kaya wala rin itong nagawa kundi magpaubaya, alang-alang sa kapakanan ni Matilde at ng kanilang sanggol. Umuwi siya sa Antique at muling nagpakanlong sa palayan at kabundukan nito.

Nanganak si Matilde noong Setyembre 30, 1931. Pinangalanan niya itong Marcelo Lopez. Makalipas ang ilang buwan, hinanap niya si Itik sa Antique. Ngunit hindi niya ito nakita. Sa mga panahong iyon, ayon sa sabi-sabi, isa nang sakada sa Negros si Itik.

Nakipagsapalaran si Matilde sa Negros ngunit sa kung anong kamalasan, walang makapagsabi sa kanya kung saang kampo o hacienda nagtatrabaho si Itik. Sa gitna ng paghahanap na ito, nabalitaan ni Matilde na pumanaw ang arsobispo. Iniwan niya ang sanggol sa mga madre, ang Siervas de San Jose Sisters. Ibinilin niya

na papag-aralin si Marcelo bilang pari. Bumalik siya sa Espanya na isang sawing puso.

Lumaki si Marcelo sa piling ng mga paring Mill Hill sa San Jose. Ngunit hindi siya naging pari.

Nakalimutan din niya—isinantabi ang pakay—nang makita si Anyag Lampasa. Katulad ng pagkagayuma ng kanyang amang si Vicente sa mestisang si Matilde, nabihag din si Marcelo ng pambihirang ganda ni Anyag.

Namana ni Anyag ang mukha ng kanyang ina, si Donya Maria, na bumihag naman sa puso ni Ati Bulalakaw.

Anak si Donya Maria ng alkalde ng Dao noong panahon na sagana ito sa punong *dao*, kaya ganito ang pangalan ng bayan. Si Bulalakaw naman ang pinuno ng mga Ati sa Igcaputol, ang baryo sa labas ng bayan malapit sa dagat. Sinasabing isa itong *busalian*: may pambihirang galing, may kagila-gilalas na *gahum*. Naangkin niya raw ito pagkatapos makabunot ng gahiblang buhok sa balbas ng isang kapre.

Napakabilis ni Ati Bulalakaw: tinatakbo nito ang dagat sa pangingisda at kaagad din itinatakbo sa palengke sa bayan. Pabalik-balik hangga't gusto niya, hangga't may nangangailangan ng isda. Hindi ito napapagod. Nakatatakot din ito kapag nagagalit. Higit pa sa leon at tigre.

Isang araw, naisipan ni Donya Maria na mamasyal sa gubat. Doon sa Punta Hagdan, ang baybayin ng Dao na may mapuputing buhangin at magagandang kuweba. Sa gubat na iyon, doon sila nagkatagpo ni Bulalakaw.

Pinana ni Bulalakaw ang isang *bato bantiling*, isang matigas na uri ng bato. Biglang bumulwak ang tubig, nagkahugis-talon. Ganoon din kabilis, kagila-gilalas, ang pagpana niya sa puso ni Donya Maria.

Naligo sila sa talon na iyon, sa kanilang kahubdan.

Sinasabing tuluyang nagapos ng Ati ang kaluluwa ng Donya nang maituro rin nito ang iba't ibang pangalan ng mga punongkahoy at tanim sa buong gubat. Lalo na ang mga halamang-gamot doon: luya, oregano, lagundi, alibhon, herba buena, lampunaya, mansanilya.

Ngunit tulad ng arsobispo kina Itik at Matilde, tutol din ang alkalde sa kanilang pag-iibigan. Hindi lamang langit at lupa ang kanilang pagkakaiba, gabi at araw din. Kape pa at gatas.

Ngunit nagkakasakit ang Donya kapag hindi nakikita ang Ati. Sa maraming gabi, lumulukso ito sa bintana ng palasyo patakbo sa kamalig ng Ati sa Igcaputol. Natuto rin itong mangisda. Sa maraming pagkakataon, sinusundo siya ng mga tauhan ng alkalde. Sasama lamang ito kapag si Bulalakaw na ang nakikipag-usap sa kanya, dahil sa pagbabanta ng alkalde ng pagpapalayas sa Igcaputol ng lahat ng Ati.

Ngunit mas makapangyarihan ang pangako ng walang katapusang tamis ng pag-ibig kaysa anumang banta ng kahirapan. Walang sibat na hindi kayang harangin ni Bulalakaw. Sa huling pagkakataon, isang gabing madilim, lumukso si Donya Maria mula sa bintana ng palasyo. Bumagsak siya sa likod ni Ati Bulalakaw. Tumakbo sila patungong Barasanan.

Kung bakit sa Barasanan, pitong kilometro ang layo sa bayan at malayo rin sa dagat, napili ni Bulalakaw na manirahan, ay dahil sagana ito sa *baras*: buhanging mas magaspang, mas malalaki kaysa sa buhangin ng tabing-dagat. Mahihipan niya ito sa pagharang-bulag sa mga tauhan ng alkalde na sasalakay. Na siya ngang nangyari, hanggang sa sumuko ang alkalde: itinakwil niya ang anak na si Donya Maria.

Pinamahalaan ni Ati Bulalakaw ang Barasanan. Ito ang panahon na kapag may nag-aanunsyong handa nang anihin ang kanyang palayan, nakalulusong-gapas ang sinuman sa baryo: ang hati mo ay ayon sa dami ng iyong naani. Ito ang panahon na maaakyat ng bawat bata ang lahat ng punongkahoy na namumunga na walang pangambang pagsisigawan o ipapahabol sa aso. Ang panahon na ipinamimigay sa kapitbahay ang sobra, hindi ipinagbebenta; hinihingi ang kulang sa sariling pamamahay tulad ng asin at asukal, hindi binibili.

Ito ang kinalakhang Barasanan ni Anyag. Kaya sinasabing kahit mestisa ang kanyang ganda, napaka-Ati ng kanyang ugali. Namana nito ang pagiging busalian ni Ati Bulalakaw.

Hindi malinaw sa kanyang Auntie Fely kung paano namatay si Ati Bulalakaw. Ngunit may sabi-sabi na ilang beses itong nabilanggo dahil ayaw magbayad ng buwis na pinatutupad ng simbahan. Palagi raw itong nakalulusot sa pader. Kaya binansagan din siya ng mga prayle sa mga sermon sa misa na isang *juramentado*.

Basag-ulo. Hanggang naging katumbas din ito ng *buyong*, na kung tutuusin, sa mga epiko ng Panay,

ay isang pamagat ng kadakilaan at paggalang sa mga may maharlikang dugo. Ngunit naintindihan lamang ito ng karamihan sa isla noong kalagitnaan ng ika-dalawampung siglo, magpahanggang sa panahon ngayon ni Sadyah, bilang isa ring basag-ulo. Kinatatakutan ito tulad ng salitang *aswang* na ikinabit din ng mga prayle sa mga kauri ni Ati Bulalakaw.

Na siyang ikinamatay ni Donya Maria.

Isang gabi na kabilugan ang buwan, tumakbo ito na tila ipu-ipo mula Barasanan hanggang bayan. Ang kanyang pag-ungol ay isang pag-anyaya sa bawat bahay na nadadaanan na sumunod sa kanya. Nagising ang buong bayan at nasaksihan nila ang pagtigil ng Donya sa gitna ng plaza, kaharap ang munisipyo, ang simbahan, ang kanilang palasyo, at ang kanilang buong angkan. Sinunog niya ang sariling katawan, pinaghintay ang buong bayan sa paglabas ng itim na ibon sa kanyang bunganga, o ng kanyang pagluwal ng itim na bato.

Naupos siya—isang siga—sa kawalan ng palatandaan ng pagiging aswang. Ipinagluksa siya ng bayan.

Ang pangyayaring iyon ay tila ba naintindihan ng lahat na nakasaksi na siya rin nilang kahihiyan sa pagpasukob sa kapangyarihan ng simbahan. Kailangang kalimutan: mapanganib para sa susunod na henerasyon.

Kaya nakitaan man ng kakaibang galing si Anyag, lumaki siya na malaya sa anumang bansag ng matatanda.

Hanggang sa kailangan niyang lumikha ng isa, para sa sarili, sa tawag ng kanyang panahon.

Kapalaran din nilang magtagpo ni Marcelo.

Nangyari ito sa Barasanan mismo, sa panahong seminarista ang binata at aktibo sa pagpapatayo ng kooperatiba ang mga paring Mill Hill sa pamumuno ni Monsignor Cornelius Dewitt, isang Dutch.

Pumunta si Marcelo sa Barasanan para ipaliwanag ang mga benepisyong maidudulot ng kooperatiba. Nang personal na pinakiusap ito sa kanya ng Monsignor, naintindihan niyang pinapaharap siya ng hinahangaan niyang taong ito sa mahalagang bahagi ng kanyang pagkatao. Ikinuwento sa kanya ng Monsignor ang kanyang buhay.

May paghihinagpis sa puso ni Marcelo, may galit kina Matilde at Vicente. Gayunman, alam niyang mapalad siya sa pagkakaroon ng bahay sa simbahan, sa pagkakaroon ng mga guro at kaibigan sa mga pari. Lalo na kay Monsignor Dewitt, ang itinuturing niyang ama.

Nang mamatay ang mga magulang ni Anyag, tumira siya kina Manding Condring. Sa panahong ito, ang pinuno ng Barasanan. Sa bahay nito tumuloy isang gabi si Marcelo.

Nagkita sina Marcelo at Anyag sa banggerahan sa kusina. Pinupuno ni Anyag ang banga ng tubig na naigib sa balon sa sapa. Katatapos lang ng binata magsalita sa tumpok ng tao sa harapan ng bahay. Dumiretso siya sa kusina para sa isang basong tubig.

Pinaghintay siya ni Anyag. Dahil sa bago niyang buhos, natinag ang natitirang laman ng banga:

kailangang maghintay ang binata ng ilang sandali para hindi lamang malamig ang tubig na maiinom nito, kundi malinis.

Sa pagitan ng muling pagkalinaw ng banga at pagkapuno ng isang basong tubig, nagayuma si Marcelo sa nakitang malaking nunal sa batok ng dalaga. Iyon ay nang itaas ng dalaga ang mahaba nitong buhok para ibagsak-himlay sa isang balikat na lumalampas sa malulusog nitong dibdib. Sa pagtagpo na iyon ng mga palad ng dalaga sa itaas ng ulo nito, naamoy ni Marcelo ang pawisan nitong mga kili-kili.

Nakikita niya ang galaw na iyon, nalalanghap ang amoy na iyon sa pagtulog niya hanggang sa paggising.

Naupo siya sa almusal na inihanda ng dalaga na tinatawag ang mga anghel at santo sa pagkakahulihan ng kanilang mga tingin sa bawat pagsubo, sa kanilang matitipid na ngiti sa pag-aabutan ng pinggan ng kanin at ulam, sa gitna ng buong mag-anak ni Manding Condring.

At kailangan niyang magpaalam sa pagpapatuloy ng misyon sa mga kalapit na baryo. Bagama't nasisiguro niya sa mga oras na iyon na babalik at babalik siya sa Barasanan. Hindi lamang dahil ito ang lugar ng kanyang ama, kundi dahil kay Anyag.

Ngunit hindi na niya kailangang maghintay nang matagal. Inutusan ni Manding Condring si Anyag na samahan siya at ihatid hanggang sa kabilang pampang ng ilog ng Nasuli. Mula roon, malapit na ang Anini-y, ang huling bayan ng probinsya; kailangan niya rin itong mapasok bago bumalik ng San Jose.

Tinawid nila ang mga palayan at inakyat ang mga burol sa katahimikan. May mga sandali ng matatamis na ngitian sa pagtatanong ni Marcelo sa iba't ibang mga baging at halamang nadaraanan. May malulutong na halakhakan sa mga pag-uunahan sa pag-akyat. Ngunit mas maraming katahimikan, na kapwa nila marahang isinisipa sa maliliit na bato, sa mahabang kalsada na animo'y nasa tuktok sila ng mundo, bago sila makababa patungo sa ilog na iyon.

Mataas ang tubig sa ilog. Wala silang matatawirang tulay na kawayan. Wala ring naiwang balsang kawayan na maaari nilang masagwan sa pagputol ng mga tangkay ng kahoy sa paligid.

Nagpasya silang lumusong, naniniwalang kaagad din matutuyo ang kanilang damit.

Sa kalagitnaan, namataan nila ang hanay ng mga sundalong Amerikano sa kabila ng pampang. Rumuronda, nag-aabang ng mga rebeldeng Pilipino na lumilipat ng lugar sa pamamagitan ng pagsakay sa balsang kawayan. O nagdadala ng pagkain sa mga kasamahan. May nagpaputok, tanda na huwag silang lumihis. Kinutuban sila na napagkakamalan silang rebelde. Pinalibutan sila, isang kahandaan ng mga Amerikanong sundalo na lumusong at habulin sila sa paglangoy sakaling iyon ang kanilang gagawin.

Bigla, sa kanilang unahan, nakita nila ang isang malaking itlog. Hindi nakalubog, hindi naaanod. Nandoon lamang, nakalutang, nakatungtong. Bigla rin, hinubad ni Anyag ang kanyang blusa at ginamit ito sa pagdampot ng itlog.

Hinipan niya ang itlog ng tatlong beses. Naging mga malalaking bubuyog iyon na umatake sa hanay ng mga Amerikanong sundalo.

Paglampas ng pampang, may nakita silang punong niyog. Inakyat ito ni Anyag. Pagbaba, kinatok-katok lamang nito ang niyog, pagkatapos sinuntok, at bumuka ito't pinawi ang kanilang uhaw at gutom.

Nang araw na iyon, sa pagkatingala ni Marcelo sa kalangitan ng Nasuli, nagpaalam siya—humingi ng bendisyon—sa paglisan sa simbahan.

Naitayo nila ni Anyag sa burol sa unahan ng ilog na iyon, sa tulong rin ng Monsignor at ng buong Barasanan, ang isang bahay kung saan isinilang sina Leandro at Fely.

KINILIG SILA ni Nene sa kuwentong ito. Para silang nakikinig sa paborito nilang drama sa radyo. Lumalakad na sila sa pangunahing kalsada ng Gamad, dinadaanan ang hilera ng kabahayan. Nanunundot na ang sikat ng araw.

"Si Lola Anyag n'yo ang nagkuwento lahat nito," sabi ng kanyang Auntie, "noong mga bata pa kami at hindi pa siya isang Huk."

"Ang titinik nina Apoy Itik at Apoy Bulalakaw," singit ni Bongbong na panay ang pagsipol. Sinasabayan siya ni Nene.

Siya lang ang hindi marunong. Kahit ilang beses na siyang tinuruan—pinapakita ng mga pinsan ang pagkapilok ng kanilang mga dila—hindi pa rin niya magaya.

"Saan na ang Lolo?" tanong niya. Bumababa na sila sa talahiban. Nililipad ng hangin ang kanilang buhok. Lumalampas na sa kabundukan ang kanilang paningin, nagpapahinga sa payapang dagat sa malayo kung saan parang nakatungtong ang mga ulap.

"Makikita n'yo mamaya," sagot ni Fely.

"Pati ang Lola Anyag?"

"Lola Asun n'yo na ang kasama niya."

Parang pagkagat sa nilagang mais ang pagbigkas dito ng kanyang tiya, bumabaon. Hinaplos nito ang kanyang apple-cut na buhok. "Bata ka pa, huwag ka munang masyadong mag-isip at maaga kang tatanda." Marahan siya nitong tinulak upang magpatuloy sa paglakad, upang bilisan ang mga hakbang.

Sa unahan, may nakitang pugad ang mag-ama. Apat na maliliit na abuhing itlog. Sa maya ito, sabi ng tiyo. Hinugot nito ang kulay kake na panyo sa bulsa ng shorts. Ibinalot dito ng tiyo ang mga itlog saka pinasok sa bitbit na supot.

Sa unahan, namimitas si Nene ng mga hinog na bayabas. Sinalihan nila ito ng kanyang tiya.

Tahimik silang kumakagat ng bayabas pababa sa ilog. Nasa kabila na ang malaking bahay, ang *haunted house*. Nasa bunbunan nila ang araw. Ibon sa dibdib ang kanyang pananabik.

May tulay na kawayan. Sira ito. Ayaw ng kanyang Uncle na magbakasakali. Baka raw mapasma. Kaya tumawid-lukso na lamang sila sa nakahilerang naglalakihang bato.

Pinangarap niyang makakita rin ng isang malaking itlog na nakalutang sa gitna ng ilog.

Hanggang bukong-bukong lamang nila ang tubig.

Naghiyawan sila nang mamamataan ang mayayabong na mga punong lumilikop sa malaking bahay. Napapalibutan din ito ng nangangalawang na barbed wire. Pagpasok, isang malawak na hardin. Sa kanan, namumukadkad ang manzanilla, herba buena, oregano, lampunaya. Okra, sili, kamote, kalabasa naman sa kaliwa at sa unahan, nagtataasang damo kasama ang mga puno ng crotons, birds of paradise, ang lila at puting bogambilya.

Binati sila ng mga paniki mula sa mga butas ng kisame't bubong. May nakita rin silang maliliit na ahas. Kapag kulay lupa, hindi raw ito makamandag kaya huwag pukulin ng bato, sabi ng tiyo. Hayaan lang at gagapang din ito papalayo. Ngunit dapat mag-ingat sa kulay pula na mala-tatsulok ang ulo. Ito ang nanunuklaw. Gayunman, makamandag o hindi, pareho itong hayok sa sisiw. At may alam daw na orasyon ang kanyang tiya at tiyo upang hindi matuklaw ng ahas na ito. O makagat ng kahit ano mang insekto at hayop, lalo na ng asong ulol.

Malapad na kahoy ang pintuan, iyong katulad ng sa simbahan ngunit hindi ganoon kabigat at maukit sa disenyo. Hinila ng kanyang Auntie at Uncle ang lubid, saka itinulak nang malakas ang pinto.

Tumambad kay Sadyah ang sahig na bato. Kulay-lupa. May nakaimbak na mga *tabungos*, iyong iniimbakan ng aning palay. Maraming sako na may lamang mga binhi

at buto ng kung anu-anong tanim. May *karosa,* kung saan nakapatong ang mga gamit sa lupa tulad ng piko, pala, bara, itak. May patung-patong na mga baul. Sa paanan nito, kusina at banyo. May mahabang mesang kahoy na may anim na upuan. Maalikabok. Semento ang dingding na parang may bumubulong na mga kaluluwa. May kataasan ang kisame. Sa gilid, may hagdan. Kataka-takang matibay pa ito.

Hindi sila pinaakyat ng tiya. Mamaya na, kung magbibihis na sila. Maghanda raw muna sila.

Naging pananabik ni Sadyah ang malaman kung ano ang naroon sa itaas ng bahay. Ngunit natakot din siyang umakyat mag-isa. Baka may multo nga tulad ng banta ng kanyang mga pinsan.

Naalala niyang inutusan ng kanyang Auntie si Bongbong na umakyat ng buko. Sumunod siya. Taga-pulot. Nahirapan siya sa pagbubuhat ng mga bukong iyon. Naging lakas niya ang pag-iisip na may gahum din siya tulad ng kanyang Lola Anyag. Adobong manok ang kanilang baon at napakasarap ng tanghaliang iyon sa bukong kanilang naging tubig.

MAGTATAKIPSILIM NA NOON. Kumukukot siya ng mais sa bilao mula sa isa sa mga sakong nakaimbak. Pantuka sa manok sa Barasanan. Naghahanda si Nene ng *kingke*, iyong ilawang gaas. Si Bongbong naman ng Petromax, tawag nila sa ilawang gasera. May narinig siyang sipol. Tatlong beses. Sumilip siya sa bintana.

Nakita niya ang kanyang Auntie at Uncle na patungo sa tarangkahan na kawayan ng bakod na barbed wire. Binuksan nila ito.

Katamtaman ang taas at laki ng matandang lalaking pumasok. May pagtahip sa kanyang dibdib, nagsasabing iyon ang kanyang Lolo Marcelo. Hawak-kamay nito ang isang magandang matandang babae. Naka-purontong. Naka-bandana. Alam niya ring iyon si Asun.

May mga kasama silang tatlong lalaki, puro may hawak na ng armalite.

Pagkatapos may isa pang babae, dalagita. Maganda ito at mukhang artista sa kanyang suot na pantalon at blusa. Walang nabanggit ang kanyang Auntie tungkol sa dalagitang ito. Ngunit sa tahip ng kanyang dibdib, alam niyang isa itong kadugo. Ipinitik ng kanyang utak ang maraming tanong: Patay na ba ang kanyang Lola Anyag? Saan sila nanggaling? Ano ang pakay ng mga ito sa Nasuli?

Inilapag niya ang bilao at nagmano sa dalawang matanda. Pagkatapos binulungan siya ng tiya na umakyat, sumunod kay Nene na may dalang *kingke* at nasa hagdan na. Ipinasok niya sa sako ang nakukot na mais at inilagay sa isa pang sako ang mga natira, kasama ang bilao. Saka umakyat.

Malawak ang unang palapag na iyon. Tabla ang sahig. Sa kanan, may *lancena*. Ito ang sabi ni Nene, sa aparador na pinaglalagyan ng mga babasaging pinggan at kubyertos. *China*. Pero noong panahong iyon, wala

na itong laman. Ang totoo, nabubulok na, tulad ng mga bintanang capiz. Sa kaliwa, may sala na may antigong salamin saka dalawang tumba-tumba. Iyong isa, butas na ang upuang habi sa rattan. May apat na kuwarto na matagal nang binulok ng hangin, hamog, araw, ulan. Kaya hindi kataka-takang sa ibaba tumitigil ang mga tao.

Pero ang hindi niya makalilimutan ay ang malaking larawan pagbungad sa hagdan. Hambog itong nakasabit sa dingding sa harapan, na parang ito lang ang buhay sa lahat ng mga gamit doon. Napakalaki nito at napakabigat kaya hindi naitawid sa ilog at naiakyat sa mga burol papuntang Barasanan. Ito ang nakakuwadrong black- and-white portrait nina Marcelo at Anyag.

Nangilabot siya. Kahit saang dako siya pumuwesto, naroon sila't nakatingin sa kanya. Pakiramdam niya, isang pagkakamali lang niya, lalabas ang mga ito sa kuwadro at pagsasabihan siya. Hindi niya ito binanggit sa mga pinsan. Ayaw niyang magkaroon sila ng dahilan para lalo siyang takutin.

Nagbihis sila ni Nene sa kanilang magandang damit at nagpulbo ng *Mimi* habang nag-uusap ang matatanda sa ibaba. Hanggang sa tinawag silang manaog para sa hapunan.

May dalang pagkain ang mga bisita. Inabutan silang magpinsan ni Asun ng mga supot ng biskwit.

NATULOG SILA sa banig, magkakatabi-tabi, sa pangalawang palapag na iyon. Maliban sa tatlong guwardiya sa ibaba sa piling ng karosa at mga sako. Dahil para bang anumang oras, may sasalakay. Ganito rin ang pagmamatyag na nararamdaman niya sa mga balikwas ng kanyang Auntie at Uncle. Gayundin ng kanyang Lolo na sa kanyang patagilid na pagkahiga, nakita niyang nakaupo sa tumba-tumba. Humuhulagpos, lumulusot ang paningin sa mga dingding at bintana; lumalagpas sa ilog at mga puno ng Nasuli ang pag-iisip.

Nahuli ng matanda ang pakislut-kislot niya sa banig. Tinawag siya nito—siya, si Sadyah, anak ng kanyang si Leandro. Bumangon siya, balot ng kumot, saka paluhod na lumapit sa paanan ng matanda at nagmano.

"Talo si Marcos, apo," sabi ng kanyang Lolo.

Tinawag siya nitong *apo*. Napakasarap niyon sa kanyang pandinig, parang lawiswis ng kawayan. Nakaupo ang matanda sa sira-sirang tumba-tumba na iyon, at nahuli niya ang pangingilid ng luha nito. Nasisiguro niyang umiiyak ito—ang kanyang Lolo Marcelo.

Gusto niyang itanong kung sino si Marcos. Hindi niya ito nabigkas. May hinugot ang matanda sa bulsa. Akala niya panyo. Hindi. Isang papel: 20 pesos, at inabot sa kanya! Nakangiti ang kanyang Lolo, pagkatapos ginulu-gulo nito ang kanyang buhok at marahan siyang itinulak para bumalik sa pagtulog.

# 6

SA DAAN pauwi kinabukasan, nasabi ng kanyang Auntie na takot magutom si Asun. Takot ito na nilagang saging na saba lamang ang makakain sa Nasuli.

Naangkin niya ang tonong ito ng kanyang Auntie nang gusto niyang gastahin ang regalong iyon ng gabi ng 1986.

Tinago niya iyon sa pinakadulo ng kanyang karton sa ilalim ng katre. Tiniis niya na hindi banggitin kina Bongbong at Nene. Kahit sa maraming pagkakataon na gusto niyang inggitin ang mga pinsan. Lalo na kapag napapagod siya sa pagiging ***taga***. Ngunit espesyal iyon na alaala ng 1986, ang gabing nakita niya ang kanyang Lolo Marcelo, at siya lamang ang nakahuling umiyak ito.

Binaon niya ito noong Grade 3 sa community fair sa bayan. Binalot niya ito sa supot ng ice candy saka

inipit sa shorts. Naisip niya na sakali mang mahulog, didiretso ito sa kanyang  panties. Mararamdaman niya. Kung sa bulsa, baka hindi niya mamalayan kapag siya'y dinudukutan.

Nagparada sila sa buong bayan at sumayaw sa "Ice, Ice Baby" sa field demonstration suut-suot ang paldang pula na crepe paper at puting kamiseta. May pompoms na blue.

Pagkatapos, mula sa 20 pesos na iyon, inilibre niya sina Bongbong at Nene sa ferris wheel. Bumili sila ng maraming pop corn at cotton candy. Saka 'yong cheese curls na *Pewee, Ritchie* at *RinBee*. Sikat na sikat sila sa kanilang mga kababata habang nanonood ng iba pang palabas. Hanggang sa sakayan sa palengke pauwi nang hapong iyon. Hanggang sa paaralan kinabukasan. Lalo na sa mga kababata nilang nanunukso na "killer" ang kanilang Lolo Marcelo at nakapanonood lamang sa malulutong nilang pagnguya ng *Pewee*, ng *Ritchie*, ng *RinBee*.

Pinamudmod niya ang mga kasamang istiker ng mga cheese curls na ito sa kanyang mga kaklase. Mula noon, hindi na siya tinukso. Dahil may pambili siya ng cheese curls, dahil apo siya ni Marcelo.

NAKILALA NIYA ang tonong iyon ng kanyang Auntie bilang magkahalu-halong tampo, hinanakit at galit. Naging tono rin niya ito noong pangalawang taon siya sa hayskul at out-reach program nila sa *Religion* ang pagbisita sa mga bilanggo sa Binirayan Hills sa San Jose.

Hindi napag-uusapan ngunit alam nilang magpinsan na dito nakabilanggo ang kanilang Lolo.

Pinanabikan niya ang pagdating ng araw na iyon: magtitipon sila alas-sais ng umaga ng Sabado sa tarangkahan ng paaralan. Libre ang hatid-sundo ng dyip na pagmamay-ari ng kanilang kaklase na kapitan sa barko ang tatay. Pinaghandaan niya iyon hindi lamang ng pinakabago niyang medyas na knee-sock dahil mag-uuniporme sila, kundi ng isang sulat.

Ngunit nang Miyerkules na iyon, pinatawag siya ni Sister Noemi. Sinamahan siya ni Miss Solis, ang kanilang guro. Dalawang bagay lang ang alam niyang dahilan sa pagpapatawag ng madre: magandang balita at masama. Kutob niya na pagsasabihan siya sa pagpalya niya sa misa ng Linggong iyon. Inihanda niya ang tamang pagbigkas sa Ingles ng dahilan: *I'm very sorry, Sister. I cannot go back that morning because I was waiting for my Auntie. She borrowed money for my allowance from Manong Efren and their house is very far.*

Hindi alam nina Sister Noemi at Miss Solis ang tungkol sa bagay na ito. Dahil isang pagpaumanhin-pakiusap pala ang pagtawag na iyon: na mas makabubuti sa kanya kung hindi na lang siya sasama sa Sabadong iyon. Huwag daw siya mag-alala, hindi ito makaaapekto sa kanyang grado sa *Religion*.

Natulala siya, may paninikip ng dibdib sa paghagunos ng maraming tanong sa kanyang isipan: paano nasisiguro ng madre at gurong ito na ito nga ang makabubuti sa kanya? Bakit hindi muna nila

siya tinanong? Hindi nagtanong—basta lamang sila humusga at nagdesisyon!

Natakot siyang sumagot, baka ibagsak siya ni Sister sa *Religion* at mawalan siya ng iskolarsyip. "Huwag kang balat-sibuyas kapag sa bayan ka na nag-aaral," naalala niyang sabi ng kanyang Uncle. "Isipin mong mas magaling ka sa kanila."

Pinigilan niya ang pag-iyak. "Yes, Sister," sagot niya, saka tumalikod.

Hindi niya iyon ipinagtapat sa kanyang Auntie pag-uwi. Laking pasalamat niya na hindi pa siya nakapagpaalam. Dahil balak niya sanang maging isang sorpresa ang pagbisita niya sa kanilang Lolo sa Binirayan Hills.

Nang Sabadong iyon, pinahupa niya ang matinding pagkadismaya sa pagsama sa tiya't tiyo sa paghuhugot ng monggo. Sa sikat ng araw sa palayan ng Barasanan, habang binabalangkas niya sa isipan ang mukha ng kanyang mga kaklase, naitanong niya sa kanyang Auntie kung totoo nga ba na ang Lolo nila ang nag-utos sa pagpatay kay Gov. Edgardo Salazar.

Lumampas sa mga burol ang paningin ng kanyang Auntie. "Malalaman mo rin, pagdating ng tamang panahon," sagot nito, at muling sumubsob sa paghuhugot ng monggo.

Nagpatuloy sila sa katahimikan, sa maya-mayang pagpupunas ng pawis. Masakit sa kamay ang paghuhugot ng mga hinog na tangkay ng monggo at nangangati ang balat niya sa mga dahon nito.

Ngunit kailangang magtiis, tulad ng palaging turo ng kanyang Uncle at Auntie, lalo pa at inaasahan ang mabebenta mula sa monggong ito bilang pantawid na allowance bago dumating ang kanyang buwanang *Notice*.

Ngunit maagang nagpaalam ang kanyang Auntie para sa pamamahinga. Binitbit nila ang mga napunong *tabungos* patungo sa lilim ng mangga sa unahan. Inilipat nila ang nahugot sa imbakang sako roon.

Doon at humulagpos sa mga bibig ng kanyang Auntie ang isa pang kumpol ng kuwento.

MABAGAL ANG PERA sa lupa, sabi ng kanyang Auntie. Ito ang natuklasan ng kanilang Lolo. At dahil hindi naman talaga ito magsasaka, nabagot ito. Nahirapan sa buhay sa Nasuli.

Lumabas naman na talagang isang Ati at babaylan ang kanilang Lola Anyag. Kahit pumayag itong magpabinyag kay Monsignor isang araw bago magpakasal sa kanilang Lolo.

Hindi nabinyagan ang kanyang Tatay at Auntie. Hindi napilit ni Marcelo si Anyag lalo pa at napakalayo ng simbahan sa Nasuli. Malaking gastos ang pag-iimbita ng pari para magmisa sa kapilya nito.

Noong 1960s, habang nagbibinata si Leandro at nagdadalaga si Fely, iniwan ni Marcelo ang Nasuli. Nagdesisyon itong mag-aral ng abogasya sa paaralan ng mga Protestante sa Jaro sa Iloilo—ang Central Philippine University.

Napakiusapan niya ang isang kaibigan sa seminaryo na ipasok siya bilang dyanitor sa kompanya ng tiyuhin nito.

Ito ang naging trabaho ni Marcelo sa umaga. Sa gabi ito nag-aaral.

Magandang alaala para kay Fely ang pag-uwi ng kanilang ama na may dalang supot ng tinapay. Nasa pampang pa lamang, naghihiyawan na sila ni Leandro sa ilalim ng mangga sa likod ng bahay. Kadalasan, hindi sila makapaghintay; sinasalubong nila ang ama.

Tinuturuan sila ng kanilang Tatay ng Ingles sa liwanag ng gasera, ng bukas na bintana, bago matulog. Bago ito muling magpaalam kasabay ng pagtilaok ng mga manok. Sa mga hamog ng umaga, ihahatid ito ng kanilang ina sa pampang hanggang sa makatawid ito at makaakyat sa kalsada kung saan makapag-aabang ng bus papuntang Iloilo.

"Speak in English," utos nito sa kanila. Hindi sila kinakausap at sinasagot nito kapag hindi sila nagsasalita sa Ingles. Sa mga pag-aaway ng kanilang mga magulang tungkol sa lupa at rebolusyon, nasa Espanyol at Kinaray-a at Ingles ang argumento't bulyaw ni Marcelo. Nasa Espanyol at Kinaray-a naman kay Anyag.

Nasa ganito ang kanilang naging sagutan noong mga huling araw sa tuluyan nilang paghihiwalay. Dahil madalas na noon ang pagdalaw sa kanilang ina ng naka-armadong kalalakihan at kababaihan. Sa kalagitnaan ng gabi. Nagigising sila sa kalansing ng mga kaldero at lagatok ng mga pinggan at kubyertos sa ibaba.

Alam nila ng kanyang Manong Leandro na mga gerilya ito ngunit wala silang takot. Para bang natutuwa pa sila na mayroon silang mga bisitang matatapang na mga tao, lalo na at wala ang kanilang Tatay. May mga umaga sa kanilang paggising na nasusundan nila ang pag-alis ng mga ito. Ikinalulungkot iyon ni Fely, tulad ng mga umagang nagigising siya at wala na sa bahagi ng katre nito ang kanilang ama.

Tandang-tanda ni Fely ang araw na iyon na inihatid sila ng kanilang ina sa Barasanan. Sa bahay ng kanilang Lola Engrad, pinsan ng kanilang Apoy Bulalakaw. *Binagtung*, ito ang bansag sa kanilang nilukdo at pinasang dala: mga damit at gamit nilang magkapatid.

Ang Barasanan ang totoo nilang lugar, sabi ng kanilang ina. Narito ang lupang pamana ng kanilang Apoy Ati Bulalakaw. Ito ang walong hektarya ng lupain na naisalba mula sa pagnanakaw ng mga paring Kastila at ng kanilang mga ilustradong galamay.

Malalaki na sila at dahil marunong silang magtanim, walang dahilan para magutom sila. ”Gamitin ninyo ang inyong mga kamay at paa,” bilin pa ni Anyag, “Huwag umasa sa kamag-anak.” Nagpaalam ito na sasali sa gerilya, habang malakas pa, at dahil mayroon itong kakayahan.

Iyon ang kanilang huling pagkikita. Wala ni isang dalaw sa araw na iyon ng 1969 na isa na siyang B.S. Education major sa St. Anthony’s College sa San Jose at BA History major naman si Leandro sa UP sa Miag-ao. Ginimbal sila ng balita ng pagkadakip at pagsunog ng

mga militar sa kanilang ina sa bundok ng San Remigio, apat na bayan ang layo sa Dao.

Nasa kapwa Pilipino na nagkakalaban-laban sa kumpas ng mga dayuhan ang hinagpis ni Fely. Pagmamalaki ang kanyang nararamdaman sa piniling buhay ng ina at kapatid, higit kaysa sama ng loob, na para sa kanya, isang pagiging makasarili ang pangungulilang makapiling sila.

Nakapagtapos si Fely ngunit hindi siya nakakuha ng board exam kaya hindi siya naging guro. Ito ang buhay na kanyang pinili: ang magpakasal kay Lydio, isang magsasaka, at ang pagpapalaki sa mga anak sa biyaya at sumpa ng lupa.

Nakita niya kay Sadyah ang dahilan at silbi ng pagkatali niya sa Barasanan. Kaya wala rin siyang pagkainggit na hindi siya nakasunod sa mga yapak-mandirigma ng ina at kapatid.

Sa ama siya may konting tampo.

Nagsimulang magkapangalan si Marcelo bilang abogado noong kasagsagan din ng pagiging Huk ni Anyag. Tumanyag ito noong panahon ni Marcos.

Inimbita niya ang ama, isang buwan ang abiso, sa kasal nila ni Lydio. Setyembre iyon ng 1973. Napili nilang idaos ito sa gitna ng palayan ng baryo. Ang mga natitirang matatanda ng Estrella Bangotbanwa ang nagkasal sa kanila.

Inasahan niya ang pagdalo ng ama. Ngunit hanggang sumunod na araw, wala siyang ama na nagparamdam. Dumaan ang isang linggo at nakatanggap

sila ng isang malaking karton ng regalo. Isang black-and-white TV. Ano ang gagawin nila dito? Hindi nila kayang magpakabit ng koryente.

Ipinagbili nila ito sa pamilya ni Doroy, ang nag-iisang contract worker na seaman ng baryo sa mga panahong iyon.

Ang pinaiwan niyang karton nito, iyon ang siyang pinag-iimbakan ng mga damit ni Sadyah sa ilalim ng katreng pinagsasaluhan nila ni Nene.

Sa mga panahong iyon, para kay Fely, naging napakalayo na ng Barasanan para sa ama: isang alaala ng kahirapan. Hanggang sa mabalitaan nila sa DYKA, istasyon ng radyo ng simbahan, na ikinasal ito kay Asuncion Villavert, ang Miss San Jose 1965 na siya ring naging kauna-unahang Miss Binirayan noong 1974, kung kailan din siya, si Atty. Marcelo N. Lopez, naging Assemblyman ng Antique.

Nagbunga ang pinagtagpo ni Marcelo na kasaysayan ng paglimot ng kanyang mga magulang: si Itik sa Barasanan, si Matilde sa kanyang pamilya.

# 7

"ASTIG NAMAN, pampelikula," sabi ni Stephen, may kislap sa kanyang mga mata.

"Napaka-surreal nga at wala na si Auntie. Namatay siya bago pa ako makatapos sa kolehiyo. Minsan nga, pinagdududahan ko rin ang nalalaman ko sa family tree namin. Kaya siguro para akong hinahatak mag-enrol sa mga History courses. Ang dami kong electives. Sa History 116 ko nalaman ang millenarianism movement. Dito ko nabasa ang tungkol kina Papa Isio, 'yong ***busalian*** na nagpasimuno ng rebolusyon laban sa mga Espanyol at Amerikano sa Negros Occidental. Si Tay Osting Baladjay, isa pang ***maaram*** sa Sibalom, Antique, at ito ngang si Estrella Bangotbanwa ng San Joaquin, Iloilo. Sa record ng mga Agustino, ritwal nito ang nagtapos sa mahabang tagtuyot sa Panay noong 1890s. Kaya siguro

totoo nga ang gahum nina Guadalupe, Ati Bulalakaw, Lola Anyag."

"Pero bakit na-colonize pa rin tayo? Bakit hindi nagtagumpay ang rebolusyon kung may supernatural powers ang mga ninuno natin?"

"Oo nga, ano. Very good question."

"Bakit nga ba?"

"Siguro dahil may limitasyon din ang kapangyarihan nila? Halimbawa, ano'ng magagawa nila kung sila lang, di ba?"

Napailing si Stephen. "'Yan ang topic na marami kang maaaaring itanong pero parang walang tamang sagot."

"Mayro'ng tama talaga at totoo."

"Sige nga, example, Miss Sadyah—with an 'h'—Lopez."

Kinurot niya nang pino sa braso si Stephen. "Tulad ng pagkamatay ni Auntie. Natumba siya habang namimitas ng sitaw. Paniwala ko, kanser ang ikinamatay niya. Hindi nalaman kasi hindi naman nakapagpa-doktor."

"Bakit?"

"Syempre, walang pera. Takot ang mahihirap sa ospital. Sa Antique pa, mamamatay ka dun."

"May lupa."

"Nakasangla na nun. Nakabilanggo si Lolo, patay na si Tatay, tinutugis si Nanay. Anim na taon nga bago nakatapos sa Electronics si Bongbong, e. Napakataas ng pride nina Auntie at Uncle para lumapit kay Isabel."

"Sino siya?"

"Siya 'yong dalagita na kasama nung 1986. Siya na ngayon ang aming Governor Isabel Lopez-Chan. Imagine ha, 26 years old lamang siya nang maging SK Federation President ng Antique at naboto bilang National President. Meteoric rise, kaya nang sumunod na eleksyon, sa edad na 29, tumakbo siya. Running mate niya actually, ang younger brother ni Edgardo, si Edward Salazar, na hanggang ngayon, congressman namin. Controversial 'yon, pero dun sila nag-capitalize. Ginawa nilang propaganda ang pagkakaayos ng dalawang pamilya para sa pag-unlad ng probinsya. 'Young blood, new breed of politics,' na sinuportahan ng mga NGO at negosyante kaya nanalo sila. At nag-away at naghiwalay pagkatapos."

Napailing si Stephen.

"Noong 3rd year college ako, binigyan siya ng UPV ng Most Outstanding Alumni sa Public Service. Would you believe I was 19 when I first won Palanca? 2nd prize 'yung poetry collection ko sa Filipino. Kaya awardee rin ako at nagkataong magkalapit ang mga upuan namin. Narinig ko ang isinagot niya sa kakuwentuhang mama: "That's not my politics." Pagbaba ko sa stage, akalain mong hindi man lang siya bumati, na parang hindi niya narinig ang pagtawag sa pangalan ko at isa akong Lopez! Gusto ko sanang batiin siya saka yayaing magpa-picture pero parang hindi niya ako nakikita. Ang sama pala ng ganung pakiramdam. Inis na inis talaga ako. Kung hindi man niya ako natatandaan bilang uhuging bata nang

gabing iyon sa Nasuli, dapat binati niya pa rin ako dahil siya ang aming governor. It was so childish of her!"

"Forget it." Hinaplus-haplos ni Stephen ang kanyang likod.

"Oo nga. Naisip ko rin na at least, hindi siya nakipag-plastikan. Masasabing hindi siya trapo."

"Bakit sabi mo tinatakot ka ng mga pinsan mo na haunted house 'yun?"

"Kasi, di ba, 'yung antigong larawan na 'yun nina Lolo Marcelo at Lola Anyag sa 2$^{nd}$ floor."

"1$^{st}$ floor lang 'yun. Silong, groundfloor 'yung pagbukas ng pinto, 'yung doon natulog ang mga guwardiya."

"Oo nga ano, ang galing mo talaga."

"I'm an engineer, remember. Saka parang ganun din ang lumang bahay namin. Swerte ang mga kapatid ko, hindi nila naranasang tumira sa isang tablang bahay na walang koryente."

"Kuwento ka rin tungkol sa Lolo mo."

Natawa si Stephen. "Hindi makuwento mga parents ko. Wala akong masyadong alam maliban na dahil sa komunismo at gutom sa China noong early 1900s kaya sumakay sila ng barko papuntang Pinas dahil pinupulot lang daw ang gold dito." Tumawa uli ang binata. "Kainggit ka nga, dami mong alam sa family history mo. Fantastic pa."

Siniko niya si Stephen. "Sa klase sa Art Appreciation ko lang naisip na 'yun ang optical illusion, 'yung akala

mo sinusundan ka ng tingin ng mga nasa kuwadro. Sayang, wala na ang larawang 'yun."

"Ano'ng nangyari?"

"Nagiba sa bagyo ang bahay. Noong 1998, ilang buwan bago mamatay si Auntie. Parang premonition, ano."

Nagpadausdos si Stephen sa unan. Hanggang sa mahiga, patagilid, kaharap ang dalaga. Ipinatong niya ang isang kamay sa mga hita nito. "Ano'ng nangyari that night?"

"Hindi ko naitanong kay Auntie. Nakakainis kasi, palagi ka lang pagsasabihang "bata ka pa" pagkatapos malalaman mo na lang, napag-iwanan ka na ng panahon. Bakit ba palagi na lang maghihintay kung kailan pagtapatan? Kahit sa boy-girl relationship."

"Aba, marami na ngayong babae ang nanliligaw. Ikaw nga, e, 'yun din ginawa mo sa'kin. Kunyari ka lang, pero aminin mong gusto mo uli akong makita."

"Ano ka, tumigil ka nga." Inalis niya ang kamay sa mga hita ni Stephen.

"Ikaw talaga, di na mabiro."

"Ayaw ko nang ganuong biro."

"Sorry, pinapatawa lang naman kita."

"Ganun?"

"Oo, h'wag kang masyadong seryoso."

" Ikaw nga rin, e, seryoso ka rin."

"Kaya nga I'm loosening up." Nasundan ito ng katahimikan. Naririnig ang mga busina ng dumadaming

sasakyan sa labas. "Nung nagre-rebyu ako, walanghiya, ginagarahe na pala ng iba ang girlfriend ko."

"Maganda siya, syempre."

Napabuntunghininga si Stephen. "'Yung Lolo mo na lang pag-usapan natin.Umiyak siya that night dahil Marcos loyalist siya?"

"Sa tingin ko. Napaiyak siya hindi lamang para kay Marcos kundi para sa kanyang sarili. Kaya paniwala ko, iyon ang pinag-usapan nila that night, ang kanyang pagsuko. Kasi when you come to think about it, nangyari ang kanyang pagsuko ilang buwan matapos madeklara si Cory bilang bagong Presidente."

"At least, binigyan ka naman niya ng 20 pesos, hindi ka na-deprived sa cheese curls," sabi ni Stephen. "Ako nga, dito na sa Manila nakatikim ng choc nut."

"Gusto ko 'yun."

"Talaga. Sige…dalhan kita sa susunod."

"Sweet mo naman."

Napangiti ang binata. "Pero ito muna sa ngayon… magugustuhan mo rin." Bumangon ito at niyakap ang dalaga. Saka hinalikan sa mga bibig.

"Di pa ako nakapag-toothbrush," iwas ni Sadyah.

"Patas lang tayo...it's okay...just relax." Hinigpitan ni Stephen ang pagyakap, saka muling inangkin ang mga bibig ng dalaga. "Ako'ng bahala. Sige, relax lang. Ganyan."

Animo'y may bilis ni Ati Bulalakaw ang mga kamay ni Stephen sa pagtanggal ng kanyang bra habang sinisikap niyang mag-relax, bahagyang nakabuka ang

bunganga, at sinisiil siya ng halik ng binata. Napapikit siya, tulad sa mga pelikula. Pero binuksan din niya, dahil gusto niyang makita, at iyon nga, nakapikit si Stephen at para bang hinog na mangga ang kanyang mga bibig na kailangang lasapin. Hindi nabanggit ng kanyang Auntie Fely kung malalaki ba ang suso ng kanyang Lola Anyag nang hinubad nito ang blusa sa gitna ng ilog kaya nagayuma ang kanilang Lolo Marcelo at siguradong pati ang mga sundalong Amerikano. Hindi nagsusuot ng bra ang kanyang Auntie kapag nagtatrabaho sa lupa. Mas magaan daw, mas mabilis ang pagkilos. Hindi niya maiguhit sa isipan ang mga suso ni Teresa sa mabilang na mga gabing sumaglit ito sa Barasanan noong kabataan niya. Minsan habang naliligo sa sapa, nagpakitaan sila ni Nene ng dibdib. Tinukso siya nito, na ang umbok ng sa kanya, iyong parang nakagat lang ng mga langgam.

Pero habang kinakagat ng mga labi ni Stephen ang kanyang tainga, pababa sa paglipat sa kanyang leeg at sinasakop ng mga palad nito ang kanyang dibdib, para bang naging mga holen sa mga daliri nito ang kanyang maliliit na mga suso. Nakalimutan niya ang pagkahiya. Nang sinubo ang mga ito ni Stephen, para bang sinasabi ng dila nito na hinding-hindi niya ito ipagpapalit sa choc nut. Gumapang ito pababa, sa liblib ng kanyang mga hita, mapangahas sa kanyang paglublob doon, at may isang talon na umagos sa kanilang pagitan para sa lubusan nilang paliligo. Ikinamangha niya maging ang bilis ng pagkawala ng kanilang mga saplot. Nakita niya ang pagdulas papasok ng condom, kasyang-kasya,

sa isang mahaba at balingkinitang puno ng kawayan na nakahilig pakanan. Ganoon pala iyon. At bumaon ang lakas ng binata sa kanyang mumurahing foam: may duyan ng amihan, may pana ng sibat, may tusok ng madre de cacao, may bilis ng buhawi, may bagal ng pagpatak ng hamog sa lupa, hanggang hindi naging sapat ang pagkapit sa mga throw pillow na kailangang niyang kapain ang dingding sa pag-igtad ng kanyang likod ng buong katawan sa dagundong ng kanilang mga ungol. At tumagos sa kumot  na Bugs Bunny ang unang daluyong na dala ni Stephen sa kanyang kuwarto.

IHINATID NIYA ng tingin si Stephen nang gabing iyon mula sa kanyang bintana. Bakit may dalang condom si Stephen? Binalak ba niya ito sa bumukas na pagkakataong inihatid ng kanyang text mesage, sa pagsang-ayon ng panahon? Ano ang ibig sabihin nito?

Dala-dala niya ang mga katanungang ito sa pagsesepilyo at paghihilamos. Hanggang sa paghiga, balot ng kumot, kasiping ang natuklasan na kaligayahan ang panganib at pangako na dala ng pagsakay sa kotse ng lalaki. Higit sa lahat, sa pagbubukas ng pinto rito sa itinuturing na bahay, lalo na kung nag-iisa.

Binalangkas niya ang pag-asa sa pamumuo ng isang pag-ibig sa dilim ng gabi.

# 8

SA EDAD NA 24, nauunawaan ni Stephen ang pag-ibig na ito bilang pagnanasa sa laman. Hindi bilang pagtatagpo ng kaluluwa. Isang katangahan ang pagbisita sa babaeng nag-iisa na walang baon na condom. Ito ang nasa isip niya habang bumibili nito sa botika malapit sa gusali na tinitirahan. Bago siya bumili ng pagkain at nagmaneho sa baha patungo kay Sadyah nang araw na iyon.

Naunawaan naman lamang ni Sadyah ang ganitong katangian ng lalaki, isang hapon pagkatapos ng maraming gabi nilang pagniniig; aruga ang sarili niyang kahulugan ng pag-ibig.

Marami sa mga gabing ito ang pagkatapos ng klase ni Stephen. Lampas alas nuebe, didiretso ito sa kanya. Sabay silang maghahapunan. Sa Jollibee. Sa McDo. Sa Chowking. Sa Tapa King. Ipa-park nito ang

kanyang sasakyan sa harap ng gusali, sa kabilang gilid ng kalsada, katabi ng newsstand, at ilang beses itong sisilipin mula sa bintana ng kanyang kuwarto. Iyon lang at makakalma ito't makakapagsimula sila ng natagpuan nilang pinakamasarap na paraan ng pagsusunog ng carbohydrates at calories sa kanilang katawan.

May mga gabi ring isasagot ni Stephen na subsob siya sa pag-aaral. Ngunit lambing pa lang ng dalaga—*miss u. my legs are screaming*—o boses pa lang sa payphone, nanghihina na siya. Hindi matiis ng binata ang dalaga. Napapapayag siya nito. Isasagot niya na, "Sige, bihis lang ako." At si Stephen ang tipo ng lalaking nagpapaka-perpekto. *Word of honor*: Kinse minutes at nariyan na siya, naka-park sa labas ng bintana. Excellence: walang pagud-pagod—dapat palaging performance level.

Lahat ng mga gabing ito ay tila gabi ng walang katapusang paghihintay para kay Sadyah. Parang hinihiwa ang kanyang dibdib habang nag-aayos ng kuwarto. Habang binabalangkas sa isipan kung nasaang traffic light na ang binata o hanay ng istasyon ng LRT. Habang hinihintay ang pag-miskol ng binata, signal na naka-park na ito at bababa na siya't pagbubuksan. Hawak-hawak ang susi, magsusulat siya ng lesson plan, magtse-tsek ng mga nadalang pauwi na papel ng mga estudyante, magsusuklay, magpupulbo, magwiwisik ng pabango, magbabasa, mag-iisip ng linya ng bagong tula. Alam niyang malapit na si Stephen at mamaya-maya, magmi-miskol na ito kapag simula nang manlamig ang

dulo ng kanyang mga daliri at ang kanyang mga bukong-bukong, kasabay ang mala-tambol na tahip ng kanyang dibdib. Minsan, may kasama ring paninigas ng tiyan. Nawawala ang lahat ng ito kapag nariyan na si Stephen, nandiyan na nga, talaga.

Ito ang mga gabi na nagpadikit din sa kanila sa mga araw. Binabati nila ang isa't isa ng *gud morning. wish u gud day☺ tyk care. mwaaah*. Tuwing tanghali: *kain ka na?* Sa gabi: *how was ur day? gudnite. mwaah*. Bawat umaga na pagharap ni Sadyah sa internet, tinitingnan niya ang kanyang horoscope, pagkatapos, ang kay Stephen.

Capricorn at Scorpio? Compatible. Noon pang umaga ng una nilang pagniniig niya ito inalam. Ang kanilang bio-rhythm? Physical: 80, Emotional: 80, Intelligence: 99.

Ganito sila tumagal. Isang taon at higit pa. Mula sa kuwartong iyon ni Sadyah hanggang sa isang payak nitong apartment sa Paco. Nasaksihan ni Stephen ang pagpalit ng kanyang kama at kumot at mga unan mula sa mumurahing single foam na iyon sa sahig na tabla hanggang sa semi-double na foam sa matibay at sopistikadong katre. Ang pagkakaroon niya ng puting Panasonic na refrigerator. Ang pagpalit ng iba't ibang taas at kulay ng kanyang electric fan; ng laki at brand ng kanyang rice cooker; ng larawang nakapaskel sa kanyang mga dingding.

Ngunit hindi nila napag-usapan sa lahat ng mga gabing ito kung magnobyo nga ba sila.

Pinaunawa ni Sadyah sa sarili na mahigpit ang iskedyul ng binata. Mas mahigpit kaysa kanya. Kahit pa hindi lamang siya isang guro kundi estudyante rin at manunulat pa. May mga Linggo na gusto niyang magkita sila ng binata ngunit hindi maaari dahil nagsisimba ito at kaagad din umuuwi para mag-aral. Tuwina kapag namamasyal mag-isa sa mall, naiinggit siya sa mga magkahawak-kamay. Pinagtatakhan niya kung kailan darating ang sarili niyang kapingas ng puso, kung hindi man ito si Stephen.

LIBOG ANG SIMULA ng lahat ng pagniniig ng kabataang tulad nila. Hanggang nagiging pagnanasa ito, na kadalasan napagkakamalang pag-ibig, na maaari ngang sa kaso ng kuwento ng pag-ibig ng ibang kabataan, magkahalo't magkasabay.

Hindi handa ang binata na pagsabayin ang pag-aaral ng abogasya at pakikipagrelasyon nang seryoso. Linggo lang ang buong araw mayroon siya. Kung may iilang oras man siya at natitirang lakas sa pagitan ng pag-aaral at pamamahinga sa mga gabi ng pagkikita nila ni Sadyah, ito ay dahil sa katwiran na may sariling utak ang titi. *Sino ba ang ayaw sa sex?* Hindi siya naninigarilyo, hindi nagkakape, hindi naghahanap ng malamig na beer pagdating ng bahay. Bitamina niya at droga ang bunganga ni Sadyah sa kanyang matigas na ari. Nakatutulog siya nang mahimbing, siya na isang drakula simula nang mag-abogasya, sa bawat pag-uwi niya mula sa kandungan ng dalaga.

Nanumbalik ang dati niyang tiwala sa pagkalalaki. Naglasing siya nang madiskubre mula sa isang kaibigan ang ginawang pagtataksil ng dating nobya. Dala-dala niya ang paniniwala na bunsod iyon hindi lamang ng kakulangan niya sa oras kundi dahil sa limitasyon ng kanyang kargada.

Kasalanan lamang ang isang bagay kapag hindi mo ito naiintindihan. Walang masama sa ginagawa nila ng dalaga dahil pareho nila itong gusto. Walang pilitan. Ito ang tinatawag na FB—Friends with Benefits—na dati ay naririnig lamang niya sa umpukan ng mga barkada at kaklase. Sa pagkukulong niya sa kanyang kuwarto para sa pag-aaral habang nanonood ng TV sa sala ang mga nakababatang kapatid, kung hindi man mahimbing nang natutulog—at sa iba't ibang mall at bar sa syudad nagkakatuwaan ang kanyang mga kaibigan—nababalewala niya ito dahil mayroon siyang isang Sadyah. Wala itong pagmamaktol sa kawalan niya ng pagbibitiw ng matatamis na salita ng pag-ibig.

Nababalisa rin siya kung minsan dahil sa maaaring umasa ang dalaga. Mahigpit ang mga yakap nito, tumatagos ang haplos ng palad sa kanyang mukha, nananalaytay ang pagpisil-masahe sa kanyang ulo at batok. May mga pamamaalam siya na mabigat sa kanyang loob dahil nakaguhit sa mukha ng dalaga ang isang pangungulila ng buong gabing pagsisiping. Kaya palagi siyang nagmamadali; bago pa siya mabitag ng awa at ng sariling pagnanasa at lungkot.

Kailangan niya ng pokus para sa panibagong tagumpay at karangalan na maibibigay sa pamilya. Kaya polo o kamiseta na may kuwelyo ang palagi niyang isinusuot. Kagalang-galang. Nasisiguro niya na kapag isang abogado na siya, mas magiging madali ang pagkakaroon ng nobya. Bagama't ibang usapan ang kasalan. Napapailing siya, mahirap na rin makatagpo ng disenteng babae. Iyong hindi siya pagtataksilan. Kapwa Tsinoy din ang gusto niya. Hindi lamang para sa pagkakasundo ng pamilya kundi dahil marami ang magaganda at matatalino at mababait sa kanilang lahi, bakit hahanap pa siya sa labas? Sakali mang mapaibig siya sa isang walang dugong Intsik, na sa tingin niya malabong mangyari dahil ang pag-ibig ay hindi lamang puso at puson kundi isip, hindi maaaring kay Sadyah.

Hinahangaan niya ang lakas ng dalaga, ngunit ito rin ang ayaw niya sa isang babae. Paniwala niya, makikipag-away ang tipo nito. Gusto niya iyung babae katulad ng kanyang ina: konserbatibo at dakilang tagasunod ng kanilang ama.

May pag-alala siya sa dalaga. Lalo na nang marinig nito ang kuwento ng kanyang buhay. Naniniwala siyang masuwerte ito at siya ang nakilala. Maraming manloloko na lalaki, mas masahol kaysa kanya—dito sa Manila, lalo na sa internet.

Pinaghandaan niya ito ng regalo.

# 9

IYON ANG GABI na hindi nangyari sa kuwarto ng dalaga.

Galing sa kanyang huling klase sa San Beda, dumiretso si Stephen sa Vito Cruz. Lampas alas dyes. Sa Starbucks.

Nag-text siya na hindi na siya magpa-park. Ibinigay niya ang numero ng plaka ng kotse.

"Lalo kang gumaganda," bati niya sa dalaga, hinahatak ang seatbelt at isinuot.

"Ikaw rin. Bagay sa'yo ang frame. Fashionable na dignified."

Unang beses niya itong magsuot ng salamin. Mas komportable siya rito kaysa sa nasubukang contact lens. "Makapal kasi palagi ang binabasa namin."

Kinabig niya ang manibela diretso sa kahabaan ng Vito Cruz patungong Roxas Boulevard. "Belonging" ng Bread ang tugtog sa isang FM station. Hindi nagtanong ang dalaga kung saan sila pupunta. Naramdaman niya ang tiwala ng babae at nasiyahan siya. Dahil oo nga naman, isa siyang maginoo at mapagkakatiwalaang binata. Hindi siya gagawa ng isang bagay na kapwa nila pagsisisihan.

Bandang T.M. Kalaw na nang magtanong si Sadyah. "Sa bahay," sagot niya. Sinulyapan niya ang dalaga. Diretso ang tingin nito sa kalsada sa harapan, malalim ang iniisip. Hinayaan niya ito. Kinukumbinsi niya ang sarili na sa mga oras na ito, tulog na rin ang kanyang mga kapatid at kasambahay. Maya-maya, hinawakan niya ang kamay nito. Ayaw niyang mabahala si Sadyah.

PAGLIKO NG SASAKYAN ni Stephen diretso sa Roxas Boulevard, akala naman ni Sadyah, naghahanap ang binata ng makakainan. Bago sila bumalik sa kanyang lugar.

Nadaanan nila ang mga motel ng Ermita. Pinagtakhan niya kung ano ang itsura ng silid rito, kung ano ang pagkakaiba nito sa isang karaniwang hotel.

Lumampas na sila ng T.M. Kalaw at hindi pa rin huminto si Stephen. Doon niya naisip na sa Binondo siya dadalhin nito. Marahil dahil mas saulado ng binata ang lugar. Gayunman, maraming bakit ang tumatakbo sa kanyang isipan. Tulad ng ibebenta siya sa isang mafia. Hindi kaya, marahil kinabukasan, ulo na siya ng balita

bilang chop-chop lady. Pero pilit niyang binura ito. May tiwala siya kay Stephen. May tiwala siya sa sarili. Walang masamang mangyayari. Makauuwi siya nang ligtas.

Tiwala siya na ihahatid siya ng binata pauwi at hindi lamang pasasakayin ng dyip, sakali. Nahanap niya sa yellow pages gamit ang numero ng landline ang tirahan nito. Sa isang kalye malapit sa isang istasyon ng LRT. Pinili niyang makasiguro. "Saan tayo?"

"Sa bahay."

Napalunok ng laway si Sadyah. Doon napasulyap ang binata. Hinawakan ang kanyang kamay, isang mensahe na wala siyang dapat ikabahala.

Unang pagkakataon ito ni Sadyah na makapapasok sa bahay ng Intsik. May mga apelyidong Pe at Chan sa San Jose, wala sa Dao. Wala ring mapupuntahan na Chinese temple sa Antique.

Naisip niya rin kung anong sorpresa mayroon si Stephen. Napaibig na ba sa kanya ang binata? Lumuwas ang kanyang Mommy at ipakikilala siya? Sakali mang kontra, handa siyang ipaglaban? Kunsabagay, naisip niya, marami na ang ganitong kaso. Kung tutuusin, sa panahon ngayon, hindi na dapat maging hadlang ito sa pag-iibigan ng dalawang nilalang.

Nanlamig siya. Alam niyang masarap lamang itong isipin. Kung ito man ang mangyayari, siguradong itatanong ang tungkol sa kanyang mga magulang at pamilya. Ano ang kanyang isasagot?

Ito ang gabi na nabuo ang kanyang paniniwala na ang nararapat lamang na sagot ay ito: Isa siyang ulila. Lalo na at kapwa na rin namayapa ang kanyang Auntie Fely at Uncle Lydio.

MATARIK ANG PARKING ng gusaling iyon na inakyatan ng Nissan Patrol ni Stephen. Pakiramdam ni Sadyah, para silang umaakyat sa tuktok ng bundok. Sinuri niya ang pader. Mukhang marami na itong bagyong napagdaanan.

Malinis ang elevator. Nakapaskel ang listahan ng mga homeowners na hindi pa nakapagbabayad ng monthly dues.Tinandaan niya ang numerong pinindot ni Stephen: 11. Sila lang ang tao. Maghahating-gabi na.

May puting plastic na upuan sa gilid ng pinto. "Dyan ka muna," sabi ng binata. Hinugot nito ang bungkos ng susi sa bulsa at binuksan ang pinto. May nakaharang na bakal bago ang pangunahing pinto na gawa sa tabla.

Pumasok si Stephen. Nagkailaw. Sinilip siya nito at kinawayang pumasok. Sumenyas si Stephen na huwag magsalita. Patingkayad itong humakbang papasok sa nakabukas na kuwarto. Ganuon din ang ginawa niya.

Malawak ang sala. Leather ang sofa. Hindi ako bibili ng ganito, nahuli niyang bulong sa sarili. May flat TV sa harap. Gusto niyang makabili nito balang-araw. May mahabang mesang kainan. Mahogany. Two-door ang puting refrigerator.


Apat na kuwarto. Pumasok siya sa unang kuwarto, malapit sa sofa, kung saan naroon na ang binata. Sa gilid nito, may malaking Buddha. May lamesita na kinapapatungan ng telepono. Kailangan ng interior design, naisip niya, walang *art*.


Nasa master's bedroom sila. Mabibili sa department store ang uri ng kama, ng bedsheet, ng mga punda. May telepono sa lamesita sa gilid. Nakatayo ang isang may kalakihang lamp shade. May cabinet. Nakabukas ito at may ilang polo at suit na naka-hanger. Nanghahalukay si Stephen ng tuwalya. Sa gilid nito, may estanteng kahoy. Nakasandal ang isang malaking larawan. Hindi na siya nagtanong. Nasisiguro niyang Daddy nito ang katabi ng dating Pangulong Fidel V. Ramos, kasama ang iba pang negosyanteng Intsik, sa kanilang business suit. Mas guwapo ito kaysa kay Stephen. Matipuno, mestiso. Sa unahan nito, sa gilid, nakabukas ang pinto ng banyo. Marmol ang sahig. May tub.

Pumasok siya at naghugas ng kamay sa gripo. Walang sabon ni anumang palatandaan na ginagamit ito ngayon.

Iniabot sa kanya ni Stephen ang tuwalya. Pagkatapos ang isang rolyo ng papel. "Tingnan mo nga kung tama," sabi nito, nakangiti.

Naupo siya sa kama, katabi ang binata na naghuhubad ng sapatos. Binuklat niya ito at sinuyod ng tingin. Muli siyang napamangha sa bilis at talas ng binata. Tama ang pagkakatanda nito sa kanyang family tree.


Prayle
Guadalupe
Vicente Lopez
Matilde
Asuncion Villavert
Marcelo Lopez
Isabel Lopez Chan
Teresa Checa Zapanta
Leandro
Sadyah


Ati Bulalakaw
Donya Maria
Anyag Lampasa
Fely
Lydio
Nonoy
Nene
Bongbong
Joshua
Angela

Napasinghot si Sadyah. Isinara ni Stephen ang kanyang mga bibig ng hintuturo nito, ininginguso ang kabilang kuwarto. Napalunok siya ng laway at napasandal sa binata.

Ano'ng mayroon sa katahimikan?

Hinaplos ng binata ang kanyang lampas-balikat na buhok, inamoy. Hanggang sa muli nilang angkinin ang mga bibig ng isa't isa at ipinagsanib sa tunog ng gabi ng Binondo ang kanilang mga impit na ungol at halinghing.

KUNG ang gayuma ng pagiging mag-FB ay ang kawalan ng pagtataksil na masasabi dahil sa pagkapalya rin ng pangako ng "Ikaw Lamang" at "Habambuhay," isang kabaluktutan ito. Natuklasan ito nina Sadyah at Stephen pagkalipas ng panahon, pagkatapos ng isang hapon na iyon na nagwakas sa marami nilang gabi, na ang pananahimik na kailangan nilang angkinin sa planeta ng kani-kanilang isip at puso, ay nanginginig sa maraming sandali—isang luha.

Ang hapon na iyon ay ang hapon ng araw na nabansagan ding EDSA 3, kung saan ang paghahanap ng isang anak sa kanyang nawawalang ina ay kasing-ilap ng paghahanap ng kapayapaan at pag-unlad ng isang mamamayan para sa kanyang bansa.

Isang araw bago iyon, isinakay ni Sadyah ng bus patungo sa Robinson's Galleria ang paniniwalang pagpapabagsak kay Joseph Estrada. Doon sa ilalim

ng overpass ng Ortigas, kasama ang mga kaibigang manunulat, kaharap ng itinayong entablado sa harapan ng EDSA Shrine, nakipagbunyi siya sa panunumpa ni Gloria Macapagal-Arroyo bilang bagong pangulo.

Ngunit nang gabing iyon, sa kama sa tinutuluyan niyang apartment sa Paco, dinama niya ang kakulangang naramdaman sa kagaganap na pangyayari sa bansa. Napukaw sa kanya ang pangangailangan pagsaksi sa binubuong EDSA 3.

Kaya nang umagang iyon, isinakay niya sa dyip mula Vito Cruz hanggang Quiapo ang kutob na doon sa Mendiola niya masusulyapan, sa dagat ng mga mukha, ang dating si Kumander Rafflesia.

Nangilid siya sa mga tindahan. Pumuwesto sa isang haligi ng gusali ilang dipa ang layo sa hanay ng mga nagpoprotesta, handa anumang oras na tumakbo.

Nakita niya ang pagdating ng isang trak sakay ang mga pulis. Kanyon ng tubig ang iniharap nila sa mga nanlilimahid na anyo ng mga manggagawa. Naroon siya, sa kanyang rubber shoes at maong at kamiseta at sling bag, nakatayo sa pader, naninikip ang dibdib. Iniisip niya na mga supot ng grocery ang nakikita na pinamimigay ng mga pulis sa mga obrero. Nasaan ang kanyang ina sa mga ulo at boses na ito?

Kumakapal ang mga tao. Lumalakas ang boses. Ipinako niya ang paningin sa kalye sa pagitan ng Centro Escolar University at San Beda. Ilang araw nang walang klase sina Stephen. Diretso, ang Malacañang na sa TV lamang niya nakita ang bulwagan at hardin.

Pinanood niya sa isang sa klase sa World Literature ang “Gandhi.” Nagtataka siya bakit sa Pilipinas hindi naiisipang lasunin ang mga pulitiko. Bakit kailangan pang mamatay ang maraming mahihirap sa pag-aaklas.

Binuwag ng mga pulis ang kapit-tukong hanay ng alyansa ng mga manggagawa’t kababaihan at mahihirap ng syudad. Nagtakbuhan. Tumakbo rin siya, palayo, pabalik sa sakayan sa Taft, nangingilid ang mga luha.

Tumigil siya sa labas ng Isetann at nag-text kay Stephen.

Isang tawag ang kaagad isinagot sa kanya ng binata. Nag-aalala ang boses at may pag-uutos. “Stay there, I’ll pick you up, okey? Bibihis lang ako.”

Inihatid siya ni Stephen sa Paco. Magkayakap sila sa sofa habang ikinukuwento niya kay Stephen ang paghihiyawan nila sa EDSA Shrine nang isa-isa nang dumating ang mga pulitiko at miyembro ng kabinete na sumali sa lakas nina Cardinal Sin para mailuklok si Gloria Macapagal-Arroyo.

Ikinuwento ng binata ang nasundan niya sa TV na pagpapalayas sa Malacañang sa dating Pangulong Erap Estrada at sa pamilya nito sakay ang isang ferry sa Ilog Pasig.

Tahimik lamang si Stephen sa kanyang litaniya na sana sa halip na teargas, supot ng pagkain ang ipinamudmod ng mga sundalo sa mga mahihirap na nagkampo sa Mendiola, na sana, nilalason na lang ang mga pulitiko para hindi na mamatay ang mga

inosente—na palaging mga mahihirap—na sana nakita man lamang niya roon si Teresa.

Hinaplos ng binata ang kanyang buhok. Hanggang sa simulan siya nitong halikan sa ulo, sa batok, sa leeg, sa likod at muling nagpulupot ang kanilang mga katawan. Isang pagpapaanod sa kanilang hinanaing sa bayan. Kinarga siya ng binata papasok sa kuwarto, sa kanyang kama, at muli, hindi naging sapat ang mga halik lamang para sa kanilang dalawa.

Walang baon na condom si Stephen.

"Kelan ang period mo?"

Nagbilang siya sa pamamagitan ng mga daliri at ibinigay ang tinatantiyang araw ng muling pagreregla.

"Shit, nasa ovulation stage ka," nagsusuot si Stephen ng briefs. Dinampot nito ang pantalon at kamiseta sa sahig at kaagad nagbihis. "You can get pregnant. Shit, shit, shit."

"I expected you to withdraw." Bumangon na rin siya at nagbihis.

"Shit. Alam mo namang mahina ako. You should have been prudent kasi ikaw 'tong babae."

"Bakit ba kasi kailangang umabot palagi sa paghuhubad ang hugs and kisses natin. It does not mean na dahil gusto kitang makita, e, gusto ko na ng sex."

"You know my weakness. Dapat kapag weak ako, strong ka."

"Segurista ka, sabihin mo. Gusto mo palaging may benefit kang nakukuha sa oras mo."

"You manipulated me."

"How? It was your decision to see me at ihatid ako rito. Hindi ko akalaing I have that power over you."

"You know I can't refuse you."

"Nag-text lang naman ako to express, to share. Why can't we be friends?"

"Wala ka na bang ibang friends?"

"Ikaw lang alam ang kong malapit dun."

"See how you are."

"Wala naman kasing problema sana kung nag-withdraw ka."

"Shit, shit, masisira ang buhay ko."

"Sa akin ba hindi?"

"We can't get married. Kawawa ka lang."

"Dahil you're Chinese?"

Napako si Stephen, napabuntunghininga. "Oo."

"Matalino ka pero isa kang lampa. You're pathetic, can't rock the boat. I can already imagine what kind of a lawyer and politician you will be."

Natahimik siya. "Tigilan na natin 'to."

"Talaga. Nag-take-advantage ka rin. Alam mo namang nag-iisa lang ako, alam mo namang malungkot ako. Kapag nabuntis ako, i-terminate man ako sa trabaho at itakwil ng lahat, bubuhayin ko ang aking anak. Hindi ko siya iiwan sa kamag-anak tulad ng ginawa ng aking mga magulang. Mga selfish sila. Bayan muna bago sarili at ano'ng napala nila? Ng mga tulad nila? Pinapatay ng sarili niyang gobyerno, kinokondena ng kapwa nila Pilipino. Punyetang gobyerno, punyetang simbahan, punyeta kayong lahat! Umalis ka na."

Napahagulhol siya sa kama. Nanginginig ang buong katawan. Tumabi sa kanya si Stephen. Nakakuyom ang mga palad, may nangingilid na mga luha sa pisngi.

"Mawawalan ako ng trabaho."

"Madi-disbar ako."

"*Pastilan*, Steph, hindi ka pa abogado, baka nga di ka pa makapasa ng bar, e. *Linti*, hindi pa naman ako buntis, ba't malaki ang problema mo?"

Tumayo siya. Kumuha ng tubig sa refrigerator at uminom. "Do you love me?"

"It's not that easy. We can't be serious."

"But do you love me? Just Yes or No, Steph, just answer me. I'm not talking of marriage here."

Palakad-lakad ang binata.

"You're scared to admit it, because you think I'm not good enough for you, but the truth is, you're in love with me, Mr. Stephen Chua."

"If that's what you want to believe…just let me know, positive man o negative," sabi ng binata, dinampot ang bungkos ng susi sa sofa, at tumungo sa pinto.

Narinig ni Sadyah ang pagsara ng pinto, ng tarangkahan, at ang pagharurot ng sasakyan ni Stephen papalayo.

Mag-aalas tres pa lang ngunit gusto na niyang matulog. Bumalik siya sa kuwarto at nahiga. May pagluluwag ng dibdib siyang naramdaman, na nailabas niya ang maraming salitang nakalaan sa binata. May sapot ng pagsisisi na bumabalot sa kanyang dibdib. Naging marahas din ang kanyang dila.

Bakit hindi sinagot ni Stephen ang kanyang tanong? Ano ang nagpahirap sa binata sa Oo o Hindi? At gusto nitong malaman, positive man o negative. Natawa siya. Mga buang sila. Mga praning. Hindi pa nga siya buntis. Ganuon pala. Kapag nagtatagumpay ka, lalo kang natatakot.

Hindi lang pala lungkot ang trahedya ng mga matatalino at magagaling na nakalalangoy sa katanyagan. Kaya marahil, kahit sa dinami-dami ng matatalino sa Pilipinas, hindi pa rin ito umuunlad dahil itong mga matatalino mismo na nasa poder ng kapangyarihan, ang kulang sa buto't sikmura. Tagamasid lang siya sa EDSA 3. Pakikiusyoso. Makasarili ang kanyang dahilan.

Bakit siya magagalit sa pagiging makasarili ni Stephen?

Humagulhol siya sa kaisipan na ang katahimikang mayroon sa kanilang mga gabi ng binata ay kasingkahulugan na libog at lungkot at pagnanasa lamang mayroon sa kanila. Marahil may pag-ibig, ngunit ano'ng silbi nito? Hindi niya dinala sa mga gabi nila ni Stephen ang klase at iskolarship sa lahi at etnisidad ngunit heto at totoo sa kanilang dalawa. Kung may gamunggo man na pag-ibig na sumulpot, hindi na, tila hindi na yayabong pa. Magsindi man siya ng insenso.

SA KINARAY-A, *Kasubu kang Dila*. Sa Tagalog, *Lumbay ng Dila*.

Binuno niya ang mga sumunod na gabi sa pagbubuo ng koleksyong ito ng mga tula na siya niyang tesis. Sa pag-aabang sa maaaring pagkapalya ng kanyang regla na magpapabago sa kanyang buhay. O sa muling pag-agos nito na magpapatuloy sa ritwal niya ng paggising-pagsakay sa dyip-pagtuturo-pag-uwi-pagtulog at pagtanggap ng suweldo sa kanyang ATM dalawang beses sa isang buwan at muling matagpuan ang sarili na nag-iisa sa pagkain sa mga fastfood at restawran ng Manila, gayundin sa pamamasyal sa mga mall ng buong syudad.

Katatapos lang ng kanyang klase sa araw na iyon. Nagpapalipas siya ng trapik sa opisina. Dito na rin siya nagsusulat, pagkatapos kakain siya sa labas, at sasakay ng dyip pauwi sa Paco. Sa pagod, kaagad siyang nakakatulog. Gusto niya ito, upang hindi na siya makapag-iisip, na tila walang katapusang paninimbang sa paghahanap at pangungulila sa mga nawawalang tauhan sa kanyang buhay at sa kung kailan darating ang tunay niyang pag-ibig.

Binasa niya ang katatapos na tula.

*Lumbay ng Dila*

Naging bukid ang supermarket nang sinalubong ako
ng isang supot ng sampalok. Sweet & Spicy Thai,
69.75. Muli kong nakilala ang asim at tamis.

Kailangan ko ng eroplano pauwi sa bukid. Ehersisyo ang papunta-pabalik sa supermarket. Paano ba masusukat ang distansya ng asim at tamis?

Anim na pulgada ang ating pagitan noong hapon na sa pinakamataas na sanga tayo tumuntong. Ngunit sa lupa mo ibig matikman ang tamis, mga hinog na hindi ko mahintay mahulog.

May lupit ang iyong pagbaba ng pagpaupas-gagamba na sa damuhan iyong ginawa. Bibilhin ko itong supot ng sampalok, banyaga tulad nitong bukid na nagpapalumbay sa aking dila.

Ito ang araw na napakalayo na ng hapong iyon. Isang kasinungalingan ang bukid, ang puno ng sampalok sa bukid na iyon, tayo sa sanga, na ibig kong dumugo itong dila sa asim at tamis.

Nasiyahan siya. Pinindot niya ang Save at isinara ang kompyuter.

Binitbit niya ang bag palabas at dumaan sa banyo. At nakita niya ang namumuong mantsa ng dugo sa kanyang panties. Napakislot siya sa tuwa. Lalo na at wala siyang naramdamang pangangalay ng likod at beywang ng mga nakaraang araw. Naging mapagmatyag din siya sa pagkagutom at mga panandaliang pagkahilo. Nagsisimula na ring sumakit ang kanyang tiyan.

Kinapa niya ang isang suso—nanlalambot ito sa pangangalusog.

Kinuha niya ang cellphone sa bag. Sa katunayan, hindi na niya ito kailangang hanapin. Saulado niya ang numero ni Stephen.

Ngunit natigilan siya, tila naubusan na siya ng salita para sa binata. *Prudence*, alingawngaw ng boses ni Stephen. Kaya ito, sa halip na pagbabalita sa binata, ang kanyang ipinadala, sa tatlong numero na may subskripsyon siya. Inilakad niya pababa ng gusali ang paghihintay.

Nasa gitna siya ng campus nang matanggap ito: **prudence** n: *discretion in practical affairs and knowing how to avoid embarrassment or distress; "the servants showed great tact and discretion."*

Isinara niya ang cellphone at ibinalik sa bag—isang buntunghininga. Napapikit siya: gusto niyang makalimutan ang numero ni Stephen.

Nagpatuloy siya sa paglalakad, naging isang desisyon ang hayaang maging ganti, hayaang maging sariling pagka-buang ni Stephen, ang sisikapin niyang tuluyang pananahimik.

# 10

GANITO ANG PUSO ni Sadyah sa maraming buwan. Sa ganito niya nasulat ang marami pang tula para sa kanyang tesis. Hanggang nang sumunod na taon, buwan ng Marso, nakilala niya si Ishmael Onos.

Ito ang panahon na sikat din si Osama bin Laden bilang T-shirt, katulad nina Bob Marley at Che Guevarra, at nagsulputan ang mga pag-aaral sa terorismo sa unibersidad. Sa panahon na sa pagpupulong ng kanilang departamento, napag-usapan ang pangangailangang isama ang Muslim-Filipino Literature sa silabus ng *Literatures of the Philippines*.

Isang Sabado ng hapon iyon. Dumalo siya sa isang pagbabasa ng tula ng isang banyagang manunulat na bisita ng unibersidad. Nakatabi niya ang may-edad na babaeng kaklase na nagtatrabaho sa isang NGO.

Didiretso raw ito sa kanilang forum tungkol sa Muslim-Christian Solidarity sa Taguig. Niyaya siya. Sa halip na magbasa sa malapit na coffee shop o hindi kaya mag-mall, sumama siya.

Ilang araw bago nito, nagkaroon ng pagsabog sa daungan ng Davao City. Ayon sa balita, 16 katao ang namatay at higit singkwenta ang nasugatan. Nang sumunod na araw, may bomba ring sumabog sa palengke ng General Santos. Sa Sulu, dalawang batang lalaki na umalis ng kanilang bahay patungong bayan sa unang araw ng kanilang pagtatrabaho sa isang konstruksyon, ang nabaril ng mga sundalo sa pag-aakalang mga impormante ito ng mga rebeldeng Muslim, ang Moro Islamic Liberation Front o MILF. Sa Quiapo, niri-raid ang mga negosyanteng Muslim na pinaghihinalaang kumukupkop ng mga rebelde. Sa Greenhills, pinapabaklas ng mga tinataguriang 'new rich middle-class' ang mga tiyangge ng mga Muslim sa kanilang kapitbahay na mall. Nag-aalburuto ang mga ito. Kaya nababahala rin ang gobyerno sa maaari nilang agarang paglilipat ng kanilang kapital at negosyo.

PUNO NA ang barangay hall nang dumating sila. Nagsasalita ang Executive Director ng kanyang kaklase. Isang may-edad na babae na nakaupo sa plenary katabi ang isang kilalang *imam*, at ang isang paring Jesuit na alam niyang isa ring manunulat.

Sinasabi ng boss ng kanyang kaklase na simula pa noong ika-15 siglo bago dumating ang mga Espanyol, narito na ang mga Muslim sa bansa. Ang mga Espanyol ang unang nagbansag sa mga Muslim na 'Moro' bilang pagkutya, mula sa salitang *Moors*, na nangangahulugang barbaro at mal-edukado. Dahil sa ganitong paglalarawan ng simbahan sa mga Muslim, naging madali sa mga nabinyagang Kristiyano ang pagturing sa mga Muslim bilang isang mababang uri.

Si Ishmael ang matangkad at balingkinitang lalaki na nakaupo sa puting monoblock sa kanilang tabi. Mailalagay niya ang binata sa kategoryang ruggedly handsome/boy-next-door na ang tabas ng mukha, iyong tipong makakaladkad mong sumama sa iyo sa kung saan-saan at mauutusan mong bumili ng sanitary napkin sa convenience store sa kanto ngunit hindi mo mapapasuot ng pink at orange, lalo na ng floral shirt. Naka-polo shirt ito ng matingkad na bughaw, nakasuksok sa kupas nitong maong na lalong nagpapakita ng payat nitong likuran. *Nike* ang rubber shoes nito. Orihinal.

Marahil sadyang kagalang-galang ang tayo ni Sadyah sa kanyang 1-inch heel na mocha brown ng Aerosoles, bitbit ang itim na bag. Nakasuot siya ng polo, *Plain & Prints*; bukas ang butones hanggang dibdib, nakasuksok sa kupas niyang Levi's. O marahil sadya ring maginoo si Ishmael kaya tumayo ito't pinaupo siya.

Kinandong ng silya ang bigat nilang magkaklase. Nakita niya ang pag-alis ni Ishmael. Nakita rin niya

ang pagbalik nito. Nasa bahaging sinasabi na ng boss ng kanyang kaklase na mas kaagad may bias ang mga Kristiyano sa Muslim kaysa ang mga Muslim sa Kristiyano, at ang ganitong forum na nagpapanganak sa mga kilos tungo sa pagkakaugnay ng dalawang sektor na ito, ay nakapaloob pa lamang sa akademya, sa mga NGO, at sa mga personalidad ng relihiyon at media. Kung kaya ang pangangailangan pang mas paigtingin ang advocacy at information dissemination.

May bitbit itong isang silya. Inilapag niya ito sa kanilang tabi. Para doon makalipat ang isa sa kanila ng kaklase. Tumayo ang binata sa kanilang likod na parang guwardiya nila, handa silang sagipin sakaling biglang may sumigaw na "Bomba!"

Mga estudyanteng naka-uniporme ng CAT ang karamihan sa mga dumalo. Required, naisip niya, community service. May mangilan-ngilan ding mga residente, na nakadamit-pambahay.

Wala sa akala niya na isang Muslim ang binata.

Kunsabagay, mabibilang niya sa mga daliri ang kanyang textbook at common knowledge tungkol sa Muslim at Islam. Tindero't tindera ng pirated DVD sa Quiapo. Hindi kumakain ng baboy. Puwede hanggang apat ang asawa hanggat kaya. May napanood siyang dula saan ang unang asawa ang namimili kung sino ang gusto niyang maging pangalawang asawa. Pangunahing basehan ang kakayahan nitong

makatulong sa kanya at makasagot ng iba pang pangangailangan ng kanilang lumalaking pamilya.

Habang nakaupo, nakatambad din sa kanyang isipan ang kanyang sulat-kamay sa pahina ng notebook niya sa Religion sa hayskul. *Five Pillars of Islam*. Nasaulo niya ito para sa pagsusulit. Ngunit ang malinaw na lamang sa kanya ay ang kurba ng patak ng itim na tinta ng kanyang Panda ballpen sa ½ crosswise na pad paper.

Ano ang alam niya sa mukhang Muslim? Tulad ng mga nakikita niya sa TV at pelikula at magazine at newspaper, inaasahan niyang nakasuot ng ***hijab*** ang babae? Tulad ng isang grupo ng kabataang babae sa isang gilid? Sa kolehiyo, may nabasa siyang artikulo sa *Philippine Collegian*. Sinulat ng isang estudyanteng Muslim. Kuwento nito na sa unang araw niya sa klase, tinanong ng kanyang propesor kung totoo ba ang kanyang ***niqab*** o face veil o isa lang itong fashion statement. Hindi na matandaan ni Sadyah ang kabuuan ng artikulo. Ngunit tumatak sa kanya na nainsulto ang manunulat sa komentong iyon ng propesor. A, mga mata lang nila dapat ang makikita kaya hanggang sakong ang kanilang maluwang na damit, upang hindi matukso ang kanilang kalalakihan. At ang mga lalaki, naka-turban? May bigote at balbunin? Mukhang sina Saddam Hussein at bin Laden?

Nagpakilala ang binata at nalaman niya na isa nga itong Muslim. Nangyari ito pagkatapos nilang magpalitan ng ngiti sa gitna ng naglalabasang mga tao

sa pagtatapos ng forum. Habang nakikipag-usap ang kanyang kasama sa boss nito at nakatayo sila ng binata sa labas ng barangay hall. Sa espiritu ng solidarity sa pagitan ng Kristiyano't Muslim, pumayag siyang ihatid sila ng binata sa sakayan ng bus. Lalo na at unang pagkakataon niya itong makatapak sa Taguig at sa Muntinlupa ang uwi ng kanyang kasama.

At ang lalaki kapag napagbigyan sa hiling nito, kadalasan, sasagarin ang pagkakataon. Sumakay din ng bus si Ishmael pagkababa nila sa traysikel. Bago pa siya makabilang ng barya mula sa kanyang pouch, iniabot na nito ang 20 pesos. "Dalawa po, Taft," sabi nito. Linggo naman daw bukas kaya okey lang sa kanya na ihatid siya. Ewan kung bakit nakalimutan niyang sagutin ang binata na paano kung hindi okey sa kanya?

Hindi siya kinilig pero natuwa siya. Muli, nang Sabadong iyon, pagkatapos ng kabiguan kay Stephen, hindi na lamang siya isang estudyante at guro ng panitikan na gustong makisawsaw sa Muslim-Filipino Literature. Isa uli siyang may akit na dalaga, at normal sa edad na 22.

UMUSAD SA TRAPIK ang kanilang pag-uusap sa pagkakapareho ng mga turo ng Katoliko at Muslim. Si Ishmael ang tumumbok sa magkakatulad na paniniwala ng Katoliko at Muslim sa katapusan ng buhay. Aniya, kapwa sinasabi ng Koran at ng Bibliya na huhusgahan

ang tao ayon sa ginawa nito sa lupa. Magkapareho rin ang kanilang relihiyon sa pagsandal nito sa Ebanghelyo bilang Salita ng Diyos. Sa paniniwala nila sa iisang Diyos at mga propeta at ang pagturing sa panalangin bilang pakikipagrelasyon kay Allah, kay Hesus.

Pumara si Sadyah sa Pedro Gil. Ipinapaliwanag ni Ishmael na kapayapaan ang ibig sabihin ng Islam. Sumunod ito sa pagbaba, at sa kanilang pag-aabang ng dyip, ilang beses namilipit ang kanyang dila sa pagpapasaulo sa kanya ng binata at pagkuha ng tamang bigkas ng "Assalam Alaikum." ***Peace be with you.*** At ang nararapat nitong sagot na "Alaikum Assalam." ***And also be with you.***

Tutal ganuon na kalayo ang paghatid nito sa kanya, ani ng binata, sisiguraduhin na niya na talagang ligtas siya. Kaya ihahatid siya nito hanggang sa kanila.

Gagabihin ka, sagot ng dalaga. Gusto niyang idugtong na baka nga mapahamak pa siya dahil siya ang kasama nito. Ngunit umalingawngaw ang salitang "Prudence." Napigilan niya ang dila at laking pasalamat niya. Palaging siniseryoso ang kanyang pagbibiro at seryoso ang mukha ng binata. Ayaw niyang makainsulto.

Ang totoo, kinabahan siya at may pagkapahiya na naramdaman para sa sarili. Hindi lamang dahil lalaki ito, kundi dahil din at higit sa lahat, isang Muslim. Hindi siya sanay. Nakikita niya lamang ang mga ito. Wala pa siyang naging kaibigan. Naalala niya ang sinabi ng boss ng kanyang kaklase na kaagad mas may bias

ang Katoliko sa Muslim kaysa ang Muslim sa Katoliko. Kahit pa matagal na siyang hindi nagsisimba at mas tinuturing niya ang sarili na isang babaylan.

Sumakay si Sadyah ng dyip na may karatulang Sta. Ana na kabuntot si Ishmael.

DALAWA ANG KUWARTO ng inuupahan niyang apartment sa isang subdivision sa Paco.

Dalawang kanto ang layo nito mula sa kahabaan ng Pedro Gil, ilang metro ang layo sa riles ng tren, ₱60.00-80.00 ang tinatakbong bayad sa taxi patungong Greenbelt.

Hindi ako nagpapapasok ng lalaki sa apartment kung hindi ko nobyo, sabi niya.

E di gawin niya raw siyang nobyo para walang problema. Gwapo naman daw siya at mabait. Hindi ba raw niya napansin na kamukha niya si George Clooney.

Natawa si Sadyah. Sabi niya, papa'no 'yan, sakali man, gusto niya siya lang. Bawal ang polygamy.

Kahit hindi naman daw Muslim, nangyayari iyon. Mas masama pa nga kasi patago. Hindi tulad ng Muslim na nagtutulungan para mapangalagaan ang kapakanan ng pamilya't angkan. Gayunman, hindi raw siya ganuon. Sa katunayan, saradong Katoliko ang kanyang Nanay. Hanggang ngayon. Kung paano nangyari 'yon, ikukuwento niya kapag magsyota na sila.

Hinampas-sampal ng dalaga ang binata. May panggigigil sa pagkakulit nito at pagka-kalog.

Fake Muslim ka naman pala, sabi niya, akala ko magkakaroon na talaga ako ng kaibigang isang true-blooded Muslim.

Di ba mas maganda 'yun, sagot ni Ishmael, siya ang sintesis ng Muslim at Kristiyano. Kaya nga raw nang mabasa nito ang poster ng forum na iyon sa isang bilyaran papasok sa kanyang tinitirahan, nagkainteres siya't tinandaan ang petsa at lugar. Dahil sa sangkatauhan daw ang kanyang katapatan; sangkatauhan ang kanyang relihiyon.

Napahanga si Sadyah sa narinig. Linya ito ni H. G. Wells. *My religion is humanity.* Nagamit niya itong epigraph sa nasulat na papel tungkol sa nobelang *Bamu Manusia. This Earth of Mankind,* salin dito sa Ingles; *Daigdig ng Tao* sa Tagalog. Ito ang unang nobela sa tetralohiya ng tanyag na manunulat ng Indonesia na si Pramoedya Ananta Toer.

Itinanong niya ang kursong natapos ng binata. Nasa tarangkahan na sila.

Civil Engineering sa Nueva Caceres sa Naga, sagot nito. Pero ang gusto niya raw talaga ay maging piloto. Habang ang katotohanan naman ngayon ay isa siyang auto mechanic. Naranasan din daw niya ang magtinda ng pirated DVD sa sidewalk. Sa Ayala Avenue sa harap ng LKG Towers. Dito niya raw gusto, hindi sa Quiapo o sa Baclaran o sa Harrison Plaza. Dahil maganda ang Makati. Habang naninimbang siya kung sino ang bubulungan na mayroon siyang porno o papakitaan ng kaha ng huling

blockbuster, masarap pa rin ang kanyang pakiramdam dahil sa nagtataasang gusali at sa dami ng magaganda't seksing dumadaan. Terorista rin daw siya. Marunong siyang magpaputok ng balloon, ng cellophane, ng chewing gum.

"Luko-luko," sagot ni Sadyah, nakatawa, kinakapa sa bag ang susi.

Hindi sumunod si Ishmael sa loob. Naroon lang siya sa labas, sa kalsada. Sa susunod na lang daw, tutal alam na niya kung saan siya madadalaw.

Itinuro ng dalaga ang Barangay Hall sa unahan. "H'wag kang magkamali," sabi niya, "at siguradong sa presinto ang bagsak mo."

"Ikaw naman," sagot ni Ishmael, "hindi ako manyakis." Ang gusto niya raw, ipagluto ang dalaga ng gulay na natong o 'yung tinatawag na laing. "Nakatikim ka na ba nun, 'yung lutong Bicol talaga, hindi 'yung de-lata, ha."

"Antiqueña ako."

"Kaya pala may tono ka magsalita. Kanina ko pa iniisip, e. Di ko lang matukoy."

" Alam mo ba kung saan ang Antique sa mapa ng Pilipinas."

"Oo naman," mabilis nitong sagot. Nakapunta raw siya sa Panay. Hanggang daungan nga lang ng Iloilo. Noong sumakay siya ng Negros Navigation mula Manila patungong GenSan. Dalawang araw na biyahe. "Pamatay," sabi niya. Lalo na raw kapag nag-iisa ka lang.

"Ano'ng ginawa mo sa GenSan. Bumili ng tuna?"

"Kumuha ng birth certificate. Pambihira kasing NSO."

Isinara ni Sadyah ang tarangkahan.

"Hindi ako aalis dito hanggat di mo ibinibigay number mo. Para naman ma-text kita kapag nakauwi na 'ko mam'ya at di ka mag-worry."

Napatawa si Sadyah. "Baka mas buang ka pa sa'kin. Hahatid mo 'ko pagkatapos mangungonsensya ka pa."

"Bakit, ako lang ba ang concerned, dapat ikaw rin, dapat alamin mo rin daw kung ligtas akong nakauwi."

"Oo nga, ano. Pero wala namang nakasulat sa noo mo na Muslim ka. Wala ngang kamarka-marka, e."

"Palagi naman inosente ang namamatay, a," hirit pa ng binata. "Ke Muslim man o Kristiyano o Hindu o Mormon o atheist."

Muling napamangha si Sadyah. "Ano nga'ng totoo mong pangalan." Hinugot niya ang cellphone sa bulsa, tanda na ipapasok niya ang binata sa kanyang kontak.

"Ishmael Onos," at binanggit nito ang numero. "Miskol mo 'ko."

Ginawa nga ng dalaga.

"Totoo mo bang pangalan 'yan?" sabi ni Ishmael, nakangiti—isang pagbibiro.

"Oo," sagot niya. "Sadyah. With an H, ha. Sadyah Zapanta Lopez."

TOTOO, ARAW NG PAHINGA ang Linggo. Siya man ay inaabangan ito at itinuturing na sagrado. Makababangon siya anumang oras na gustuhin niya bagama't sinisikap niya na hindi maabutan ng tanghali para maiwasan ang sakit ng katawan. Magwawalis siya habang nakasalang ang sinaing at nagpapakulo ng tubig.

Wala siyang TV at cassette player. Mahimbing ang kanyang tulog noong Septyembre 11, 2001. Sa elevator sa unibersidad niya unang narinig ang pagsabog ng Twin Towers sa New York. Kaagad siyang humarap sa kompyuter sa pagsunod sa balita.

May mga Linggo na napakabilis: linis, laba, luto, kain, plantsa, basa, tulog, basa. Lalabas siya mga bandang alas kuwatro sa hapon. Madaraanan niya ang mga batang naglalaro, ang mga mamang nagtutulak ng kariton ng mga supot ng tinging kamatis, talong, sibuyas at bawang at marami pang iba. Makakasalubong niya ang mamang sorbetero, ang delivery boy ng Aqua purified water, ang mga tinedyer na galing at papuntang mall at kung saan pang pamamasyal.

Papasok siya sa isang beauty parlor, iyong iba naman kaysa noong isang Linggo, dahil mas masama sa badyet kapag suki na: kailangan nang mag-tip. Bagama't may isang parlor na binabalik-balikan niya dahil mas magaling ang manikurista. Kaya okey lang sa kanya na mag-tip. 20 pesos. Saka hindi siya kinukulit ng kasama nitong bakla na sige na, sister, magpa-hot oil ka na o magpa-hair spa o magpa-rebond o magpakulay

o subukan kaya ang kanilang facial at foot spa. Sa parlor siya nakasasagap ng maiinit na balita sa buhay ni Kris Aquino; sa kung sino na ang mga love team ngayon sa showbiz, ang nag-aaway, ang nagkakahiwalay, ang magka-on.

May mga gabing sa pag-uwi niya, pagkatapos maghapunan, nakapagsusulat siya ng tula sa yellow pad sa ibabaw ng kanyang parisukat na tablang mesa.

Madalas, nakababagabag na lungkot at nakababagot na katahimikan at hungkag na kaayusan ang dala ng Linggo. Napapasubsob siya sa unan; may panginginig ang pag-iiyak. Napapatahan siya ng mga inspiring at positive na forwarded text messages at quotes. Halimbawa: *I have only one friend, Echo. And why is Echo my friend? Because I love my sorrow, and Echo does not take it away from me. I have only one confidant, the silence of the night. And why is it my confidant? Because it is silent. (Kierkegaard, Diapsalmata, Either/Or, 51). Good day!* Kahit pa, sa mga panahong ganito, wala siyang ganang lumanghap ng hangin sa labas at lumutang sa ingay nito. Napaparalisa siya sa kama. Nakatunganga. Naghihintay ng resureksyon ng mga butiki at tuko ng kanyang kabataan sa kisame. Sa mga Linggong ganito, panalangin niya ang maagang pagdating ng Lunes.

TINUPAD NI ISHMAEL ang sinabi na magti-text pagkauwi. Pangangamusta rin ng binata ang bumati sa kanya nang buksan niya ang cellphone. Tinanong nito kung ano ang balak

niya sa araw na iyon. Sinagot niya na mag-go-grocery dahil naipagpaliban niya ito kahapon.

Sayang daw, hindi siya masasamahan nito dahil may pupuntahan siyang kaibigan. Saka gusto niya ring makapagpahinga nang sapat. May bagong trabaho raw itong ina-aplayan at pinapa-report siya bukas ng alas otso. Pero puwede ba raw maireserba niya ang darating na Sabado ng hapon kasama siya? Baka gusto niya raw sumama sa kanya na dumalaw sa mosque sa Quiapo.

Wala pa naman siyang espesyal na iskedyul sa darating na Sabadong iyon ng hapon, tulad ng panonood ng palabas sa CCP o pupuntahang book launch, kaya isinagot niyang okey lang. Good luck, dugtong pa niya, sana makuha nga siya sa trabaho.

# 11

AMOY DURIAN at basura ang daan patungo sa mosque sa Quiapo. Bago tinahak nina Sadyah at Ishmael ang Hidalgo-Bautista hanggang sa Norzagaray, nagbabad muna sila sa Plaza Lacson. Naengganyo si Sadyah na magpahula kaysa magsindi ng kandila. ₱150.00 para sa isang oras. Makaka-abrod daw siya. Sinagot niya ang manghuhula na hindi naman siya nag-a-apply maging OFW. Basta, giit ng matabang babae, makalalabas ka ng bansa. Kunsabagay, naisip niya, hindi imposible.

Nang lingunin niya si Ishmael, nanonood ito ng pakitang-gilas ng isang mama sa mga laruan nitong ipis na gumagalaw at kumikintab. Nabighani siya sa pokus, sa atensyon na inilalaan ng binata rito.

Naintindihan niya ito habang pababa sila ng underpass. “Parang gusto kong bumili,” sabi ni Ishmael. “Parang magandang pagkakitaan.” Naaaliw siya sa mga ganuon, halimbawa sa mga pulseras na umiilaw na inilalako ng mga batang kalye.

Itinanong ng binata kung gusto niya rin ng mga ganuon.

Baduy, ito ang ibinubulong ng kanyang isip, na ipinarating niya sa pag-iling. Ang mga alitaptap sa akasya ang kinaaliwan niya, ang gusto niyang ilaw, nasabi niya.

Si Ishmael din daw. Dahil lumaki rin siya sa isang liblib na baryo ng GenSan na kapag napatayog ang abot ng iyong pagdura, lupaing sakop na ng Saranggani ang babagsakan.

Umakyat sila sa hagdan patungo sa kabilang kalye sa Hildago-Bautista. DVD ang kanilang puntirya. ₱500 ang kanyang badyet. Nagbabalak na siyang bumili ng laptop. 3 in 1: para sa pagtatapos niya ng tesis, para sa panonood ng VCD-DVD lalo pa at tumataas ang presyo ng tiket sa sinehan, at pakikinig sa sarili niyang musika.

Bisitahin daw nila ang kanyang suki, sabi ni Ishmael. Sigurado raw na nagtataka na ito bakit ang tagal niyang bumalik.

Kay Ishmael ang pagtataka nang wala na ang kanyang suki sa puwesto nito. Ang bilis naman daw, parang pagpalit din ng mga paninda: kung kailan ka na may pera, doon at wala na ito sa mapapapagpilian.

Wala nang kakilala si Ishmael sa hilera ng mga nagtitinda. Pero nagkakaintindihan sila, sa salita at

tonong hieroglyphic ng Arabic ang tumatambad sa paningin ng dalaga. Sa slide transition ng powerpoint presentation sa kanyang utak, nakikita niya ang *vinta* ng Zamboanga; ang mga mukhang sumusuong sa bangka patungong Sabah sa isang documentary film; si Robin Padilla; mga batang Muslim na nakahawak ng armalite sa pabalat ng isang isyu ng *Time*; may masukal na bundok at tigang na palayan ng isang baryo na walang koryente at tubig, at ang dalawang batang lalaking Muslim sa kuwentong "White Horse of Alih" ni Mig Alvarez Enriquez na minsan pinabasa niya sa klase.

Nakaiintindi ako ng Binisaya, sabi niya sa binata. Bumabalikwas sila ng mga nakahilerang paninda. Ngunit, ani pa niya, iba na naman atang versyon ang naririnig niya.

Tango ang isinagot ni Ishmael. Hindi ito nakatingin sa kanya. Hala, sige, halukay. Umaapaw na sa mga kamay nito ang mga napili. DVD ng katatapos lang sa sinehan, DVD ng pinapalabas pa lang, DVD ng wala pa sa Now Showing, DVD ng mga *anime*. Tanong ng binata, alam niya ba raw kung bakit nahuhumaling sa *anime* ang mga lalaking estudyante? Kasi seksi rito ang mga babae. Kung porno na rin daw, *anime* na.

Karamihan sa mga napili ni Ishmael, mga DVD ng Live Concert: BeeGees, The Corrs, Santana, Bob Marley, Seal.

Lima lamang ang binayaran niya sa mga ito. Dahil iyon lang ang kaya ng kanyang bulsa. "Baka wala na 'kong pamasahe pauwi mamaya," sabi nito. "Ito naman,"

hugot niya sa dalawang daan sa bulsa ng shorts, "ito ang pang-miryenda natin."

Hindi siya sumagot. Nalulunod din siya sa DVD at mumurahing kopya ng iba't ibang Windows Program at Installer.

Doon sa kalyeng iyon ng Quiapo, nang hapon ng Sabadong iyon kasama si Ishmael, noon at napako ang desisyon niyang mag-loan sa kooperatiba ng unibersidad, sa kauna-unahang pagkakataon, para sa kanyang pinapangarap na laptop.

HINDI SILA nakapasok sa mosque. Dahil hindi sila pinayagan ng datu na tagapamahala nang dinala sila ng guwardiya sa opisina nito sa gusali sa gilid ng mosque. Dahil hindi siya nakatalukbong.

Sa kanilang harapan pinagsabihan ng datu ang guwardiya kung bakit hinayaan siyang makapasok gayung hindi nakatalukbong. Magagalit ang mga *imam* na nakatira sa kabilang gusali sakaling makita siya, harap naman sa kanya ng datu na ito.

Si Ishmael ang sumagot, isang pagpapakilala. Lalong nainis itong datu. Muslim ka naman pala, sabi nito, bakit hindi nito pinagtalukbong ang kasama, gayung mas mahirap ang pagkuha ng passport at visa kaysa pagpapaunawa na tanda ito hindi lamang ng paggalang sa kanilang lugar-pananampalataya kundi bilang proteksyon sa pagkababae.

Naka-pantalon si Sadyah, naka-flat shoes, naka-baby shirt.

Hindi sumagot si Ishmael. Hindi rin humingi ng paumanhin.

Sa pamamaalam, nagpakilala si Sadyah bilang propesora sa La Salle na seryosong matuto tungkol sa Muslim at Islam. At pasensya na, hindi nakapag-abiso dahil nga isa lang naman muna itong pagbabakasakali.

Humingi ng paumanhin ang datu. Bumalik na lang daw siya, na nakatalukbong, at itinuro nito ang isang magarang library.

Palabas, hiningan si Sadyah ng guwardiya ng donasyon. Napamulagat ang dalaga, isang pagpalag. Ngunit mahinahon pa rin siyang nagpaumanhin. "Naubos na Manong sa DVD," sabi niya. Kaagad talikod, kasabay si Ishmael na nakatiim-bagang at nakakuyom ang mga kamao.

Hindi sila nagkaimikan, kapwa abala sa pagpapahupa ng kani-kanilang pagkadismaya.

Kung kaagad siyang nagpakilala na isang propesora ng La Salle, maaari kayang pumayag ang datu na tagapamahalang iyon na makapasok siya sa mosque? Ekslusibo ba ang lahat ng bulwagan nito, pati ang pagsilip sa kisame? Paano ang pagpapadali ng pagtutulay sa kanilang magkasangang relihiyon kung kaagad ginagawang harang ang isang tulad ng kawalan niya ng talukbong?

Tinanggap niya ang pagkukulang. Nakakahiya nga naman. Siguro tama nga lang ang nangyari.

Ngunit ang paghingi ng donasyon ng guwardiya? Isa itong pagpakawalang-hiya para sa kanya. Ginawa nitong tourist spot ang mosque. Ang relihiyon bilang isa ngang negosyo. Ngunit, di ba, ganito rin ang simbahang Katoliko?

Nangulila siya sa kanyang Auntie Fely at Uncle Lydio. Sa dangal ng mga ito na nakaugat sa lupa. Pinagpapawisan ng kanilang mga kamay at paa ang bawat piso na kinikita.

Nagpahuli siya sa paghakbang. Sinipat niya ang likod ni Ishmael. Ano ang makakaya nitong pasanin? Bakit hindi siya pinagtalukbong ng binata? Nakalimutan nito? O dahil hindi na rin nito ito pinahahalagahan?

NAPAGPASYAHAN NILANG ipahinga ang kanilang pagod na katawan at isipan sa kanyang apartment sa halip na bumabad sa ingay ng isang fastfood outlet. Bitbit ni Ishmael ang supot na  naglalaman ng dalawang tetra-pack ng dalandan juice at isang pakete ng Skyflakes.

Ipinatong ng binata ang supot ng nabiling DVD sa bookshelf. Naupo ito sa sahig, lapat sa dingding ang likod.

Isang upuan lang mayroon si Sadyah, isang itim na folding stool, kaharap ang nag-iisa rin niyang mesa. “Ako lang, e,” sabi niya. Naupo siya, nakatungtong ang isang braso sa mesa. Inabot nito sa binata ang isang pakete at dalawang piraso ng Skyflakes.

Kung siya ang taga-kuwento sa kanila ni Stephen, may buhos naman ng Maria Cristina Falls ang pagiging bukas ni Ishmael.

NAGSIMULA ANG BINATA sa pagsusumikap ng kanyang mga magulang na makalipat sila ng Bicol. Tapos na siya ng hayskul. 1995 iyon, si Ramos ang Presidente at laman uli ng balita ang ceasefire at peace negotiation sa pagitan ng gobyerno at ng mga Moro. Ngunit namatay na ang kanilang nakatatandang kapatid na si Jehan.

Mula noon, nasa Jolo, Sulu, Zamboanga, North Cotabato, at Lanao ang sentro ng giyera. Ngunit umabot ito, yumanig at sumakop ng kanilang baryo sa GenSan. Sa kabilang dako, ang matandang kaguluhan sa pagitan ng mga Kristiyano't Muslim; sa kabilang banda, ang paulit-ulit na opensiba ng gobyerno sa mga Muslim. Noong bata pa siya, naririnig niya ang barilan ng mga sundalo't rebelde mula sa kanilang bahay. Ang pagsabog ng tear gas. May mga gabing iyak nang iyak ang kanilang bunsong kapatid, si Yami. Siya naman, kapit nang kapit sa saya ng ina. Ayaw mahiwalay.

Isang gabi, nagising siyang at nakita ang mga sundalong papasok sa kanilang bahay. Niyakap siya ng kanyang ina. Nasa pangatlong palapag sila nakatira. Kamag-anak nila ang lahat ng nasa ibabang palapag. Lahing Tausug ang kanilang ama. Nang binomba at sinunog ang Jolo noong 1974, nakalikas ang pamilya nito patungo sa isang tiyuhin na may maliit na negosyo

sa GenSan. Hanggang sa nakasunod ang iba pa nilang kamag-anak na nakasalba sa madugong labanan na iyon ng mga Moro at militar.

Nang gabing iyon, hindi sila napasok. Ngunit dinala ng mga sundalo ang isa nilang tiyo. Nalaman niya ito noong umaga na, sa yuko ng kanyang ama habang kipkip sa dibdib ang Koran. Ganuon ang kanilang ama—pinaninindigan na kapayapaan ang buod ng Islam. Ngunit iyon ang umaga na pinangarap niyang makahawak ng baril. Nakahanap siya ng plastic na baril-barilan sa isang kartong nakatambak sa labas ng kanilang bahay. Pinuno niya ito ng maliliit na bato—mga bullet—handang-handa pumatay sa sundalong darating at papasok sa kanilang bahay.

Si Jehan, ang kanilang nakatatandang kapatid, naging rebelde matapos iwan ng bana nito na tubong-Marawi. Dahil hindi mabuntis-buntis. Isang midwife si Jehan. Minsan nang umuwi ito mula Lanao, ikinuwento sa kanya ng kapatid ang nadatnan nitong kondisyon ng mga kapwa Muslim sa pinagtatrabahuhang ospital: may naputulan ng paa, may sumabog ang utak sa lupa, may batang napatay. Nagdesisyon si Jehan na sumali sa Abu Sayyaf na binuo ni Abdurajak Abubakar Janjalani noong 1991. Galing abrod si Janjalani at exposed sa radikal na uri ng Islam tulad ng pagsagawa ng *jihad*. Marami siyang naengganyo na nakababatang Muslim, karamihan mga Tausug sa Sulu at Yakan sa Basilan, lalo na at dismayado ang mga ito sa pakikipaglaban para sa mga Moro na

ginagawa ng Moro National Liberation Front (MNLF) ni Nur Misuari.

Isang bag lang ang dala-dala ni Jehan nang umalis ito nang araw na iyon mula GenSan patungong Zamboanga. Abril ng 1995. Walang make-up o kahit lipstick o pulbo sa bag na iyon. Kundi mga granada. Iyon daw ang huling nasa ni Jehan: ang maging martir para sa bayan. *Mujahid*.

Nakilala ang insidenteng iyon bilang ang pag-raid ng Abu Sayyaf at ng Islamic Command Council sa bayan ng Ipil sa Zamboanga. Naibalita ang pagkasunog ng halos lahat ng mga gusali sa bayan, pagkawasak ng mga bangko, at ang pagkamatay ng higit 50 katao. Ngunit walang balita na naisulat tungkol sa kanyang kapatid. Walang pelikula o kahit anong dokumentaryo tulad ng mga sinapit ng mga pasyenteng Muslim sa nabubulok na mga ospital ng gobyerno sa kabuuan ng Mindanao, ng bansa. Marami ang hindi naniwala na isa siyang mujahid, na may iilang kaso ng jihad sa Pilipinas.

Naging suicide bomber si Jehan dahil naniniwala itong makapagbibigay ng resulta ang isang pagsasakripisyo. Ganuon din daw ang paniniwala ng binata. Makabuluhan lamang ang pagsasakripisyo kung may kahihinatnan ito.

At anong resulta, tanong ni Sadyah, ang nakamit ng ginawa ni Jehan? Pinaaalalahanan nito ang sarili pagkatapos na huwag maging mapanghusga. Huwag kontrahin, kahit pa nangangating lumabas sa dulo ng kanyang dila ito: Saksi siya sa karumal-dumal na resulta

ng giyera, bakit dadagdag pa siya? Magtanong lamang ng mas makagpapalinaw sa kuwento, paalala pa niya, ng mas makatutulong sa pag-unawa ng binata sa damdamin nito.

Sinagot ito ni Ishmael na dahil sa mga nangyayaring pagpasabog, napapaisip ang tao na oo, totoo ito, ang giyerang ito. Kung wala raw ang mga ganitong totoong pangyayari, baka malunod na lang ang tao sa kanyang pantasya, sa akala nitong palabas lang ito sa TV; na sa pelikula lang ito nangyayari. Makalilimutin daw kasi ang tao dahil nga sa likas nitong kasakiman.

Nagpatuloy si Ishmael na simula noon, baril ang pinaglalaanan niya ng pera. Hindi ang magagarbong damit na nakikita sa billboards. Gayunman, siya rin ay namamangha na ayaw ng kanyang utak na pumatay. Gusto lang nitong magkaroon ng baril. Kahit nga raw panonood ng balita sa TV hindi na niya ginagawa. Dahil puro patayan lang. Hindi rin daw nito kayang maglaro ng computer games. Sa daanan pauwi sa kaniyang tinutuluyan, nakahilera ang mga internet cafe. Palagi, isang higanteng bumabangon sa kanyang dibdib ang pagnanais na sigawan ang mga batang ito na "Hoy, tigilan n'yo na ang paglalaro na 'yan!"

BINUKSAN NI SADYAH ang ilaw. "NPA ang mga magulang ko," tawid niya sa namagitang katahimikan sa kanila ni Ishmael. Napaka-kaswal ng pagbigkas niyang ito. Napaka-normal tulad ng pagsabi marahil ng isang anak na OFW

ang kanyang mga magulang. Dahil upang mapabuti ang kanilang kalagayan. Dahil nawalan ang mga ito ng tiwala sa kakayahan ng kanilang gobyerno na makapagpatupad ng kaginhawaan.

Nabanggit niya kay Stephen ang kanyang mga magulang. Ngunit kay Ishmael niya lang talaga naikuwento ang nalalaman niya tungkol kina Leandro Lampasa Lopez alyas Kumander Pusa at Teresa Zapanta Lopez alyas Kumander Rafflesia ng Kumander Coronacion "Waling-Waling" Chiva Command ng Central Panay.

Dahil hindi katulad ni Stephen si Ishmael na mamaya-maya napapakislot sa pagkayakap sa kanya upang sumilip sa bintana at sasabihing "ang sasakyan ko." O bigla na lang babangon at magsusuot ng kanyang puting briefs dahil "baka hinahanap na ako sa bahay" o dahil "makapal pa ang pag-aaralan ko."

Bumaon sa Skyflakes ang kagat na hatid ng pakikinig niya sa binata. Nasalat niya na mas malalim ang galit nito kaysa sa kinikilala niyang nananahanan sa kanyang loob. Nakikita niya ang galit nito na parang Mayon, mas aktibo kaysa bulkang Kanlaon, sasabog anumang oras.

Sinipsip niya ang kanyang dalandan juice, isang paghinga sa straw. Ipinagpatuloy niya kay Ishmael ang pagkukuwento ng marami pang alaala na naisalin ng kanyang Auntie Fely.

# 12

Ikinuwento ni Sadyah na magkaklase sa UP sa Iloilo ang kanyang mga magulang. Panahon iyon ng First Quarter Storm, termino na pumasok sa kanyang bokabularyo noong kolehiyo. Martial Law, ito naman ang salita ng kanyang Auntie. Parang isang sunog daw sa bukid ang pag-aaklas sa kanayunan. Kaya hindi kataka-takang maging aktibista sina Leandro at Teresa.

Sa tuktok ng Madya-as, ito ang sagot ng kanyang Auntie sa lugar ng kanyang kapanganakan. Petsa: Enero 5, 1979. 6:08 A.M. Ito ang nakasulat sa kanyang Live Birth Certificate na una niyang nakuha noong makatapos sa kolehiyo sa opisina ng NSO sa Iloilo para sa mga dokumento patungong Manila. Isang Purificacion Abiera ang komadrona. Kuwento pa ng tiya, nasa lampin pa lamang siya nang dinala ng kanyang mga magulang

sa Barasanan. Mapamatyag siyang *baby*; hindi iyakin pero hindi rin tumatawa kapag nilalaro.

Iisang gabi lang sa kanyang kabataan ang matatandaan niyang pagdalaw ng ina.

Walong taong gulang siya. Sinasanay siya ni Nene sa pagsusulat sa ilaw ng *kingke*: pinapalo ang kanyang kaliwang kamay dahil dapat nasa kanan. *Tuo*, palo nito, sabay sabunot sa kanyang buhok. Nagdidikit naman si Bongbong ng kanyang scrapbook na proyekto sa Practical Arts. Nasa kusina ang kanyang Auntie at Uncle, kumukukot ng mais.

"May aswang," bulong sa kanila ni Bongbong. May kaluskos daw na pumapalibot sa bahay. Sa kusina, nakatayo na ang kanyang Auntie at Uncle, hawak ang bangkaw na bakal, bunot mula sa pagkatusok nito sa kawayang dingding. May nakatagong *manunggal*, baging na pinaniniwalaang aswang detector, sa bawat pintuan sa bahay na iyon. Pinaniniwalaan ng kanyang Auntie at Uncle na mangangati ang bisita na may lahing aswang; siguradong hindi makatatagal.

*Kon sin-o ka man nga malain it ginhawa,*
*Pagparayu; magpalupad ka sa hangin*
*Rudto sa Nakatundan, rugto sa Nabagatnan*
*Magpahimuyong.*
*Kon indi gani, dyang bangkaw ni Bulalakaw*
*Ang kanimo magapukan.*

Iyon ang isinigaw ng kanyang Uncle: *Kung sino ka mang masamang loob/Lumayo ka; magpalipad sa hangin/ Doon sa Silangan, doon sa Timog/Manahimik/Dahil kung hindi, itong bangkaw ni Bulalakaw/Ang sa iyo'y pupuksa.*

"*Ako dya,*" sagot ng tinig na lumusot sa dingding, sumasama sa hangin. "'*Day, To, ako dya*."

"Ako ito," pakilala ni Teresa. Kaagad binuksan ng kanyang Uncle ang pintuan sa kusina. Kaagad silang humakbang patungo roon. Isang babaeng payat, may katangkaran, gupit-lalaki ang buhok, naka-sobrero, naka-jacket, naka-pantalon ang pagapang na pumasok sa kawayang sahig ng kusina na halos nakadikit na sa lupa.

Sumenyas itong may kasama sa labas. Hindi na ito papasok.

Pabulong ang pag-uusap ng babae at ng kanyang Auntie, kapwa nakasalampak sa sahig. Pasulyap-sulyap sila sa kanya. Nakaupo siya katabi nina Nene at Bongbong sa hagdan, paminsan-minsan kumakamot ng kati sa paa, may kutob na siya ang pinag-uusapan. Nakikinig lang ang kanyang Uncle; isang monghe sa kanyang meditasyon sa mga naririnig. Ganuon ito palagi: magsasalita lamang kapag tapos na ang kausap. Hinding-hindi ito sumisingit.

Tumayo ang dalawang babae. Lumapit ang bisita sa kanilang magpinsan. Tinapik nito sina Nene at Bongbong, nakangiti—ang bilis daw, parang kailan lang, malalaki na ang mga ito. Ginulu-gulo naman nito ang kanyang apple-cut na gupit, parang humahalukay

ng pugad ng maya, saka binanat ang kanyang mukha na may panggigigil, at hinalikan siya sa noo. Wala itong sinabi. Kaagad itong tumalikod, na para bang ayaw nitong mahuli ang ilaw ng mga mata. Naroon lang siya, nakakapit sa baitang ng hagdan, napakamot sa kati ng paa, nagpalagutok ng mga daliri, ang mga mata nagkokopya sa mukha nito, idinikit sa kanyang utak, para maging isang kahon sa bangko ng kanyang isipan.

Dito sa Manila, sa mga pagkakataong may magkokomento matapos malamang taga-Antique siya, na di ba, maraming aswang doon, sasagot siya ng “Oo, ako nga aswang, e.” Si Teresa ang alaala niya ng tik-tik ng aswang sa gabing madilim. Minsan, nang tinanong niya sa kanyang  Auntie kung totoo nga bang may aswang, sagot nito, oo. Pero hindi raw siya dapat matakot dahil lahing babaylan siya. Mataas daw ang kanyang *dungan*. Kasabay ang katumbas nito sa Tagalog. Ito ang spirit friend ng bawat nilalang. Kapag mataas ang *dungan* mo, hindi ka kaagad matatalo ng ibang tao, maging ng kalunus-lunos na sitwasyon. Kapag mahina naman ito, iyon, nagiging masasakitin ka.

Ito ang *Animo* ng La Salle. Napatigil siya nang una niya itong marinig, dahil parang ang kanyang Auntie Fely at Uncle Lydio ang kanyang naririnig. Ang cheers na ito ang dahilan kung bakit nanood siya ng UAAP sa Araneta. Nagkataong labanan sa pagitan ng Green Archers at Blue Eagles. Nanalo ang La Salle. Iyon, nagayuma siya’t nalulong.

Iisang gabi lang din ang natatandaan niyang pagdalaw ni Teresa noong nagdadalaga siya.

Nagkasagutan ang kanyang Nanay at Auntie nang gabing iyon.

Nagtapos siya ng first honors sa elementarya sa kabilang baryo. Nakaabot siya sa Iloilo at Bacolod para sa Regional Quiz Bee sa Science at History. Siya ang nag-Number 1 sa entrance exam sa nag-iisang private high school sa bayan na pinapatakbo ng Mill Hill Brothers at Mensa Domini Sisters. 100% scholarship sa unang taon. Mananatili ito hanggat naaabot niya ang 90% na GPA.

Nakahiga siya noon sa banig. Nakakumot. Patagilid. Argumento ng kanyang Auntie, maliban sa malayo, paano raw ang iba pang gastusin? Magkokolehiyo na si Bongbong. Electronics ang gusto nitong kunin sa vocational school sa San Jose. May pamasahe, may upa sa bahay, may allowance. Balik pa nito sa kausap, bakit si Leandro, sa publiko nag-hayskul, bakit nakapasa rin sa U.P.? Mabuti na raw 'yung sa kabilang baryo, magkasama sila ni Nene.

Para siyang ipinako sa pagkatagilid sa narinig na iyon sa kanyang Auntie. Hindi siya makabalikwas sa takot na baka malaman nilang hindi pa siya tulog. Iyong takot na may halong hiya sa pagkatuklas na ikaw ang pinag-uusapan. May bahagya siyang inis na naramdaman sa tiya. Bukambibig kasi nito palagi ang "sunod na naman sa tuwad ng pari" kapag napapadaan si Manong Ading, lider ng simbahan sa baryo, sa bawat Linggo pagdalo nito

ng pangalawang misa sa bayan at pagkatapos, ng miting ng parokya. Alam niyang maliban sa gastusin, may kaba ang kanyang Auntie na mararahuyo siya sa pag-uugaling bayan. Iyong maging mapagmataas halimbawa, at sa pinaniniwalaan nitong pagiging bampira ng simbahan.

At sino ang makauuto sa kanyang Auntie Fely? Tiniis man niya na hindi mapabalikwas ni kumamot o dumighay, mula sa kabilang kuwarto, tanong ng tiya: "O, Sadyah, gusto mo haw sa banwa mag-eskwela?"

Kaharap ang kawayang dingding, ang salansan ng mga karton ng gamit sa kuwarto, ang banig, tumambad sa kanya ang imahen ng mga estudyante ng paaralang iyon noong parada sa community fair: ang lilinis, ang gaganda sa kanilang puting blusa, berdeng palda, lace na medyas at itim na sapatos. Matingkad din ang puti at berde na pinta ng kanilang paaralan, may pangalawang palapag, namumulaklak ang mga santan at pitimini sa kanilang hardin. Sa bawat pag-igib niya ng tubig sa sapa, gusto niyang sabihin sa kanyang Auntie, na wala siyang ibang hangad kundi tulad ng kanyang Apoy Itik, ang makalampas sa mga burol at bundok na pumapalibot sa Barasanan.

"Kon puwede mong," sagot niya. *Kung maaari.*

Tuwing naaalala niya ang gabing iyon, sinusundan iyon ng alaala ng mga hapon ng Linggo sa apat na taon niya sa hayskul: ang paglukdo ng supot ng limang ganta ng bigas, o ang pagbibitbit ng kalahating bulig ng saging na saba, o ng bayong ng sitaw, okra, talong, kalabasa, kamote bilang baon niya sa pagbalik sa

tinutuluyang kamag-anak sa bayan na may anim na maliliit na anak. Iyon ang panahon na tuwing tag-araw lamang nakapapasok ang traysikel sa Barasanan. Kapag tag-ulan, hanggang sa punong kaimito lamang malapit sa simbahan ng Iglesia ni Kristo sa unahang baryo. Dahil hanggang dito pa lang nakaaabot ang tambak na buhangin ng DPWH. May maraming Linggo sa apat na taon na iyon na nilalakad niya lang mula Barasanan, pitong kilometro, hanggang bayan. Lalo na kapag nagtitipid siya: ang pamasahe bilang pang-recess ng pan de coco at ice candy, o panglagay sa *Mission Envelope* na pinapasa sa klase sa ***Religion***, o para makabili rin ng mabangong stationery at sticker sa Magos Store sa labas ng paaralan.

Iyon ang panahon na tuyo+itlogtuyo+itlogtuyo+itlog ang maraming almusal. Tinola naman mula sa mga gulay na kanyang baon na puro sabaw. Minsan may isda sa tanghalian,  gayundin sa hapunan. Nakaiinom siya ng softdrink kapag may kaklaseng nanglilibre. Dahil kauuwi lang ng tatay o kapatid na seaman, o ng nanay o ateng nasa abrod.

May isponsor daw siya, sabi ng kanilang principal, noong nasa ikalawang taon siya. Ito ang nagbabayad ng kanyang *Miscellaneous Fee*, diretso sa kaban ng paaralan. Para naman sa kanyang 30 pesos na baon kada linggo, bigay ito ng kanyang Auntie mula sa *Notice* na hinahatid ni Pepe na taga-baryo at mensahero sa Post Office sa bayan.

Alam niya na padala iyon ni Teresa. Ngunit hindi nila pinag-uusapan.

Kapag kinukuha ito ng kanyang Auntie, hinihintay siya nito sa kanyang tinutuluyan, sa pag-uwi niya sa tanghalian. Pero may mga araw din na sa paaralan dumidiretso ang tiya dahil hindi na siya nito mahintay. Kailangan na nitong umuwi dahil may baka pa may baboy pa may mga manok pa—hindi nanunuyo sa gawain ang mga kamay ng kanyang Auntie.

Noong unang sumulpot ito sa kanilang klase sa ***Biology***, dahil dito ito itinuro ng opisina ng principal, para itong Ati na nang-abala sa paglelektyur ni Mr. Cabasan tungkol sa X at Y chromosomes. Malakas ang boses ng kanyang Auntie, iyong mabilog na makinis na magaan ang bagsak sa mga tainga. Nang magpaumanhin ito at sinabing siya—ang pamangkin na si Sadyah Lopez—ang hinahanap, isang sinkronisasyon ng mga ulo ng klase ang lumingon sa kanyang tiya. Naroon ang kanyang Auntie Fely sa bungad ng klasrum, magulo ang buhok at bagama't matangos ang ilong, nangungulubot ang mukha sa pagkawala ng ilang ngipin. Malinaw ang balat nito kahit babad sa araw ngunit kapansin-pansin ang bitak-bitak sa mga palad nito, gayundin sa mga paa. Naka-tsinelas ito, naka-blusa na maluwag, naka-puruntong, nakabitbit ng bayong na litaw ang supot ng tinapay na ***buti-buti***.

Wala siyang narinig na panunukso mula sa mga kaklase. Ngunit nang mag-uwian ng tanghaling iyon, parang nagkaunawaan sila ng kanyang mga barkada—lima silang babae—na huwag siyang sumabay sa kanila. Hindi naman nandidiri, pero para bang sila rin

ay nahihiya, tulad ng naramdaman niyang pagkahiya sa biglang pagsulpot ng kanyang Auntie—na bagama't hindi nanlilimahid, walang ayos at gara ng mga ina ng kanyang mga kaklase na sa San Jose at Iloilo ang punta kapag dumadating ang kanilang *Notice*.

Hindi niya pinagluhaan ang araw na iyon. Sa loob-loob niya, walang laban ang mga tiya ng kanyang barkada sa kanyang Auntie Fely. Hindi niya mapagluhaan ang araw na iyon, dahil ayaw niyang maging iyakin tulad ng kanyang Auntie. Ito ang totoo, napaluha ang kanyang Auntie nang ikinuwento nito ang tungkol sa kanilang Lola Anyag. Napapaluha ang kanyang Auntie sa mga palabas sa TV: sa *Flor de Luna* nina Janice de Belen at Julie Vega. Kaya maliban sa ayaw nitong maawat ang mga pagkukukot ng mais, mani, at kung anu-ano pang butil para gawing binhi, iniiwasan nitong mangapitbahay para sa panonood ng TV.

Nang hapong iyon, bago sila bumalik sa klasrum pagkatapos ng kanilang YCAP kung saan nambubunot sila ng mga ligaw na damo sa hardin sa saliw sa mga tuksuhan at tsismisan tungkol sa kanilang mga crush, dumaan siya sa library at nanghiram ng dalawang bagong *Nancy Drew Mysteries*.

Nagkabatian din silang magbarkada. Pero hindi nila napag-usapan ang kanyang Auntie. Hindi rin nagtatanong sa kanya ang barkada, ngunit alam niyang pinagbubulung-bulungan—ang tungkol sa nakabilanggo niyang Lolo Marcelo, sa namatay niyang Tatay Leandro, at sa kung nasaan na ang kanyang Nanay Teresa.

Kinilala ng kanyang Auntie ang kanyang talino at galing. Sa bawat uwi niya tuwing Biyernes ng hapon, may nakahandang nilagang saging na saba o kamote o prutas para sa kanya. Mauupo ang kanyang Auntie sa kanyang tabi at itatanong kung anu-ano na ang mga natutunan niya sa klase. Bukambibig nito na titingalain siya balang-araw; ipinanganak siyang isang panalo. Siya ang babangon sa pangalan ng kanilang angkan. Huwag na huwag daw siyang paaapi. Huwag niyang ikahiya ang kanilang pagiging mahirap dahil namatay ang kanilang mga mahal sa buhay sa pakikipaglaban para sa bayan. Huwag niyang ikahihiya ang lupa dahil ito ang pinagka-kainteresan ng mga dayuhan.

Tuwing sinasabi iyon ng kanyang Auntie, tahimik lang siya. Lumilipad ang kanyang isip sa araw na isa na siyang propesyonal: ipapapustiso niya ang kanyang Auntie at Uncle; ipapasemento niya ang kanilang bahay; paupu-upo na lamang ang mga ito at nagkakape kasama ang masasarap na pagkaing gugustuhin nila.

Sa Retreat nila noong ika-apat na taon, binasa niya ang tulang nasulat niya para sa kanyang Auntie Fely at Uncle Lydio. Ayaw niyang magtapos at tumanggap ng kanyang gold medal bilang valedictorian na hindi maparating sa mga barkada at kaklase ang kadakilaan ng lupa at ng mga kamay na nakaugat dito. Kahit pa sa kaibuturan ng kanyang isip at puso, aaminin niyang may mga alon ng muhi, hiya't awa. Lalo pa at hindi niya naihulog ang sulat para sa kanyang Lolo. Sinulat niya ito sa mabangong stationery na napag-ipunan. Ilang beses

niyang inulit ang sulat na iyon. Hindi siya nanghinayang. Para talaga sa kanyang Lolo ang isang set na iyon. Nang malawayan niya ang sobre, inipit niya ito sa notebook at inilagay sa ilalim ng kanyang unan. Tulad ng pag-unan niya sa pangalan ng kanyang crush. Turo ito ni Nene. Sa ganuong paraan daw, maiisip din siya ng kanyang crush at ng kanyang Lolo Marcelo.

Ipinagtapat niya kay Ishmael na hindi niya ito naibigay sa kanyang Lolo. Dahil nagkasundo ang madre at isang guro na makabubuti sa kanya ang hindi pagsama sa pagdalaw ng kanilang klase sa Binirayan Hills. Pag-iwas daw iyon sa pagmukha niyang kawawa, sa tinawag ng madre na ***self-pity***. Paglayo raw iyon sa kanya sa *stigma*. Kaagad niyang hinanap ang kahulugan ng mga salitang ito sa diksyunaryo sa library.

Nang maisipan naman niyang ihulog ito sa Post Office, nagkulang siya ng selyo para sa Speed Mail. Nang magkaroon naman siya ng sapat na barya at higit pa, bigla siyang natakot: Paano kung hindi sasagutin? Paano naman kung sasagutin? Bugso ng damdamin, tumatak ang tinta ng kanyang tanong sa stationery na iyon, sa Ingles na natutunan niya sa paaralang iyon: ***Is it true, Lolo, that you killed Gov. Edgardo Salazar?***

# 13

"ANONG NANGYARI sa sulat?" Tumayo si Ishmael, pinagpag ang dumi sa khaki na shorts.

Kumuha si Sadyah ng baso at tubig sa refrigerator at iniabot ito sa binata. Uminom din siya. "Dinala ko 'yun hanggang college. Saka tinapon, pinalunod, noong umusad na pa-Manila ang barko."

"Tama 'yun."

"Hindi mo na rin kinikimkim ang nangyari kay Jehan?"

"Siguro balang-araw...babae kasi siya."

"Ano'ng ibig mong sabihin?"

"Alam mo ba'ng si Muhammad Atta, iyong isa sa mga humayjak nung 9/11, may baong damit para sa kanyang pangarap na kasal sa paraiso?"

"Hindi man lang niya naisip na may paraiso rin dito sa lupa?"

"Sabi kasi sa Koran, kapag nagpaka-martir ka para kay Allah, may paraisong naghihintay sa'yo. Hardin na may katabing ilog na hindi natutuyuan ng malinaw na tubig tulad ng pagbaha ng mga pagkain at inumin at mga magaganda, bata at birheng babae."

"Nasa mabuti naman palang kalagayan si Jehan."

"Babae nga siya. Sinusunog ang bakla at tomboy."

"Tulad din sa Bibliya. Pabasahin mo nga ako ng Koran."

"Sa susunod."

Nagkatinginan sila ng binata, na parang kapwa nila bigla naalala ang naranasan sa mosque sa Quiapo; ang kawalan niya ng talukbong kanina, at sapat na iyon. Hindi na nila kailangang pag-usapan.

Tumayo si Sadyah. Madilim na sa labas.

"Suwerte ka nga," sabi ni Stephen, nakasilip sa jalousies.

"Bakit?"

"Nagagawa mo ang gusto mo. Ako, 27 na, ganito pa rin. Dalawang beses umulit sa board, hindi pa rin pumasa. Pinapadalhan pa rin ako ng pera. Kahit pa paminsan-minsan, nakakahiya."

"May upa ka?"

"S'yempre. Dalawa ang kasama ko. Mga kamag-anak. Sa Maharlika Village. Mura kasi dun. Mga kasinglaki nito. Pero gusto ko nang umalis kaya nga nagmamadali na akong makapagtrabaho uli. Gusto ko nang lumayo sa mga kamag-anak. Kristiyano man o Muslim. Magpakalayu-layo, 'yung walang nakakikilala sa akin."

Hindi sumagot si Sadyah. Naiintindihan niya ito. Siya man ay wala ng balita kina Nene at Bongbong. Sumulat siya noong unang buwan niya sa Manila. Nagpadala sa pangatlong suweldo. Hanggang noong sumunod na buwan at marami pa hanggang sa hindi na siya sumagot ng sulat. Wala pa siyang cellphone noon. Lalong wala, magpahanggang ngayon, sina Nene.

"Para akong ibon na nakaipit ang mga pakpak. Hindi lang 'yun, pakiramdam ko pa, hinihila akong pababa. Kinokontra palagi ang gusto kong gawin. Kaya hindi natutuloy. 'Yung dati kong boss, grabe. Kahit 'yung mga engineer sa kompanya, parang mga construction worker kung ituring. 'Yung mga kasama ko naman, naku, ang e-engot."

Umalingawngaw sa kanyang dibdib ang pilat ng boses ni Ishmael. Hinawi niya ang kurtina at dumungaw. Walang ibong *banog*. Ang dumaan, isang nakagiginhawang hangin—ang pamamaalam ni Ishmael.

Nagyakapan sila. Mahigpit. Sa gitna ng kanyang kuwarto, ang linoleum sa kanilang mga paa.

Inabot niya sa binata ang supot nito ng DVD sa bookshelf. Inihatid niya ito hanggang sa tarangkahan. Hindi niya mabigkas-bigkas ang "Ingat ka." Na para bang dahil hindi sapat iyon para garantiyahan ang kaligtasan ni Ishmael sa pag-uwi; sa araw-araw na pagsusumikap ng tao na magtagumpay at maging maligaya.

Hindi niya rin ito sinundan ng tingin. Kaagad niyang isinara ang tarangkahan at pinulot ang basyo ng 500 ml

ng mineral water na natapon sa harapan ng bintana, malapit sa motor ng tubig, isang dungaw mula sa pader ng kabilang apartment.

Papasok, naisip niyang bigla ang kanyang susi. Palagi na lang ang kanyang susi. Wala ito sa bookshelf. Humangos siya sa kuwarto, sa bulsa ng kanyang bag, doon lamang at humupa ang bundol sa kanyang dibdib. Hawak-hawak ang susi, naisip niyang oo nga, walang halik, ngunit natunaw ng yakap na iyon ang maraming gabi nila ni Stephen. Sa kawalan nito ng malisya. Isang dalisay na yakap ng kapatiran na parang nagluwal uli sa kanya bilang isang birhen at ngayon pa lamang nagdadalaga.

Ikinasiya niya ang namumuong pagtitiwala ng kanyang puso kay Ishmael. Pumikit siya, tinatantiya kung nasaan na ito sa daan pauwi at nakikita niya ang nagliliparang bulak sa ulo ng binata. "Maglagay ka sa bulsa," turo ng kanyang Auntie, "para magiging magaan ang 'yung araw."

Kinapa niya ang bulsa ng nakasabit na maong. May bulak ito.

NAGING PANLILIGAW ni Ishmael ang pagpapadala sa kanya ng text message buong maghapon. Sa umaga, ginigising siya nito ng pagbati at pagpapaalala sa kanyang susi, lalo na kapag nagpapalit siya ng bag. Sa tanghali, kung nakakain na ba siya, na huwag siyang magpalipas ng gutom. Sa gabi, kung kumusta ang kanyang araw at

huwag makalimot manalangin bago matulog. Palagi rin nitong ipinapaalala ang kanyang susi.

Naniniwala si Ishmael na binibiyayaan ang isang mananampalataya. Naging sila, halimbawa, isang Sabado ng hapon na sinundo siya ng binata sa pamantasan at dumiretso sila sa Harrison Plaza.

Para magsimba.

Natawa sa kanya ang binata dahil wala siyang kamuwang-muwang na may simbahan sa loob ng isang mall, na pati pala pagmimisa, isang serbisyong hina-hatid din ng mga dambuhalang pamilihan.

Natawa rin siya, "weird," sabi niya, na may isang nagpapakilalang Muslim na nagsisimba rin bilang Katoliko. Hindi ba nalilito ang kanyang Diyos? Hindi ba maituturing ito na isang uri ng pagtataksil?

Napakibit-balikat lamang si Ishmael. Iginiit na nasa sangkatauhan ang kanyang relihiyon at gabay lamang niya ang pagiging Muslim at Katoliko. Doon at naikuwento niya na walang Pasko sa Muslim ngunit nagdidiriwang sila sa kanilang bahay. Dahil isang donya ng kanilang Tatay ang kanilang Nanay, isang deboto ng Sto. Niño. Gusto ba raw niyang sumama sa kanila sa Naga, doon mag-Pasko? Sigurado raw na magugustuhan siya ng kanyang mga magulang, na matutuwa ang mga ito. Saka maganda ang Bicol. Mamamasyal sila.

Pag-isipan ko, sagot niya sa binata.

Sa misang iyon, naupo sila sa unahan. Sa paggiit din ni Ishmael. Para mataman silang makapakinig sa sermon. Malapit ang tukso ng pagbaling ng atensyon sa

ibang bagay sa ingay sa likuran at sa walang katapusang pangingilid ng mga tao.

Humanga siya sa binata. Hindi niya akalaing saulado nito ang mga panalangin at sagot sa misang Katoliko. Gayung siya, na binigkas ang lahat ng mga ito sa halos bawat araw noong hayskul, sa loob ng apat na taon, nangangapa na sa mga taludtod. Isang pamilyar na himig na lamang ang maraming kanta.

Binigyan siya ng binata ng barya sa bahaging Pag-aalay. Dahil hindi siya humugot ng sariling pera sa bulsa para ilagay sa dumaraang supot ng donasyon.

Nang magkahawak ang kanilang mga kamay sa pagkanta ng papuri sa Ama, hindi na ito binitiwan ni Ishmael. Kapag bumibitiw siya, pinandidilatan siya ng binata, iningunguso ang mga rebulto ng santo, sa nanunuksong parang bata na mukha—na huwag siyang makulit at magmaktol kung hindi, pagagalitan siya ng mga ito.

Natatawa na lamang siya, sa kiliti at kilig na hatid ng kakulitan na ito at kalokohan ng binata.

Magkahawak-kamay sila hanggang sa pagtatapos ng misa, hanggang sa kanilang pagpunta sa isang restawran para sa isang hapunan. Bagong suweldo si Ishmael at wala raw itong ibang hangad kundi ang makasalo siya sa pagkain.

Sa pagitan ng kanilang mga subo, pumayag siya na sumama sa Paskong iyon sa Naga.

Doon at noon, nagkasundo silang sila na nga: magnobyo na sila.

ISANG LINGGO bago ang biyaheng iyon, nag-resign si Ishmael bilang auto mechanic sa pinapasukang shop sa Parañaque na pagmamay-ari ng dayuhan. Dahil hindi raw siya pinayagan nang magpaalam para magbakasyon.

"Hindi p'wede," sabi nito, "tuloy ang uwi natin." Binili sa huling suweldo ng binata ang itinago niyang tiket nila sa bus.

Tumagos sa linoleum sa kanyang apartment ang sama ng loob ni Ishmael hanggang noong hapong sinundo siya nito. "Mga hayop," mura nito, pabalik-balik sa sala, nakakunot ang noo, nakakuyom ang mga kamao. "Papatayin ka sa trabaho at susuwelduhan ka lang ng 150 isang araw. Papahintayin ka pa tuwing Sabado. 'Yun ang ayaw na ayaw ko. Mga walanghiya. Hindi nila makukuha ang pagkatao ko."

Ikinamangha niya ang mga linyang ito ng binata. Hindi siya nabahala. Hindi pa—dahil lubog din siya sa sariling ikinababahala, sa mga tanong na dati nang lumutang sa pagpapantasya niya ng buhay pag-ibig nila ni Stephen Chua.

Sumakay sila sa comfort class na bus ng Philtranco sa EDSA sa Pasay. Sa daan, mahigpit ang pagtatagpo ng kanilang mga palad at daliri, patong sa kanyang hita. Ang kanilang paghinga ay pagpapaubaya sa lamig ng aircon, sa kalayaang mayroon sa gabi, at sa pangako ng kakaibang hangin at bagong tanawin sa madaling-araw.

# 14

MAGANDA ANG BICOL dahil pamilyar. Katulad ng Antique, walang mga dambuhalang gusali at nakatutuliling ingay ng Manila. Mas malaki ang bahay nina Ishmael sa mga katabi. Isang kongkretong bungalow na pula ang bubong at tarangkahan sa unang kalye ng isang subdivision na malapit sa highway.

Sinalubong sila ng sunud-sunod na kahol ng aso. Hindi askal.

Sumadsad sa aspaltadong bakuran ang kanyang mga paa, may pag-aalinlangan sa mga hakbang. Takot siya sa aso. Hindi niya nahingi ang mga misteryo sa Latin ng kanyang Auntie Fely at Uncle Lydio.

May punong bayabas malapit sa pader. Sa unahan, sa gitna ng hardin, nakahilera ang mga paso ng orkidyas. Sa gilid, tatlong puno ng kalamansi. Sa terasa, nakapalibot

ang mga paso ng bogambilya at rosas. May tatlong may-edad na babaeng nakaupo at nagkukuwentuhan sa bilog na mesa. Nangungusap ang kanilang mga mukha't mata ng: *Heto na, heto na. 'Yan pala ang nobya. Magiging manugang kaya?*

Sa paanan ng hagdan, nakatayo ang isang malaking babae, naka-daster. Nakangiti ito, may hawak na tasa ng kape. Alam niyang ito na si Gloria, ang nanay. Mukha ngang donya. Kumikinang sa umaga ang kaputian ng malalaki nito't bilugang hikaw.

Mababait ang mga Bikolano, paalala niya sa sarili, na gusto man nila siya o hindi para kay Ishmael, aalagaan pa rin siya. Tiwala siya na hindi siya pababayaan ng binata. Hindi ito katulad ni Stephen. Isa pa, mga bata pa sila para mag-asawa. Ayaw pa niya. Ito ay isang pagbisita lamang.

Nagmano siya sa ina ng binata. Binati niya rin ng ngiti ang tatlong babae.

"Si Sadyah," pakilala ni Ishmael, "taga-Antique, propesor sa La Salle."

Napatango sila.

Dumiretso sila ni Ishmael sa loob. Nakahain ang almusal sa mahabang mesa, mapusyaw na pula ang mantel. Nilapag niya ang may kalakihang traveling bag sa sofa at naupo.

Limang kuwarto ito, wika ni Ishmael, may pagmamalaki, lalo pa at disenyo niya. Halos sampung taon din natapos. Nang makapa-Canada na si Yami, ang kanilang bunso na kasing-edad niya, isang caregiver.

Foreman ang kanilang Tatay. Nangungontrata. May sarili itong tauhan. Mamayang hapon ang uwi.

Panatag siyang nakaupo. Tinititigan niya ang malaking Sto. Niño sa lamesita sa pagitan ng dalawang kuwarto. Maganda ang kapa nito, sagana sa sequins. Madugong pula. Mamahalin.

Mag-almusal na raw sila, anyaya ng ina nito, hawak-hawak ang isang pitsel ng tubig mula sa refrigerator. Napansin niya ang malaking La Germania. May gripo sa loob ng bahay.

Naupo sila sa harap ng Melawares na pinggan at stainless na mga kutsara't tinidor. May isang bandehado ng kanin, pritong itlog, relyenong bangus, at miswa. Mangga ang panghimagas.

Pinagtimpla siya ni Ishmael ng Milo.

ULILA, SAGOT niya sa tanong ng pangangamusta ng ina ng binata sa kanyang mga magulang.

Tumangu-tango ito, may awa sa mga mata at mukha habang nakatitig sa kanya.

May pupuntahan daw sila, sabi ni Ishmael, nakatayo sa bukas na kuwarto saan nito dinala ang kanyang bag, nagsusuot ng kamiseta.

Kakakain pa nga lang daw, sagot ng ina nito. Magpahinga raw muna sila. Hindi ba raw siya inaantok at napagod sa biyahe?

Oo nga, sagot niya, naghihikab.

Sige, payag ni Ishmael, mamayang hapon na lang. Nasasabik lang naman daw siya na ipakita sa nobya ang Naga.

Pumasok ang matanda sa isang kuwarto sa gilid ng altar ng Sto. Niño. Paglabas, may dala itong kumot at punda ng mga unan at ibinigay kay Ishmael.

Matulog daw muna siya, sabi nito, nakangiti.

Kaya tumayo na rin siya. Okey lang sa mga magulang nito na nasa iisang kuwarto sila?

Sumunod siya sa kuwarto na kinaroroonan ni Ishmael.

Malaki ang kuwarto. Stainless ang may kalakihang katre na may single foam na kinumutan ni Ishamel ng manipis na bughaw na tela. Nilagyan niya ng punda ang dalawang payat na unan. Sa ilalim ng katre, isang pares ng lumang Nike na itim. Sa dingding sa uluhan ng katre, isang malaking poster ni Bob Marley.

Kinuha niya ang facial wash, toothbrush at toothpaste sa bulsa ng bag at nagpaalam.

Ako rin, sagot ni Ishmael.

Pagbalik nila sa kuwarto, kaagad isinara ng binata ang pinto at siniil siya ng halik. Ang kanilang unang halik.

Parang pagkagat ng mangga ang pag-angkin ni Ishmael sa kanyang mga labi. Hanggang sa maging parang uhaw itong leon at halos lamunin ang buo niyang bunganga. Ano ba ’yan, saloob-loob niya. Relax lang, nasabi niya, at dumahan-dahan ang binata. Naging parang talulot ng mga rosas ang kanyang mga labi. Inisa-isa itong hinagkan ng nobyo, bago sipsipin ang

kanyang dila, habang isang bakod naman ang braso nito sa kanyang likod.

Nakapulupot ang kanyang mga kamay sa leeg ng binata, hanggang sa pinulupot na rin niya ang isang paa sa beywang nito at inilipat ang isang kamay sa paghaplos ng puson nito papasok sa pantalon.

Nanggagalaiti ang ari ng binata at ang sa kanya nama'y naglalagablab.

Hinila niya si Ishmael, pabuwal sa katre, sa magkakapit-tuko nilang mga bibig.

Itinaas nito ang kanyang blusa. Siya ang nagtanggal ng hook ng kanyang bra at muli niyang nasaksihan ang pagiging holen ng kanyang mga utong sa dulo ng dila ng lalaki.

Sa labas, sa kabilang-bahay, pumapainlanlang ang "Christmas in our Hearts" ni Jose Mari Chan. Sa kanyang isipan, sumiga ang malaking parol gawa sa dahon at tangkay ng niyog.

Pinigilan niya ang kamay ni Ishmael nang ibaba nito ang zipper ng kanyang pantalon. "Mamayang gabi," bulong niya. Hindi siya sigurado kung may nakatagong condom ang binata.

"Sige," pagpayag nito, nakadagan pa rin sa kanya, at hinalikan siya sa noo, sa ilong, hanggang sa muling tumigil sa kanyang mga labi.

Mamaya-maya, kumalas ito. Itinaas ang zipper ng shorts. "Dito ka lang, tulog ka muna," bulong nito, "sa labas lang ako."

BASTA, SUNOD lang daw siya. Ito ang sagot ni Ishmael sa tanong niya kung saan sila pupunta. Napansin niya ang lighter at kandila na iniabot ng ina nito. Nasa sala sila, nasa HBO ang TV. Nagsusuot siya ng hikaw.

Inihatid sila ng mga kahol ng aso, napag-alaman niyang si Mickey, palabas sa tarangkahan.

Sumakay sila ng dyip. Bumaba sila lampas ng tulay, sa gilid ng talipapa, magkahawak-kamay. Nangilid sila sa kalsada hanggang mamataan niya ang karatula ng Peñafrancia Ave. Sa unahan, isang matandang simbahan sa gara ng arkitektura at stained-glass na mga bintana nito ang ilaw ng takipsilim. May misa. Hanggang sa mga nakaparadang scooter sa labas ang tayo ng mga parokyano.

"Bisitahin natin si Lola," sabi ng binata.

Pumasok sila sa pasilyo sa gilid ng simbahan. Paglabas, sa pagitan ng parish hall na ito na Station of the Cross ang pader at simbahan na puno ng ginintuang candelabra at nangalambiting chandeliers, para siyang humahakbang sa kalsada ng Intramuros. May paninikip sa kanyang dibdib.

*Our Lady of Peñafrancia Cemetery*, nakaukit sa arko na sinalpukan ng kanyang paningin. Bigla, nakita niya sa isipan ang pagkatungtong doon ng kanyang Apoy Ati Bulalakaw at Lola Anyag: hawak ang gulok, inihagis sa hangin, at tumama ito sa bubong ng simbahan. Napunit ito at tumagos diretso sa dibdib ng paring mestiso na nagmimisa.

Malalaking nitso ang kanilang nadadaanan. Marmol ang mga lapida. Rebulto ng lalaki at babaeng anghel at Lady Justice sa iba't ibang laki at ukit at ekspresyon at presyo ang nagbabantay. Naisip niya na sakaling magkaroon siya ng load sa pagturo ng *Art Appreciation*, isa palang magandang pasyalan ang sementeryo.

Kuwento ni Ishmael na ito ang sementeryo ng mayayaman sa Naga. Diretso ng arkong nakikita niya, ang higanteng mausoleo ng isang maylupa mula noong unang panahon. Marami itong ibinigay sa simbahan kaya bilang pabuya, espesyal din ang espasyo niya sa sementeryong ito. Ipinakita rin sa kanya ng binata ang mga nitso ng mga Villafuerte na ninuno ng kasalukuyang gobernador. Ganuon din ang nitso ng angkan ng mga artistang Yllana.

Ikinuwento pa ni Ishmael na tumanggap ng pensyon ang kanyang Lola Puring. Asawa ito ng isang heneral kaya nailagay ang mga buto nito dito sa *restos* pagkatapos mahukay sa kabilang sementeryo-Katoliko. Itinuro ng binata ang tipong mga condo na mga nitsong nagsisilbing pader ng sementeryo. Lumapit sila dito at tumigil sa harapan ni *Purificacion Bonnevie Cordero*.

Lola's boy si Ishmael. Noong buhay pa ang Lola nito, kahit binata na ito, magkasiping pa rin sila sa pagtulog. Sayang, buntunghininga nito, hindi niya naabutan. Sigurado raw na magkakasundo sila dahil maraming kuwento ang matanda. Natatandaan pa ni Ishmael ang kuwento nito tungkol kina Asuang at Gugurang. Mabuting diyos itong si Gugurang, ang tagabantay

ng bundok Mayon. Masamang diyos naman itong kapitbahay niyang si Asuang ng bundok Malinao. Bugso ng selos at kasakiman, ninakaw ni Asuang ang bola ng apoy kay Gugurang. Kaya dumilim ang sanlibutan. Hindi makapagtrabaho ang mga tao. Naghirap sila. Upang mabalik ang kaayusan, nakipagtuos si Gugurang kay Asuang. Nag-alay naman ng *atang* o sakripisyo ang mga tao. Kaya nabawi ni Gugurang ang bola ng apoy. Bumalik ang kapayapaan sa Bicol.

Nagagalit ang Nanay niya kapag kinukuwentuhan siya ng kanyang Lola. Kung anu-ano raw ang ipinapasok ng matanda sa kukote ng apo. Galit si Gloria kay Puring dahil ito ang bumabalikat ng pag-aalaga, gayung may tatlo pang anak ang matanda na hayok sa pakikiamot sa kanyang pensyon, kaya may hidwaan din sa pamilya. Sinakote rin ng matanda ang kanyang Nanay noong makipagtanan ito sa kanilang Tatay. Pumayag lamang ang matanda sa pag-iibigan ng kanilang mga magulang sa kondisyong hindi magiging Muslim ang anak nito. Naisip ni Ishmael na sa kabila ng lahat ng pag-aaway ng kanyang Nanay at Lola, nanatili pa ring anak at ina ang dalawa sa isa't isa. Siya lang ang hinintay ng kanyang Lola. Binawian ito ng buhay noong nakabalik na siya mula GenSan. Sa gabi ng kanyang pagpanaw, humingi ito ng mainit na kanin at tinolang manok. Nang maghating-gabi, ito'y namayapa.

Dinampot ni Ishmael ang mga basyo ng tetrapack at itinapon sa mababaw na hukay sa di kalayuan. Makakapal ang tumutubong mga ligaw na bulaklak doon.

Hinugot nito ang kandila sa bulsa ng maong na shorts. Sinindihan ito at itinayo sa maliit na espasyo sa harapan ng lapida. Pumikit.

Walang mausoleo o nitso na madadalaw si Sadyah. Kapwa gawa sa nilagareng puno ng akasya ang mga ataul ng kanyang Auntie Fely at Uncle Lydio. Binuhat ito ng kalalakihan ng Barasanan, isang prusisyon ang paglalakad nila ng pitong kilometro hanggang sa simbahan ng bayan. Walang misa. Hindi dahil iyon ang kapwa bilin ng kanyang Auntie at Uncle. Kundi dahil gipit sila. Bendisyon pa lang ng pari, ₱500 na. Pinaniwalaan nila ni Nene at Bongbong na sapat na iyon. Tutal ilang araw na ring naipagdasal ng mga matatanda ng baryo sa kanilang ***kyrie eleison*** at "Kaluoyan mo ang kalag ni Felicitas," "Kaluoyan mo ang kalag ni Lydio." Inihulog sila sa hukay sa pampublikong sementeryo ng bayan. Ngayon, panibagong mga bangkay na ang naihulog sa mga hukay na iyon.

Kaya pumikit na rin si Sadyah. Nanalangin. Sa Kinaray-a. Nananatiling sa Kinaray-a ang pinakamalalim niyang hangad: katahimikan ng kaluluwa ng kanyang mga ninuno, at ang paggabay ng mga ito sa kanya. Isinama niya rin ang lola ng binata. Si Purificacion Bonnevie Cordero.

"Lola," narinig niyang sabi ni Ishmael, "ito si Sadyah, nobya ko. Gabayan n'yo sana kami, para tumagal ang aming pagsasama."

Siya ang unang babae na inanyayahan ng binata sa kanilang bahay at ipinakilala sa mga magulang. Siya ang

unang bababe na ipinasyal nito sa sementeryong ito sa kagustuhang ipakilala sa namayapang Lola. Inabot ng binata ang kanyang kamay at hinalikan siya sa noo. "Sana ikaw na rin ang huli."

May lamig ng Disyembre na umakyat sa mga paa ni Sadyah. Umabot ito sa dulo ng kanyang mga daliri, hanggang maging paninigas ng kanyang tiyan at tambol sa dibdib.

MAS MATANGKAD si Ishmael sa kanyang Tatay, si Saber. "Nanay mo ang kamukha mo," siko niya sa binata. Iniabot sa kanya ng nobyo ang isang baso ng tubig. Nasa sala sila, kaharap ang TV.

Sa mesang kainan sa tabi, naghihiwa si Saber ng sibuyas. Namamangha si Sadyah na ito, galing trabaho, ang magluluto ng hapunan.

Nakaupo ang ina ng binata sa sofa. Si Donya Gloria. Kung hindi pa raw sila nakauwi, ipasusundo na sana sila ng traysikel ng kapitbahay. Mahamog na raw kasi at wala man lang sila kadala-dalang pamandong.

Pamandong. Kumislap sa isip ni Sadyah ang insidente ng talukbong sa mosque. Nawawala niya ang kanyang payong palagi, gayundin ang panyo.

Nakangiti sa kanya si Saber, iyong talagang natutuwa. Kumusta raw ang biyahe kagabi. Una ba raw niya itong punta sa Bicol.

*Holy men, guru, Buddha, monk, imam, priest*—ito ang mga salitang lumitaw sa kanyang isipan sa tono ng

pagpilok ng mga salita sa dila ni Saber at sa paglabas ng mga ito sa pagitan ng kanyang mga ngipin.

Naghapunan sila ng matatabang talaba, pusit, at isda. Dahil ito ang itinawag ni Ishmael sa ina na paborito ng dalaga. Pinasadya ito ni Saber sa isang tauhan, pinabili sa isang palaisdaan. Nakareserba rin para kay Sadyah ang isang basket ng prutas. Bumili ang kanyang nanay ng Milo dahil nasabi rin ng binata na hindi nagkakape ang dalaga. Para rin kay Sadyah ang malaking hinog na bayabas sa likod-bahay. Hindi pumayag si Gloria kahit anong paghihinging ginawa rito ng isang tiyahin noong isang araw.

Napunta ang usapan sa bunso nilang si Yami. Tumawag ito kagabi, itinatanong nga kung dumating na sila. Tatawag na lang ito uli sa noche buena. Baka raw bago mag-Bagong Taon, darating na ang balikbayan box nito. Okey naman daw ito roon. Mabait ang inaalagaang matatanda.

Si Ishmael ang naghugas ng pinggan. Ayaw mag-patulong sa kanya. Inutusan siyang makipag-kuwentuhan sa kanyang mga magulang. Natutuwa raw ang mga ito na magkakaroon na ng manugang. Nagmamadali na rin daw ang mga ito na magka-apo. Lalo na't sila na lang dalawa sa bahay na ito. Sinundan ito ng binata ng pagkindat at isang matamis na ngiti. Napairap siya.

Pelikula nina Vilma at Christopher ang pinapanood ng mag-asawa. Ibinigay ni Saber ang remote control sa kanya. Napailing siya. Okey lang, sagot niya, okey lang sa kanya ang palabas.

Hindi niya alam kung ano ang tamang sasabihin. Hindi naman sa nahihiya siya ngunit blangko ang kanyang isip. Walang kurso at libro at kuwento ng kanyang Auntie Fely ang naghanda sa kanya sa pagkakataong ganito.

Hindi rin nagtatanong ang mga magulang ng binata. Na para bang ginagalang ang kanyang pananahimik. Higit sa pagsusuri sa kanya, naghihintay ang mga ito sa kung ano ang kanyang sasabihin at ikikilos. Hanggang sa magpaalam ang mga ito. Sumali na rin sa kanya si Ishmael.

Inilipat nila ito sa HBO. Nakilala niyang "Jumanji," ang palabas, kalagitnaan na. "Sa Lifestyle," sabi niya.

Bumulong si Ishmael, ipinaalala ang kanyang pangako na "mamayang gabi." Natawa siya. Pinagsabihan ang binata na sa labas, dito sa sala matulog.

Tawa lang din ang isinagot ng binata.

Tumayo si Sadyah at pumasok sa kuwarto. Kinuha niya ang sepilyo.

PUTI ANG BRIEFS ni Ishmael. Kung humalik, malalim ang pagkauhaw. Kinakain ang buong bunganga ng dalaga. "Relax lang," bulong ni Sadyah. Iyon, at magdahan-dahan ang binata, para uling kumakagat ng mangga, parang dumidila ng tulo ng ice cream sa hawak-hawak na cone.

Mabilis din si Ishmael, iyong nag-aapura. Dahan-dahan, sasabihin ng dalaga, at magdadahan-dahan ito.

Ibinuka ng dalaga ang kanyang mga hita, inaasahang susubsob doon ang binata.

Ibinaon ni Sadyah ang kanyang mga kuko sa ulo ng binata, isang pagmasahe. Pababa sa batok nito, sa leeg; paminsan-minsan lumilipat sa paghaplos sa tainga ni Ishmael. Hanggang sa dumagundong ang katre sa ritmo ng kanilang mga balakang, may hiyaw ng tugtog ni Bob Marley, lahat sa posisyong missionary.

Sa kanilang pagsiping, pinulupot ng binata ang dalaga ng yakap, na pakiramdam ni Sadyah, madudurog siya.

Ipinagtapat ng binata na ang dalaga ang una niyang karanasan. Siya rin ang una niyang seryosong nobya. Marami ang nagkakagusto kay Ishmael simula noong bata. Palagi siyang kinukuhang escort, hanggang maghayskul, hanggang sa kolehiyo. Pero pihikan siya. Pagkatapos niya mahalikan ang isang babae, nawawalan na siya ng gana. Hindi na niya pinapansin.

Iba itong nararamdaman niya para sa dalaga. Talagang tinamaan siya. Siya man ay nagtataka. Lalo pa't **haram**, bawal dahil masama, itong ginawa nila.

"Ano'ng sabi ng Koran sa impiyerno?" tanong ng dalaga.

"Malilista ako sa Register of Hell saka kapag tatanungin ako ng ***pbuh***, ng propeta, hindi ako makasasagot. Tatamaan ako, pupukpukin ng martilyo, hanggang sa walang katapusan at kapantay na sakit hanggang sa itatapon sa impiyerno sa Araw ng Paghukom para sa mas matindi pang paghihirap. "

“’Yan din ata ang sinasabi sa Bibliya. E, magkikita rin pala tayo dun. Pansinin mo ako, ha.“

Nagkatawanan sila.

“*Padaba*,” sabi ng binata. Hinaplos niya ang buhok ng dalaga, nilakbay ng hintuturo ang linya ng kanang kilay nito, pinadausdos sa kanyang ilong pababa sa mga labi, hanggang sa halikan niya ito. Nakapatong ang isa niyang hita sa dalaga. Muli, pakiramdam ng dalaga, nababasag siya.

“*Ga, palangga*,” sagot ng dalaga. Sinusuklay-suklay nito ang buhok ng binata, hinaplos ang noo, at pinilipit ang matangos na ilong, saka hinalikan.

Nagtawanan sila, nagkilitian hanggang sa makatulog: darang sa kiskis ng kanilang mga balat sa lamig ng Disyembre, may awit ng mga ibon sa labas ng bintana sa katahimikan ng gabi ng Bicol.

# 15

KINAUMAGAHAN, naunang lumabas ng kuwarto si Ishmael. Sa kuwarto, naririnig ni Sadyah ang kalansing ng mga kutsara't tinidor habang nagsusuklay.

Nakahain na sa mesa ang kanin. Pritong itlog sa sibuyas at kamatis, relyenong bangus, isang bilao ng prutas. Humihiwa ng mangga si Saber. Nakaupo, humihigop ng kape si Gloria.

Nagtitimpla si Ishmael Milo para sa dalaga.

"Good morning," bati ni Sadyah.

Gusto raw ba niya pumunta ng Cagsawa, sa Mayon, tanong ni Gloria. Pupunta raw kasi sila sa Legazpi ngayon. Pagkatapos nitong almusal. Babalik din kinahapunan.

Oo ba, sagot niya, gusto niyang makita ang Mayon.

Dumiretso siya sa banyo at naligo.

Habang nag-aalmusal, may kapitbahay na pumasok. Isang may-edad na babae, nanghihingi ng kalamansi. Ipinakilala siya nina Saber at Gloria na magiging manugang nila. Ngumiti si Sadyah at nangamusta sa Tagalog. Sumulyap siya kay Ishmael, na umaapaw ang ngiti. "Sabi ko na sa'yo e," siko ng binata, pabulong, nang dinadala na nila ang pinagkainan sa lababo sa kusina, "gusto ka nila."

Ipinakilala pa siya sa maraming kamag-anak at kapitbahay na napadalaw, sa mga nakasalubong sa daan, sa mga nakasabay sa dyip.

May panginginig man, pakiramdam ni Sadyah, nagkaroon siya ng bahay sa Naga, na gusto niyang magmano sa lahat ng matatandang nakakasalubong.

NGUNIT MASUKAL ang anumang daan. May tollgate maging sa skyway at isang checkpoint si Ishmael. Nakamarka ito sa tono ng usapan nila nang araw na iyon ng Disyembre.

Lumalakad sila papasok sa Cagsawa. Sa Bulkang Mayon, nakakubli sa kulimlim ng mga ulap ang tanghali.

"Kita mo, matatanda na sila, 32 years nang kasal pero hindi pa rin nagsasawa sa isa't isa," sabi ni Ishmael habang papalayo ang sinasakyan ng mga magulang, isang owner-type jeep na service ng ama. Dumiretso ang mga ito sa Legazpi, kukuha ng balikbayan box sa kasamahan ni Yami sa Canada.

"Grabe, kaya hindi noon maka-abrod si Tatay dahil hindi niyan maiwan-iwan si Nanay. Talagang mahal niya si Nanay. Pero grabe rin kung mag-away ang mga 'yan. Naku, nung maliliit kami, palaging akala mo magpapatayan ang mga 'yan. Kahit hanggang ngayon, grabe. Si Nanay kasi, ayaw patatalo niyan. Sobra talaga."

"Hindi talaga siya nag-convert sa Islam."

"Sinabi mo pa. Lalo pa at sa amin tumira si Lola. Pero pinalaki kaming Muslim. Hindi puwedeng magpapalit-palit, nasa mosque kapag Biyernes pagkatapos sa Linggo sa simbahan. Hindi. Pero nang malalaki na kami, hinayaan na rin. Sinisikap ko talaga na makapagdasal ng limang beses bawat araw, pero sumasali rin ako sa mga prusisyon, lalo na kapag Semana Santa. Kung pag-iisipan mo nga naman talaga, parang pampagulo lang ang relihiyon sa buhay ng tao. Minsan nga naiisip ko, dapat walang relihiyon na lang, e."

"Negosyo rin kasi ang relihiyon. Tulad ng giyera."

"Oo nga ano. Sila-silang mayayaman lang naman, pagkatapos tayo ang kawawa. Buhay nga naman. Minsan naiisip ko rin, hindi ba puwedeng maging mabuti ang tao kapag wala siyang relihiyon?"

"Likas naman 'ata na mabuti ang tao. Parang ang bait ng Tatay mo."

"Ano ka, ilang beses niya 'kong binitin-patiwarik nung bata. Maliit na pagkakamali, pinapalo kaagad. Disiplina raw para lumaki akong matino. Lumaki nga akong matino pero ang lupit naman ng mundo. Kaya galit na galit ako, bakit ganito, sinisikap mong maging

mabuting tao pero sisirain ka naman ng kapwa mo. Sa trabaho, kapag hindi ka sumasama sa kanila sa inuman, kakantyawan kang walang pakisama. Putcha, uubusin mo lang ba sa alak at sigarilyo ang pinaghirapan mo, e, kulang nga sa pamasahe at pagkain. Sila, may mga pamilya pa. Naku, ang tao talaga. Hapi-hapi lang palagi ang iniisip. Suplado raw ako."

"Huwag mo silang pansinin. Basta nasa tama ka."

"'Yun nga, nasa tama ka. Pero papatayin ka, lalo na kapag pinagbigyan mo. Ako kapag nagkakamali, pinaparusahan, pero bakit ang ibang mga walanghiya, bakit ganun, sila pa ang nasa posisyon. Sasabihin palagi ng Tatay na Islam is peeeeace, man."

"Ano'ng gusto mong gawin? Maging rebelde rin?"

"Ano ka. Hindi ko sila pagbibigyan. Hindi ko hahayaang mangyari 'yun."

"'Yun naman pala, e. Saan nagkakilala ang Nanay at Tatay mo?"

"Sa peryahan dito sa Naga. Laking iskwater 'yan si Nanay. Kaya ganun... astig. Nang mabuko na ni Lola ang kanilang relasyon, 'yun, nagtanan sila. Umuwi sila sa kamag-anak ni Tatay sa GenSan. Nang magkasakit na si Lola, 'yun at bumalik dito si Nanay. Saka dahil nga sa nangyari kay Jehan. Mahirap din dito sa Bicol pero mas tahimik. Pero ayaw ko dito. Hindi ako makatatagal dito."

"Bakit?"

"Hay naku, mabuti lang 'to at nagbabakasyon tayo. Kapag tumagal na, mag-aaway na kami."

"Nino?"

"Ni Nanay. Ni Tatay."

"Bakit naman?"

"Si Nanay, naku, pakialamera 'yan. Sobra."

"Mabuti ka nga may mga magulang ka."

"Mabuti ka nga malaya ka."

"Ano ka ba, maasikaso nga sila, e."

"Walang problema sa ganun. Kung sa suporta, susuportahan tayo nun. Lalo pa't gustung-gusto na ng mga 'yan magka-apo. Pero 'yan din ang mahirap, e. Nakakahiya, dapat ako na ang nagbibigay sa kanila ngayon."

"Darating din 'yan. Lalo na kapag wala nang galit sa dibdib mo. Matuto ka na kasing magpatawad, para gumaan ang buhay mo."

"Madali lang sa'yo sabihin 'yan kasi may maganda kang trabaho."

"Hay naku, huwag mong sisihin ang ibang tao. Maging responsable ka sa sarili mo."

"Hindi naman kita sinisisi, a. Proud ako sa'yo, akala mo ba. Nagpapalabas lang ako ng sama ng loob. Huwag mo rin akong kontrahin."

"Hindi kita kinokontra. Sinasabi ko lang ang opinyon ko. Para rin naman makita mo ang ibang anggulo at di ka lang malubog sa sarili mong pag-iisip. Halimbawa, baka naman kasi hindi ka masyadong magaling sa trabaho kaya hindi ka tumatagal. O baka mainit palagi ang ulo mo kaya di ka nila gusto. Kung ayaw mong makarinig ng puna, e, di makipag-usap ka sa estatwa o manekin."

Binilisan ni Sadyah ang mga hakbang. Sa di kalayuan, bukanang nagpapangako na hindi na lamang isang postcard o larawan sa brochure ng turismo ang Cagsawa Ruins at Bulkang Mayon. May hilera ng mga tiyangge ng karaniwang souvenir items tulad ng T-shirt, key chain, abaniko, at maraming palamuting pambahay na lilok at habi ng kamay mula sa mga lokal na tanim.

Sa di kalayuan, may mga karinderyang nagpapatulo ng laway sa pagnasa ng lalamunan sa anghang ng siling labuyo. Nakaharap ni Sadyah ang bantayog ng Cagsawa at ang tanyag na bulkang Mayon na naituro sa klase sa elementarya pa lang. Katabi si Ishmael, sila, sa gitna ng grupo ng mga turista at balikbayan. Makapal ang kaputiang nagtatagpo ng langit at ng bulkan, umaabot hanggang sa tuktok ng bantayog ng Cagsawa—kumukubli ng kanilang ganda.

Ginupo si Sadyah ng panliliit, na hinanap ng kanyang mga daliri ang mga daliri ni Ishmael, iyon lamang at naibsan ang kanyang pagka-karaniwan.

BUMALIK SILA ng Manila sa umaga ng Bagong Taon. Pagkatapos ng almusal ng mga natirang putahe kinagabihan, na isa-isang binalot ni Saber sa foil at ziplock na kasama sa balikbayan box ni Yami: paksiw na isda, pritong isda, drumstick. Sa isang supot, ang pakete at garapon ng pili at mani at kasuy sa iba't ibang luto para makukot nila sa bus at pang-isnaks sa mga araw sa Manila.

Tinawag si Sadyah ni Gloria sa kuwarto, sa gilid ng rebulto ng mga santo. Kinabahan ang dalaga.

Pumasok siya. Nakaupo sa kama ang matandang babae, nagtutupi ng labahan. Magulo ang kuwarto: patung-patong ng malalaking karton, may malaking electric fan, may malaking cabinet, may malaking salamin.

Inabutan siya ng pera ng matanda. "Pamasahe," sabi nito.

"Salamat," abot ng dalaga sa dalawang limang-daan.

"Pagpasensyahan mo na ang anak kong 'yan, kung minsan," sabi nito, naglalagay sa hanger ng mga kamiseta. "Pero napakabait n'yan. Siya ang nagpinta ng bahay na 'to. Kapag nandito 'yan, walang ibang ginagawa kundi ang mag-hardin at maglaro kay Mickey."

Napangiti ang dalaga.

"Kelan kami pupunta ng Antique?"

Napakislot siya, hindi niya inaasahan ito. "Tingnan po natin," nasabi niya, at kaagad nagpaalam. May namumuong tubig sa kanyang mga mata. Ayaw niyang mahuli ito ng matanda bago pa man malaglag ito sa pagkalusaw ng lohika.

Inihatid sila ni Saber hanggang sa tarangkahan, kasabay ang kahol ni Mickey. Spoiled daw itong aso nila dahil wala pa silang apo, narinig niya sa matandang lalaki.

"Anong sinabi sa'yo?" tanong ni Ishmael habang nakasakay na sila ng traysikel patungong terminal ng bus.

"Secret." Tumawa siya. "Binigyan ako ng 'sanlibo. Pamasahe raw."

Bumuntunghininga ang binata. "Kita mo na, ganun ang Nanay. Buti tinanggap mo. Dahil kung hindi, siguradong didibdibin niya 'yun."

"'Yun nga ang naisip ko."

"Buti at di ka nainsulto."

"Hindi ko siniseryoso palagi ang sarili ko."

"Buti ka pa. Ako, bigat 'to sa dibdib ko. Limang libo."

"Pasalamat ka at may pambigay ang mga magulang mo. Kailangan mo 'yan sa paghahanap ng bagong trabaho."

Hindi sumagot si Ishmael. Ibinaling nito ang tingin sa labas ng bintana ng bus, ang isang kamay nakaakbay sa dalaga.

Isang paninimbang sa mga agam-agam at tanong sa posibilidad ng mas malalim na pakikipagrelasyon kay Ishmael ang bumukas kay Sadyah at nalatag ng pagdalaw na iyon. Ang biyahe pabalik ng Manila ay naging pagharap niya sa anyaya-hila ng nanunuot na lungkot at tamis na pangako ng pag-ibig sa marami pang pagsasanib ng katawan. Gusto niyang paniwalaan, na nagsasanib din ng kanilang isip at puso.

INIHATID SIYA ni Ishmael sa apartment. Umuwi ito sa Taguig at bumalik kinagabihan. Naghapunan sila ng pabaon ng Naga, para pagkatapos, muling languyin ang bunganga at mga hita ng isa't isa.

# 16

ANG KARUGTONG ng gabing ito sa pag-iibigan nina Sadyah at Ishmael ay kuwento na ni Sadyah kay Nene. Nitong Abril ng 2007, ang una niyang pag-uwi pagkatapos ng huling niyang pagmalas sa palayan ng Barasanan nang umagang iyon ng Mayo taong 2000. Tumulak siya sa Manila nang matanggap ang kanyang aplikasyon bilang estudyante ng Master of Fine Arts in Creative Writing sa De La Salle University, 2401 Taft Avenue, Manila. Sa halip na bigyan siya ng 100% iskolarship sa pamamagitan ng Student Financial Assistance Program, isang imbitasyon ang ginawang pagtanggap sa kanya ng Department of Literature bilang Assistant Instructor.

Sa panahong ito, lumabas na bilang libro ang kanyang tesis—ang una niyang koleksyon ng tula sa Kinaray-a na may salin sa Filipino: ***Lumbay ng Dila***. Kasama sa pahina

ng *Pasasalamat* sina Stephen Chua at Ishmael Onos. Inihandog niya ito sa alaala ng kanyang Auntie Fely at Uncle Lydio.

Taon ito ng pagsusulat niya ng disertasyon para sa kursong Ph.D. in Literature. Isang nobela ang kanyang pinag-iisipan hango sa buhay ng romantikong manunulat sa Hiligaynon na si Magdalena Gonzaga Jalandoni ng Jaro, Iloilo at ang kanilang sikretong pag-iibigan ng doktor at bayaning si Jose Rizal. Sa totoong buhay, naging idolo ni Magdalena si Rizal. Ngunit limang taon pa lamang siya nang mabaril si Rizal sa Bagumbayan noong Disyembre 30, 1896.

Hindi niya ito mapapasadahan. Ginugupo siya ng matinding pagdududa sa kanyang kakayahan bilang manunulat. *Magaling ba ako? Baka nagkukunwari lang akong manunulat?*

Pangalawang taon na ito pagkatapos ng maraming away-bati nila ni Ishmael. Pinili nila ang kalayaan, na isang pagpapahalaga sa kakayahan ng sariling dumugo at matuwa sa pag-iisa. Dahil ang nakaraan—sa ngayon—ay nakalulunod pa.

Lumipat siya ng tirahan. Sa isang condo. Pinagkasya niya sa isang malaking maleta ang mga damit at abubot na naipon sa mga taon.

Isang pagbabagong-buhay ang paglilipat niyang ito. Ang pagbabalik sa sarili at pagkupkop ng pananalig na pagdating ng panahon, muling ikamamangha ng sarili ang mas malalim, mas bukas, mas buo na pagbabahagi hindi lamang ng kanyang katawan kundi higit sa lahat,

ng kanyang isip at puso. Isasabuhay niya muna ang ilang tanong. Ipapahinga ang puso.

Hindi niya akalaing maaga itong muling darating. Tunay na isang sorpresa ang pangako ng bagong pag-ibig sa katauhan ni Priya. Gusto man niyang igalang ang panahon, natuklasan din niyang mapanlansi ito. Nanunukso. Nanghahamon.

Muli siyang nagpaubaya: nagpakatotoo. At ito ang biyaya nito: nahinog ang kanyang tapang na harapin ang mga multo ng kanyang buhay. Naging biyaya ng mga minuto ng mga taon ang liwanag sa pagkaunawa niya ng kabalintunaan, sa isang gasgas na kasabihan, na kapag mahal mo ang isang tao, pinapalaya mo ito, gayundin ang iyong sarili.

Nagdesisyon siyang mag-personal leave.

Nag-loan siya sa pangalawang pagkakataon sa kooperatiba ng unibersidad

Igagawad niya ito ng lupa mula sa mga maykayang kamag-anak sa bayan. Kahit wala pang titulo. Dahil hindi pa nahahati sa apat na pangunahing tagapagmana ni Ati Bulalakaw ang lupain sa Barasanan. Isa rito ang kanyang Lolo Marcelo.

Magpapatayo rin siya ng 2-storey na modernong bahay kubo. Cogon ang bubong. Hindi niya ito palalagyan ng kisame para hindi mapasukan ng kulisap. Kawayan ang sahig at dingding. Maluluwang ang mga bintana para hindi na kailangan ng aircon, maging ng electric fan. Makatatagos ang liwanag sa labas at magkakahugis sa mga kasangkapan sa loob.

Gagawin niyang santuaryo ang itaas. Sa ibaba, diretso ng sala, katabi ng hapag-kainan, ang isang malawak na kuwarto: library/multimedia room. Pakakabitan niya ito ng wireless frequency o wifi. Iiwan niya rito ang lumang laptop at sakaling magkapera, bibili siya ng kahit isang yunit ng kompyuter. Iuuwi niya rito ang ilang libro, ang naipong mga CD at DVD. Magiging bukas ang bahay na ito sa sinumang gustong bumasa, sumulat, manood ng pelikula, makinig sa musika, at makipag-kuwentuhan. Tatawagin itong ***Balay Sugidanun***. Storytelling House.

Hindi na siya tumelegrama. Nasisiguro niyang nananatiling bukas at malawak ang palayan ng Barasanan, Dao, Antique sa kanya.

MAY DALAWANG mapagpipilian para makauwi sa Barasanan mula Iloilo. Puwedeng sumakay ng aircon na van patungong San Jose de Buenavista. Kada 30 minutos ang alis nito at dire-diretso. Higit dalawang oras na biyahe sa higit isang daan na pamasahe. May bayad ang bawat malaking bagahe. Mula San Jose, sasakay ng dyip patungo sa bayan ng Dao, na Tobias Fornier ang bagong pangalan. Kulang sa singkwenta ang pamasahe. Mula sa bayan, sasakay ng traysikel papasok sa Barasanan. Ngunit hindi aalis ang traysikel hanggang hindi ito napupuno. Kaya kung nagmamadali, puwedeng okupahin, sa halagang isang daan.

Puwede rin sumakay sa bus na Iloilo-Dao vice versa ang biyahe, isang beses sa isang araw. Madaling araw ang alis nito sa bayan at tanghali ang alis sa Iloilo.

Hindi ito aircon at siksikan sa pasahero't bagahe. Ito ang nagsasakay ng mga paninda ng mga negosyante mula bakal at supot ng semento at kahun-kahong gulay at prutas at kung anu-ano pang maaaring maipagbibili. Hindi aabot sa isang daan ang pamasahe. Ihahatid ka nito hanggang sa tarangkahan ng iyong bahay. Iyan ay kung nasa kalsadang nadadaanan nito. Ngunit ang biyahe sa tanghali mula Iloilo ay inaabot ng alas singko o higit pa bago ito makapasok sa Barasanan. Maliban sa mahabang bahaging lubak-lubak, ibinababa pa ng bus ang mga bagahe ng mga negosyante, sa bawat kalye ng bayan at baryo na mayroon itong pasahero—magkasanga-sanga man ang daan.

Itong bus ang pinapadalhan ng lahat ng magulang ng allowance ng kanilang mga anak na nagkokolehiyo sa Iloilo sa mga linggong hindi sila nakauuwi. Matiyaga rin itong naghihintay sa mga estudyante na kagigising pa lamang at kailangan pang magsepilyo't maligo. Sakaling gagabihin man sa pagdating itong bus, wala ring dapat ikakabahala ang mga magulang dahil ihahatid nito sa tarangkahan mismo ang kanilang estudyante.

Ito ang sinakyan ni Sadyah. Magkakilala pa sila ng konduktor.

Ibinaba siya ng bus na ito sa harap ng isang bahay na kawayan sa dulo ng baryo. Nasa ibaba ito ng kalsada. May bakod itong kawayan. Nakabukas ang malalaking bintana sa harapan kung saan may isang malaking puno ng atis. May alambre ng sinampay dito hanggang sa puno ng bayabas sa dulo malapit sa sagingan.

Tinutulay din ng alambre ng sinampay na ito ang hilera ng mga puno ng bogambilya. Namumulaklak, matitingkad na pula at kahel.

May isang babae na lumabas, nagpunpon ng mga sinampay; isang pag-aabang sa papalapit na konduktor na pasan ang kanyang maleta at bitbit ang isang lata ng tinapay. Si Nene. Mas matangkad ito kay Sadyah. Katamtaman ang pangangatawan. Maiksi ang kulot na buhok. Maputi, isang mestisa na balat, ngunit sarat ang ilong.

Tuwid ang paglalakad ni Sadyah sa kanyang flat shoes, sa kanyang gabundok na knapsack. Nakangiti siya, sa pagkabigla na nakarehistro sa mukha ng babae, na naging isang ngiti rin habang papalapit siya at namukhaan.

"*Tagbalay*, p'wedeng makituloy?" bati niya.

Ibinaba ng konduktor ang kanyang maleta at isang lata ng tinapay sa sahig sa loob ng bahay. May batang lalaki at babae na nakatayo sa pinto, pagtataka at paghanga ang nasa kanilang mga mukha. Nagpasalamat si Sadyah sa konduktor, sabay hugot ng singkuwenta pesos sa bulsa ng pantalon.

"Maganda ang bahay n'yo," sabi niya, at inilapag ang knapsack. Tiningala niya ang bubungan at sinipat ang mga dingding na naghihiwalay sa malawak na sahig na kinatatayuan niya sa dalawang partisyon: Isang kuwarto at isang silid-kainan diretso sa kusina, palabas sa tambi. *Salidangdang* ang buong dingding. Isa itong espesyal

na uri ng paghahabi na itinuturo sa mga kaklaseng lalaki noong hayskul sa Practical Arts. Mga matatanda na lamang ng baryo ang nakaaalam nito ngayon. Napamangha si Sadyah. Humanga siya sa pagkapino ng pagkagawa. Ito ang gusto niyang yari ng dingding sa kubo. Nakikita niyang nakabuhol ito sa salaming pinto.

"Sina Nonoy lang ang gumawa n'yan," sagot ni Nene. "Gutom ka 'ata, may tinola pa kanina. Pero wala pang mainit na kanin."

"Mam'ya na… p'wede tubig?"

Ngumuso si Nene sa batang lalaki na kaagad naman tumalikod. "'Yan ang panganay, si Joshua," sabi nito. "Gred wan, mabilis nang bumasa. Ito naman," tukoy nito sa batang babae na ngayo'y nakaupo na sa sahig at nakapako pa rin ang tingin kay Sadyah, "nagdi-day care d'yan sa baryo."

"Baka gusto nila ng tinapay," sabi ni Sadyah. Nakaupo siya sa mahabang bangkong kawayan, katabi ang bag. Naghubad siya ng sapatos.

"*To*, dala ka ng tinidor," pasigaw na sabi ni Nene.

Nakita ni Sadyah mula sa kanyang kinauupuan ang pagkapuno ng babasaging baso ng tubig mula sa gripo ng banga. Kailangan niyang bumili at mag-imbak ng malalaking bote ng mineral water.

"Sa sapa pa rin, Ne, nag-iigib." Isa itong pahayag, na naghihintay ng pagpapatunay, higit kaysa tanong.

"May poso sa gitna ng baryo. Pero mas mainam pa nga ang lasa ng tubig sa sapa. Galing 'yan sa balon na

para sa inuman lang talaga. Tinatakpan ni Nonoy kapag gabi para hindi mapasukan ng mga palaka. Humukay pa siya ng isang balon sa dulo n'yan para naman sa pagliligo at paglalaba. May trak din na umiigib sa bayan at nagdedeliber dito. Limang piso kada konteyner."

"Gawarin natin ang lupa, Ne," sabi niya. "Mananim tayo ng kahoy para makapagpatayo ng kahit maliit na reservoir."

"Magtatagal ka ba rito?"

"Baka." Hinila niya ang maleta. Tinulungan siya ni Nene. Inilapag nila ito sa sahig sa kuwarto. "Nandito ka lang naman, di ba?"

Natawa sila.

"Baka ito na nga'ng pagiging hacendera natin."

Inabot niya ang isang baso ng tubig mula kay Joshua. Uminom siya, konti. Binuksan ni Nene ng tinidor ang takip ng lata ng tinapay. Inabot niya sa mga anak ang ilang piraso ng biskwit. Kumain din ito.

Kinuha ni Sadyah mula sa maleta ang isang supot ng grocery: kape, asukal, sabon, toothpaste, shampoo. Isa-isa niya ring inilabas ang mga damit at gamit na pasalubong kay Nene at sa pamilya nito. Ipinatong niya sa tokador sa kuwarto ang mga personal na gamit. Saka ikinandado ang maleta. Nasa knapsack niya ang laptop. Napansin niya na walang outlet ng koryente.

Kinuha niya sa bulsa ng knapsack ang cellphone. May signal sa loob ng bahay. Malakas pa ang kanyang baterya. Wala siyang bagong mensahe, wala siyang pangangailangang mag-text. Isinara niya ito.

“P’wede sa kabilang bahay,” tukoy ni Nene sa pagkakarga ng baterya. Isinukat nito ang mga blusa at pantalon.

“Magpakabit tayo, Ne.” Dumungaw siya sa bintana, tinatantya ang layo mula sa poste ng koryente sa kalsada. “Magawa kaya kaagad bukas?”

“Mabilis din naman ’ata sila. E, di, punta ka bukas sa ***banwa***. O subukan ko ma’mya sa kabilang bahay. P’wede ’ata ma-teks ang ANTECO, e. Para sila na lang ang pumunta rito. Pagod ka pa ’ata.”

“Okey lang. May bibilhin naman ako bukas, e.” Nagkukuwenta si Sadyah sa isip: pampakabit ng koryente, pambili ng TV, pambili ng refrigerator—labas dito ang panggawad ng lupa na otsenta mil ang kanyang badyet at badyet para sa pagpapatayo ng bahay kubo na isandaang libo at singkwenta mil para sa nursery ng mahogany—at ang mga pamasahe at pambili ng pagkain at marami pang alam niya na hindi inaasahang gastusin na basta susulpot na lamang.

“Gulay lang ang ulam natin,“ nagtutupi ng labahan si Nene.

“’Yan nga ang gusto ko. Matagal na ’kong di nakakahigop ng sabaw.”

“E, di, magmalunggay tayo at okra. Wala nga lang hipon.”

Hindi nakawala ang ngiti ni Sadyah. Pumasok siya sa kuwarto at binuksan ang maleta. Kumuha siya ng damit pambahay dito at nagpalit. Paglabas, inubos niya ang baso ng tubig na nailapag sa sahig. Dumiretso siya

sa kusina, palabas sa *tambi*. Bumaba siya rito patungo sa palikuran, isang kubo na may pinto ng sako.

Kinagabihan, nahiga siya sa nag-iisang katre sa bahay ng mag-asawa. Sa sahig na katabi, nasa banig sina Joshua at Angela. Sa sahig sa kusina ang mag-asawa. Tahimik si Nonoy sa buong paghahapunan nila. Naalala niya ang kanyang Uncle Lydio rito kaya hindi niya ikinabahala ang matitipid na salita ni Nonoy. Naisip niya na siguro ito ang dahilan kung bakit nagustuhan ito ni Nene. Bagama't hindi maipagkakailang may itsura ang lalaki.

Hindi siya nangilabot sa tuko...tuko...tuko sa lalim ng gabi. Naging oyayi ito upang maitulog niya ang pagluluksa. Ang Barasanan pa rin, lamang, ang makapagpapaiyak sa kanya.

NAKIPAG-USAP SIYA kay Manong Estong, ang panday, at mga kasamahan nito. Hapon iyon nang sumunod na araw, pagkatapos niya pumunta sa bayan para sa pagpapakabit ng koryente at pagdaan sa bahay ng kamag-anak na napagsanglaan ng bukirin.

Tumatagay ang mga may-edad na kalalakihan ng baryo, isang pitsel ng Tanduay. Nakitagay na rin siya. Ipinakita niya mula sa kanyang cellphone ang nakuhang disenyo ng isang bahay kubo mula sa isang coffee table book. Ipinakita niya rin ang sariling naiguhit, pati ang pinapangarap niyang istilo ng upuan.

Iba't ibang uri ng kawayan, iba't ibang gamit. Ito ang sagot sa kanya ni Manong Estong.

Kailangan niyang magpagapas ng *anos* para sa dingding. Kailangan niya ng kawayang dilaw at kawayang tinik para sa buong bahay. Kung gusto naman niya ng kawayang silya at mesa, kawayang *kiling* naman ang nababagay dito. Mas maganda pa nga raw na ilublob ito sa tubig-dagat, o kahit sa tubig na may asukal at arina, saka patuyuin sa loob ng dalawa hanggang tatlong buwan, para matibay at hindi bubukbukin.

Wala raw *anos* at *kiling* sa bukirin nila, sabat ni Nonoy. Nagbanggit ito ng mga pangalan ng taga-baryo na mabibilhan. Tig-kinse pesos ang piraso. Tig-isang daan naman ang bayad sa paggapas sa isang araw. Mga 20 raw na piraso, ayos na, para sa gusto niyang tipo ng lababo.

Nagsimulang kumanta si Manong Estong, "Lawiswis Kawayan," na sinabayan naman ng lahat. Nakisabay na rin si Sadyah. Isa itong alaala ng kabataan ng kanyang kabataan. Ngunit nangapa siya sa mga linya, lalo na sa hulihang talata:

*Ang dalaga naman ay biglang umiyak*
*Luha ay tumulo, sa dibdib pumatak*
*Binata'y naawa, lumuhod kaagad*
*Nagmamakaawa't humingi ng patawad.*

Naisip niya na balang-araw, maisusulat niya ang kalungkutan at kaligayahan ng matatandang ito ng Barasanan, ang huling kumpol ng magagaling na panday. Kasama ang nasisipat ng isipan ng mga ito na katangian ng lupa. Ang pagtantiya sa kakailanganing tubig para maging malusog ang mga palay. Kung kailan oras na para magtusok ng scarecrow para umiwas ang mga uwak at ibon sa pagtuka ng mga nahihinog na palay. Kung kailan dapat aanihin ito.

Hindi kailangan ng mga manggagawa ng Barasanan ang planner, ang calendar at alarm clock ng kanyang cellphone.

Ganuon naubos ang isang pitsel ng Tanduay. Nadugtungan ang "Lawiswis Kawayan" ng "Sa Libis ng Nayon," ng "Turagsoy," ng "Tamilok," hanggang napunta ang medley sa mga kanta ng Carpenters na nasa listahan ng mga karaoke bar.

Ikinuwadro niya ang hapong iyon—sa iba't ibang anggulo. Balak niyang i-print ito at ipa-laminate bilang regalo sa mga panday sa darating na Pasko.

Nang gabing iyon, nabuo sa kanyang isipan ang mga linya ng tula.

Nagkakoryete sila pagkaraan ng limang araw. Isinalin niya sa pahina sa kanyang laptop ang tulang naisulat sa isipan. Nasiyahan siya. Ipinabasa niya ito kay Joshua.

*Sa Kalawakan ng Panay*

Unang lipad pauwi sa'yo
At ang mga hamog kumikislap
Sa mga pakpak ng eroplano
Tulad ng aking mga mata
Na humahaplos sa mga ulap
Ng iyong ganda
At ng mga bundok sa ilalim
Na nabuldos sa ngalan ng mina;
Ng mga kahoy na nabuwal
Sa tawag ng pagpapalawak-kalsada.

Unang lipad pauwi sa'yo
At tulad ng mga pakpak nitong eroplano,
Itong dibdib kakaba-kaba, hindi makapaniwala
Sa maraming agarang pagkawala
Dahil ng dantaon itong pag-ibig hindi nabura,
Hindi napalusaw maging ng distansya.

Kung kalungkutan man itong pag-alaala
Tulad sa mga gabing ang iyong mga bibig
Samyo ng mga alon na aking hinahalikan
Sa pag-araro sa karagatan ng kalibutan,
Ibig ko ng galit—kumakapit—parang talaba
Ng Villa na aking uukabin, isasawsaw sa sinamak
At lulunurin habang ang mga isda sa dagat ng Guimaras
Piniprito sa langis, ang dalampasigan kumikislap sa itim
na putik;
Ang puti't pino ng buhangin ng Boracay, diyamante
Na patuloy nagpapaalila sa mga katutubo at Ati.

Ibig ko ng karagdagang lakas:
Tula ng mga babaylan, epiko ng mga binukot

Gahum ng mga aswang, anting-anting ng mga gerilya
Na didikit sa aking talampakan hanggang lalamunan—
Lagablab ng Kanlaon
Na magpapahikbi sa akin
Sa muling pagsaksi sa iyong mga ngiti—
Ginintuan—parang mga mais na aanihin
Habang ang bagsak-lipad ng iyong buhok
Alaala ng tubig-talon na aking dinadakip.
Tabang, palangga! Sagipin mo ako
Sa sadyang paglimot at paglisan
Bago pa itong eroplano makababa
At ikagagalak ko ang hindi pagtagal sa iyong piling.

Narinig ito ni Nene na nagbibilad ng isang bilao ng monggo sa hilera ng bogambilya.

"Naging manunulat ka palang talaga," sabi nito.

"May isa na akong libro," sagot niya, dumudungaw sa bintana.

Napangiti si Nene. Pagkaraan, napatingin ito sa malayo, umaabot sa kalawakan kung saan may nagliliparang ibon at kapanatagan ang layo ng baryo na ito sa syudad, kasumpa-sumpa man ito sa kanyang kahirapan.

Alam ni Sadyah sa sandaling iyon ang nasa puso ni Nene: na kaligayahan para sa namayapang ina nito ang narating niyang tagumpay. Ngunit hindi iyon naibigkas ni Nene, dahil ito rin ang kalungkutan sa sandaling iyon. Ayaw nilang mabasag ito sa kanilang pagitan.

"Kumusta ka?" nasabi ni Nene. Nagwawalis na ito ng mga nalalagas na dahon ng atis at bayabas.

Alam din ni Sadyah na walang kapayakan sa tanong na ito ni Nene. "Nagkita kami ni Bongbong." Ito ang

kanyang sagot, dahil wala siyang balak na buksan ang silid sa kanyang personal na buhay kay Nene.

"Nabalitaan ko nga." Isang tumpok na ngayon ang nawalis ni Nene, handa sa siga, kung hindi man sa isang paghakip-tapon sa sagingan. Ito nga ang ginawa ni Nene. Pagkatapos isinandal nito ang walis-tingting sa dingding sa ilalim ng bintana. "Muslim pala ang nobyo mo."

Isang pagpapalipad sa hangin ang nausal na ito ng pinsan. Ngunit ano at napakasarap humikbi sa lungkot ng buhay sa Barasanan. May gaan ng pagkahulog sa lupa ng mga tuyong dahon, may tingkad ng mga talulot ng bogambilya—napakakaraniwan, dahil inaasahan, tulad ng paghalik ng butiki sa lupa tuwing orasyon.

Ganito naikuwento ni Sadyah kay Nene, pili ang mahahalagang karugtong, sa biyaheng iyon sa Naga, sa buhay-pag-ibig nila ni Ishmael.

# 17

O, MUSLIM si Ishmael, pagtatapat niya kay Nene. Nanggagalaiti ito tuwing maaalala ang naunsyami nilang pagpasok sa mosque sa Quiapo. Kaya raw hindi kataka-taka na karamihan sa kabataang Muslim maging sa Afghanistan, opsyonal na ang pagsuot ng ***burka*** at masigasig ang pagkontra sa ilang matandang kaugaliang Muslim tulad ng pagkakapon ng kababaihan.

Nang mag-Ramadan sa taong iyon, bumiyahe sila ng higit dalawang oras papunta sa Islam Studies Call & Guidance (ISCAG) Center sa Salitran, Dasmariñas, Cavite.

Akademik ang pangunahin niyang interes sa Islam at Muslim. Nagiging obsesyon ito sa mga sandaling gusto niyang matunaw ng kanyang mga yakap ang

maraming galit ni Ishmael. Sa mga sandaling gusto niyang magamay pati ang kaliit-liitang hibla ng utak at puso ng binata. Gusto niyang maitawid sa dagdag na pasensya at pag-unawa ang marami pang gabi at araw na kanilang bubunuin bago maitayo ang pangarap nilang bahay at mailuwal niya ang kanilang mga anak.

Natuwa siya't nabigla sa biyaheng iyon. Dahil sa sinabi ni Ishmael na may matalik siyang kaibigan sa sentrong ito. Iyon ang kauna-unahang pagkakataon na nagbanggit si Ishmael na mayroon siyang kaibigan. Tinawagan ito ng nobyo para masigurong makasasali sila.

Itong kaibigan ang tumanggap sa kanila, si Abdul Hakim. Pandak ito, may kagwapuhan sa makakapal nitong kilay at makinis na balat, lampas 50. Kapwa Bikolano. Taga-Pili.

Dinala sila ni Abdul kay Nuh, ang namumuno sa *dawah* o iyong missionary outreach office. Tinawid nila ang malawak na damuhan. May basketball court silang nadaanan, sa harap ng malaking *madrasah* o Islamic school, patungo sa mosque. Nakasabay nila ang iba't ibang gulang ng mga babaeng naka-*abaya*, patungo rin doon.

"Assalam alaikom. Ramadan kareem." Ito ang bati nila, nakangiti, habang naghihintay ng *azan*, ang tawag para sa panalangin sa pagputol ng ayuno. Pagkatapos nito, kumain sila ng tinapay at humigop ng sabaw ng kalabasa. Masarap iyon, gusto niyang matutunan kung papaano nilulut. Sumunod ang panggabing panalangin.

Pagkatapos naman nito, kumain sila ng naka-styrofor na set meal na inihanda ng sentro.

Nakakuha siya ng tasty beef stew at kanin. Ganuon din kay Ishmael.

Itinuro sa kanila ni Abdul ang mga galing Iloilo, Bicol, Cebu, Mindanao. Namangha siya sa pambansang sakop nito. "Allahu akbar," God is great, ito ang kumustahan ng isa't isa.

Kumuha siya ng litrato gamit ang cellphone, sabay sabing "salaam" o peace.

Inanyayahan sila ni Abdul sa dormitoryo kung saan siya tumutuloy. Iskolar ito ng ***shariah*** o Islamic law at nagtuturo ng Social Studies sa ***madrasah***. Baka raw puwede siyang maimbitang magturo rito ng pagsusulat ng tula, kahit isang araw lang.

Oo ba, sagot niya, ayusin natin ang iskedyul. Inabutan niya ito ng calling card.

Bumalik sila sa mosque para sa ***taraweeh,*** ang mahabang panalangin sa gabi. Pagkatapos nito, habang nakasalampak, isang masiglang kuwentuhan ang kanyang narinig. May isang may-edad na lalaking tubong Bohol, galing Jeddah, dating OFW. Sa bansang ito napag-alaman nito kung ano ba talaga ang Islam. Nagustuhan niya ito, kaya nagpa-convert siya. Hindi matanggap ng kanyang pamilya ang kanyang naging desisyon, magpahanggang sa mga oras na iyon, maglilimang taon na.

Inantok siya. Bawal ang maglambingan. Kailangang isalba ng tao ang kanyang sarili sa tawag ng laman.

Kumapit siya sa sariling lakas upang hindi makapikit o makahilig sa balikat ni Ishmael sa kanyang tabi. Hanggang sa sumiksik siya sa dulo at inilapat ang likod sa malamig na pader. Makaraan, tumayo siya para tumingala sa langit ng Cavite at lumanghap ng hanging Oktubre.

Pinuntahan siya ni Ishmael. Bakit daw may mga bituin, tanong nito. Bakit, sagot niya; pagod na siyang mag-isip. Mga butas daw ito ng langit. Pinigilan niya ang sariling yakapin ang nobyo. Natuwa siya sa sagot nito. Natuwa siya sa sarili sa yumayabong na paggalang sa kakaibang ligaw ng isip ng nobyo. Kinimkim niya ang sagot na iyon ni Ishmael sa kanyang utak: gusto niyang maging linya ito ng tula balang-araw.

Nagpahinga sila sa dormitoryo ni Abdul. Bandang alas dos, napamulagat siya't napaunat sa paggising ng lalaki. Magluluto ito ng *suhor*, sabi nito. Ito ang katapusang pagkain bago ang ayuno sa bukang-liwayway. Kaya nang dumating ang alas kuwatro, naupo uli sila sa quarter at kumain ng *suhor* ng corned beef, canned tuna, at spicy sardines.

Mga alas singko, nagpaalam sila ni Ishmael. Binigyan siya ni Abdul ng kopya ng Koran. *The Meaning of The Holy Qur'an*, isang *Complete Translation with Selected Notes* ni 'Abdullah Yusuf 'Ali. Mula naman kay Nuh, dalawang pamphlet: *Islam: The Basis of Belief* at *20 Most Common Questions About Islam*, na sinulat ng isang Dr. Zakir Abdul Karim Naik.

Sakay ng bus pabalik ng Manila, napag-usapan nila, pabiro, na mas romantiko kung sila  na lang dalawa sa kanilang kasal. Civil wedding. Sa City Hall ng Manila. Dadalhin nila sa isang magandang restaurant sa Intramuros o sa Roxas Boulevard ang mga nahilang saksi. Pagkatapos, didiretso silang dalawa sa Enchanted Kingdom at magtititili sa mga rides. Saka na, pagkatapos ng isang taon, ang magarbong kasalan kasama ang pamilya at mga kaibigan. Isang pagpapatibay.

NANGYARI IYON, ang kanilang pagsasama, hindi bilang bunga ng pag-iisip. Kung ito ay nangangahulugan ng mga araw, mga buwan, at taon na pagtitimbang at pagbabalangkas sa magiging kahihinatnan ng desisyon. Nangyari iyon dahil magaan sa kanilang pakiramdam na iyon ang nararapat, sa mga panahong iyon.

Nang sumunod na linggo, sinuyod nila ang kahabaan ng Pedro Gil hanggang San Andres Bukid hanggang Singalong maging hanggang sa Bangkal sa Makati. May nakita sila sa isang kalye sa Angel Linao sa Paco. Isang studio type sa pangalawang palapag ng isang 3-storey na apartment. Anim na libo. Bago.

Puti ang dingding nito. Pinalitan nila ng olive green. Tatlong araw itong ginawa ni Ishmael. Mabagal siya magtrabaho dahil gusto nito iyong pulido talaga. Perpekto.

Ikinabit niya ang lumang kuwadro ng *Sunflower* ni Van Gogh. Bumili sila ng 36 inches na Panasonic TV. Anim na libo sa Raon. Nakipag-usap si Ishmael sa kabilang kuwarto at isang gabi pag-uwi niya, may koneksyon na sila ng cable. Nanonood sila na nakasandal sa mga unan sa kama.

Si Ishmael ang gumigising nang maaga para maghanda ng almusal. Maliligo na lang siya at kakain. Si Ishmael ang naghuhugas ng pinggan. Dahil guro siya't manunulat, kailangang hindi mapasma ang kanyang mga kamay. Sabay silang lalabas. Noong una, sa pagbabakasakali ni Ishmael sa mga numerong natawagan, sa mga address na nabilugan sa diyaryo. Nagpapalitan sila ng mensahe buong mag-araw. Minsan, hihintayin siya ng binata sa labas ng unibersidad pagkatapos ng klase para sabay silang uuwi. Kapag ganito, kadalasan dumadaan sila sa malapit na mall para sa grocery. Palagi, nauuna si Ishmael na umuwi para maghanda ng hapunan, para maghintay sa kanya sa gitna ng pagtsa-channel surfing.

Ang katok sa pinto ay salubong ng yakap at halik. Isang pasasalamat na nakauwi nang ligtas.

Minsan, lambing niya ang pagrereklamong pagod. At hahayaan siya ng nobyo na magpahinga habang hinahanda nito ang mesa. Ginawa rin siyang donya ni Ishmael.

May mga gabing nagtatalo sila. Magrereklamo siya sa lakas ng TV. Hindi siya makababasa, hindi

siya nakasusulat, sigaw niya. Hihinaan ito ng nobyo. Magrereklamo pa rin siya. Madaling uminit ang kanyang ulo kapag hindi niya nagagawa ang kanyang gusto. Dahil nangangalay ang kanyang leeg hanggang mga balikat at likod sa bigat ng dinadala ng utak at hindi siya makapagpokus lalo pa't mas masarap ang magpalutang-lutang sa mga imahen at ideya sa isipan kaysa dumugo sa pagkalkal ng salita sa utak at dibdib para mabuo ang mga papel sa graduate class.

May mga gabing gusto na ni Ishmael na matulog na sila ngunit ayaw pa niya. Mauna ka, isasagot niya, buti ka wala kang trabaho. Mangangatwiran ang nobyo na pagod din siya sa paglalaba, paglilinis ng bahay, pag-iisip ng mapagkakaperahan. Gusto niyang magpahinga na sila. Lalo pa kung matagal na silang hindi nakapagniniig.

Nang makahanap ito ng trabaho sa isang talyer na pagmamay-ari ng isang German sa Mandaluyong, nabigla siya sa naramdamang pagmamadali sa pag-uwi. Gusto niyang nauuna siya sa kanilang bahay. Ihahanda niya ang mesa—ang paborito nitong gulay na natong o toge at tofu na take-out sa isang karinderyang madadaanan o ang bangus belly na prito mula sa pagkababad sa toyo at kalamansi o kung anumang maituturing na *halal* mula sa na-grocery nila at nakaimbak sa ref. Hindi siya kakain: kailangang magkasalo sila. Kapag balita na ang palabas sa TV at wala pa rin ang nobyo, iti-text niya ito. I-mi-miskol kapag matagal makasagot. Kahit alam niyang nasa trapik. Kahit alam niyang maaaring naubusan ito ng load.

Dahil baka may masamang nangyari kay Ishmael. Mapapanatag lamang siya kapag tumutunog na ang cellphone nito. Kadalasan, hindi siya makuntento sa *ring* lang. Kakausapin niya ito. ***Hello, hello, 'san ka na?*** Madalas silang hindi magkakarinigan sa busina ng mga sasakyan at talak ng mga pasahero sa dyip.

Parang hinihiwa ang kanyang dibdib sa paghihintay sa pagkatok ni Ishmael. ***Ganito pala, ganito pala ang maging asawa***, litaniya ng kanyang utak.

Ganuon din si Ishmael kapag nauuna. Sa mga gabing ganito, punung-puno sila ng pangarap: isang bungalow na may hardin sa isang payapang subdivision sa labas ng Manila: sa Las Piñas o Rizal o Bulacan o Laguna o Cavite. Dalawang anak na sana lalaki at babae. Buwanang na makabibili na sila ng sasakyan tulad ng Pajero o Honda CRV at bakasyon anumang oras na libre sa Bicol o Antique o saan mang bahagi ng bansa na ipinagbubunyi ng mga patalastas.

"Magpakasal na tayo, ***ga***," sasabihin ni Ishmael pagkatapos. Magkakasundo silang dapat sa Barasanan, sa gitna ng palayan na lalatagan ng tolda at papalibutan ng mga tangkay gawa sa ligaw na mga bulaklak at damo at kakatay ng dalawang baka at sandaang manok at kukompra ng ilang kilo ng malalaking isda. Minsan, magkakasundo silang dito na lang sa Manila, tutal nandito sila. Neutral. Sa isang restaurant na lang ang resepsyon. Walang pagod sa panghihiram ng ilang dosenang pinggan at kutsara at tinidor. Maiiwasan ang anumang tsismisan at tampuhan tulad na lang sakaling

may makalimutang imbitahin. Minsan, sa tingin nila, mas mainam na sa Naga na lang. Mas makatitipid. Malaki ang bahay nina Ishmael kaya hindi na kailangang gumastos sa hotel na tutuluyan ng kanilang mga kamag-anak at kaibigan. Napakaliit ng 28 square meters na bahay nila dito sa Manila. Kahit sa pagpapatuloy ng kanyang mga kapamilya.

Isang Sabado ng gabi, pagkatapos nila maghapunan sa Robinsons Ermita, ano at nagkapakpak silang pumunta sa Chinatown sa Sta. Cruz. Sinorpresa siya ni Ishmael sa naipon nito para sa kanilang engagement ring. Kinse mil ang orihinal na presyo ng kanilang napili. Naibaba nila sa dose mil. Sabi niya sa nobyo, okey na sa kanya ang isang pares ng otso mil. Ito ang may disenyo ng tatlong butas na may maliliit na bato. Naisip kasi niya ang renta, ang grocery, ang tubig at koryente. Pero pinagbigyan niya ang binata. Pera niya ito. Ganuon si Ishmael: only the best for her. Palaging nagpapa-impress. Bumabawi. Lalo pa at gumaganda ang lagay sa trabaho: naging chief auto mechanic na ito at apatnaraang piso ang kita isang araw. May ipinapangako pa ang may-ari na isang sako ng bigas sa katapusan ng taon.

Binili ni Ishmael ang pares ng singsing na iyon, dose mil. Tatlong butas, pero makakapal at mas malalaki ang mga bato. Isinuot nila ito sa palasingsingan ng bawat isa pagdating sa bahay. Kapwa lumuluksu-lukso ang

kanilang tinig. Mas magaan nga naman ang bagsak nito sa kanilang mga daliri kaysa sa otso mil na pares.

Suot ang singsing na iyon, pakiramdam niya, sapat na si Ishmael sa kanya. Wala na siyang pangangailangan pa sa ibang lalaki. Maging sa kanyang mga kaibigan at kamag-anak. Nagustuhan niya ang damdaming iyon.

Kinikilig din siya sa pagkukuwento na sa mga panahong iyon, isang kapayapaan ang pagsusulat niya sa pangalan ng nobyo sa kanyang updated CV at sa mga papeles na may nakalinyang Person To Contact In Case of Emergency: *Ishmael Cordero Onos*.

# 18

LUMALABAS SILA tuwing Linggo. Pasyal-pasyal. Gusto ni Ishmael sa Luneta, sa Baywalk, sa CCP. Ito para sa nobyo ang Linggo. Maliban sa hindi pagmamadaling pagbangon sa umaga dahil masarap ang makasiping lamang ang isa't isa.

Paggising, magpapakulo ito ng tubig para sa kape at mag-aalmusal sila ng pan de sal na may palamang peanut butter. Nagbabasa siya ng diyaryo. Naglilinis naman ang nobyo. Ito rin ang naglalaba at naghahanda ng tanghalian. Hindi inaasa sa kanya ni Ishmael ang pagluluto ng ulam. Kinakantyawan din siya nito kapag siya ang naglalaba: napakabilis niya raw. Ganuon si Ishmael: halos isang oras kung maligo; isang oras kung ibabad sa Downy ang binanlawan bago isampay.

Nakabukas ang TV sa gusto niyang channel. Lifestyle, HBO. MTV. Magtatanghalian sila at magpapahinga. Mga bandang alas tres, mangungulit na si Ishmael na lumabas. Ayaw nito ang pakiramdan na nakakulong sa kuwarto buong mag-araw. Para raw silang mga daga sa kanilang lungga. Umuuwi sila kadalasan mga bandang alas syete ng gabi. Alas sais kung nagtitipid sila at magluluto pa ang nobyo.

ISA SA MGA hapon ng mga Linggong iyon, nagyaya si Ishmael na manood sila ng chess tournament ng mga drayber sa Luneta. Iyon ang hapon na nadaanan nila ang isang kilos-protesta sa harap ng US Embassy. Animo'y lumundag ang lahat ng poot sa mga mata at bunganga ng mga aktibistang nandoon. Mga bola ng apoy na nagpagiling-giling sa kalsada. Nahabol sila ni Ishmael at sumuot-gumapang sa buo niyang katawan at naging isang higanteng virus na kumatkat sa mga buto niya't kalamnan. Nagsitayuan ang kanyang mga buhok at balahibo at niyanig siya ng dumadagundong na lindol sa kanyang isipan: ***"Ano ang totoo, Marcelo? Ano ang totoo, Teresa?"***

Na-trapik ito sa kanyang lalamunan.

Narating nila ang Baywalk sa kanyang pananahimik. Wala na ang kulay-kahel sa papalubog na araw. Naupo sila ni Ishmael sa isang restaurant na Bob Marley ang tugtog. At nang gabing iyon, nang makauwi sila, binuksan niya ang kabibiling Toshiba laptop at

nag-dial-up para mag-sign in sa Friendster na kipkip ang pananalig sa ***basi pa lang***. Baka pa lang.

May mga Linggo rin na pinag-aawayan nila ang paglabas-labas. Nakatatamad, katwiran niya, nasa labas na sila mula Lunes hanggang Sabado. Saka nababaduyan siya sa kanilang pamamasyal sa Luneta at Baywalk at CCP.

Lumabas din ang pagiging seloso ni Ishmael. Ayaw nitong nakikipagkita siya sa mga kaklase sa kolehiyo. Lalo na nang matapos niya ang kanyang master's degree at na-promote siya bilang assistant professor. Naroon si Ishmael sa kanyang book launch. Naiinggit daw sa kanya ang kanyang mga kaklase at kababata. Mabuti lang daw ang mga iyon hanggat nasa taas pa siya. Pero hihilahin daw siya ng mga ito pababa. Natutuwa lamang daw ang isang tao sa tagumpay ng kanyang kapwa kung siya rin mismo ay isang matagumpay na tao. Gayunman, tunay daw na masaya ang nobyo para sa kanya. Dahil isa siyang mabuting tao, dahil tinanggap niya siya't pinagkakatiwalaan. Kaya handa raw itong itaya ang buhay para sa kanya. Siya nga raw ang tumatanggap ng mga kamalasan na dapat sa kanya mapupunta. Okey lang daw iyon, tatanggapin niya lahat. Susundan ito ni Ishmael ng paghihirit ng "when two become one" ng Spice Girls. Kanta para sa kanya ng nobyo ang "You Made Me Feel Brand New."

LINGGO RIN nang bumisita si Bongbong.

Nang Miyerkules na iyon, naglalakad siya palabas sa klase, bandang tanghali, nang matanggap ang tawag nito. Nakuha ng pinsan ang kanyang numero sa isa nilang kababayan sa Laguna. Nasa PT&T siya, balita ni Bongbong, mensahero. Gusto nitong makipagkita. *Long time no see*, sabi nito. Hiningi nito ang kanyang address; nagmamayabang na matutunton saan man ito sa Manila.

"Bibisita si Bongbong, sa Linggo," banggit niya kay Ishmael. Nakahiga sila. Patay na ang ilaw at liwanag mula sa bintanang jalousies ang gumagapang sa kumot. Sa mga panahong ito, nagtatrabaho na si Ishmael sa isang kompanya sa Alabang. Katatapos lang nitong magreklamo na pasado alas singko na, ayaw pa rin silang pauwiin. Walang overtime pay. Naging isa nang sirang plaka ang linya nito na "Hinding-hindi nila makukuha ang pagkatao ko."

Espesyal ang inihandang tanghalian ni Ishmael nang Linggong iyon. Tinolang manok at pinakbet na walang pork cubes. Nainip sila sa paghihintay kay Bongbong. Bad trip na si Ishmael bago pa man nito makilala si Bongbong.

Lampas alas dos nang dumating ang kanyang pinsan. Naka-motorsiklo. Ito ang service niya, sabi ni Bongbong, pagmamay-ari ng kompanya.

Nabunggo si Bongbong sa wind chime na nakakabit sa pinto nang pagbuksan niya. Naka-maong na pantalon ito, naka-kamiseta na may kuwelyo.

"Guwapo pa rin, a," bati niya, sabay tapik sa tagiliran nito. Kumakawas ang kanyang ngiti.

"Syempre. Ikaw ***gani***, e, naku, dalagang-dalaga na. Ibang-iba ka na *gid*."

Nagtatanong ang mga mata ng pinsan nang mapansin si Ishmael na naglalagay ng tubig mula sa pitsel sa isang baso. Iniabot niya ito kay Bongbong.

"Si Ishmael," pakilala niya.

Nagkamayan ang dalawa. Kaagad naninimbang sa isa't isa.

Naupo si Bongbong. Hininaan ni Ishmael ang volyum ng TV.

Pinaghain niya ng kanin ang pinsan, isang mangkok ng tinola, isang platito ng pinakbet.

Sa Project 6 sila nakatira, kuwento ni Bongbong. Isang dekada na raw sila sa Manila pero wala pa ring asenso. Kahit matagal na siyang permanente sa trabaho at nagsa-sideline bilang charcoal painter. May palaisdaan daw sina Lucy sa Saranggani. Baka suwertehin sila, lalo na't walang problema ang tubig doon. Hindi tulad sa Barasanan. Sakali raw magkakapital, gusto niyang magtayo ng printing shop: pagpiprenta ng T-shirt, ng tarpaulin. Gusto niya rin ipagpatuloy ang kanyang pagpipinta.

"Saan nga banda ang Saranggani?" Hindi niya ito matumbok sa mapa ng Pilipinas.

"Malapit sa Davao," sagot ni Bongbong.

"Malayo pa 'yun," sabat ni Ishmael. "Malapit sa GenSan, kamo."

"Saan banda sa Iligan at Cagayan? O Butuan?" awat niya.

"Malayo," si Ishmael pa rin. "Nasa kabila. Nasa tuktok ng mapa."

"Malapit din sa Cotabato, 'ata," sabi ni Bongbong.

"Oo," sagot ni Ishmael.

"Bisaya ka *bay*?"

"Muslim. Na Bicolano. Laking GenSan."

Tumangu-tango si Bongbong. Napatingin sa kanya, na kung puwede lang, hihilahin siya nito sa isang gilid para sa isang interogasyon. Dahil sa salitang ***Muslim***, maliban sa "kelan ka pa nag-asawa?" Nagkibit-balikat siya.

Sumubo si Bongbong. Sunud-sunod. Binaling naman niya ang atensyon sa TV. Nagtsa-channel surfing si Ishmael. Hindi niya ito pinakialaman.

Nag-Kinaray-a si Bongbong. Sa kanyang mga biyahe raw sa labas ng Manila, na kadalasan sa Cavite-Laguna-Batangas, tuwing pumapasok siya sa mga karinderya, napapansin nito na parang langaw na nagsusulputan ang mga tao. Kaya raw palagi niyang pinipili 'yung mga karinderya na kakaunti lang ang mga customer. Para makatulong. Kaya nga raw, nasasabik na siyang makauwi silang mag-asawa sa Saranggani para masubukan ang suwerte niya roon sa negosyo.

"Bakit sa Saranggani pa?" tanong niya. "Puwede naman dito sa Manila, mas mabilis ang pera."

"Mabilis din maubos."

Saka nagkakasakit si Lucy. Kaya pinatigil niya ito sa trabaho. Isa itong security, pang-gabi. Napansin daw ni

Bongbong ang animo'y magnet niyang ito sa paghatak ng customer simula nang makahuli siya ng isang gagamba. Noong napadpad siya sa Liliw, Batangas. Kulay ginto raw ang gagambang ito, matingkad na ginto, at napakalusog—isang reyna. Binalot niya ito sa kanyang panyo at itinago sa bulsa ng pantalon. Hindi itong pantalon na suot niya, sa isang pantalon, ang luma niyang *Jag*. Pinagkaingat-ingatan niya ito. Hindi raw siya kinokontra ni Lucy tungkol sa paniniwala niyang ito, pero hindi rin pinaniniwalaan. Natatandaan pa ba raw niya ang mga kuwento ng kanyang Nanay Fely tungkol sa pagiging *busalian* at *maaram* ng kanilang mga ninuno?

Oo naman, sagot niya, naikuwento nga niya kay Ishmael.

Napatingin sa kanila si Ishmael. Alam niya na naiinis ito sa kanila ng pinsan dahil bagama't nasusundan nito ang kuwentuhan nila ni Bongbong, hindi siya kasali rito, at ngayon, nababanggit siya.

May balita ka ba kay Nanay mo? tanong ni Bongbong, kaiinom lang ng tubig. Naubos nito ang pagkain.

Inilabas niya sa ref ang isang hiwa ng Black Forest, Goldilocks.

Wow, sabi ni Bongbong. Nahuli niyang umismid si Ishmael—"para cake lang e"—basa niya sa lukot ng mukha nito.

Buhay daw si Teresa. Nasa Mindanao. Hindi niya lang sigurado kung sa Bukidnon o sa Davao. Nakalaya raw ito, matagal na. May nagsasabi na binigyan ito ng

sampung hektarya ng lupain sa Bukidnon para hindi na maging NPA. May nagsasabi rin na kasali ito sa isang welgang ginawa ng DOLE sa Davao at bagama't naging matagumpay ito, nasiraan ng bait ang ina.

Kanino mo naman nalaman, usisa niya.

Matagal na raw, sa binyag ng anak ng isa nilang kababaryo sa Bulacan. Ito raw kasi ang sabi-sabi noon. Basta, ang malinaw, buhay si Teresa at nakalaya ito.

Hindi nagtagal si Bongbong. Linggo lang din daw ang pahinga niya, saka nag-aasikaso na sila ng kanilang paglipat.

Nagpaalam ito kay Ishmael. Muli silang nagkamayan, at nagtapikan sa balikat.

Inihatid niya si Bongbong hanggang sa tarangkahan. Sigurado na ba raw siya d'yan, tukoy nito kay Ishmael. Kasal na ba raw sila? Paano 'yan, e, Muslim.

Babaylan nga tayo, e, sagot niya, nakatawa.

Natawa na rin ito, pailing-iling.

Bahala ka, sabi nito, malaki ka na. Buhay mo naman iyan.

Oo, sagot niya, kaya ko ang sarili ko.

Pagbalik, naghuhugas si Ishmael ng pinagkainan ni Bongbong. "Hambog ng pinsan mo," simula nito.

Hindi niya ito pinansin. Inilipat niya ang TV sa Lifestyle Channel. "Kung totoong buhay si Teresa, ba't di siya bumalik sa Antique? Ba't di niya ako hinanap?" Bulalas niya, nakasalampak sa kama.

Umiling-iling ang nobyo. "Writer ka nga pero marami ka pang dapat malaman."

Napaismid siya, nalalabuan. "Ba't ba galit ka sa lahat ng tao, ha," hindi niya napigilan ang sarili. "Siya na nga lang ang kamag-anak kong maipakilala sa'yo, kontra ka pa."

"Hindi mo pa rin ako naiintindihan."

"Ano'ng kinalaman nun?

Lumabas si Ishmael sa terrace. Sinipa nito ang dustpan at walis tingting doon.

Nang gabing iyon, natulog sila na nakatalikod sa isa't isa, kanya-kanyang kipkip ng unan, sa kanya-kanyang gilid ng kama.

Hindi sila nagkibuan hanggang umaga. Nauna pa rin itong nagising, nagluto, naligo ng halos isang oras, kumain, nagbihis, at umalis para pumasok sa trabaho.

Nang hapong iyon, nag-miskol ito; nag-i-internet siya sa departamento pagkatapos ng huling klase. Balak niya magpagabi. May konsyerto ang isang sikat na banda sa campus. *Ga, wer u? D2 nko bhay. Uwi kna. Mwuuah*. Text nito.

Naroon si Ishmael pag-uwi niya, sa bungad ng tarangkahan, nakaupo, naninigarilyo. Umakyat sila na walang imikan, diretso sa kanilang kuwarto. Habang naghuhubad siya para magpalit sa pantulog, niyakap siya nito at hinalikan sa batok.

Iyon lamang at muli silang naging okey.

Para muling mag-away.

# 19

NANGYARI SA olive green na kuwartong iyon ang una nilang paghihiwalay. Pinagbuksan niya si Ishmael ng pinto isang gabi na yugyog ang mga balikat sa bigat ng knapsack at sa bitbit na pulang tool box.

Nag-resign ito, bago pa man masisante. Pakialamero raw kasi ang mga kasamahan, mga engot naman. Natataranta tuloy siya. Nagreklamo ang may-ari ng Revo na inayos niya.

Ipinaghain niya ito ng mainit na kanin. Gulay ang ulam, take-out mula karinderya.

Natulog silang nakatalikod sa isa't isa. Nang idinantay niya ang kamay sa puson nito, winalis ito ng nobyo. "Ano ba," sabi nito, "pagod ako." Kinamot pa rin niya ang likod nito, dahan-dahan. "Okey lang 'yon," sabi niya.

Kinaumagahan, pupungas-pungas siyang bumangon. Hindi niya narinig ang tunog ng orasan. Alas siyete na at 8:10 ang una niyang klase. "Linti," mura niya habang pinagmamasdan si Ishmael sa pagkatulog. Nakabuka ang bunganga, naghihilik.

Naligo siya, nagsepilyo, uminom ng isang basong tubig, at nagbihis. Halos lumipad siya palabas, sa pangingilid sa mga tindahan, sa pagtawid sa kalsada, sa pagsakay sa dyip.

Limang minuto siyang nahuli sa klase nang umagang iyon.

Nakahiga si Ishmael nang dumating siya kinagabihan. Bukas ang TV, malakas. Nang lumabas siya sa kusina, walang laman ang rice cooker, walang naluto na ulam sa ref. Malutong na "Linti" at "Yudiputa" ang kanyang mura.

"Ano'ng sabi mo? Ulitin mo nga, ano'ng sinabi mo," sagot ni Ishmael.

"Linti."

Bumangon ito at sinipa siya. Hindi siya nakailag. Malakas iyon at animo'y nilumpo siya ng sakit. Nanginginig siya sa pagkabuwal hanggang mapakapit sa gilid ng mesang kainan. Pagapang niyang dinampot ang remote control at inihagis sa bukas na TV. Nabasag ito. Nahulog maging ang nakakuwadro nilang larawan sa itaas ng TV, nabali ang pantukod. Itinuon niya ang tingin sa *Sunflower* ni Van Gogh, kuyom ang mga kamao.

Nang mga oras na iyon, alam niyang nabasa ni Ishmael ang nadiskubre niya sa sarili: may kakayahan

siyang maging bayolente; marahas din pala siya. Kaya nasiguro niya na katahimikan ang igaganti ng nobyo, habang nakadagan sa mga unan, pinapahupa ang sariling galit at takot at pagkabigla.

Ganuon pala iyon. Habang namimilipit siya sa sakit sa sahig, katabi ang mga bubog ng iskrin ng TV at mga pingas ng kuwadro, hindi awa sa sarili ang lumukob sa kanya: panginginig sa bilis at epekto ng insidente, higit sa lahat, sa hiyang dala nito: ***Hindi ko ito ikukuwento sa mga kaibigan***, kagat ng mga linya sa kanyang utak.

GANUON LUMAWAK ang agwat sa pagitan nila ni Ishmael. Ganuon lumalim ang katahimikang pinanahanan ng balisa. Noon nagsimulang nanuot sa kanyang bokabularyo ang ***irreconcilable differences***. Aries si Ishmael, isa naman siyang Capricorn. Ayon sa ***www.astrology.com*** gayundin sa ***www.horoscope.com,*** hindi sila magkasundo.

Ganuon pala iyon. Kapag walang pera, madaling uminit ang ulo ng isang tao. Kaya ang mga balita ng pagpapatiwakal dahil nawalan ng trabaho o ang mga iskandalo ng pag-akyat sa tuktok ng billboard o tulay para magpakamatay. Ganuon pala iyon. Kapag natutulog ang isang tao, lalo na ang isang lalaki—kahit pa iyon na lamang ang ginagawa sa buong mag-araw simula nang mawalan ng trabaho—kailangang huwag istorbohin o pagdamutan ng oras sa pag-iisip, kung hindi man pamamahinga rito.

MULI SIYANG sinipa ni Ishmael isang Sabado ng umaga. Lampas alas nuebe na, hindi pa rin ito bumabangon. Nakapagsaing na siya at nakapagprito ng tilapia at itlog sa kamatis. Alam niyang gising na ito kaya sinipa niya ang kama para bumangon na ito't makapag-almusal sila. Kumakawas na sa basket ang maruruming labahin at trabaho nito ang paglalaba pati ng kanyang undies—tulad ng ginagawa nito noong naghahanap pa lang ito ng trabaho at kahit nagtatrabaho na, dahil dapat prinsesa siya nito tulad na donya ng ama nitong si Saber ang inang si Gloria. Lalo na sa panahong ito na walang maiabot na amot ang binata para sa renta at grocery.

Gumanti siya. Iyon at bumangon ito at naabot ng sampal nito ang kanyang mukha. Nasipa niya pa uli ito, sa bayag, bago siya nakatakbong palabas—duguan ang bunganga at namimingi. Pakiramdam niya, isa siyang padyak na binangga ng bus. Ginawa niyang pamunas ang kanyang T-shirt. Nasa ganuon siyang anyo nang hinanap niya ang barangay hall at nagsumbong. Natakot siyang bumalik sa kanilang apartment.

Tinanong siya ng Kapitan kung balak niyang maghain ng kaso. Natakot siya. Ayaw niyang tumawag ng pulis. Ayaw niyang umabot sa ganuon, iyong may darating na mga pulis na may warrant of arrest at mabibilanggo si Ishmael at magkakaroon ng kaso. Siguradong ipipiyansya ito ng mga magulang; ayaw

niyang masaktan sina Gloria at Saber at Yami. Hindi na kailangang umabot sa Naga hanggang sa Canada ang nangyari.

Nanginig siya sa iskandalong madudulot nito sa kanya. Kapag magkakaso, sino ang dadalo sa kanya? Hihingi siya ng tulong kay Gov. Isabel Lopez-Chan? Hindi.

Para may record, kung gusto niya, ipa-blotter na lang, suhestyon ng Kapitan. Pumayag siya. Gusto kong umalis siya sa bahay, pagsusumbong niya. Bahala siya, sa isip niya. Kailangan niya makabalik doon, na ligtas; may trabaho siya sa Lunes. Kaya hiningi niyang samahan siya, alalayan ng mga Tanod.

Pumayag ang Kapitan. Tumawag ito ng mga Tanod. Apat ang dumating, may mga dalang batuta. Pakikiusapan daw na umalis si Ishmael, at sisiguraduhing hindi siya babalikan at sasaktan.

Oo, sagot niya. Pakikiusapan. Inaasahan niyang magmamatigas si Ishmael, ngunit buo na ang loob niya na palayasin ito.

Umakyat siya, kasunod ang mga Tanod. Nakaupo sa gilid ng kama si Ishmael. Tumigil siya sa pinto. Naalala niya ang mga eksena sa pelikula. Baka bigla na lang siyang hablutin ng binata at gawing hostage. Kaya ang tayo niya, iyong handang kumaripas pababa.

Magbalot na siya, sabi niya, malumanay.

Tiningnan siya ni Ishmael, tinitimbang kung seryoso siya. Hindi naniniwala ang mga mata nito.

Inulit niya ang pakiusap. Ngayon din, dugtong niya.

Hindi pa rin ito sumasagot. Nag-iisip, naninimbang.

Hinaplos niya ang mukha. Walang salamin ngunit nakakapa niya ang natutuyong dugo sa kanyang mga labi, ramdam ang kirot—ang tuyong dugo sa kanyang T-shirt; ang magulo niyang buhok, at ang gutom na nagpapahina sa kanya na gusto na niyang makaalis si Ishmael para makapagpahinga na siya.

May mga Tanod sa ibaba, sabi niya. Tatawag na siya ng pulis sakaling magmatigas pa ito.

Iyon at tumayo si Ishmael, kuyom ang mga kamao, nangangalit ang bagang, nagmumura habang pabalik-balik sa kabuuan ng sala.

Nanatili siyang nakatayo sa pinto. Makaraan, binuksan ni Ishmael ang walk-in cabinet at kinuha doon ang mga damit na naka-hanger. Ipinasok niya ito sa kanyang may kalakihang knapsack. Inilagay nito sa paper bag ang kanyang bughaw na tsinelas. Kinuha nito mula sa ilalim ng bookshelf ang kanyang tool box. Nagpalit ito ng T-shirt, nagpantalon, nagsuot ng medyas at rubber shoes na Nike.

Babalikan niya lang daw ang kanyang tool box, baling sa kanya. Mabigat, e. Palabas, umakma itong hahalik sa kanya ngunit mabilis siyang nakailag.

Pumasok siya sa kuwarto. Iyon at narinig niya ang kalabog ng tarangkahan at ang mabibilis na takbuhan at habulan.

Tumakbo siya pababa, bumuntot, sumigaw na ***huuuwaaaag***. Muntik nang mahabol si Ishmael ng batuta ng isang Tanod. Hanggang sa nakita niya itong nakatayo sa kabila ng kalsada, yugyog ang mga balikat

hindi lamang sa knapsack at bitbit na supot laman ang kanyang tsinelas, kundi sa di-pagkapaniwala sa mabilis na pangyayari. Hanggang sa mga naging ulo at leeg na lamang ng mga pasahero sa dyip ang mga anyo na nakikita niya sa kalsada ng Paco nang umagang iyon. *Wala na ang kanyang si Ishmael.*

KUNG PUWEDE, magkita raw sila, text ni Ishmael nang sumunod na araw, bandang alas dos ng hapon. Nag-aayos siya ng mga libro. Wala nang TV. Hindi rin siya makapokus sa pagbabasa.

Pinapakiusap ng binata na dalhin niya ang naiwan nitong gamit sa 7-Eleven sa kanto. Iyong isang plastic bag na sky blue ng Hello Kitty na nabili nila sa Divisoria. At ang kanyang tool box.

May naiwang pangingitim, kasama ang natitirang kurot, sa kanyang kaliwang pisngi.

Bandang alas dos, binuhat-hila niya pababa ang plastic bag ni Ishmael at tool box nito na halos nagpabugbog sa kanyang braso. Binuhat-hila niya ang plastic bag pababa ng hagdan, patawid sa kalye daan ang bakery, ang mga parlor, at computer shops hanggang sa gilid ng 7-Eleven sa bungad ng kalsada.

Nandoon na si Ishmael nakatayo. Malinis ang anyo. Ngunit isang araw pa lang, tila bigla nabawasan ito ng ilang kilo. Malalim ang mga mata nito, nangulubot ang mukha.

Natakot siyang masaling man lamang ito. Naroon pa rin ang kaba na baka bigla na lang nito dakmain ang kanyang kamay, hila ang braso, at i-hostage siya. Nilabanan niya ang pangambang ito. Pinaniwala niya ang sarili na hinding-hindi ito gagawin sa kanya ni Ishmael.

Nanunuot ang tingin ng binata, walang pagmamakaawa. Ang naroon ay isang  panghihinayang. Isang buntunghininga. Isang dighay.

Tumalikod siya. Umakma itong hahalik. Muli, mabilis siyang nakailag. Kailangan niyang magmatigas, maging malupit. Ingat, sabi niya, saka lumakad. Dire-diretso. Pumasok siya sa isang parlor at nagpamanicure.

# 20

PININDOT NIYA ang door bell ng isang pulang gate na bakal sa kahabaan ng Singalong. Nakasabit rito ang **Studio for Rent. Inquire Inside**. Pinagbuksan siya ng isang matabang dalaga, naka-pony tail ang mahabang buhok.

Sinabihan siya ng babae na maghintay sa itaas. Pag-akyat, sinalubong siya ng isang sala. Anim na kuwarto ang pinauupahan. Bonsai ang nakapatong sa center table at malulusog ang mga dahon ng isang paso ng crotons sa sulok ng mapusyaw na dilaw na pader. Nakasabit ang may kalakihang kuwadro ng papalubog na araw sa dingding. Sa gilid, isa uling palikong hagdan na bakal diretso sa rooftop na nagsisilbing sampayan.

₱5800 ang renta. One-month advance, one-month deposit. Maaaring makalipat na kaagad.

Lumipat siya sa studio na ito pagkalipas ng dalawang araw.

WALA PANG isang buwan, tinanggap niya si Ishmael sa kuwartong ito. Bago iyon, ilang araw itong text nang text. Sinasagot niya. Naiisip niya na tulad ng sipaang nangyari sa kanila, maitutulak ng desperasyon ang tao sa pagpapakamatay, kung hindi man sa mas bayolente o karumal-dumal na aksyon sa sarili nito o kapwa. Pinili niyang maging positibo. *Kaya mo 'yan*, sagot niya palagi sa mga hinaing ng binata.

Sabado ng hapong iyon, gusto ni Ishmael na makipagkita. May trabaho na raw siya. Sa Cubao, sa isang shop na Dutch ang may-ari. Nakabili na nga siya ng bagong cellphone. May music, may camera. Gusto niya itong ipakita sa kanya. Gusto niyang ilibre siya.

Naghapunan sila sa isang Japanese restaurant sa loob ng mall. Noon pa man, kapwa na nila gusto ang California maki at sushi at seafood noodles. Kuwento ni Ishmael na sa shop na pinagtatrabahuhan siya tumutuloy, sa pangalawang palapag nito. Kasama niya roon ang isa pang empleyado. Sa kabilang kuwarto raw, doon tumutuloy ang kanilang sekretarya. Type raw siya nito. Tinutukso sila. Ayaw niya. Minsan daw, noong suweldo niya sa unang linggo, nag-inuman sila ng babaeng ito. Nalasing siya. Nakipaghalikan daw siya rito. Pero hanggang doon lang daw. Hindi talaga niya kaya. Siya pa rin. Iba ka, sabi ng binata, paulit-ulit.

Nagsine sila. "Love Actually." Nagsubuan sila ng French fries, kumagat sa iisang double cheeseburger, at uminom sa iisang large Coke.

Kinabukasan, pumunta sila ng Quiapo. Bumili si Ishmael ng screwdriver na iba't ibang laki. Nag-canvass din ito ng iba't ibang tubo. Ng electric at manual na ice crusher. Pinapangarap na nitong magnegosyo. Maganda 'yun, sabi niya, puwedeng magsimula sa kariton ng buko, halimbawa, o ng barbecue o siopao at siomai o kahit ng hilaw na mangga.

Ayaw ni Ishmael ng ganuon. Sobra naman daw siya, wala talagang bilib.

Ano'ng masama roon, sabi niya. Dapat magsimula sa maliit. Sa makakayanan pa lang ng kapital. Pagbutihan nang makasabak sa mas malaking negosyo. Sa maliit nagsimula ang mga katulad nina Lucio Tan at Henry Sy.

Mangarap lang naman daw, dapat big-time na. Puwede ba raw huwag na siyang kumontra, sumuporta na lang.

Hindi na siya umimik. Nang hapong iyon, sa ingay ng mga kalye sa Quiapo, umalingawgaw sa kanya ang palaging sinasabi sa kanya ni Ishmael: "Writer ka nga, pero hindi mo pa rin ako naiintindihan." Naisip niya na siguro nga, ganito ang maging babae: isang inspirasyon, higit kaysa kritiko. Sa maraming beses, hindi rin siya maingat sa kanyang mga salita, lalo na sa mga malupit at mapaghusgang salita tungkol sa binata, na nararapat lamang, sulsihan niya ang napunit sa kanilang pagitan. Gayunman, paano hindi kumontra, paano maging matibay na sandalan kung kulang sa bilib sa kakayahan ng minamahal? Paano kung naroon na, hindi lamang bilang posibilidad kundi isang

katotohanan, ang panganib na maaari nilang mapatay ang isa't isa?

Nag-grocery sila. Magluto para makatipid. Doon na sa bahay maghapunan.

Pagpasok, kaagad sinuri ni Ishmael ang doorknob, ang tubo sa banyo, ang bintana, ang mga outlet ng koryente. At muli nitong inangkin ang pagluluto: chicken adobo.

"Bili ka ng TV," sabi nito habang kumakain sila.

"Ayaw ko nga."

"Bilhan kita."

"Ayaw ko, hindi ko kailangan. May laptop. May internet."

"Hindi mo man lang ako tinuruan."

Napatigil si Sadyah sa sinabing ito ni Ishmael. Oo nga, hindi man lang nito pinakialaman ang kanyang laptop. Kapag nagtatrabaho siya noon at nag-i-internet, hindi ito sumasabad. "Gawa tayo ng email mo," sabi niya.

"Pagbalik ko."

"Hmm, may balak ka atang bumalik-balik dito."

Natawa si Ishmael. "Ayaw mo na ba talaga sa akin?"

"Hay naku."

"Magkano ang sangla mo?"

Kumunot ang kanyang noo. Hanggang sa malinawan siya na *ang singsing*.

"D'yan sa cabinet."

Nagkuwento si Ishmael na sa Luneta ito natulog noong pinalayas niya. May mga mababait naman

daw, lalo na ang mga nagpi-piknik doon. Nakikain ito, iyong kanilang mga tira. Ganuon din ang ginawa nito sa Baywalk. Uupo ito malapit sa mga magpamilyang nagpi-piknik doon sa hatinggabi. Kinaumagahan, sa banyo na pinapaliguan ng mga nagro-rowing sa Manila Bay malapit sa CCP ito naliligo. Noong una, dinaan nito sa kuwentuhan ang guwardiya. Noong sumunod, nagbayad na siya, limang piso kada ligo. Nilakad nito ang mga inaplayan niyang trabaho. Ni hindi raw sumagi sa isip nito na isangla ang singsing. Ni hindi nagbalak na magpakupkop sa mga kamag-anak sa Taguig.

Sinalang ni Sadyah sa laptop ang nabili nilang CD ng Beatles. *All You Need Is Love*.

Nagsayaw sila. Magkayakap. Hinalikan siya ng binata sa noo, ang mga daliri nito nagsusuklay sa kanyang lampas balikat na buhok.

Salampak sa kama, pinakita sa kanya ng binata ang Gallery ng bago nitong cellphone. Ang langit sa Manila Bay, ang Makati skyline.

Pinaghatian nila ang earphone sa mga na-download nitong musika sa cellphone. Si Ishmael ang nag-update sa kanya sa mga usong kanta tulad na lang ng kina Usher at Eminem; sa mga banda tulad ng Moonstar 88 at Hale at kung sino si Avril Lavigne.

"Puwede ka ring mag-internet dito," sabi niya.

"Sige, gawan mo 'ko ng email para ma-email din kita. Matagal na nga akong hindi nakibalita sa bahay. Pero tatawag na ako ngayong Linggo. Itatanong ko rin ang email ni Yami."

Sinadya niyang huwag banggitin kay Ishmael ang Friendster at hindi ito ipakita. Alam niyang kasakiman ito ngunit hindi niya nagustuhan ang dumaang kurot sa kanyang dibdib sa pag-isip na sakaling madiskubre rin ito ng binata, malululong din ito at makikipag-chat at makikipag-eyeball.

"Ingat ka," sabi niya. Hindi matapus-tapos ang kanilang halikan sa pinto.

Binalikan niya ang ilang tula sa ***Alipato*** ni Benilda Santos, sa ***Bago ang Babae*** ni Rebecca Añonuevo, at ang "Tonight I Can Write The Saddest Line" ni Pablo Neruda. Nagbukas siya ng email, sumagot; nagbasa ng blog ng ilang kaibigang manunulat, hanggang sa tiniklop niya ang mga libro, pinatay ang laptop at isiniping ang cellphone—naglaro ng Space Mahjong.

Nakatulog lamang siya nang matanggap na niya ang text ni Ishmael na *Ga d2 nko. Gudnyt. Ingat ka plgi. Mwuaaah.*

PUMASOK SIYA sa klase, nagbabad sa internet, dumalo sa mga miting at pagtitipon sa loob at labas ng unibersidad pagkalipas ng maraming araw na walang text na natanggap mula kay Ishmael. Wala rin siyang pinadala.

Hanggang isang gabi, nagsesepilyo siya, tumawag ito. Nasa Baywalk daw siya. Ilang araw nang natutulog doon. Wala na namang trabaho. Nag-resign uli bago pa man masisante. Malakas daw talaga ang tama sa kanya ng kanilang sekretarya. Nang iniwasan na niya ito,

kung anu-ano ang pinagsasabi nito sa mga kasamahan. Mahirap na daw baka isang araw makasuhan na lang siya ng rape o mapikot. Bulung-bulungan din kasi ng mga kasamahan na babae rin ito ng kanilang bosing, na Pinay ang asawa at malalaki na ang dalawang anak.

Ayaw nitong umuwi sa Naga. Marami na raw siyang utang sa kanilang bahay. Hiyang-hiya na siya. Gusto niyang makipagkita. Samahan niya lang daw siya. Kahit sandali lang. Gusto lang naman daw niyang may makausap. Kahit ano raw sabihin niya, mumurahin man niya siya, okey lang, dahil totoo raw naman palagi ang mga pinagsasabi niya.

Nag-jacket siya palabas. Isang sakay ng dyip patungong Taft-Vito Cruz, tawid ng kalsada hanggang sa sakayan ng dyip patungong CCP para sa ilang metrong lakad papuntang Baywalk.

Nakaupo si Ishmael sa bangko kaharap ang dagat, katabi ang kanyang knapsack, may kalayuan sa mga restaurant. Narinig niya ang pamilyar nitong linya, sa kuyom na kamao at nagiginginig na panga ng binata: *Hinding-hindi nila makukuha ang pagkatao ko*.

At ang bagong istorya: Tatlong gabi na itong nakikitulog sa isang matandang babae na may puwesto sa kahabaan ng lansangang ito, doon banda sa Pedro Gil. Doon niya iniwan ang kanyang Hello Kitty na bag at tool box. Okey naman daw, hindi pa naman nawawala o nababawasan. Kuwento ni Ishmael na simula nang gabing sumampa siya uli rito, nadiskubre niya ang grupo ng kabataang lalaki na nagpapakuha ng dugo sa PGH.

₱500 ang bayad. Pero ayaw niya talaga. Kailangan niya ng lakas. *Hinding-hindi nila makukuha ang pagkatao ko*, paulit-ulit niyang sabi. Para sa kanya, siya rin ang bida sa pelikula ng kanyang buhay. Mananalo't mananalo siya sa mga pagsubok na ito.

"Salamat," sabi nito, "pinagtitiyagaan mo pa rin ako. Makababawi rin ako sa'yo."

Patuloy pa nito, huwag daw siyang mag-atubili na hingan siya ng tulong. Handa siyang magpakamatay para sa kanya. *Mujahid sa ngalan ng pag-ibig.*

Nagbibihis kanina, napagdesisyunan ni Sadyah na makinig, makinig lamang kay Ishmael. Huwag manghusga. Huwag magsermon. Huwag mangaral.

Inakbayan niya ang binata. Ginulu-gulo niya ang buhok nito at minasahe ang ulo. Hanggang noo, pabalik sa ulo, pababa sa batok. Ang totoo, gusto niya itong yakapin. Iyong yakap na nasasakop niya ang kabuuan ng tangkad nito't timbang. Iyong yakap na magpapabalik sa anak sa sinapupunan ng kanyang ina. Upang iluwal uli na isang bagong tao.

Pero hindi niya ito ginawa. Kinabahan siya na kapag ginawa niya ito sa gabing iyon, baka iyon na ang huli nilang pagkikita.

Habang nakaupo, kaharap ang repleksyon ng mga ilaw ng koryente sa tubig, pinikit nila ang kanilang mga mata at pinagtagpo ang kanilang mga daliri, tulad noong magkatabi sila at kaharap nila ang makakapal na kaputiang lumulukob sa Bulkang Mayon hanggang sa himpapawid ng Cagsawa.

Hinatid siya ng binata sa kalyeng dinadaanan ng dyip at sinamahan sa pag-aabang. Nang makasakay na, itinuon ni Sadyah ang pansin sa mga poste ng ilaw. Pagdating sa kanyang kuwarto, sinalubong siya ng kahungkagan ng pag-iisa. Nakikita niya ang mga nakatira sa mga kabilang kuwarto pero hindi sila magkakilala. Dahil hindi rin sila nagbabatian.

Kumuha siya ng tubig sa ref at napansin niya ang ilang araw nang corned beef sa tupperware. Kahit hindi panis, kadalasan, tinatapon na niya, lalo pa kung wala na siyang ganang kainin ito.

Iyon at nagdesisyon siyang i-text si Ishmael, na welcome siya kung gusto nitong matulog, maligo, at uminom ng kape.

Natulog siya na kalahating bahagi lamang ng kama ang inukopa.

MADALING ARAW, kumatok nga si Ishmael. Walang yakapan. Diretso nitong ibinaba ang knapsack, ang tool box, ang Hello Kitty na plastic bag. Bumalik si Sadyah sa pagkahiga. Dumiretso ang binata sa banyo, sa kanyang istandard na 45 minutong paliligo.

Pumasok siya sa luto ng binata. Umuwi siya sa paglilinis nito, pag-aayos, paglalaba, at pagluluto. Muling nangamoy ang sinabawang isda at dahon ng kamote sa kanyang electric stove, ang chicken adobo, ang piniritong isda.

Para mangyari ang panibagong pagpunit na nagselyo sa balak niyang pag-uwi sa Antique.

Biyernes ng gabi iyon, galing siya sa book launch ng isang kilalang makata sa Greenbelt 3.

Papasok ng taxi, may kung ano siyang nasiko sa pintuan na nagpangalay sa kanyang braso at nagpadugo sa kanyang hintuturo. Kinagat niya ito at sinipsip ang dugo na may tambol sa dibdib. Kinapa niya ang bulak sa bulsa ng pantalon. Tinawag niya ang kanyang mga ninuno na ilayo siya sa anumang aksidente.

Pagdating, naglalaro ng baraha sa kama si Ishmael. Nagbibihis siya nang magsalita ang binata na may ipagtatapat ito.

"Ano 'yun?"

"Basta huwag kang magalit, ha."

"Depende." Kinabahan siya. Binalangkas niya sa isip kung ano na naman ito: may makaaway, may ginawang krimen? Lumalabas ito para maghanap ng trabaho. Hindi ni minsan humingi ito ng pamasahe.

Pinalapit siya ni Ishmael."Ga, kinuha ko ang pera mo."

Natulala si Sadyah. May kinse mil siyang nakatago sa may kalakihang jewelry box na kahoy sa cabinet. Sa ilalim ng patong ng tatlong malong. "Yudiputa."

"Babayaran ko naman."

"Bakit?"

"Tinaya ko sa lotto, saka sa bingo."

"Ba't mo inubos? Alam mo namang talunan ka d'yan. Game of chance 'yan, e."

"Gusto ko lang naman magkapera. Nanalo kasi ako ng limang daan noong isang araw kaya gusto ko lang naman sanang sagarin ang suwerte. Di ba sabi nila, tatluhan ang dating n'yan."

"Hay naku, ewan ko sa'yo, Muslim ka pa naman. Di ba bawal sa Muslim ang sugal?"

"Marami na akong bawal na ginawa. Hayaan mo na'ng mapulbo ang buto ko."

Nanggigil siya. Hinampas niya si Ishmael ng unan. Makailang beses. Malakas. Hindi ito gumanti. Gusto niyang umiyak pero wala siyang luha.

Hindi na hinintay ni Ishmael na muli niya siyang palayasin. Kusa itong nagbihis at isinukbit sa balikat ang knapsack. "Iwan ko muna dito ang tool box ko, ha," paalam nito.

"Kapal mo, dalhin mo na, wala na akong pakialam sa'yo."

"Mabigat nga e, mahirap magpalabuy-laboy."

"Ayaw ko na'ng makita ka pa. Itapon mo 'yan kung ayaw mo'ng dalhin."

Pinagkasya nito sa knapsack ang ilang damit mula sa Hello Kitty. Saka binuhat-hila ito palabas, kasama ang tool box.

Kinaumagahan, pababa ng hagdan, nakita ni Sadyah ang nakahandusay na Hello Kitty sa malaking itim na bag ng basurahan. Wala nang laman, pinaghatian na ng mga trabahador ang mga T-shirt ni Ishmael na hindi nagkasya sa knapsack nito. Nakangiti sila, nagpapasalamat at nakinabang sila sa kanilang

pag-aaway, at tulad ng mga hiwalayan sa mundo ng showbiz, sa pagka-aliw sa usyosong nasagap.

Bumalik siya sa kuwarto. Hinalukay niya ang jewelry box na iyon. Kinuha rito ang singsing at pagkatapos ng huling klase niya sa umaga, sumakay siya ng dyip at isinangla ito sa Paco.

HULI SILANG nagkita nang hinatid siya ng binata, nang makabalik ito mula Naga. Naghahanda ito ng aplikasyon para sa Canada. Kaya pumayag siya. Alas dos pa lang ng madaling araw na iyon ng kanyang pag-uwi sa Antique, nasa ibaba na ng condo si Ishmael.

Kuyum-kuyom ni Ishmael ang kanyang kanang palad sa dibdib nito sa pagharurot ng sinasakyan nilang taxi sa Roxas Boulevard. Naka-polo ang binata, bughaw, Bench; kulay-kape na cargo pants na kailangan nang palitan. Itim na sapatos na Nike na nabili nila nang mag-15% sale sa Robinsons Ermita. Hindi dumugtong si Ishmael nang makipag-argumento siya sa drayber na "Manong, dapat nag-South Superhighway tayo." Hinayaan lamang siya nitong magmaktol. Hindi na rin pinansin ng dalaga ang pananahimik nito.

"Dito siya, hindi pa nagiging headline." Ganuon kasimple ang pagbigkas ni Ishmael. Ang totoo, parang bumubulong lang ito ng "Mall of Asia" habang tinitingnan iyon mula sa bintana ng taxi. Ganuon din kasimple ang kanyang naging reaksyon: wala lang. Hindi niya kinuha ang kanyang kamay sa pagkakuyom

ni Ishmael. Wala siyang buntunghiningang pinakawalan. Walang pagkagulat. Lalong walang pamumuo ng mga luha.

Hindi niya sinadya iyon. Wala siyang damdaming pinigilan. Post-emotionalism, nabasa niya sa librong *Cultural Citizenship*. Papaakyat sa Departure Area ng Centennnial 2, ibinabalita ang isa na namang pagpaslang sa lider ng Bayan Muna sa Bulacan. Sa kanyang cellphone, breaking news ang pagharang sa Singapore sa dalawang miyembro ng AKBAYAN na dadalo sa isang kumperensiya tungkol sa human rights.

"Pa'no mo nalaman?"

"Hula ko lang."

"Talaga. Kelan ka pa naging manghuhula?"

"Kay Abdul. Naalala mo siya? Aktibista rin pala ang luko-luko, rekrut sa Bicol. Alyansa ng NPA at Muslim. Pati ako nga sinubukan din. Pero ayaw ko talaga. Tama na si Jehan. Nabanggit ko ang kaso mo. Iyon nga, may nabanggit tungkol kay Kumander Rafflesia. Ayaw ko noon na abalahin ka sa trabaho mo't pag-aaral. "

"Please, h'wag ka nang mag-text," sabi niya kay Ishmael pagkatapos mailapag ang kanyang maleta.

"Susubukan ko."

"Ingat ka palagi."

"Ikaw rin." Pinagmasdan siya ng binata mula ulo hanggang paa, sinasaulo sa isipan ang kanyang kabuuan.

Nagyakapan sila. At dire-diretso siyang pumasok,

hila ang bigat ng maleta; bundok ang kanyang knapsack sa likod.

Pumasok siya sa isang coffee shop at nag-order ng cappuccino. Sa salaming dingding ng paliparan, binabalangkas niya ang daan mula Iloilo pa-Antique. Nagdududa siya sa sinabing iyon ni Ishmael. Sa paniwala niya, hindi makatatagal ang isang tulad ni Teresa sa syudad. Naisip niyang gusto lamang ng binata na manatili siya sa Manila. Dahil kung may lalaki man na nagmamahal sa kanya, si Ishmael ito. Ngunit wala itong magawa kundi pumayag sa kagustuhan niyang tuldukan na nila ang lahat.

# 21

MAY HINDI naikuwento si Sadyah kay Nene. Ito ang pinakamahalaga ngayon sa kanyang buhay-pag-ibig. Ito, sa katunayan, ang nagselyo ng kanyang desisyon na panahon na upang umuwi sa Barasanan. Oo, may kapaguran siyang nararamdaman sa loob ng pitong taon na pagtatrabaho at pamumuhay sa syudad. Ngunit ang pag-uwi ring ito ay isang pagtitipon—isa-isa—sa mga talulot ng pananalig na naririyan pa, sumusulpot, at nangangako ng bagong kulay ng kaligayahan at kapanatagan: pag-ibig, buhay.

Oo, matagal na niyang naisip umuwi sa Barasanan sa mga gabi ng paghihiwalay nila ni Ishmael. Ngunit hindi nagkaroon ng buto ang pag-iisip na iyon, lalo pa at sagad ang iskedyul sa unibersidad. Hanggang sa makilala niya si Priya Iyer.

Ito ang kuwento ng pagsasara at pagbubukas.

Nagsimula ito sa araw na iyon pagkatapos niyang maisangla sa isang tindahan ng alahas sa Paco ang nabili nilang singsing ni Ishmael.

Bumalik siya sa unibersidad para sa natitira niyang klase. Pagkatapos, nagbabad siya sa internet. *Condo in Vito Cruz*, sulat niya sa google; hanap niya sa www.buyandsell.com. Assistant professor na siya ngayon at makakaya na ng kanyang suweldo ang tumira sa isang mataas na gusali—malayo sa lupa; hindi kaagad-agad mapupuntahan ni Ishmael. Sawa na siya sa amoy ng apartment, ng studio kakabit ng isang bahay at ang silong ay warehouse at maingay. Sawa na siya sa nagsusulputang ipis sa pagbukas niya ng ilaw. Inulila siya ng pakikibaka ng kanyang mga magulang at mahirap pa rin siya. Sa Friendster, marami na sa kanyang mga kaklase mula elementarya at hayskul hanggang kolehiyo ang may-asawa at may mga anak. Sarili niya lang ang pinagkakagastahan, bakit tinitipid pa rin niya ang kanyang sarili gayong wala siyang sariling bahay?

May isang available na semi-furnished one-bedroom sa Tower 1 ng Cityland sa Vito Cruz. ₱10,500 kada buwan, labas ang association dues. Tinawagan niya ang numero. Sumagot ang ahente at kaagad sila nagkasundo na magkita sa labas ng unibersidad.

Kinagabihan, nag-empake siya. Nasa isip niya ang pagkakasya ni Ishmael ng mga gamit nito sa iisang knapsack at ang pagpapalipas ng mga gabi't araw sa labas. May mumunting latay ng inggit siyang

naramdaman sa kalayaang iyon. Maaaring namihasa na si Ishmael, nakaangkin na ng paggamay sa ganuong pamumuhay ngunit alam niyang hindi iyon pinili ng binata. Hindi pipiliin, hindi mananatili si Ishmael sa ganuong buhay. Hindi niya kailangang umabot doon. May suweldo siyang pumapasok kada 10/25 ng buwan sa ATM. May credit card siya para hotel at restaurant.

Doon na siya nakatira nang gabing iyon ng Sabado nang muli niyang sinagot ang tawag ni Ishmael. Isa pang pagkikita bago ang paghahatid na iyon sa airport. Kararating niya lang noon mula sa kanyang klase sa Spanish, Level 3, sa Instituto Cervantes. Nakikita niya sa boses ni Ishmael ang pangangayayat nito sa taas na 5'10." “Kita tayo sa Robinsons Ermita,” sabi nito, “Hihintayin kita malapit sa Powerbooks. Dun lang sa mga bangko.”

Pagpapakamatay. Ito ang damdaming napukaw sa kanya sa mga unang araw ng pagtira niya sa condo. Nasa ika-27 palapag siya.

Hindi niya ito gagawin. Magkikita pa sila ng kanyang ina, ng kanyang Lolo. Susulatin pa niya ang kanyang nobela. Isa siyang mahirap. Walang Sadyah Zapanta Lopez Foundation na maitatayo para sa kanya na magbibigay ng iskolarship at literary awards.

Ayaw niya ring itulak sa kamatayan si Ishmael. Kaya bumaba siya at pumara ng taxi patungong Robinsons.

Pumayat si Ishmael. Nakasukbit ang knapsack nito sa likod. Lumalakad lang ito, natutulog sa Luneta, inaaliw ang sarili sa libreng tugtog ng mga banda sa Baywalk.

Hiningi niyang muli siyang samahan muna ng dalaga. Uuwi raw ito ngayong gabi sa Bicol.

Naghapunan sila sa *Bacolod Chicken Inasal*.

Sumakay sila patungong Baywalk. Lumakad papuntang CCP Complex, sa Harbour Square. Iyon at doon umulan, parang tulad sa pelikula. Naupo sila sa breakwater.

"Wala na ang Cagsawa," nasabi ni Ishmael.

"Nanamlay ako nang mabasa ko 'yun," sagot niya. "Buti nakapunta ako bago naglaho. Nakakahiya, Guimaras nga na 15 minutes mula Iloilo, hindi ko pa napuntahan bago pa magka-oil spill."

"Gusto mong sumama?"

"Ang totoo, uuwi na rin ako bukas…sa wakas…first flight."

"Ganun ba? Basta, magkikita at magkikita pa rin tayo hanggat may buhay. Kung ipapanganak uli ako at magkikita tayo, gugustuhin mo pa ba uli ako?"

"Drama ka pa rin."

"Sige na."

"Kapag may pera ka na."

"Kapag may isang milyon ako, pakakasal ka na sa'kin?"

"Maliit 'yun. Dapat dolyar…kahit na nga."

"Pera talaga. Pera-pera na lang lahat ngayon."

"Depende sa kung paano mo ito ginagamit, saan mo gagamitin. Alam mo namang hindi ako mukhang pera. Pero dapat may pera."

"Oo naman. Alam ko naman 'yan. At walang tatalo sa'yo, sa ginawa mo para sa akin, sa pinagsamahan natin. Kung bibigyan mo pa ako ng isang pagkakataon, itatataya at itataya ko pa rin ang buhay ko para sa iyo."

"Asikasuhin mo muna ang buhay mo."

"Hindi ako nawawalan ng pag-asa, alam mo 'yan. Hinding-hindi nila ako makukuha at matatalo."

"Alam mo kung ano talaga ang mami-miss ko sa'yo?"

"Ano?"

"Ang pamumulot mo ng dumi sa sahig, ng nahuhulog na kanin."

Natawa sila.

"Kain tayo," yaya ni Ishmael.

"Huwag na."

"Sige na, pagbigyan mo na ako. Suweldo ko 'to. Naging drayber ako, Hapon naman ngayon ang boss ko. Naku, puro na lang foreigner. Pero naiisip ko rin, pare-pareho lang naman ang mga negosyante. Mas masahol pa nga ang kapwa mo Pinoy na nagbubusabos sa'yo. Kung tutuusin, mababait sila, kaya lang, uuwi na lang ako sa Bicol. Ayaw mo na naman sa akin, e. Magla-life guard na lang ako sa CWC."

"Ano 'yun?"

"CamSur WaterSports Complex. Maganda doon. Punta ka. Text ka lang, ire-reserve kita ng tiket sa bus. Mura lang doon. Bago pa, e. Grabe, daming turista. Mga Australyano saka Koreano."

"Layo kasi, e."

"Libre naman lahat. Gusto mo pati pamasahe sagot ko."

Tumawa siya. "Halika na. Gusto ko ng sushi."

Nag-order sila ng isang platter, ng miso soup, ng mineral water. Pagkatapos, umungot pa si Ishmael na "Lakad lang muna tayo hanggang duon, o." Turo niya sa kalsada, sa gilid sa harap ng CCP, kung saan makaaabang ang dalaga ng dyip pauwi.

Sabi nito, mag-taxi na siya papuntang terminal sa Pasay-EDSA. "Hindi ka naman takot sa ulan, di ba?"

Tahimik si Sadyah. Lumakad sila. Naroon lang sila, nakatayo, sa gilid ng kalsada na iyon. Walang imikan. Hanggang pumara si Sadyah ng dyip.

"Gusto ko na'ng magpahinga, " sabi niya. Hindi iyon pagpapaumanhin. Kapwa nila alam na kailangan na nilang maghiwalay. Kailangang maging malupit, upang makalimot.

"Maraming salamat talaga. Wala kang katulad. *Dios mabalos*."

Dire-diretsong sumakay sa dyip si Sadyah. Nanatili si Ishmael sa kinatatayuan, pinagmamasdan siya, ang sinasakyang dyip, sa pag-usad ng trapik.

Hindi lumingon si Sadyah. Itinuon niya ang tingin sa malalaking billboard ng CCP, sa tuktok ng DZRH, ng Star City, sa nagtataasang gusali. Lumalakas ang hangin na kasabay ng ulan.

Ayaw niya pa ring maghukay ng libingan sa pagitan nila ni Ishmael.

Nagkapakpak siya pababa ng dyip, lipad sa elevator paakyat sa kanyang kuwarto, isang kalansing ang pagbagsak ng bungkos ng kanyang susi sa mesa, palabas sa balkonahe sa kanyang mga sinampay.

# 22

"HI! I'M SADYAH... Tower 1," bati niya pagbukas ng pinto—sa matangkad, matipuno at guwapong lalaki—banyaga. Nakahubad ito ng pang-itaas, naka-boxer shorts.

Pagtataka ang salpok ng makakapal nitong kilay. Parang sinasabi na hindi naman siya tumawag sa hotline ng isang pizza house o fastfood. Hindi naman nakauniporme ang babae bilang night nurse. Wala naman itong dalang labahin. Babae ito at hindi boy ng isang water refilling station.

Sumalpok sa matangos nitong ilong ang pag-aalinlangan ni Sadyah. Tulad sa mga pagkakataong natatagpuan niya ang sarili sa fine dining sa isang 5-star hotel at ipinapaalala sa sarili na magsimula sa kanan sa pagkuha ng kubyertos. Na ang baso ng tubig sa kaliwa

ay sa kanya. Tumalbog ito at naalala niya ang kanyang pakay. Sa kumpas ng mga kamay na parang nasa harap ng klase, naibigkas niya ito: "I saw my pants in your balcony... I mean ...you know... may I get it?"

"S-sure." Lumuwang ang pintuan, at tinawid ng kanyang balingkinitang katawan ang puting sahig, diretso sa nakabukas na pinto ng balkonahe, kung saan parang life jacket ang barandilya nito na kinasasalpakan ng hanger na kumakandong sa kanyang 501 na Levi's. Ito ang suot niya noong nag-eyeball sila ni Stephen. Naalala niya ang pelikula ni Tom Hanks na "Castaway."

Sinunggaban niya agad ito. Dinampot upang iligtas. Tulad ng mga eksena sa pelikula, bago pa man gumuho ang pader, sumabog ang eroplano, o lamunin ng higante ang bida. Ang kanyang ***trusted Levi's***.

"I'm sorry, just arrived." Seryoso ang mukha ng lalaki sa pagtukoy sa kanyang kawalan ng kamiseta. Hindi matumbok ni Sadyah kung saan ilalagay ang highlighter ng powerpoint sa kanyang utak: sa Indian ba o sa Middle Eastern na ang kasalukuyang referens ay si Yilmaz Bektas, na sumikat sa bansa dahil sa paghihiwalay nila ng asawa nitong artista na si Ruffa Gutierrez.

Indian, sigaw ng kanyang utak. Nakilala niya ang accent nito bilang ang siyang inilalarawan na Indian-inflected English. Nagtatambakan sa India ang call center. Pumapangalawa lang dito ang Pilipinas.

"Sorry, too," sagot niya, sa pagbigkas na magpa-patunay sa paglalarawan ng Filipina bilang mahiyain.

*Timid,* sabi sa mga travel guide. Ngunit mahiyain na nakangiti at nagmamasid. Isang unat ng kamay ng dalaga ang layo ng dibdib nito.

"Oh, you got books," nasabi niya, baling sa bookshelf, ang tipo na nakikita niya sa isang appliance center sa malapit na mall. Mula ito sa gilid ng bintana hanggang sa tabi ng nakabukas na pinto ng kuwarto. Patay ang ilaw dito pero nababanaag ang isang katre at ang aircon sa gilid, sa itaas ng naka-blinds na bintana, mula sa liwanag ng nakabukas na malaking flat TV sa sulok ng dingding. *Animal Planet*.

One bedroom din ngunit mas malaki at malawak ito kaysa unit niya. Nasisiguro niya na doble rin ang renta. Sa gitna ng sala, nakakabit ang isang set ng ilaw: tatlo, magkaibang laki sa kanilang pagkaparihaba. Iyong tipo ng ilaw na tumatanglaw sa iyo at sa iyong date sa isang fancy restaurant sa pinakamalapit, kung hindi man pinakabagong mall, at ang angkop na musikang sasaliw ay iyong nasa label na jazz o soft rock o chill out ng isang music/video store. Bughaw ng langit at kahel ng papalubog na araw sa Manila Bay ang binubuga nitong kulay, dumadapo sa may kalakihang couch na walang hamak namang malambot at maganda kaysa sa ordinaryong sofa bed.

"You love to read?" Dinampot ng lalaki ang remote control sa couch. Muli, ang kanyang Indian-inflected English, higit kaysa American accent mula sa *Animal Planet*.

"Books are good company," sabi ni Sadyah. Nakalingi ang kanyang leeg, nakalapit sa dibdib ang hawak na pantalon. "Better than men...sometimes," kaagad siya bumaling sa TV, sa bookshelf, sa couch, sa malaking bag sa ibaba nito, katabi ang itim na sapatos. "I've read that," tukoy niya sa *The World is Flat* ni Thomas Friedman. Ito ang nakapatong sa bag. "The expanded version."

"Yes, this is it." Dampot ng lalaki. Ito ang kanyang binabasa ngayon sa trapik sa taxi, sa lunch break. "So what do you do?"

"You mean my work?"

"Yes. You're a student or what?"

"Let's say I make a living by contemplating on things like hot shower and tropical storm."

Tumawa ang binata.

"Why?" Tanong ng dalaga.

"I think you're interesting."

"What does it mean?"

Sumandal ang lalaki. Nanatiling nakatayo si Sadyah, sa kanyang sandal at loop earrings. Isang tangkay ng rosas sa kanyang bisig ang naka-hanger na pantalon. Bughaw at kahel ang sumasanib sa liwanag galing sa TV, sa dilim ng gabi. Patuloy ang buhos ng ulan sa labas, lumilikha ng baha maging sa balkonahe.

"Well, perhaps we can have coffee sometime." Nakataas ang makapal na kilay ng binata, sa kanan.

"Hmm, sounds great."

Kapwa sila nakangiti, sa tinging kapwa sumusukat at nagpipinta ng kabuuan ng isa't isa sa isipan.

Ano'ng amoy gandatalinokahirapanlupitmisteryo banalsum ng India ang nasa lalaking ito, pitik ng utak ni Sadyah. Sinusundan ito ng kamalayang binabalangkas ng binata ang hugis ng kanyang baba, ang lambot ng kanyang mga bibig, liit ng kanyang mga suso, ang umbok ng kanyang likuran, ang haba ng kanyang mga hita at ang pagbuka nito, ang maaaring giling ng kanyang beywang. "Okey, got to go," sabi niya.

"Okey." Tumayo ang binata. Inunahan siya sa pagbukas ng pinto. Isang maginoo sa pagkatayo sa gilid. Napansin ni Sadyah ang manipis at kulot nitong balahibo sa dibdib; sa ilalim ng kanyang pusod pababa sa tinigilan ng kanyang shorts, na tinigilan ng kanyang mga mata, hanggang bahagyang sumulyap pababa, pababa sa mga balahibo nito sa paa.

"So you're there?" Tukoy ng binata sa kabilang gusali, sa kanyang lugar.

"Yeah," sagot niya. "Good thing it did not fall," tingin niya sa sinampay. "Or else I'll be sorry."

"Yeah," tango ng binata, may sigla sa kanyang boses. "Lucky you…amazing."

Tumango si Sadyah. Tumawa sila; kapwa di makapaniwala.

"Thank you very much." Bahagya niyang yuko, saka humakbang palabas.

"Walang anuman."

Napalingon si Sadyah. "Oh, you speak Tagalog." Nasa hangganan na siya ng kapeng pinto ng binata, isang hakbang sa sahig ng pasilyo.

"Konti…okey lang."

Natawa sila. May gayuma ang bigkas ng binata ng twang sa pagbigkas ng Ingles ng mga gradweyt na ang natagpuang trabaho ay pagiging call center representative.

"So you're here as…"

"I'm an insurance guy. You know PhilamLife?"

"Of course."

"Couple of years ago."

Tumangu-tango si Sadyah.

"So tell me what you're doing."

"I teach."

"What?"

"Literature."

"Oh…Literature." Tumangu-tango ang binata. "I see.."

"See what?" Nanunukso ang boses at mga mata ni Sadyah.

"You're interesting."

"You're a flirt."

"So are you, lady."

Nagngitian sila. Kung palitan ito sa pamamagitan ng SMS o isang blog, buwahahaha ang karugtong. Laugh out loud (LOL) ng chat.

"Well…I have to go."

"I'm Priya…Priya Iyer." Nakipagkamay ito.

"Sadyah Lopez."

"How do you spell that?"

"With an H."

Kinuha ni Sadyah ang kanyang kamay sabay sa pagsalpok ng mga kilay ng binata. Lumulundag ang smiley face sa kanyang utak, kumaripas hanggang sa kanyang mga bukong-bukong.

"Okey, bye." Dire-diretso siyang tumalikod, paliko sa elevator, may kiliti sa dibdib at puson. Ang tawa sa isipan at dibdib. Ang bilis, naisip niya, talagang hindi mo alam kung ano ang mangyayari kinabukasan. Kani-kanina lang, nasa klase siya. Pagkatapos, tumawag si Ishmael at pumayag siyang makipagkita at iyon na ang pinakawawakas ng makailang beses nilang paghi-hiwalay at ngayon, heto, may nakilala siyang guwapo na kapitbahay. Pakiramdam niya, masundan man ng lindol ang bagyo na ito at gumuho ang buong gusali, masasalba siya. Dahil magkikita pa sila ng kanyang ina, ng kanyang Lolo Marcelo at ay, ay, ay—nitong si Mr. Priya Iyer.

*Single.* Ito ang nakalagay na status niya sa kanyang Friendster at Multiply. Napangiti siya. May bahagi ng puso niya na nagsasabing hindi na niya kailangang makipag-chat o maghanap online. Napapangiti siya, sa parang pelikula niyang buhay-pag-ibig: palaging umuulan. Isang baha sa kanila ni Stephen, pag-aambon sa kanila ni Ishmael, at ito ngayon—bagyo na humahagupit ngunit hindi niya alintana sa lambot ng kanyang kama.

WALANG KAPE nang bumangon siya. Lampas alas nuebe ang nasulyapan niyang oras sa cellphone.

Brown-out. Uminom siya ng isang basong tubig at nagsepilyo. Naisip niya na sa kantina na sa unibersidad kumain. Iisa ang klase niya tuwing Lunes at Biyernes, 12:50 to 2:20 p.m, sa 5th floor ng bagong katatayong gusali. Sa Reminder ng kanyang cellphone, ganuon din sa nakabukas niyang Starbucks planner sa center table, at sa kalendaryo ng kanyang Yahoo! e-group, naka-post na iskedyul ngayon ang project presentation ng tatlo sa pitong grupo sa klase niya sa *Philippine Epics*.

Nagbanyo siya at sinalubong siya ng naka-hanger niya na 501 Levi's. Katabi nito ang puti niyang tuwalya. Kinilig siya. *Priya Iyer Priya Iyer*, pitik ng kanyang utak, ang lamig ng tubig galing sa dutsa'y nanunuot sa kanyang ulo pababa sa buo niyang katawan. Sana magkita uli kami, sa isip niya, habang nagmamasahe ng shampoo sa kanyang buhok. Nakikinita niya na magkakasalubungan sila sa harapan ng gusali habang nag-aabang ang binata ng taxi papasok, habang siya naman, patawid ng kalye papasok sa unibersidad. O sa 7-Eleven sa ibaba ng gusali sa pagbili niya ng sanitary napkin o cone ng ice cream habang ang binata naman, ng kanyang pakete ng sigarilyo. Sa pasilyo, sakaling titingin siya sa locker ng kanyang electric bill. O sa elevator dahil sa Tower 1 ang Administration Office kaya dito nagbabayad ng association dues. Ito ang tipo ng pick-up line niya, pagkatapos nilang magpalitan ng "Hi" sa kanilang

pang-komersyal na ngiti: "Any relation to Pico Iyer? I love his books, you know—*The Lady & the Monk*, *Global Soul: Jetlag, Shopping Mall and the Search for Home*. Oh, he's the kind of guy I would love to marry. For a week, perhaps," at susundan niya ito ng pinong pagtawa, na siguradong sasabayan din ng binata.

Maraming posibilidad at puno ng pag-asa ang kanyang puso. Heto na naman, heto na naman, paalala ng kanyang utak. Inabot niya ang tuwalya at ibinalot sa katawan. Sa basang buhok, humakbang siya patungo sa pinto ng kanyang balkonahe, pinihit ang seradura at sinilip ang kuwarto ng binata. Isang palapag ang taas nito sa kanya, isang kuwarto ang agwat. Gusto niyang mapatunayan na hindi lamang isang panaginip ang nangyaring pagtatagpo nila kagabi.

May ibig kayang sabihin ang pagkasampid ng kanyang pantalon sa barandilya nito? Himala, kataka-takang hindi ito nahulog, na sapat ang haba ng bagsak ng katawan nito sa barandilya para hindi mailipad ng hangin.

Nakatiklop na mga bubong ng ilang gusali sa kalye sa gilid ng Cityland ang tanawing sa pagitan ng kanilang mga balkonahe. May mga posteng nabuwal nang diniretso niya sa Roxas Boulevard ang tingin. Nakadunglay maging ang mascot ng Star City. Walang ulan ngayong umaga ngunit wala ring araw. Pagbaling niya sa bahaging Makati, bagsak ang ilang linya ng koryente, bago bumangga ang kanyang paningin sa highway ng LRT, sa mangilan-ngilang punongkahoy

na sumusulpot sa kabahayan at ngayon, nakahapay. *Ganuon kalakas ang hangin? Hindi ko man lang naramdaman kagabi*. Dumungaw siya sa mga katabing kalye, sumusuong sa tubig-baha ang mga padyak.

Lumalim ang kanyang gutom. Pumasok siya. Pinatuyo niya ang buhok sa tuwalya, at nagbihis: ang isa pa niyang Levi's jeans, sleeveless na chocolate brown, at maong na jacket terno sa closed mocha brown leather shoes ng Aerosoles. Kaharap ang salamin sa pagpilok ng mga pilik-mata, tumawag siya sa trunkline ng unibersidad para itanong kung may klase.

*Please be informed that all classes are cancelled today.* Masaya siya na nalungkot. Nasasabik siya sa mga nagawa ng mga estudyante.

Nagpulbo siya, nag-blush on, nag-lipstick. Dinampot niya ang librong *The Turning* ng Australyanong si Tim Winton.

Sa kalye sa harap ng Rizal Memorial hanggang sa Starbucks, nagkalat ang maraming basura at dahon. Mababa na ang baha at hindi na niya kailangang sumakay ng padyak. Wala rin ang mga lalaking nagtitinda ng hilaw na mangga sawsaw sa bagoong, kwek-kwek at fishball; hindi kanselado ang biyahe ng dyip rutang CCP.

Wasak ang salaming bintana ng Jollibee sa kanto ng Vito Cruz. Ang OA naman ng hangin. Ganuon kalakas? Ano ba ang panaginip ko kagabi na hindi ko man lang namalayan? Takbo ng kanyang utak.

Sarado ang lahat ng mga tindahan at kainan at computer shop at photocopying station at ang mga

puwesto ng nagnonotaryo sa ilalim ng LRT. Wala, wala silang lahat.

Starbucks lang ang bukas.

Marami nang tao sa loob, mga kagaya niyang itinuturing na ito na pangalawang bahay. Binuksan ng guwardiya ang pinto para sa kanya at nang humahakbang siya papuntang counter para mag-order, nakita niya siya, naka-collar shirt ng puti, matingkad na asul ang cargo shorts, naka-sandal—doon, sa mesang lapat sa dingding papuntang restroom, katabi ang outlet. Naka-charge nga ang kanyang laptop at cellphone! Naisip niya na magandang pagkakataon ito para puntahan ang binata at pakiusapang siya ang susunod sa pag-charge rito. Pagkatapos itatanong niya kung kaanu-ano nito ang manunulat na si Pico Iyer.

Lumundag-lundag na naman ang smiley face sa kanyang utak. Naging matipid itong ngiti. Ngiting Maria Clara. Tamang-tama nang magtama ang kanilang mga mata. Kumaway sa kanya ang lalaki.

Gumanti siya at umorder ng carrot cake at café latte. Habang hinihintay ang pagtawag ng barista sa kanyang pangalan, kinuha niya ang isang newspaper saka naupo sa malapit na bakanteng mesa. *A storm ravaged Manila*, sabi ng headline. *How can it destroy an already battered country?* Sagot ng kanyang utak. Maganda itong linya, naisip niya, may espasyo para sa kanyang blog, kung hindi man bagong tula.

Naalala niya si Ishmael. Papauwi ito sa Naga. Palaging binabagyo ang Bicol.

Sa gilid ng kanyang mga mata, nakita niyang tumayo ang binata, papalapit sa kanya.

“Hi, Sadyah.”

Natuwa siya na natandaan nito ang kanyang pangalan.

Tinawag ng barista ang kanyang order. Tumayo siya at kinuha ito.

Nakaupo na ang binata sa kaharap niyang silya. Na-cancel daw ang flight nito patungong Bangkok, na dapat mamayang gabi. Bukas na ito ng hapon. Marami raw itong inaasikaso dahil in two months’ time, aalis na siya. May offer siya mula sa mas malaking insurance company na may branch sa Singapore, sa Bangkok, saka sa Mumbai. I’m bullish with the Philippines, sabi niya, ngunit wala pa raw branch ito dito sa bansa. Ipadadala raw siya ng kompanyang ito sa head office nito sa Munich, Germany. Malaki raw ang posibilidad na pagkatapos ng isang taon, ipadadala siya sa Mumbai para maging isa sa mga vice-president ng branch nila doon. At ito ang gusto niyang mangyari, ang makabalik sa India.

“You’re one proud Indian.”

“Yes. How about you?”

“Of course, I love my country.” Tama nga ang pagsipat niya na isa itong Indian. Parang isa siya sa mga Indian yuppie na sinasabi ni Friedman sa kanyang libro na sumusulong ng economic boom ng India. Naalala niya ang mga magaganda at matatalinong Miss Universe galing India, tulad ni Sushmita Sen.

"I think your government should be more aggressive in marketing your beaches."

Sinabi nitong nakapunta ito sa Boracay, sa El Nido sa Palawan, sa Cebu, sa Bohol, sa Batangas, sa Puerto Galera.

Nagtatanong ang isipan ni Sadyah kung papaano niya sasabihin sa lalaking ito na hindi siya natutuwa sa polusyon ng mga banyaga sa kanyang bansa. Na nalulungkot siya na hindi na siya pinapansin sa pila kapag may mga banyagang kasabay. Na para na lamang sa mga banyaga at balikbayan ang mga dagat ng Pilipinas. Ayaw niyang kumontra.

"Is it good, company-hopping?" Sa halip ang naitanong niya.

"Yes. You've got to know the technology of each company. Before, if you want to be rich, you stay in one company. But now, you have to move so you can raise your fee. So a company has to really offer you a good package to keep you, or else, you move on."

"I see." Sa unang pagkakataon, naitanong niya sa sarili kung sapat ba ang kanyang suweldo sa kanyang kakayahan. Nakikita niya ang lumilibot na globe—ang napakalaking mundo.

"You buy loyalty with money. That's what drives performance," sabi pa ng binata.

"How does an insurance firm earn?"

"Underwriting and investment."

"I do not really understand that. Just like stock markets," sabi niya, nakangiti.

"I can explain it to you if you are interested. But right now, I have to go, lady. Need to see a friend in Makati. He arrived last Sunday from Mumbai. Need my help, you know...how to go around." Tumayo ang binata.

"Sure...nice meeting you again."

"May I see you tonight?"

"You mean dinner?"

"Umm, ok lang. I can cook but not so magaling."

Napangiti si Sadyah sa tono ng binata. "You're asking me to come over to your place?"

"If that's okay with you...say 7?"

No sex on a first date – ang post-it, ang slogan na nakatambad sa kanyang utak. Naalala niya ang condom ni Stephen. Ang sagot ni Ishmael habang nakahiga sila sa tanong na bakit nakipag-usap ito sa kanya noon sa inter-faith dialogue sa Taguig: "Hindi makikipag-usap ang isang lalaki sa isang babae kung hindi niya ito type."

Anak ng saging, gusto siya ng gwapong Indian na ito. Kaya lang paalis na ito. Hmmm, sa isip niya, we can talk about Pico Iyer and Gandhi and Salman Rushdie and Mother Teresa and cows and Himalayas and Hinduism and Kama Sutra and call centers tonight, right. "Okey lang," nasabi niya. "So I'll text you later then."

"Sure. I forgot I still don't have your number."

Humugot siya ng calling card sa pitaka at inabot sa binata.

"Wow, you're an assistant professor. Cool."

Kumindat ang dalaga, at humigop ng kanyang caffe latte.

Bumalik si Priya sa puwesto para sa mga gamit nito. Sumenyas si Sadyah, na siya ang papalit sa mesa. Kailangan niyang mag-charge ng cellphone.

Sinundan niya ng tingin ang binata palabas. Sa powerpoint presentation sa kanyang isip, flash bulb na animation scheme, mabagal, ang pagpatak ng linyang ito ni Godel, isang physicist: "What is now will soon be then." Naka-save ito sa kanyang cellphone. Isa ito sa mga naipadala niyang mensahe sa mga kaibigan.

Bumalik siya sa kanyang carrot cake at caffe latte, kasabay ang meditasyon sa mga imahen ng kalapastanganan ng bagyo at baha sa iba't ibang rehiyon sa bansa. Natulala siya sa loob ng maraming oras: heto siya, romansa ang laman ng isip. Paano dumamay?

Nagdesisyon siyang umuwi. Sarili niya ang kailangan niyang isalba. Baka may koryente na. Magbabasa siya hanggang antukin. Pinagmasdan niya ang mga kuko. Maglilinis siya. Saka matutulog, isang pagkokondisyon para sa dinner date nila ni Priya.

# 23

BEEF SHABU-SHABU, stir fry sa olive oil at puting bawang. Ito ang inihain ni Priya sa dalawang bughaw na babasaging pinggan, may kalakihan, sa parihabang salaming mesa na kinapapatungan ng marami pa niyang libro at DVDs at CDs. Sa ilalim nito, makikita ang mga magasin na may pabalat ng mga nagseseksihang kababaihan at mga maskuladong kalalakihan. May mga kapsyon tulad ng The Reliable Guide to 6-Pack.

Kumuha siya ng dalawang tinidor at dalawang wine glass sa itinuro ni Priya na  drawer ng hanging cabinet. Magkatabi silang naupo: si Sadyah sa kanyang bestida at sandal, si Priya sa kanyang shorts at puting T-shirt na ang nakasulat ay World Without Strangers.

First time, sabi ni Sadyah, ang makatikim ng beef shabu-shabu. Ganuon din ang makainom ng inihanda ng binata na rhum and coke. Hanggang Cali lang siya. Nakaiinom lamang siya ng tequila at margarita kapag nakakapag-bar kasama ang mga malalapit na kaibigan. Hindi ito madalas mangyari. Ayaw niya ang lasa ng beer.

Ikinuwento ni Priya na itong beef shabu-shabu ang naging specialty niya dahil madaling ihanda. Pinagpapalit-palit niya ito sa rice curry. Kapag gusto niya ng Indian food, pumupunta siya sa Makati, sa Rada Street. May magandang restaurant doon. Niyaya niya ang dalaga, kung gusto nito, na mag-dinner sila doon bago siya umalis pauwing India, bago siya tumulak sa Germany. Chicken adobo naman ang gusto niya sa pagkaing Pinoy.

Itong rhum and coke naman, nakasanayan niyang inumin sa Brisbane, Australia. Nakapagtrabaho siya doon ng halos isang taon pagkatapos niyang grumadweyt sa kolehiyo. History major siya. Sa gobyerno nagtatrabaho ang kanyang pamilya kapwa bilang mga opisyal at empleyado. Hindi siya nakapasa sa state exam. Kaya nag-Australia siya para magtrabaho sa isang beverage company ng isang kamag-anak.

Nagtanong ang dalaga bakit ipinagpalit nito ang Brisbane sa Manila, gayung halos lahat ng middle class na Filipino nagma-migrate sa Australia at New Zealand.

Nagkaroon daw siya ng scholarship offer para mag-MBA sa Asian Institute of Management sa Makati. Kaya napunta siya dito noong 1997. Nag-dorm siya sa AIM hanggang sa lumipat sa isang apartment sa Pasong Tamo kasama ang dalawang kaibigang Indian.

Ilang taon na ba siya, tanong pa ni Sadyah, dahil 17 siya noong 1997. 2nd year college.

"33," sagot ni Priya.

"How do you spend your weekends?"

"Movies, sleeping, and lots of drinking with friends," mabilis nitong sagot, sabay tawa.

Pale Pilsen ang kanyang gusto. Marami siyang kaibigang Pilipino pero kadalasan, Europeo, Chinese, at Korean ang kanyang mga kasama. Lalo na sa paggo-golf. Kailangan daw, higit kaysa health and fitness, dahil social venue ito para mapagtibay ang kanilang pakikipag-negosyo sa kanilang mga partners. Isa siya sa mga vice-president. Siya ang namamahala sa kanilang mga tauhan mula sa mga ahente at pakikipag-usap sa kanilang mga partner. Sa Intramuros saka sa Taguig siya kadalasan naglalaro. Nakapunta na ba raw ang dalaga sa The Fort, 5-storey ang bagong bukas na Fully-Booked doon.

"Oo," sagot ni Sadyah. At palagi, nagdudurugo siya dahil ang mamahal ng libro.

"There's this bookstore in Singapore and Bangkok I frequent. Most of my books are actually from there—Kinukoniya. Are you familiar with it?"

"I've heard about it from my colleagues but I've never been to Singapore or Bangkok."

"Really? It's just 3 hours away."

"I'm still waiting for the chance to travel the world without spending my own money."

Tumawa si Priya. Nakisali si Sadyah.

"Yes, yes. You should. Of course, you will, you can, lady."

"By the way, any relation to Pico Iyer? He's one of my favorite essayists."

"I have his books. *Video Night in Kathmandu* and the other one..."

"*Global Soul?*"

"Yes, that one. You know, there are many Priya and Iyer in India. There's one Prime Minister named Priya Ranjan. As for Pico Iyer, we are not closely related. But perhaps we are, as we are both Brahmins."

Brahmin! Marahil dahil sa iniinom niyang vitamin E, vitamin C, at magnesium. O marahil dahil lahing babaylan siya kung kaya ang bilis ng pag-download-retrieve ng kanyang isipan sa leksyon nila noong kolehiyo: Brahmin—the highest social caste in India.

"And you're a Hindu?"

"Yes, but trust me, lady, I don't know anything much."

"Why?"

"Well, religion creates war. You should read Richard Dawkins, babe, *The Selfish Gene*. Have you heard of him?

He's an evolutionary biologist. *The Selfish Gene* is one influential book. His latest bestseller is *The God Delusion*. You can borrow it."

"So you're an atheist?"

"I don't want labels. Like metrosexuals…I hate that term."

Inabangan ng dalaga ang pagtatanong ng binata tungkol sa kanyang pamilya at pinaniniwalaang relihiyon. Tipong "What about you? You're a Catholic or what?" Pero nagpatuloy lamang ito sa pagsubo ng kanyang beef shabu-shabu.

Napansin ng dalaga ang paghawak nito ng kutsara't tinidor, ang pagnguya na nakatikom ang mga bibig, ang kanyang tuwid na pagkakaupo, maging ang kanyang pagsasalita. May finesse, may breeding. Araw-araw siya nagbabasa ng *The Wall Street Journal*, libre ito sa unibersidad. Nabasa niya sa isang isyu nito ang pagsasanay na ginagawa sa mga MBA graduates. Isa roon ang table etiquette. Sabi sa artikulo, sa corporate world, hindi sapat ang skill, hindi sapat ang degree: You must be able to speak good English and understand different cultures, and most of all, a lot of social skills. Ito ang career path sa corporate diplomacy, para sa pag-breed ng tinatawag na corporate diplomat. At isa ang binata rito?

Ayaw niya ng labeling kaya hindi niya ito itinanong. Baka I'll appear abrasive, sa utak niya. Pero weird, sagot ng kabilang bahagi, negosyante ito pero ayaw niya ng labeling at branding. Girl, he's into double-speak, sigaw uli ng isang bahagi ng kanyang utak, just listen and ask;

don't argue. Have fun, enjoy the moment for this could be the first and the last.

Bigla na rin siyang nakonsyus sa paghawak ng tinidor, sa pagsubo, sa pagnguya. Putcha, sa isip niya, bakit hindi niya sineryoso ang leksyon sa table manners and etiquette sa Home Economics. Feed his ego and look straight into his eyes when he speaks, sabi ng isa pang bahagi ng kanyang utak. Kaya itinanong niya, kahit marami na siyang artikulo na nabasa tungkol dito, kung totoo pa rin ang pagpapa-ultrasound ng kababaihan sa India para ipalaglag ang sanggol sakaling babae ito.

Oo, sagot ng binata, dahil magastos ang babae: ito ang nagbibigay ng dowry.

"How about arranged marriage?"

"I could marry anyone I want to. Nobody talks anymore about caste, at least in my state."

"That's nice. Where's your state?"

"Bihar, it's in the southern part."

Tumangu-tango ang dalaga. Uminom. Tinandaan niya na igo-google ito.

"But you know, even then, interracial marriage most of the time is only good in paper. Say between an Indian and a Chinese because, you know, you still have your respective family to consider," patuloy ng binata.

Kinuwento ni Sadyah ang nabasa niya, sa *The Wall Street Journal* pa rin, na may kasalukuyang Gandhi mania. Dahil sa pelikulang comedy na "Carry on Munnabhai." At ang tawag sa fad na ito ay"Gandhigiri."

"Don't believe everything you read and see," sagot ni Priya.

"You don't like Gandhi?"

"Well, I'm proud of him like I'm proud of Mother Teresa but you know, there are many things..."

"Yes. I've read Salman Rushdie and in his book of critical essays he said something like Gandhi had lots of women."

Tumango si Priya.

"So what's wrong if he had lots of women? The fact remains that he led India to independence from Britain in a non-violent revolution."

"I did not say that he was a bad guy. A man's loyalty is to sex, and most of the time, it's just a fuck."

"Like a handshake."

"Hey, I like that."

"It's a sarcasm, of course."

"Was it?"

"That's the reply of Frida, as in Frida Kahlo, the Mexican painter, played by Salma Hayek, to her husband Diego Rivera, played by Alfred Molina. He was a womanizer. Did not spare even Frida's sister."

Napailing-iling si Priya.

"Want another one? You can fuck the whole country and still end up lonely. That's from the movie "The Science of Sleep" starring Gael Garcia Bernal, the Tom Cruise of Spanish film, my big crush."

"Ow, I'm jealous."

"He's in "Babel." Have you watched it? He's the guy there who's the nephew of the Mexican nanny of Brad Pitt's kids."

Umiling ang binata. "Have you watched "Kama Sutra?"

"In college. The protagonist-servant girl there is named Maya. I can still recall the ending: She walked away from the palace and she said, "My heart is as wide as the sky." Or was it open?"

Tumawa si Priya. "You're a brilliant girl…and lovely… do you know that?"

"And interesting and sexy…"

"Yes, sweetie…I love your dress"

"Please don't call me sweetie."

"Why?"

"It's so ordinary. Call me by my name—Sadyah—that means 'happy.'"

"Okay Miss Happy. Can I play music? Can we dance?"

SUMAYAW SILA, isang ***bayle***, sa gitna ng sala sa ilalim ng bughaw at kahel na ilaw. Sa gabing iyon, ipinakilala sa kanya ni Priya ang The Smiths. Kilalang banda na Europeo. Sa album nito na Suedehead: The Best of Morrissey. Ito ang vocalist. Kanta nitong "Interlude" na may panimulang linya na "Time is like a dream" ang kanilang sinasayawan.

Halos sampung taon na itong pinapakinggan ng binata. Nadiskubre niya ito sa isang kaibigan na English sa Australia. Kaya habang nakapalibot ang kanyang mga kamay sa beywang ni Sadyah at ang mga kamay naman ng dalaga sa kanyang leeg, binabalangkas ng

kanilang mga paa ang mga parisukat na tisa ng sahig, at sinasabayan ito ni Priya: "What seems like an interlude now/Could be the beginning of love."

Isinandal ng dalaga ang ulo sa dibdib ng binata. T-shirt nito ang pagitan sa maninipis na buhok sa dibdib ni Priya at sa kanyang mga bibig. Bakit ang ganitong kanta? Ano ang ibig sabihin nito? Putcha, sagot ng isang bahagi ng kanyang utak, huwag kang drama at naïve. Prudence, girl, prudence. Magpaka-Cinderella ka muna. Umuwi ka na! Naramdaman niya ang paglibot ng mga kamay ng binata sa kanyang beywang, ang kanyang mga labi humahalik sa kanyang buhok, sa kanyang noo. "The More You Ignore Me, The Closer I Get" na ang tugtog, na patuloy nitong sinasabayan: "The more you ignore me/The closer I get/You're wasting your time."

Kinikiliti ang kanyang puso, kapwa sa boses ni Priya at sa mga linya ng kanta. "I think the British are the best lyricists in the world," sabi niya.

"I agree."

"Have you been to America?"

"In New York, five years ago, and I have no plan of going back. How about you?"

"Nope. I want to see America but unlike most Filipinos, believe it or not, I don't have an American dream."

"There's no American dream."

"So you don't believe that once you work hard, you'll be successful? That's how I understand the 'American dream'."

"Yes, but you should also learn to work smart…and fast…and of course, you should have the "It" for the job."

"I'm happy that America's power is now weakening."

Tumawa ang binata. "Are you sure, lady, you're a Literature professor?"

"Writers are always subversive."

"Yeah, I know, but you might also be a spy."

"Oh, and you're not a bin Laden's Indian follower disguised as a corporate diplomat in the Philippines, are you? Bring out your home-made bombs, Sir."

"I was joking."

"I know."

"What made you say that?"

"What?"

"That I might be a spy."

"Just want to make you laugh. You're so serious, lady."

"I'm being witty here."

"Yes, you are. That's why I like you."

Tumawa uli sila. Sinabayan uli ni Priya ang tugtog. Binalik ni Sadyah ang kanyang mga kamay sa leeg nito. Nagpalibut-libot ang kanilang mga paa sabay sa kanilang katawan. Maya-maya, sabi ng binata, "Talking about bombs, The Smiths has this album *Louder Than Bombs*. I'll lend it to you so you can burn it. You can't find it here."

"Thanks," mahina niyang sagot, dahil sa kanyang isipan, nagsimulang tumugtog ang linya sa kantang

kilala niya bilang Spanish bolero. Natutunan niya ito sa isang kaklase sa pag-aaral niya ng Espanyol sa Instituto Cervantes:

*No me preguntes mas*
*de jame imaginar*
*que no existe el pasado*
*y que nacimos*
*el mismo instante*
*en que nos conocimos*

Stop asking me questions
let me imagine
that the past does not exist
and that we were born
the very instant
we first met.

"I want to go home na," sabi niya.

Bahagyang nabigla ang binata. "Okey," sagot nito. Kumalas na rin ito sa pagkayakap sa dalaga. Binuksan niya ang isang ilaw at sumanib ang puti sa bughaw at kahel. Nagliwanag ang sala.

Inabot niya sa dalaga ang CD ng The Smiths at tatlong libro: *The God Delusion*, *The Evolution of Desire: Strategies of Human Mating*, at *Tipping Point*.

Oh my, sa isip ng dalaga, gusto niya talagang masiguro na magkikita pa kami. "Wow, I'm excited," nasabi niya.

"I'm sure, you'll love it, lady."

"Okay. Thanks, Thanks for a wonderful night."

"My pleasure, lady." Nakangiti si Priya, kumakagat ng kanyang mga labi, saka nag-flying kiss.

Nag-flying kiss din si Sadyah. "Okey, bye."

"Ingat ka," narinig niyang sabi ng binata bago sumara ang pinto.

Pababa sa elevator, hawak ang bigat ng baon niyang mga libro, kimkim ang kiliti sa puso at init sa puson, pinagtakhan niya kung ano kaya ang kanta nina Teresa at Leandro. Tumugtog sabay sa kanyang mga hakbang ang ganitong playlist sa kanyang isipan: "Historia de un Amor;" "Unchained Melody;" "Bayan Ko;" "Ang Tangi Kong Pag-ibig;" "Ay, Ay, Kalisud," at "Usahay."

# 24

LUMALAKAD SIYA sa campus nang makatanggap siya ng text message mula sa binata: *Morning babe! I'm now in Singapore. Would you believe I am wearing suit because I have a business meeting?*

Kinilig siya hindi lamang dahil isa itong sorpresa: ohmygosh, he's thinking of me. Kundi dahil rin sa hindi naka-short cut nitong mensahe. Pinagtakhan niya kung ganito talaga magpadala ng mensahe ang binata kahit na matagal na ito dito sa bansa. O dahil nagpapakitang-gilas lamang sa kanya nang malamang isa siyang propesora. Hindi na nga siya tinawag na *sweetie*. *Babe* naman ang ipinalit. Gusto niya uling sabihin na ayaw niya rin ito. Napaka-ordinaryo rin. Pero natuto na siyang huwag pag-aksyahan ng lakas ang ilang maliit na detalye.

Good luck then and take care, sagot niya.

*You're sweet, babe. Hope you're enjoying the books and* The Smiths. *Miss you already.*

Yes. Burned it, now in my laptop. Don't fall in love with me, please. Hehe.

*Hehe. You're adorable, babe. Would love to see you again.*

You have to answer a riddle.

*Oh, I'm poor in literature, lady.*

So you're not up to the challenge?

*Try me.*

Impress and convince me: what is the square root of 69.

*Oh, you're giving me a hard-on babe and my meeting will start in a minute.*

Minabuti niyang huwag na'ng sumagot. Buong araw, para siyang tinedyer sa kanyang first love. Sa library, sa mga pasilyo ng campus, bigla niyang napansin ang maraming mukhang Indian. Bigla, napalitan ng guwapo at matalino na yuppy ang imahen niya ng Indian na isang mamang nakamotorsiklo at nagpapa-5-6; ang bumbay na mabaho na ginagawang panakot sa mga bata.

Kinahapunan, pumara siya ng taxi para tuklasin ang Swagat Indian Restaurant sa Rada St. sa Makati. Naaliw siya sa MTV Bollywood sa malaking TV doon. Nag-order siya ng vegetarian samosa, ng masala dosa na isang potato vegetable, at ng rose sherbet. Ibinalita niya ito kay Priya.

*Hmm feel hungry reading that*, sagot nito.

Sa halip na gumala sa mall at maengganyong gumastos sa panonood ng pelikula pumara siya ng taxi para ipagdiwang ang Sabado Nite Fever niyang iyon sa condo. Nakinig siya sa *Louder than Bombs* ng *The Smiths* at sinaulo ito para sa susunod, makasasabay na siya sa pagkanta sa binata. Sinaliksik niya rin ito sa YouTube. Binasa niya nang mabagal ang mga libro ng binata habang umiinom ng red wine. Ginawan niya ito ng rebyu sa kanyang sa Friendster at Multiply.

Naisip niya na ipakilala sa binata si Tori Amos, sa kanyang bagong album na *The American Doll Posse*. "Yo George" ang tugtog mula rito habang sinulat niya sa Friendster Search ang *Priya Iyer.*

Lumabas ang naka-box na larawan ng isang lalaking nakasuot ng blue collared-shirt, nakapantalon na maong, sa pagitan ng pader, may hawak na libro. Binuksan niya ito. *Open Access*.

33, Single.
Looking for: *Friends, Relationship Women, Networking.*
Hometown: *Patna, Bihar.*
Location: *Manila, Philippines*.
Occupation: *Bellhopper.*
Last Log in: *Two months ago*.

May dalawa pang naka-upload na larawan ang binata: nakaupo sa isang restaurant, naninigarilyo, at nasa harap ng isang tulay sa isang banyagang bansa. Malamang sa Europa, gaya ng nabanggit nito.

May isang dosena itong kaibigan. Puro babae. Mga mukhang Pinay. Mga mukhang Intsik. Walang mukhang Indian. May apat itong ***Testimonial***. Tinatawag siyang P. ni Michelle, isang magandang Chinese-Singaporean na naka-evening gown. Siya raw ang pinupuntahan nito kapag cranky siya dahil good listener at may calming effect sa kanya. More than three years na raw silang magkakilala. *When are you going to visit me again?* Pagtatapos ng testi nito.

Nakaramdam siya ng kirot. Ayaw na niyang buksan ang iba. Kailangang igalang niya ang nakaraan ng binata. Buhay niya ito. Hindi niya rin kailangang imbitahin ito sa kanyang network. Maaaring malaman ng binata na nakita niya siya. Kung nakabukas ang kanyang View Profiles. Hihintayin niya na ito ang mag-imbita. Huwag naman sana isipin nito na isa siyang *stalker*.

Kahit papaano, natuwa siyang malaman na hindi na aktibo ang binata rito.

Nag-log out siya at hinanap uli ang profile ni Priya. Napaka-guwapo talaga nito. Nag-click siya sa *Save As*. Nakopya niya ito patungo sa kanyang My Pictures sa laptop. Hindi ito malalaman ng binata. Ito ang panganib sa internet.

Nag-log in uli siya sa sariling profile para ma-edit ang kanyang *Settings*. Ginawa niyang Open Access ito. Sakali mang nagrehistro sa account ng binata ang kanyang pagbisita, gusto niyang mabasa nito ang kanyang profile, ang mga testimonya sa kanya, ang kanyang mga blog. Pinagtakhan niya kung naisip ni Priya na i-google siya.

*Priya Iyer*, sulat niya sa google. Maraming entries. Kapangalan niya. *The Namesake*, naalala niya ang nobelang ito ni Jhumpa Lahiri. May pelikula na ito. Hindi niya napanood. Nabagot siya sa nobela. Mas gusto niya ang koleksyon nito ng mga kuwento na nanalo ng Booker Prize, ang *The Interpreter of Maladies*.

Tumayo si Sadyah at kinuha sa salansan ng libro ang isang kopya ng kanyang aklat. Hindi ito mababasa ni Priya. Pero sige lang—isang alaala. Pabaon niya.

Kinuha niya ang Parker pen sa bulsa ng bag at isinulat sa unang pahina ng aklat ang ganito: *Hope this can find its space in your shelf and remind you of the intimate cravings of the mind and the senses. You're a beautiful memory.*

Oo, hindi pa man, isa nang alaala ang binata. Tulad sa kanyang pagsusulat ng mga kuwento, hindi pa man nakararating sa gitna, nakikita na niya ang "a note of quiet lyricism" na tipo ng *The End*. Ang lahat ng maganda ay malungkot dahil hindi tumatagal, sabi ng paborito niyang  Hapones na manunulat na si Yasunari Kawabata, bago si Haruki Murakami. "I love everything brief and find that in general the longer a work is, the less there is in it," nakatago naman ang linyang ito ni Godel sa kanyang cellphone.

INGLES SA ATING PAGITAN. Ito ang linya na dumating sa kanya habang sinusukat ng mga mata ang agwat ng kanilang mga balkonahe sa liwanag na nasasakop nito sa hangin na dumadaraan

sa pagitan ng Tower 1 at Tower 2. Ayon sa pagsampid ng naka-hanger niyang pantalon sa barandilya ng balkonahe nito, nasisiguro niya na sakaling maghahagis siya ng sampung pisong barya, sa kanyang taas na 5'2" at bigat na 55 kilos, tatama ito sa bintana at kakalansing sa sahig ng balkonahe. Ngunit maaaring hindi sapat para magulantang ang binata at tumigil sa kanyang ginagawa upang tingnan ito. Kailangang bato ang kanyang ipupukol. O di kaya, sunud-sunod na paghagis ng barya.

Ngunit hindi niya ito gagawin. Masamang biro. Saka puwede naman niya itong katukin. Ngunit hindi niya rin ito gagawin. Hindi rin naman yatang nakatutuwang sorpresa. Kailangang i-text niya muna ito. Na ginawa niya nga kagabi, Linggo, nang masilip niya ang bintana nito lampas alas dyes. Kakauwi niya galing sa panonood ng konsyerto ng Philharmonic Orchestra sa CCP. Paghawi niya ng kurtina, nakita niya ang bughaw at kahel na ilaw sa kuwarto ng binata. Ibig sabihin, nakauwi na ito galing Singapore.

*Hi! Hope you had a good trip. How are you tonite?*
Fine yet so tired babe. How about you?
*Fine too. May I return your stuffs tom?*
Why the rush babe?
*Coz I'm done with it. It will only take few mins ryt?*
You read fast babe. Soon please.
*Yeah. OK.*
Thanks, lady.

Lampas alas otso na ng gabi. Matingkad na itim ang kuwarto ni Priya. Na-trapik? Dinner somewhere? Business o date? Business syempre, giit ng kanyang isip. Lunes na Lunes, e. Pera, sabi ni Ishmael, maliban sa sex, ang umuokupa sa imahinasyon ng lalaki. Ganuon din silang babae, nahuhuli niyang sabi sa sarili. Man-woman difference, kaya emote siya sa balkonahe ngayong nakapanginginig ang hanging nagbabadya ng paparating na Pasko at sunud-sunod na pag-ulan.

HINAWI NIYA ang kurtina sa bintana. Ngayon, kumikislap-kislap, parang kidlat, ang liwanag sa kuwarto ng binata. Siguro, liwanag, refraksyon ng TV. *Animal Planet* na naman. O baka ngayon, HBO o BBC. Que horror, baka may ibang nag-come over?

Hindi. Dapat kanina nandito na sila at nag-dinner. Hindi na niya kailangang gumastos sa pelikula. Puwedeng imbitahin. Hindi maaari. Aalis na siya. He can't be serious. Tulad na he can't be serious with her, too?

Tiningnan niya ang oras, mag-a-alas diyes na. Simula nang silipin niya ang pagbabago ng ilaw sa bintana ng binata sa bawat pag-uwi niya buhat sa klase, napag-alaman niya ang regular na iskedyul nito: kadalasan, alas nuebe, natutulog na ito. Alas singko, gising na. Dahil nagwo-work-out ito, nabanggit niya, sa isang gym

sa Ermita. Hindi sa kilalang fitness center sa loob ng mall. Matipid siya, kung gayun, praktikal.

Isinara niya ang laptop, ang kurtina, at nagpaubaya sa lambot ng kanyang mga unan at kama, sa paniniwalang natutulog na ang binata kaya matutulog na rin siya. Linggo kinabukasan at sakaling hindi pa rin ito makikipagkita dahil mag-go-golf, hindi niya kailangang magmukmok. May sarili siyang interesanteng buhay. "Everyday is like Sunday," sabi ng *The Smiths*.

M*ORNING BABE. Join me for breakfast at PanPacific*. Ito ang text message na gumising sa kanya pagbukas niya ng cellphone. 6:40 ang rehistro nito at 7:15 na.

Napangiti siya sa buong pagbaybay ni Priya ng mga linya.

*Thanks, but just woke up, gwapo. Enjoy your breakfast,* sagot niya, sa buo ring pagbaybay. Magara ang PanPacific. Nabasa niya ang butler service dito.

*How about tonite then? Keep thinking about you babe*.

Napangiti si Sadyah. Bumangon siya at nagsuklay. Natuwa siya sa nakitang mukha sa salamin. Nagniningning siya.

Napansin niya ang libro na sinulatan niya ng dedikasyon kagabi. Nakapatong ito sa itaas ng laptop. Nagkarga siya ng baterya at sinagot ang mensahe.

*See you tonite then*. Dinugtungan niya ito ng smiley face. Binura. Ito ang ipinalit niya. *My place, for a change*. Smiley face. Wala dapat. Kailangang cold, distant, para lalong maintriga ang binata. Gusto pa rin ng lalaki ng hamon. Oo, dito sa lugar niya. Para siya ang may control. Ano kayang ayos ang gagawin niya?

Pinadala niya ito.

Nagsesepilyo siya nang sumagot ang binata. *Okay babe. Say 7 or so*.

Nagsalang muna siya ng mainit na tubig para sa kape. Nag-almusal ng nilagang itlog, kamatis, yogurt, at saging. Saka sumagot sa binata ng *Okay*. *Have a nice day*.

"WHAT DOES IT MEAN?" Nakatayo si Priya sa kanyang sala, lampas alas syete ng gabi. Naka-jersey shorts ito, kamiseta na may tatak na *Bohol Philippines*, at sandals. Binubuklat nito ang ibinigay niyang libro.

"Loneliness of Tongue."

"Really? Love it. Like...what's that novel...I love the title...The Heart is ..."

"*The Heart is a Lonely Hunter* by Carson McCullers. My...you've read it?"

"Not really...saw it in the bookstore and caught my attention...interesting title...Haven't read novels since high school."

"And you can't read my book, of course. It's okay…it's for remembrance. Read my dedication."

Binasa ito ni Priya nang tahimik. "Thank you…you're sweet."

Ngiti ang isinagot ng dalaga. Ibinigay niya rito ang stool. Kinuha niya ang red wine sa ref at naglagay sa wine glass. Sa laptop, "Dragon," ni Tori Amos ang tugtog. "Listen," sabi niya, "that's my song for you."

*Don't tell me/A woman did this to you/Candy lies/ Candy lies.*

Pinindot niya ang forward para sa mga linyang ito: *Stay awhile, stay awhile, stay awhile.*

"And here's another one." Natataranta siya na nag-click sa "Roosterspur Bridge" para sa mga linyang: *Sometimes I think/ I think I understand/The fear in the boy/The fire in the man/Sometimes I watch/The wonder in your eyes…*

Magkatabi sila, umiinom ng red wine. Sinubuan niya ang lalaki ng blueberry cheesecake. Nagmadali siya sa pagbili nito sa café ng Century Park. Kasama ang soft roll at cooked ham.

"Seems like she's Morrissey's female version," sabi ni Priya.

"Exactly. That's why I'm excited to share it with you."

"I think you should listen to Cris Cornell, too. He has this song, "Arms Around Your Love." I listened to it when I broke up with my girl two years ago."

Napaigtad si Sadyah. "Tell me your love story."

"I don't want to talk about it, babe."

"Why?"

"Because I don't want to talk about it."

"You're hurting."

"What is love without pain?"

Napatingin si Sadyah sa lalaki. Gusto niya ang linya nito.

"She belongs to the past," patuloy ni Priya.

"And the past is not important?"

"Do you know Paul McCartney? His latest album is *Memory Almost Full*."

"So we need to delete some files."

Tumangu-tango si Priya. "To save new memories. More beautiful, healthier memories."

Napatulala na si Sadyah. *How can you come in such a perfect time in my life? But why do you have to go away?*

"Guess you can get one in Starbucks," si Priya.

"I'll check. By the way, do you speak German?"

"No."

"So how will you survive Germany?"

"English. I've been to Europe twice."

Muling natulala ang dalaga, sa pag-boomerang ng mga ganitong linya sa kanyang isip: *Ingles sa ating pagitan. Hindi kapwa babae ang aking karibal sa'yo. Kundi distansya. Dahil ako ay Pilipino at ikaw ay Indian. Kakasya sa iisang napkin ng Starbucks ang ating love story.*

Narinig niya ang pagpapatuloy ng binata na anti-poor ang mga kumokontra sa pagkatuto ng kabataan

sa English. “Not until they learn English,” sabi nito, iyon lamang daw at makaaangat sa buhay ang mahihirap na Pilipino at Indian.

Hindi siya sumagot. Wala na siyang isyu bilang guro sa Tagalog at Filipino versus Ingles. Suportado niya ang pagpapakagaling sa Ingles, gayundin ang pagpasok sa kurikulum ng pangangailangang pagkakatuto sa iba pang wika sa bansa, kaalinsabay ang isa pang banyagang wika.

Inapuhap ni Priya ang kanyang likod. “We can chat and you can come visit me in India if I’ll be based there soon. Who knows, I might be doing some business here, too. My friend is starting up a travel agency. He’s staying in a 2-bedroom unit in Makati for 36 thou. Cost of living is more expensive here than in Bangkok, for instance.”

*Commuter relationship*, nabasa niya sa *Time*. Magandang bagay ang pag-asa, naisip niya, ngunit parang mas nababagay iyan para sa pag-ibig sa bayan. Hindi sa pag-iibigan ng dalawang nilalang.

“I want to have Indian music.”

Tumangu-tango si Priya, nakangiti. “For sure, you can buy some here.”

“Yeah, I think I just have to do research.”

“You know, I love Filipino music too. The likes of “Mr. Suwabe.” Parokya ni Edgar, Bamboo, Rivermaya. Filipinos are very talented.”

“Yeah, we are everywhere. How about Filipino movies?”

"I've watched "Pinoy Blonde" and "La Visa Loca." Got "Cavite" but haven't watched it yet. I've been swamped these days."

"Wow, you're into indie films. I want to write my own screenplay soon and direct my own film."

"I think you should, especially if you want to influence more people. It's more accessible than novels."

"You'll be my financier?"

Tumawa ang binata. "We'll see."

"You're scared."

"Why should I be?"

"You're being serious. Even my jokes… you take them seriously."

"Yes, I take things seriously, lady, and you're a cock teaser. Do you know that?"

"No."

"You know, that makes you more adorable, babe. You have no idea how attractive you are. You are tame and yet elusive. Strong and yet vulnerable. Educated and yet naïve. Perceptive and yet gullible."

"Wow, you're very perceptive, I'm impressed. You're defining me after what…weeks of seeing each other. Thought you don't want labeling and no wonder you're a successful businessman: you have a sweet tongue, a forked tongue, actually. Is that included in your tailored, customized MBA modules, Mr. Priya Iyer?"

Natawa ang binata. Pagkatapos, idinantay nito ang hintuturo sa mga labi ng dalaga. Maya-maya, hinalikan. Isang ambon.

Inihilig ni Sadyah pakanan ang kanyang ulo. Ipinikit ang mga mata. Nagiging ulan ang intensidad ng paghalik sa kanya ng binata. Binubulong ng isang bahagi ng kanyang utak ang nabasa niya sa *The Art of War* ni Sun Tzu: ang malakas lamang ang may kakayahang maging mahina. Binubulong din ng kanyang utak ang *A Lover's Discourse* ni Roland Barthes. Nasisiguro niyang hindi ito nabasa ni Priya. Samantalang siya, binabasa niya, at babasahin, ang buong library nito.

Nagkaroon ng bagyo sa kanyang kuwarto.

# 25

KAKASYA SA NAPKIN ng Starbucks ang kanilang love story ni Priya Iyer.

Ang malambot at kulay-lupa na napkin na may nakasulat: *Made from 100% recycled fibers. Minimum 40% post-consumer material. No bleach was used to make this napkin.* Dito siya sumusulat ng grocery list. Nang marinig mula sa isang kaibigan na madali itong mag-absorb ng oily skin, ito na rin ang ginagawa niyang facial tissue.

Napkin ng Starbucks ang iniabot niya sa binata nang humingi ito ng tissue. Malayo ang tuwalya, nakasabit sa banyo. Nanghihina siya.

Pinunas ito ng binata sa kanyang tiyan, sa kanyang dibdib, kung saan naging fireworks ang tamod nito.

"Can we have shower?" tanong ni Priya.

"Sure."

Binuhat siya ng binata papuntang bathroom.

Sinabunan siya ng binata. Sa itaas ng inidoro, may bango ang scented candle, katabi ang bonsai na cactus.

Gumanti siya. Kinuha niya ang sabon sa binata at hinaplos sa ari nito, hanggang sa perineum, ang sinasabing nakaliligtaang male erogenous zone na nabasa niya sa blog ng isang pleasure coach. Hindi na niya kailangang abutin ang bote ng aromatherapy sa katabing rack. "From where are you? How's your family?" tanong ng binata. Nagbabanlaw na sila. Gusto niyang gayahin ang sagot nito na "I don't want to talk about it." Ngunit, sa halip, isinara niya ang gripo, tumuntong sa tiles, at muling siniil ng halik si Priya. Ipinulupot niya ang isang paa sa beywang nito, para muling salubungin ang nagsisimula na namang Pinocchio na ilong nito sa mga hita. *Ubusin mo,* sigaw ng kanyang utak, *sa iyong gym-sculpted muscles, sa iyong Indian-inflected English, sa ating ungol sa Ingles, ang lahat ng kati nasa libog lungkot na nananahan sa aking buto't kalamnan, sa aking isipan at kaluluwa. Ipakita mo sa akin ang Himalayas upang ito ang pumalit sa kabundukan ng Panay sa screensaver ng aking utak.*

"Ravage me, ravage me," ungol niya.

"I will, babe."

Ang dagundong ng banyo, lindol para sa kabilang kuwarto. Napakapit siya sa dutsa, natumba ang shampoo at conditioner sa rack, katabi ng sabon na tested and proven niya. Gusto niyang abutin ang tuwalya. Ngunit naging langit ang kisame na may nagkikislapang bituin

at narinig niya ang pagsabi ni Priya na "Can I come now, babe?" Oo, sagot niya. Putcha, hindi pa siya tapos. *Guuusto kooo paaaa*. Animo'y nakikita niya ang mukha ni Teresa sa kisame na nagsasabing *Girl, sure, makalilipad ka, malayung-malayo sa kabundukan ng Panay ngunit tulad ng orgasmong hindi maibigay sa'yo ng lalaking 'yan sa kanyang 6-pack, tandaan mong may Hitler may Stalin may Khmer Rouge may Darfur may Afghanistan may Bush may India at Pakistan at Tibet at China kung kaya't masusulat mo ang inyong love story sa napkin ng Starbucks kaya ang kasubu kang dila ang lumbay ng dila the loneliness of tongue dahil magkaiba ang panahon nina Jose Rizal at Magdalena Jalandoni kaya ang pagdurugo ng isipan at puso tulad ng mga talulot ng gumamela at bogambilya sa tag-araw ng hinog na mangga na ngayon mabibili mo na lang sa supermarket dahil hindi pa namumulaklak ang punong mangga sa gitna ng palayan sa Barasanan, Dao Antique*.

Kumapit siya sa dutsa sa pagbaon-hugot ni Priya sa kanyang likod sa parang pusang naglalambing na ungol nito hanggang sa hugutin niya ito't sumabog-saboy—isa na namang fireworks display—ngayon sa naka-arko niyang likod. Pinihit niya ang dutsa at umagos ang malamig na tubig, muling bumula ang sabon, ipinunas ni Priya ang tuwalyang nakasabit pagkatapos inabot sa kanya, at binalabal niya ito sa katawan. Lumabas sila ng banyo; si Priya sa kanyang kahubdan, at isa-isang dinampot ang damit sa sahig, sa paanan ng kama.

“Dawkins was a delicious read. I would have not discovered him if not for you. Thanks, dear,” sabi niya.

“Welcome, babe. You know what, you should watch him in YouTube. He’s more wonderful when he’s speaking. I’ll forward you some interviews.”

Nagsuklay siya ng buhok, kaharap sa salamin. “Sure.”

“You’re not listening.” Sinusuklay ni Priya ng mga daliri ang buhok.

“I’m sleepy na, dear. Got an early class tom.”

“Okay, night.”

Tinanggap niya ang halik ng binata sa kanyang noo. Muling naglapat ang kanilang mga labi. Bahagya niyang itinulak ang kanilang katawan palapit sa pinto. Sandaling napasandal sila doon, sa magkadikit na mga labi, hanggang sa kumalas siya. Binuksan niya ang pinto.

Kumaway sa kanya ang binata.

“Ingat, sabi niya, at naging isang pag-take-off ng eroplano, papalayo sa kanya, ang mga hakbang nito. Isinara niya ang pinto.

Naupo siya sa sala, sa kanyang wine glass at blueberry cheesecake.

SIYA, si Sadyah Zapanta Lopez, hinuhusgahan niya ang mga lalaki sa kulay ng kanilang briefs. Lahat sila, puti. Si Stephen. Si Ishmael. Pati si Priya! Bagama’t hindi niya natingnan kung 100% cotton, made in China, o hindi.

Lumipas ang isang araw, ang isa pang araw, na walang mensahe mula kay Priya. Hindi rin siya nag-text. Hindi na niya kailangang patunayan ang kanyang pagkababae. Ngunit naiinis siya. Naging bugnutin. Nag-aalinlangan na siyang lumabas sa kanyang balkonahe. Na para bang kapag nagsasampay siya roon, hindi niya kailangang tumingala sa bintana ng binata. Baka mahuli siya nitong nakatingin doon. Na para bang tuwing hapon at gusto niyang maabutan ang papalubog na araw sa Manila Bay, at naroon ang binata sa kanyang banyo kung saan kitang-kita siya, iisipin nito na sinasadya niyang magpakita. "Oh, you're home," nabanggit sa kanya ng binata, na madudungaw siya nito sa maliit na bintana ng kanyang banyo. Kapag nakabukas nga raw ang kanyang pinto, nakikita niya ang kama nito. Siya sa harap ng salamin.

Bigla, nainis siya sa malalakas na tugtog ng mga kapitbahay. Gusto niyang magreklamo sa management; sasabihing naka-iPod na ngayon ang mga tao dahil gusto ng personalized na playlist. Dapat iniiwan sa probinsya ang pagpapatugtog nang malakas.

Hindi niya naiwasang ikumpara sina Ishmael at Priya. Ipakikilala rin ba siya nito sa kanyang pamilya't kaibigan? Ipagtitimpla rin ba siya nito ng kape, ng juice, ng Milo? Mag-aabala ba ito sa kung ano ang gusto niyang kainin? Mahihila ba niya ang binata sa paggo-grocery? Sa panonood ng mga dula at konsyerto? Kaya ba nitong maging streetsmart sakaling ma-lay-off sa corporate world?

Kung nakikipaglaro si Priya, ayaw niyang sabayan ito. Itinuon niya ang isip sa trabaho, sa kanyang disertasyon, sa pag-aabang na pakikitagpo kay Teresa, sa pangungulila sa isang mahabang pakikipag-usap sa kanyang Lolo Marcelo.

Binalangkas niya nang sumunod na gabi ang kanyang nobela. May natuklasan siya. Mula sa isang kabanata sa "The Lacson House in Iloilo" sa ***Pasana-aw: Vignettes on Bisayan History and Culture*** ni Henry Funtecha, isang propesor ng Kasaysayan sa UPV. Inilimbag ito ng University of San Agustin noong 2004. Sinasabi dito na nakadaan si Jose Rizal sa Molo, Iloilo noong 1896, nang galing ito sa Dapitan kung saan nabilanggo siya ng apat na taon, pabalik sa Manila. Napamangha si Rizal sa bahay ni Don Lucio Lacson, isang mayamang hacendero ng Iloilo, habang pinagmamasdan ito mula sa plaza ng Molo, kaharap ng simbahan.

Naisip niyang dito ikatig ang unang pagtatagpo nina Magdalena Jalandoni at Jose Rizal. Natulog siya sa *what if* para sa kanyang nobela.

Hapon nang sumunod na araw, galing sa klase, patawid pauwi, nakita niya si Priya. Kababababa nito ng taxi. Dire-diretso itong pumasok ng gusali. Hindi siya nagkakamali. Si Priya iyon: ang lapad ng likod nito, ang paglalakad, ang tayo ng buhok.

Hinawi niya ang kanyang kurtina. Maliwanag, sa kaputian, ang ilaw sa kuwarto ng binata. Pinigilan niya ang sarili na i-text ito. Hanggang sa burahin niya ang numero ng binata sa cellphone.

Binuksan niya ang laptop at isinalang sa blangkong pahina ng Microsoft Word ang pamimigat ng dibdib.

Ito ang biyaya ng gabing iyon. Isang tula, na hindi niya isusumite para mailimbag at magamit sa rehiring, renewal, promosyon. Ibibigay niya ito kay Priya. Dagdag na pabaon.

***You, A Distant Tenderness***

For Priya Iyer

Between us is a balcony where light shines as a window
And the air moves from my door down and up in the elevator
To your door: a knock that allows us to be a roadside tree
In each other's life, and in the bird-like sadness of your eyes
My mouth in its hunger and sinfulness finds your hardness.

Between us is English and I love to moan your name
In its short vowels and consonants and in my mother tongue
There is one word I would like you to know: *Palangga —*
*Ga,* as I hear myself calling you; *Dear* in my text messages.
Because you are a whole new world and yet familiar
Like our cold showers, our beds, pillow talks of books
and travels.

Between us is the last kiss to the next after the door closes.
Calmed by our breaths, by each other's smell and weight,
We rest in our new skins and fall asleep in separate beds
Because we can only both love what we cannot own. And yet,

Among the living things are You and I: again and again,
we will find
Our steps back into each other's arms, the way the sun sets above Manila Bay, golden as our longings,
the twin towers we call home—inflame.

Kinabukasan, inimprenta niya ito at inilagay sa isang espesyal na sobre.

Pag-uwi, dumiretso siya sa kabilang gusali. Isinakay niya ang pamamaalam na ito sa elevator, at isinulot sa pinto ng kuwarto ng binata. Siguradong makikita ito ni Priya. Nakasobre ito, maganda; hindi mapagkakamalang flyer ng kung anu-anong kabubukas na negosyo sa loob ng gusali.

Nasisiguro niya ring magti-text sa kanya ang binata. Dahil tulad ni Stephen at ni Ishmael, hindi lang nagpapaka-disente si Priya, nagpapaka-maginoo rin. Katulad din ng kanyang pagpapaka-disente at pagpapaka-*sweet*. Makikipagkita siya para sa *the end of the affair.* Walang pakikipagniig na mangyayari. Sa halip, iimbitahin niya ang binata na sumakay sila sa kalesa sa Intramuros. Pagkatapos, kakain sila ng sampaguita ice cream sa Ilustrado. Sa hardin. Pag-uwi, sa harap sila ng elevator patungo sa kanyang palapag maghihiwalay. Itataas niya ang kanyang kanang kamay, ilalapit sa mga labi ng binata, para ito ang mahahalikan. Ang *goodbye kiss*.

Kung nais nito ng isa pang pakikipagniig, ikukuwento niya ang Barasanan, Dao, Antique. Yayayain

niya ang binata. Kapag sumama ito at mamalas na nito ang palayan, iyon lamang, iyon lamang at magiging isang malawak na kama para sa kanila ang lupaing ipinamana ni Apoy Ati Bulalakaw.

Pagbalik sa kuwarto, kumain siya ng blueberry cheesecake at uminom ng red wine. Pabalik-balik siya. Pabukas-bukas ng pinto sa kanyang balkonahe. Alas otso na. Wala pa ring text mula kay Priya at nakailaw na ang kuwarto nito. Maaari kayang hindi napansin ang sobre? Nasipa sa pagbukas ng pinto at nakamukmok ito ngayon doon sa sulok, itinago ng basahan? O maaari kayang hindi ito nagustuhan ng binata? O nabasa niya ito, binasa, ngunit tulad ng mga tipikal na negosyante, walang kuwenta rin ang tula para sa kanya? Nakababad ito ngayon sa panonood ng *Animal Planet* at nakalimutan man lamang siyang i-text? Binura rin ang kanyang numero pagkatapos ng gabing iyon?

Maraming salita ang dumaloy sa kanya. Binuksan niya ang laptop at isinatitik ang marami pang kaisipan. Ang delubyo ng emosyon. Upang hindi siya magpapatiwakal o tumalon sa ika-27 na palapag ng gusali. Isa itong katangahan. Namatay para sa bayan ang kanyang mga mahal sa buhay. Siya, si Sadyah Zapanta Lopez, ay hindi magpapakamatay para sa isang lalaking dayuhan.

I marvel at your beauty, my lover
For you cannot be mine.
This is happiness, the way I feel about the clear blue sky

Over the rice fields at home as if they are not real
I have to save them as screensaver in my laptop.
I am always watching for the smiles in your eyes as fast as I want to catch
Your accent and jokes so I can keep them and unfold when necessary,
Like when I am wondering if you think of me at night
Or if you can pronounce my real name when someday I am but a Word,
No longer a flesh as brown and moist as the soil of my country; a taste as salty
As seas where you get your tans; a smell of both sun and monsoon rain;
A whole body bending, stretching, arching to your will every time you desire
To map as you would perhaps love to travel this whole archipelago.

Naging parang robot siya nang maisara ang laptop. Naglalagay siya ng anti-aging cream sa mukha nang tumunog ang kanyang cellphone. Isang lipad ng mga kamay ang pagdaklot niya rito sa kama.

I love it, babe. You are so sweet, it is breaking my defenses. I don't want this to end by all means, babe. Pls, may I see you again, now?

*I am tired, gwapo. I'm so sorry.*

Okay, babe. Have a good rest then. How about tomorrow? Say dinner, 7 or so.

*I'll let you know, gwapo. Ok, got to rest. Goodnite.*

Goodnite, sweetie. I miss you. Keep thinking of you.

Napasubsob siya sa kama. Minura niya ang sarili sa napakabilis niyang pagsagot. Dapat pinag-isipan niya, dapat nakipaglaro siya.

Binuksan niya ang pinto sa balkonahe. Lumabas siya, tumayo doon, at tiningala ang kuwarto ni Priya.

Iyon ang tama. Tama ang kanyang sinagot. *Bukas, bukas.*

*MY PLACE, babe*. Ito ang mensahe sa kanya ni Priya, bandang alas kuwatro ng hapon. Nasa departamento siya. Nagmamarka ng mga papel.

Papayag ba siya? Nasa kanya ang control sa pagsasabi na “got to go.” Pipigilan ba siya ng binata? Maaari. At nasa kanya pa rin ang desisyon. Magiging malakas ba siya? Nagawa niya ito sa huling pakikipagkita kay Stephen, sa huling pakikipaghiwalay kay Ishmael.

*I want to show you something, babe*. Isa pang mensahe ng binata, sa tagal ng kanyang patlang.

*Ok. See you by 7 then*. Sagot niya, at pinindot ang Save, para sa numero ng binata. Kunsabagay, naisip niya, mga huling araw na nila ito. Itatago niya muna uli ang numero nito bago ito tuluyang mawalan ng silbi.

Nagbihis siya, nagwisik ng pabango, at inilagay sa isang paper bag ang mga libro ni Priya. Ito ang kanyang bitbit, kasama ang kanyang susi at cellphone.

Natuwa siya sa pambahay na suot ng binata: shorts, kamiseta. Kakaiba sa executive look nito nang makita niya noong isang araw.

Naghalikan sila sa pisngi. Patay-malisya. Larong Ragnarok ang nakasalang sa TV nito. Naka-mute. Naka-pause.

Ipinatong niya ang paper bag sa mesa. "Thanks, I'm already in love with Dawkins. I think his books are not only for atheists."

"I totally agree, lady."

"But you know, reading *The God Delusion* made me think of what use do we have of more knowledge if it will also lead us away from things like love?"

"I believe in love," sagot ng binata. "But yes, I get your point. Well…that's what our education did to us. And you know what I really like about you?"

"What?"

"You are not extreme."

"Really."

"Yes. You are passionate and yet critical."

"You're defining me again, huh," natawa siya. "Not so scary then?"

Natawa sila.

"Yes," tango ni Priya.

"Were the rest either simply passionate or critical? Not a lethal combination?"

"Hmm…yes…you're the best of Filipina."

"I will not argue with that."

Natawa uli sila. Malakas.

Dumadagundong sa isipan ni Sadyah na talaga bang may dahilan ang lahat? Bakit magkapitbahay sila? Maaari namang kaharap niya ang Makati.

"You're playing Ragnarok," nasabi niya. "I used to play that...got curious..and I wrote a paper on it...on popular culture."

"That's interesting," sagot ng binata. Naupo ito sa sahig, kinawayan siyang tumabi. Naglaro sila.

Hinayaan siya ng binata. Kinuha nito ang laptop, may pananabik sa pagbukas. "I want to show you something."

Music na naman, naisip ng dalaga. Sino na naman kayang singer ang ipakikilala sa kanya. Video ni Ayn Rand, ni Richard Dawkins? Pictures ng India? My... ng pamilya nito?!

Video File. *Philippine Beauty.*

"I love the soundtrack," sabi ni Sadyah habang nagda-download ang file.

Tumangu-tango si Priya, sumusunod sa musika. "It's "Dreaming in Metaphors." Do you know Seal?"

Umiling ang dalaga. "Just now," bawi niya, sabay tawa. "Thanks, Mr. Priya Iyer."

You're most welcome, Miss Lopez."

Itinuon nila ang pansin sa video: kuweba at lagoon sa Busuanga, Palawan at Coron at El Nido; Chocolate Hills at tarsier at Loboc River sa Bohol; dalampasigan at paglubog ng araw sa Boracay at Baywalk; mga batang magsasampaguita sa Roxas Boulevard, at isang bahaghari sa palayan.

"Where's that? It's marvelous!"

"Yes, ...that's in Aklan...we were in the car and then I said, stop, I have to catch it. One of those trips in Boracay."

"We are near there."

"Really? Why didn't you tell me?"

"You did not ask."

"So now I'm asking. You're from Aklan?"

"No. Antique. We have....Have you been to Iloilo?"

"I've heard of Guimaras. We were supposed to go there but swamped by work. So when are you going to invite me to Antique?"

"I will only invite a guy to our place if that guy is the one I'm gonna marry."

Natahimik ang binata. Sumasabay ang ulo sa musika. "You've got to buy the ring, sweetie."

"I haven't thought of that. But why not, right?"

"Yeah, why not."

Nagkatinginan sila.

"***Buang,***" sabi ni Sadyah.

"Ano?"

"***Buang***. Luko-luko. Crazy."

"I think I'm falling for you."

"We have it reversed."

"There are no hard and fast rules."

"I want you to call me by my name—Sadyah. Because that means 'happy'. And I'm now happy."

"Oo, mahal."

"Palangga, in my mother tongue."

"Palangga."

Tumangu-tango sila. Nagkangitian. Napatawa. Nagyakapan. Naghalikan. Nang kapain ni Priya ang kanyang mga hita, kumalas siya. "I want us to go slow this time."

"Like no pressure…let's take it one day at a time."

"Yes," napatangu-tango siya. Napakabilis pa rin. Hindi ito ang kanyang iskrip.

Nagkangitian sila. May panggigigil. Sinuyod ng hintuturo ng binata ang kanyang mga kilay, ang kanyang ilong, ang kanyang mukha.

Nagkakaintindihan, walang maraming paliwanag. Wala ring kailangang patunayan pagdating sa pakikipagniig.

"Okay. Can we dance?"

Doon nagsara, sa bayle na iyon, ang gabi.

LAMPAS alas singko ng hapon. Kararating niya lang galing sa klase nang marinig ang malakas na katok sa pinto. Ang guwardiya. Iniabot sa kanya ang isang sobre.

Nanginginig ang kanyang mga daliri sa pagbubukas nito.

Isang imbitasyon galing kay Priya. *Dinner at 7, Bistro Remedios. Please come down now, my palangga.*

Nataranta siya. Gusto pa niyang maligo. Ayaw niyang magmadali sa pagbihis, sa pag-aayos.

Iyon nga ang kanyang ginawa. Maghihintay ang kanyang prinsipe. Susubukan niya ang pasensya nito. Titingnan niya kung paano ito mainis.

Ngunit walang Priya na naghihintay sa kanya sa ibaba. Isang mamang kutsero sa kanyang kalesa ang naroon. Isang oras na raw ito naghihintay, sabi ng guwardiya.

Isang paglipad ang pag-akyat niya sa kalesa. Bigla, nagsulputan ang mga mababangong bulaklak sa kalsada. Matitingkad na bulaklak. Naging hardin ang trapik ng hapon sa kahabaan ng Vito Cruz. Awang-awa siya sa kabayo ngunit nagpaka-prinsesa siya—nakalutang, nililipad ng kanyang mahiwagang panyo.

Inakay siya ng weytres patungo sa isang maliit na kuwarto ng restaurant. Nakaupo na roon si Priya. Abot-tainga ang ngiti. "You're beautiful," sabi nito, sinusuyod ang kanyang kabuuan. Naka-bestida siya, walang manggas, hanggang tuhod, hapit sa kanyang katawan.

Hindi nila kailangang pag-usapan ang trapik. Lumapit na ang weyter para sa kanilang order. Pumasok na ang isang may-edad at mestisang babae kasama ang gitarista para sa isang harana. "Ikaw" ang una nitong kinanta. Hiniling ni Sadyah ang "Historia de un Amor," "Ang Tangi Kong Pag-ibig," at ang "Unchained Melody."

Magkahawak-kamay sila ni Priya. Inangkin nila ang pag-ibig sa mga kantang iyon.

Doon niya naikuwento kay Priya ang Barasanan: ang pangarap niya na Balay Sugidanun at nursery ng mahogany.

"You have a good heart," sabi ng binata, "don't be too hard on yourself, palangga."

Nang madaling-araw na iyon, nagpaalam si Priya sa Manila, para sa Munich, Germany.

Tumawag pa ito sa dalaga sa airport.

Tuluyang binura ni Sadyah ang numero nito nang maibaba ang kanyang cellphone.

Nag-mall siya para bumili ng webcam.

Iniraos niya ang gabi sa kanyang balkonahe. Hindi na niya kailangang hawiin ang kurtina ng kanyang bintana. Ito ang iniwan sa kanya ni Priya—ang buong balkonahe at bintana nito at ang maliit na bintana ng kanyang banyo—kanyang-kanya na sa pagtitingala't pangungulila.

Iyon at nasemento ang desisyon niyang umuwi sa Barasanan. Natatag ito hindi sa kalungkutan, kundi sa puso niya na punung-puno ng bagong pag-asa at pangarap.

Bago ang bakasyon na iyon ng Abril, nakasulat siya ng isa pang tula. Dahil hindi na isang buntunghininga si Priya sa kanilang pagtsa-chat, sa kanilang mga email, at manaka-nakang pagsulpot ng tawag mula Munich.

**Banyaga ang Tubig na Aking Mahal**

Para kay Priya Iyer, na aabutin habambuhay sa pagbabasa nito

Banyaga ang tubig na aking mahal. Wala akong sinok o uhaw. Sa baryo, tubig-sapa ang lamig ng banga. Mula sa balon, napuno ang galon. Dito sa condo, pinabasa ko sa iyo ang memo.

Sumasahod ako ng balde sa baryo. Bangin ang labahan sa poso na bigay ng pulitiko. Sumasalok ang aking mga mata ng tubig sa kalsada ng Manila. Gusto kong punuin

Mala-tadyaw, itong bote ng alak na ating iniinom. Pinansin mo ang pagsahod ko ng palanggana sa lababo. Tubig, hingi mo, at gusto kong languyin ang iyong bunganga.

Pinabasa ko sa iyo ang memo: walang tubig mula alas otso ng umaga hanggang alas singko. Sinabi mong ubusin natin ang alak upang malagyan ko ng tubig. Napahiga tayo sa mala-bukid na labahan sa sofa.

Naiwan ko ang balde sa baryo. /kilo ang labahan sa kanto. Bumangon ako at pinuno ko ang palanggana at nagsepilyo. Hinalikan mo ako at distilled water ang aking nainom.

Binabaha ang Manila sa ambon at sumasalok ang aking mga mata. Sabi ng radyo, newspaper, TV, internet, text messages, bumababa ang tubig—naghihingalo ang La Mesa Dam.
Kinuha ko sa iyo ang basyo ng alak at pinuno ng tubig-gripo. Bumalik ako sa sofa, sa bukid ng labahan, at pinangarap na La Mesa Dam ang iyong bunganga. Nilangoy ko ito, at sa unang pagkakataon, ngayon lamang ako nasinok.

# 26

I*TO NA ang tamang panahon, Sadyah. Kailangan mo nang makipagkita sa iyong ina. Kay Teresa ang totoong kuwento, wala rito sa Barasanan!*

Ito ang alingawngaw ngayong tanghaling-tapat ng Hunyo, at siya—si Sadyah Zapanta Lopez—nakatayo sa burol na ito ng kanyang kabataan sa taas niyang 5'2" at timbang na 55 kilos.

Walang tili na narinig ang baryo. Marahil naiwan sa Manila ang kakayahan niyang humiyaw ng YES! Nakalaan sa UAAP basketball—DLSU Green Archers vs. Ateneo Blue Eagles.

Katiyakan ang dumadaloy sa kanyang kalooban. Nagugustuhan niya ang damdamin na ito: isang mapanatag na tapang.

Sa di-kalayuan, isang pakurbang-V ang lipad ng mga ibon. Lumipat siya ng kinatatayuan, malapit sa halamang

tanglad na ang mga dahon ay malulusog at luntiang matingkad.

Dalawang hanay na ng mga ibon ang nagliliparan ngayon sa ibabaw ng palayan. Sa di-kalayuan, nanatiling isang sayaw ang patuloy na pagbaon sa lupa nina Nene at Nonoy ng mga sanga ng madre de cacao.

Hinugot niya sa bulsa ang cellphone. Naging isa nang gawi ng kanyang isip ang pagtukoy kay Ishmael bilang kanyang magiting na kabalyero. *Samahan mo ako, punta tayo kay Abdul, pakiusapan mo, gawan niya ng paraan para magkita lang kami ni Teresa. Sige na, magko-convert ako sa Islam*. Ngunit nabura na niya ang numero ni Ishmael. Inalala niya ito ngunit hindi na siya sigurado sa mga huling numero.

Nananahimik na ito sa Naga, kung hindi man abala sa paghahanda ng mga papeles patungong Canada. Kung gagawin niya ang pakiusap na ito, siguradong makikipagkita ito. Sakali ngang magkita sila ng kanyang ina sa tulong ni Ishmael at ng kaibigan nitong si Abdul, kailangan niyang panindigan ang kanyang salita. Ibig sabihin, magpapakasal na sila ni Ishmael.

Napahawak siya sa dibdib, isang pagkakamusta sa kanyang puso. Namamahinga na ito ngayon kay Priya. Nag-chat sila kagabi, sa bago niyang email—ang *sadyah@gmail*. Nag-upload ang nobyo ng isang video sa YouTube. *For you, Sadyah,* ang nakalagay na mensahe. 117 ang huling nakatala na tumingin dito. Isa itong video ng mga napuntahang lugar ng binata sa Germany, sa Denmark, sa Paris, sa London, sa Italy.

“Finally Forever” ni Cris Cornell ang saliw nitong tugtog. Nag-usap din sila sa pamamagitan ng ***Skype*** at sa kani-kanilang earphone, sabay nilang kinanta ang koro nito na “There’s no hill I will not climb for you/ No bridge I won’t cross.”

Higit na nagugustuhan niya ang kanyang puso ngayon: hindi na lamang ito matapang kundi mapanatag; higit na mapapagkatiwalaan.

Ngunit ayaw niyang ibalita ito kay Priya, tulad na ayaw pa niyang ikuwento ang tungkol sa kanila ng lalaking ito kay Nene. May dangal sa pagsasarili ng pinakamarubdob na damdamin, tulad ng pananalig at paggalang sa pagpapatunay na ibibigay ng panahon.

Katulad ng balita ngayon na nagpapawalang-sala sa kanyang Lolo Marcelo—sa kanilang buong pamilya. Katulad sa hindi na niya maipagpapaliban ang pakikitagpo sa kanyang ina. Pagdating ng panahong ito—katulad ng pagdating nito ngayon sa kanya—siya mismo ang magbibigay ng singsing kay Priya. Sakaling tatanggihan ito ng binata, iyon lamang at tatapusin niya ang kanyang nobela, at handa na siyang mamatay.

Naalala niya si Stephen, si Atty. Stephen Chua. Nakikita niya ang paglakad nito papasok sa Starbucks nang gabing iyon ng kanilang eyeball, sa pagtawid nito sa baha sa unang punta nito sa kanya, sa paglabas nito sa pinto ng kanyang apartment nang hapong iyon ng kanilang paghihiwalay. Nabasa niya sa diyaryo na nakapasa nito sa bar exam. Noong 41% lang ng 5461 na bar examinees ang nakapasa. Nang i-google niya rin ito, may lumabas

na dalawang entry: ang pagbati rito ng isang pahayagan sa Pagadian at ang pagiging kasalukuyang Associate nito sa isang kilalang law firm sa Makati. Litigation, Intellectual Property Rights, at Human Rights Abuses ang nakalagay na espesyalisasyon ng binata.

Higit limang taon na; karapat-dapat na siya sa *prudence* na pinangaral sa kanya ng binata. Dinayal niya ang natatandaang numero nito ng kanilang bahay sa Binondo. Madali niya itong nasaulo, at ngayon naaalala, dahil malapit ito sa pagkakabaliktad sa trunk line ng unibersidad.

Tumunog. May sumagot—isang babae. Nakiusap siya tungkol sa binata. Pinahintay siya.

Nanginig siya. May ganitong epekto ang bawat pagtatagpo nila ni Stephen. Kahit tiwala siya na hindi ito ibababa ng binata sakaling makilala kaagad ang kanyang boses. May kuwento pa ito na hindi naririnig sa kanya. Sakali mang hindi na interesado ang binata, alam niyang magiging maginoo pa rin ito, dahil si Stephen ang tipo ng lalaki na naniniwala sa kanyang sarili bilang sadyang kagalang-galang at mas magaling kaysa karamihan.

Naririnig niya ang papalapit na hakbang, ang pag-angat ng telepono.

Nagkumustahan sila. May pag-iingat, may hiyaan.

Hanggang sa ikinuwento niya na nasa Barasanan siya ngayon at kaninang umaga, kalalapag lang ni Nene ng kanyang almusal na piniritong danggit, sinugbang talong at nilagang itlog, umaasu-aso ang kanin na sinandomeng, nagbu-brew sa French Press

ng Starbucks ang baon niyang ***House Blend,*** nagda-download ang Multiply, ang Horoscope, ang YouTube at biglang umulan. Parang nag-uunahang hakbang ng mga pasahero sa LRT at MRT ang pagpatak nito sa bubungan. Nagmamadali si Nonoy na lumabas para isahod ang timba mula sa tulo ng bubungan. Pagkatapos nagpaalam ito na pupunta sa palayan para tingnan kung may nabutas na mga pilapil. Baka tuluy-tuloy na ang ulan. Naghihiyawan sina Joshua at Angela, nakalabas ang mga palad sa bukas na bintana sa kanyang gilid sa kuwarto, sumasahod sa ulan.

Memory of Wetness, Alaala ng Pagkabasa—pamagat niya sa kanyang blog. *Isang tubig ang alaala na humahagunos sa tamang panahon. Katulad ngayong umuulan at gusto kong maniwala sa muling pagkaluntian ng bukid.*

Ngunit hindi niya naipagpatuloy ang linyang ito. Humahangos na bumalik si Nonoy. ***Buksi ang radyo***, sigaw nito, ***buksi ang radyo.*** Makinig sa Bombo! Narinig nito mula sa banggerahan ng kapitbahay ang pag-anunsyo ng anchorman ng Bombo sa breaking news na kaagad din nag-flash sa kanyang cellphone: ***Former Antique Assemblyman Marcelo Lopez, acquitted after 21 years of trial!***

"If I can help, sabihin mo lang." Ito ang sagot ni Stephen.

"May balita na nasa Manila si Teresa. Worst-case scenario, nakabilanggo siya. Na naman. Gusto ko na siyang makita, Steph. Baka may mapagtanungan ka."

"Imposible na hindi mababalita dahil high-profile siya. Dating kumander, di ba? At kasama rin siya sa masaker na 'yun."

"Pero ang dami namang hindi nababalita, di ba? Buti nga sana kung hindi siya nakabilanggo uli. Basta, malakas ang kutob ko na buhay pa siya. Buhay pa. Steph, in case kailangan ko ng abogado, ikaw ang kukunin ko, ha?"

Tumawa ang binata. Para bang namamangha sa tiwala nito sa kanya. Dahil bata pa siya, wala pang sapat na karanasan. Gayunman, tila buo ang tiwala ng dalaga. Sa kabila ng lahat.

Napatawa rin si Sadyah. Iyong para bang, oo naman, ang galing mo e, saka dahil ex-lovers tayo.

"Nagkita na kayo ng Lolo mo? Baka may alam siya."

"Mula sa bilangguan?"

"Malay mo. Marami pa ring tauhan 'yun, di ba? Tingnan mo, na-acquit nga."

"Gusto kong makita muna si Teresa bago siya."

"Bakit? Na-acquit na siya, a...vindicated. You don't trust the law."

"Gusto kong marinig ang versyon ni Teresa. Siya ang nasa aksyon nang gabing 'yun."

"Most of the time, gusto nating malaman kung ano nga ba ang nangyari, ano nga ba ang totoo, only to be disappointed. Hanggang mag-give up tayo sa tao who always happens to be a loved one. Ganun din sa *cause*."

"Wow, napaka-profound naman. I want to talk to you, Steph. Brilliant mo talaga. I will not be surprised if someday, nasa Congress ka na o sa Senate. Huwag kang pako-corrupt, ha."

Natawa ang binata.

"Plano ko magpa-photocopy ng desisyon ng korte. Wala namang problema dun, di ba."

"It's a public document."

"I'll be back in Manila soon. P'wede pa kaya tayong magkita, Steph? I mean, as a friend…friend lang talaga. Or client, if you want it that way. Pero pro bono muna."

Natawa uli ang binata. Nakikita ni Sadyah ang paniningkit ng mga mata nito.

"I'm busy…"

"Busy ka naman palagi, e. Ever since. Walang katapusan 'yan."

"And'yan ka na naman…may girlfriend na ako."

"Ako rin."

"Lesbian ka na?"

"Ano ka ba?" Natawa si Sadyah. Nagkatawanan sila. "I'm soon to be engaged."

"That's good."

"Kaya I'm sure na of myself, maghubad ka man sa harap ko."

"Talaga?"

"Oo."

"What really happened? Di mo na ako kinontak after that."

Katahimikan.

"Kaya I want to see you...let's have coffee...for closure."

Katahimikan.

"Wala pa rin ba?"

"Napatawad ko na ang sarili ko, napatawad na kita. Matagal na. Marami na'ng nagyari."

"So bakit magkikita pa tayo?"

"So bakit itinanong mo 'yun? Bakit gusto mo rin malaman ang katotohanan?

Katahimikan.

"Kung ayaw mo, hindi ako namimilit. Thank you for answering this call...sa pakikinig. Nasa sarili natin ang una nating obligasyon sa kapatawaran."

"Tawag ka lang uli, kung nandito ka na. Or give me your number."

Ibinigay niya ang numero kay Stephen at tinapos ang tawag. Nangalay ang kanyang siko.

Pinulot niya ang 500 ml na basyo ng mineral water at bumaba sa burol. Nakita niyang naglalakad na rin pabalik ng bahay sina Nene at Nonoy. Bigla siyang ginutom. Mag-aala-una na. Sasabihin niya kay Nonoy na maglitson sila ng manok para sa hapunan. Napalunok siya ng laway sa pag-iisip na sinasawsaw ito sa toyo at kalamansi, o di kaya, sa sinamak.

# 27

"MAPA-SAN JOSE 'ko bukas, Ne," sabi ni Sadyah. Nasa mesa sa kusina sila ni Nene. Katatapos lang nila magsalo sa isang pinggan ng kanin at tinola na talong at dahon ng kamote. Ito ang kaagad isinalang ni Nene pagdating para makakain si Nonoy bago ito bumalik sa bukid para magpastol ng baka. Mamaya, maglilitson ito ng manok. Kaya bandang alas tres pa lang, naghahanda na si Nene ng kanilang hapunan: milagrosa na kanin; nilagang okra sawsaw sa sinamak o sa toyo't kalamansi; mainit na sabaw ng tinolang monggo, sagana sa talong at dahon ng kamote. Panay ang lunok ng laway ni Sadyah habang sinusulyapan ang bote ng sinamak sa banggerahan.

"Baka p'wede sa Sabado na lang," sagot ni Nene. Para maisama naman daw niya ang isa sa mga bata. Tutal libre

naman ito sa pamasahe. Hindi pa nakapupunta ang mga ito sa San Jose. May Jollibee na roon.

“Walang opisina sa Sabado,” sagot ni Sadyah “Hindi ako magsa-shopping. Pero titingnan ko kung makabibili ako ng TV.”

Sinabi niyang kukuha siya ng kopya ng desisyon ng korte sa Regional Trial Court. Magbabaka-sakali rin siyang dumaan sa lumang bahay ng mga Villavert. Nabasa niya na ginawa ito ni Gov. Isabel Lopez-Chan na isang gourmet restaurant. Baka may masagap siyang balita tungkol kina Marcelo at Teresa.

Kailangan na niyang kumilos. Ilang linggo na siyang nagpapaburo rito sa Barasanan. Pakiramdam niya, ang daming nangyayari na hindi niya alam bagama’t nasusundan niya ang ilan sa internet sa kanyang laptop. Walang oras na dapat sayangin. Isa pa, kailangan na niyang bumalik sa Manila. Hanggang katapusan lang ng Agosto ang leave niya.

“Wala ka na’ng balak na sumaglit sa Nasuli?”

“Ano bang mababalikan doon?” ganti niya.

Napatawa si Nene, may pag-uyam. “Nagtataasang talahiban at damo.” Naging halakhak ito, na para bang oo nga ano, ano ang mababalikan doon, bakit kailangan pang pagnasaang makita uli ito, lalo na’t nakasangla rin ito ngayon sa isang kamag-anak na may mga anak sa Saudi at Dubai. “Kahit anong oras, magagawad din ’yun,” dugtong ni Nene, “’Yan ay kung gusto mo rin.”

“Ito na siguro ang *paglaon* ko,” bulalas ni Sadyah. Ang kanyang pagtandang-dalaga. Marahil bugso ng pagod o

sa dami ng kanyang iniisip, nainis siya sa huling linya ni Nene.

Inuunawa niya na mataas ang pagtingin sa kanya ng pinsan. Ngunit dahil dito, inaasahan din siya sa usaping pera. Nakararamdam siya ng bigat, pumupukpok sa kanyang dibdib at likod. Parang pako na bumabaon sa kawayan. Simula nang umuwi siya, araw-araw siyang nagpapalabas ng pera: binhi at punla para sa nursery at ito ngang pinapagawang bahay kubo. Araw-araw, may nakikita siya at may naiisip na paggagastusan. Isa itong pahina ng naka-bullet na Wish/Goal:

- Bagong kalabaw, mga kinse mil, dahil matanda na't mabagal sa pag-aararo ang kalabaw ngayon ni Nonoy;
- Kahit isang baka lang muna, mga kinse mil din, para patabain at ibenta, syempre sa mas mataas na halaga, o katayin kaya at ilalako ang karne;
- Inahing baboy, mga limang libo lang naman, para patabain din o pabuntisin at syempre, pera ang mga biik; 45 days na sisiw para sa manukan. Siguro mga sampung libo pati ang pagkain at kulungan, o heto;
- Kambing, kahit dalawa o tatlo lang muna. Mga kinse mil din.

Labas pa rito ang natitira pang mga pilapil na nakasangla. Kung magawad man niya, kailangan pa niyang mag-hire ng geodetic engineer at surveyor para sa pantay na distribusyon mula sa pagkakahati nito sa iba pang tagapagmana ni Ati Bulalakaw. At iyon nga, ang pag-proseso ng pagpapatitulo. Ayon sa nakausap niyang

taga-Department of Agriculture sa munisipyo, aabutin ng ilang taon bago niya makuha at magamit bilang collateral sakaling mangutang siya sa bangko. Para ano? Para sa pagbili ng buong Barasanan? Para sa susunod na eleksyon, mananalo siyang mayor ng Dao sakaling tumakbo siya sa pagtutubos ng pangalan ng pamilya? Sa pagpapatuloy sa laban ng kanyang mga ninuno at mga magulang? At sa susunod pang eleksyon, gobernador ng Antique? Siya ang tatalo kay Isabel?

May silakbo man ng tapang, nanginig siya sa kaisipang ito. Ngayon pa lang, kailangan na niyang amuin ang lukso ng dugo na ito. ***Sisirain ka lang ng pulitika***, sigaw ng kanyang utak, ***balikan mo na lang ang iyong nobela. Kung gusto mo ng community service, itong Balay Sugidanun mo ang 'yung tutukan, tutal, nasimulan mo na, or else, talagang magiging dead asset lang itong sosyal mong bahay kubo. Love, more than glory.***

"Wala akong milyones," himutok niya sa pinsan. Isa lang siyang abang guro at ginagahasa siya ng 32% na tax. May renta, tubig, koryente, cable, internet bill, cellphone bill, grocery, pambili ng libro, ng CD, ng DVD, pampa-derma, pampa-parlor, blah-blah-blah.

Kaya nga tinuldukan niya ang pag-iibigan nila ni Ishmael. Pera, pera, pera. May isa siyang blog na ang pamagat ay "Baby Lust." Deklarasyon niya rito ang ganito: *For now, I love babies as long as they are not mine*. Sa panahong ito, pinaniniwalaan niyang isang pagiging makasarili ang pagkakaroon ng anak, dahil lang gusto mo ito, gayung maaari namang hindi ka pa handa.

Parang 'yung mga babae na gustong makasal dahil first and foremost, obsessed sila sa wedding gown at wedding ring at wedding cake at color at motiff ng invite at reception and all the works when in fact, hindi sila sigurado kung mahal nga ba nila, o mahal sila, ng kanilang groom.

"Wala akong ibang pinagkakakitaan," giit niya. "Hindi naman parang game show ang pagsali sa mga literary contest. Saka madalang pa sa full moon ang pagdating ng mga iyan."

"Sinasabi ko lang naman, para alam mo, kung gusto mo," sagot ni Nene. "Kung ayaw mo, e, wala tayong magagawa d'yan."

"Pero iyon na nga, e, Ne. Hindi mo na kailangang sabihin," ganti niya. "O kahit ipaalala man lang. Hintayin mong ako ang magsabi sa'yo. Tulad nitong pag-uwi ko. Ayaw ko kasing hinihingan ako. Saka naiinis ako sa tono na nagmamakaawa. Hindi naman ganuon si Auntie, a. May pride siya. Kaya nga ni minsan, hindi nanghiram, lalong hindi nanghingi kay Isabel."

"Si Isabel naman iyon. Iba ka," depensa ng pinsan. "Pasensya na, alam mo namang ikaw lang ang maaasahan ko. Hindi ko na makontak si Bongbong. Simula pa noong nakaraang Pasko. Nakitawag ako sa kabila. 'Yun nga, nabanggit niya na nagkita kayo bago sila umuwing mag-asawa sa Saranggani. Sabi niya, maayos naman ang kabuhayan ng pamilya ng asawa niya doon. Palaisdaan. Nagbabalak din siyang magtayo ng isang maliit na negosyo, pag-piprinta ng T-shirt.

Nagyayabang pa nga ito na walang problema sa tubig sa Saranggani, hindi tulad dito sa Barasanan."

"O, malaya na si Marcelo," sabat ni Sadyah, pagtatrapik sa pagsisentimiento ni Nene. "Kahit paano naman siguro makalalapit ka doon. Sabihin mang wala siyang pera, may kakayahan naman siya at posisyon para makagawa ng paraan. Saka, siguradong may sariling dahilan si Bongbong. Baka nasira na ang cellphone o nanakaw at saka alam naman niyang wala kang sariling cellphone na matatawagan anumang oras. Hindi ka rin matitiis nun. Uuwi at uuwi rin 'yun. Tingnan mo ako."

"Kelan, kung naghihingalo na ako't nag-aagaw-buhay?"

"Ne, ang drama mo. Hindi ka bida sa telenobela. Buti pang gayahin mo na lang si Inday." Ikinuwento ni Sadyah na itong si Inday, ito ang Ingleserang katulong na sikat ngayon sa jokes sa internet at cellphone. Hinihimatay at nagkaka-nose bleed ang amo nitong si Ederlina sa ka-i-Ingles ni Inday. Marunong din ito ng Espanyol. May isa nga ring joke na pumunta ang amo nito sa Espanya para masabayan ang Espanyol ni Inday. Nang matuto na ito, Arabic na ang sinasalita ni Inday.

Kinuha niya ang cellphone sa kuwarto at binasa kay Nene ang isang folder ng Inday jokes. Pinili niya ang joke kung saan boyfriend na ni Inday si Dodong, ang drayber ng kapitbahay. Ito nga, at nakikipag-break na si Inday:

**Inday:** The statute restricts me to love you but you have the provocations. The way you smile is

the proximate cause why I love you. We have some rules to think of. We have no vested rights to love each other because the upper household dismissed my petition!"

**Dodong:** Perhaps you are mistaken; what you seem to contrive as any affections for you are somewhat half-hearted. I was merely attempting to expand my network of interests by involving you in my daily recreation. Heretofore, you can expect an end to any verbal articulation from myself.

Napangiti si Nene, may nipis ng bahagi ng langit na nasasakop ng bintana ng kusina, ng gumagapang na dilim sa labas.

Isang malutong na tawa ang inasahan ni Sadyah sa pinsan. Ngunit isang plema ang bokabularyo ng Inday joke kay Nene.

"Kausapin mo naman sa Ingles ang mga bata," sagot ni Nene. Ikinuwento nito na si Joshua ang nangunguna sa kanyang klase. Sa day-care, si Angela rin ang muling napili na mag-draw & tell sa bayan.

"Oo ba," mabilis niyang sagot, "Kaya nga nagpapatayo ako ng Balay Sugidanun. Pero, Ne, ayaw kong isipin mo, asahan mo, na ako ang magpapaaral sa mga anak n'yo. Syempre, tutulong ako kung sa tutulong. Pero may sarili rin akong buhay. Gusto ko na ring mag-asawa."

"Ganyan ka na ba dahil mataas na ang pinag-aralan mo?"

"Hindi iyon," giit ni Sadyah. "Alam mo namang hindi rin kita matitiis, di ba? Pero ayaw kong mag-lektyur. Isipin mo na lang ang mga pakontes na palabas sa TV. Walang biglang-yaman, alam mo 'yan, Ne. Saka hindi dapat dole-out. Iyung inaabot lang o pinamimigay. Tulad ng marami rito sa baryo na umaasa na lang at naghihintay sa padala galing sa Manila at abrod."

"Oo nga naman," sagot ni Nene, "Nabuhay naman kami na walang tulong sa'yo. Salamat sa koryente, pero h'wag ka na lang bumili ng TV. Istorbo lang iyan sa pag-aaral ng mga bata. H'wag ka nang tumulong kung bibilangin mo rin naman. At huwag na huwag kang magsalita ng ganyan kapag nariyan si Nonoy. Mabait ito pero masama kung magalit. O kung sumama ang loob."

Nanlumo si Sadyah. Nasaling din ang kanyang dangal. "Magkaiba na talaga ang pag-iisip natin, Ne," nasabi niya. Napatingin siya sa labas. Ang layo na ng pagitan nilang magpinsan. Nakatapos si Nene ng Secretarial pero noon pa man, kapag nagkukuwentuhan sila bago matulog kung ano ang gusto nila paglaki, isasagot ni Nene na maging dakilang asawa at nanay samantalang siya, maging isang abogada o reporter. Naikuwento ni Nene na naging barangay secretary ito. Pero nag-resign pagkatapos ng ilang buwan para mas maalagaan ang mga bata at makatulong kay Nonoy sa lupa. Ang liit lang naman daw kasi ng suweldo. Palagi pang may miting at seminar.

Inubos ni Sadyah ang atis. Naisip niya na may katwiran nga naman si Nene. Bakit ba kailangan

niyang dalhin sa Barasanan ang paggamit niya ng olive oil gayung virgin coconut oil naman ang gamit ni Nene at napatunayan nitong hiyang dito ang kanyang pamilya? Bakit ba may ilusyon siyang i-aasa nito sa kanya ang pagpapaaral sa kanilang mga anak gayung hindi nanunuyo ang mga kamay ng mag-asawang ito, tulad ng kanyang Auntie Fely at Uncle Lydio? Bakit ba pinoposisyon niya ang sarili na isang reluctant messiah, kung hindi man isang patron, dahil galing siya sa Manila at isang propesora?

Nagkasamaan na sila ng loob. Ayaw niyang magkasagutan pa sila at magpalibut-libot mula Nasuli hanggang Barasanan hanggang San Jose at ay, ay, ay, maaaring umabot pa hanggang kabundukan at karagatan ng Panay. Naisip niya na marahil may pait sa tono ni Nene dahil kahit papaano, kung tutuusin, naburo rin ito dito sa baryo. Na kahit ipinagmamalaki ni Nene sa kanya na iba talaga ang may anak, gaya ng kuwentuhan nilang iyon tungkol kay Ishmael, nasasalat niya rin ang kagustuhan ng pinsan na makalampas sa kabundukan at karagatan ng Antique.

Tinapon niya ang mga balat at buto ng naubos na atis sa basurahan sa labas. Kumaway sa kanya ang mga karpintero. Nag-iinuman na ang mga ito. Gumanti siya. Nakangiti. Nakaupo sila sa nakapatung-patong na mga kawayan, malapit sa mga puno ng atis, sa likuran nang ngayo'y napalibutan na ng dingding na bahay kubo. Nakapatong sa maliit na mesang tabla ang isang pitsel ng Tanduay, isang baso ng Nescafe na siyang tagayan nila,

at isang mangkok ng natirang adobong manok na ulam kaninang tanghalian. Bukas daw, bintana na at sahig.

Sumali siya sa mga karpintero. Nakitagay.

Kailan daw ang handaan, tanong ng isa. Dapat daw bibisita na rito ang kanilang Lolo Marcelo. Kung hindi raw, magtatampo na sila.

Sumagot ang isa na baka mahina na it; huwag pilitin kung hindi na nito makayang umakyat ng Barasanan. Ang mahalaga raw, nakalaya ito. Ang lupit nga naman daw ng ginawa sa kanya. Namatayan na ng anak at manugang, binulok pa sa bilangguan.

Sumagot si Manong Estong na kalabaw lang ang tumatanda.

Papalapit si Nonoy, bitbit ang nahuling manok, at isang bungkos ng dahon ng sili.

Isinagot niya ang mga kababaryo na sa Disyembre, sa muli niyang pag-uwi, kakatay sila ng baboy sa opisyal na pagbubukas ng Balay Sugidanun. Sinarili niya muna ang kaisipang walang cutting of ribbon na mangyayari, kundi isang pagsambang ritwal na tatawag sa mga espiritu sa nananahan sa apat na sulok ng mundo sa paggabay sa espasyong ito. Oo, ang kanilang Lolo Marcelo ang magiging espesyal na bisita. Iimbitahin niya si Isabel? Hindi pa siya sigurado.

NAGHAPUNAN SILA nang walang pangangailangang mag-imikan ni Nene. Napakasarap ng timpla nito ng tinolang monggo, umaasu-aso ang milagrosang

kanin, at nakalalaway ang mapagpilian ng pagsawsawan ng litsong manok: toyo at kamatis, at sinamak, na nagmantsa sa kanilang mga daliri at bibig. May isang kalakihang tuko na nagpaparamdam sa haligi. Sa labas ng bintana, nagpapagaspas ang hanging Agosto sa mga sanga at dahon ng atis.

Uminom siya sa bote ng mineral water. Dinala niya ang pinggan sa lababo at nagsepilyo. Pagkatapos, dumiretso siya sa kuwarto at nagbukas ng laptop. Hinanap niya sa google ang Guinsang-an Bridge Massacre. Mga news article pa lang ng pagka-acquit ni Marcelo ang lumabas. Wala pa ang kopya ng desisyon ng korte sa Chan Robles Online Law Library.

Sinulat din niya sa google ang CPP-NPA. Ngayon lang siya nagkalakas-loob. Namangha siya sa dami ng entry.

Napunta siya sa opisyal na website ng Ang Bagong Hukbong Bayan. Lahat pala ng mahahalagang impormasyon nandirito. Natukso siyang i-klik ang *Contact Us* ngunit hindi niya ginawa. Marami siyang nabasang balita tungkol sa online surveillance. May Big Brother online. Mahilig din siya sa pelikulang espionage. Gusto niya halimbawa ang "Syriana" ni George Clooney. Mahirap na, naisip niya, baka bigla na lang siyang madampot. Isa siyang Zapanta Lopez. Hindi sa bilangguan ang ideya niya ng "castaway." Maliban na lang kung tambakan siya ng libro at CD at DVD. Sa katunayan, namangha siya na ngayon lang pumasok sa isipan niya ang posibilidad na ito gayung isang produkto

ang paranoia na inilalako ng gobyerno at ng media. At wala pa ring nangyayari sa mga kaso ng pagkawala at pagpaslang sa mga aktibista at lider ng mga manggagawa tulad ni Jonas Burgos.

Napalunok siya ng laway. Nagdesisyon siyang hintayin kinaumagahan kung ano ang masasagap niya sa San Jose. Binalak niya ring bumisita sa UPV. Ipagtatanong niya si Dr. Jesus Baylon. Siya ang natatandaan niyang propesor ng Political Science sa Social Science Division ng Arts & Sciences na gumawa ng riserts tungkol sa Central NPA ng Panay. Nabasa niya ito sa refereed journal na ***Philippine Studies***. Usap-usapan noong kolehiyo na isa itong kasamahan ng Coronacion "Waling-Waling Chiva Command" ng Central Panay. Baka may masabi ang propesor na ito tungkol kay Teresa, ang dating Kumander Rafflesia.

Nagbukas siya ng blangkong pahina at isinulat ito.

*Dear Sir/Ma'am:*

*This is to request to reproduce the court's decision on the acquittal of former Assemblyman Marcelo Nones Lopez in the 1984's Guinsang-an Bridge Massacre.*

*Thank you.*

*Sincerely yours,*
*Sadyah Zapanta Lopez*
*Barasanan A, 5716 Dao, Antique*

Hindi niya mabilang kung nakailang draft siya sa ilang beses na pagpindot ng Delete at BackSpace sa keyboard.

Sa Post Shout sa kanyang Friendster, ito ang kanyang sinulat: *Vindicated after 21 years!*

Pumasok si Nonoy sa kuwarto, karga si Angela. Inilapag nito ang anak sa unan sa nakalatag na banig sa ibaba sa gilid ng kanyang katre. Katre ng mag-asawa ang kanyang hinihigaan. Ipinaubaya ito sa kanya. Sa kawayang sahig sa sala, malapit sa kusina, doon natutulog ang mag-asawa. Sumunod na pumasok ang inaantok na si Josh, at diretsong nahiga. Kinumutan sila ni Nonoy.

Isinara niya ang laptop. Lampas alas nuebe na. Maaga siyang gigising. Sasabay siya sa paglabas ng bus pa-Iloilo. Bababa siya sa bayan para sa unang biyahe ng dyip patungong San Jose. Ito ang unang biyahe niya sa kapital ng probinsya. Gusto niyang magkaroon ng sapat na oras para muli itong malibot.

Lumabas siya. Nakalimutan niyang maghilamos. Hindi tulad sa Manila, de-orasan din ang ritwal ng kanyang pagpapaganda. Hilamos, clarifying lotion, toner, Derm A para hindi sumulpot ang mga taghiyawat at para mapapaliban ang paglalabasan ng mga kunot sa noo't mukha.

May sapat na tubig sa tadyaw para pampaligo niya kinaumagahan. Nakausal siya ng "Salamat sa Diyos," dahil kung wala, kailangan niyang lumakad patungong sapa.

Alam niyang sinisiguro ni Nonoy na may tubig sa batalan.

Malamig ang hangin. Nagkumot siya hanggang beywang. Ngunit hindi siya nito naisalba sa pagdalaw ng dating damdamin. Tulad ng mga gabi noong bago pa lang siya sa Manila. Bigla na lang mapapahagulgol siya. Walang dahilan, pero ang sarap umiyak. Ang sarap magpakamatay. Dahil pakiramdam niya, nag-iisa siya; walang nagmamahal sa kanya. May mga Linggong napakabagal dahil walang natatanggap na text message. Mamamatay siya sa kuwartong iyon, sa apartment na iyon na walang nakaaalam maliban na lamang kung nangangamoy na siya. Magtataka ba ang sekretarya ng departamento at mga ka-guro bakit ilang araw na siyang hindi pumapasok? Hahanapin kaya ang address niya sa CV at pupuntahan? Sa mga coffee dates sa mga kaibigan, napag-alaman niyang nakararamdam din sila ng ganito. Ito ang depresyon. Sabi ng kanyang ob-gyne minsang nagpakonsulta siya tungkol sa pagka-antala ng kanyang regla, bunsod ito ng hormonal change. Hindi siya mabuntis-buntis. Gusto na nila sana noon ni Ishmael. Palabas ng klinikang iyon hanggang sa kahabaan ng kalye bago makasakay ng dyip, nagtitili ang kanyang utak, sa kauna-unahang pagkakataon, ng "Ohmygosh, I'm getting old!" 26 siya noon.

Nawala ang depresyon niyang ito nang magsama sila ni Ishmael. Kaya naiintindihan niya ang sariling adiksyon sa pakikipagrelasyon. Nakabubuti ito sa kanyang kalusugan.

Aaminin niyang may nakakapa siyang maliit na bukol ng inggit kay Nene. Parang cyst na benign na ayon sa mga doktor at sa mga nabasa niya sa internet, karaniwan sa mga babaeng nasa child-bearing years. Lulubog ito sa pag-eehersisyo at sapat na pahinga at pagkain. Oo nga, may Nonoy si Nene. May Joshua at Angela. May Priya Iyer naman siya.

Pasinghut-singhot siya, nanggagaling sa paninikip ng dibdib. Ayaw niyang mapahagulgol. Maliban sa nakakahiya, ayaw niyang mamugto ang mga mata. Pero naisip niya na may concealer naman siya at salamin.

Nag-ingay ang tuko. Makailang ulit. Nagpaubaya siya sa lalim ng gabi, sa lamig na tumatagos sa kumot. Pinalubog niya ang matagal nang hinintay na paghagulgol. Alam niyang naririnig siya nina Nene at Nonoy, ilang dipa lamang ang layo. Pero sige lang, aniya, sige lang.

# 28

MUSCOVADO ang kulay ng San Jose.

Napako ang pansin ni Sadyah sa salakot ni Datu Sumakwel na korte ng entablado sa plaza. Mamasa-masa ang aspaltadong kalsada sa pasulput-sulpot na pag-ulan sa Hulyo.

Nasa unahan ito ng kalye na binabaan niya, kung saan pumapasok ang mga sasakyan galing sa Iloilo at sa mga bayan sa bahaging timog, katulad ng Dao.

Bumaba siya ng dyip sa harap ng St. Joseph Building. Pagmamay-ari ito ng diocese. Si St. Joseph ang patron ng San Jose. Kahanay ng building ang simbahan. Sa likod, ang convento. Sa kabila ng kalye sa likod nito, ang Assumption House at ang dating Assumption na ngayo'y Saint Anthony's Grade School na. Isa ito sa mga pinakamataas na gusali sa San Jose. Dito nagrerenta ng

opisina ang ilang sangay ng gobyerno. May natingala siyang nakabilad na tarpaulin ng isang caregiving center. Narito rin ang DYKA, ang istasyon ng simbahan. Sa ibaba ng gusali, naroon ang ticketing office ng Air Philippines at Cebu Pacific. May Express teller, may Megalink.

Kumuha siya ng pera. Pambili ng TV, pang-grocery, pansahod sa mga panday.

Tumawid siya ng kalsada. Nakita niya ang rebulto ng dating gobernador ng probinsya. May katabi itong swing. Nanghihina, mukhang-stressed ang mga bulaklak at tanim na nakapalibot rito, inaalagaan ng payroll ng munisipyo. Isang grasya ang mumunting patak ng ulan. Gusto niya ang mga nahuhulog na mga dahon ng mga akasya sa gilid ng entablado.

Lumibot siya sa lumang kapitolyo. Napag-alaman niya sa pamamagitan ng kanilang iririmawtaton@yahoogroups.com na dito piniling ilagay ng probinsya ang kabubukas na Museo Antiqueño. Wala pang alas otso. Sarado pa ito.

Lumakad siya nang lumakad. Nakita niya ang sinasabi ni Nene na Jollibee. Nang una raw itong nagbukas, hanggang alas dos ang pila sa labas. Narating niya ang Business Park—ang masasabing Calle Real ng San Jose. Hilera ito ng tindahan ng mga prutas, mga botika, mga tiyangge, mga karinderya.

Naghanap siya ng internet café. Kailangan niyang i-print ang nasulat kagabi bago dumiretso sa Regional Trial Court. Napunta siya sa isang gusali, ang CB Arcade. Sa 2nd floor nito, may isa nang bukas na computer shop.

May pila ng traysikel sa bungad ng gusali. Pinili niya ang traysikel na ang drayber ay isang balingkinitang binata na naka-kamiseta ng puting ***Hanes.*** Napangiti siya. Gusto niyang i-text sa mga kaibigang bakla sa Manila na "Ateh, punta ka dito, bisitahin mo ako, gwapo ang mga tricycle driver sa Antique."

"Sa Binirayan, sa Hall of Justice," sabi niya.

Sa radyo ng traysikel, may haplos sa kanyang dibdib na tinutugtog na sa FM ng lokal na istasyon ang OKM, ang Original Kinaray-a Music.

Inasahan niyang makikipag-usap sa kanya ang binata. Tulad nang nakagawian sa probinsya, itatanong kung saan ka pupunta, kung saan ka galing. Inasahan niyang marinig halimbawa ang komento nito sa balitang na-acquit si Lopez. Susundan ito ng litaniya nito sa sariling paniniwala na parang isang commentator sa radyo. O kahit itanong man lang kung taga-saang ***banwa*** siya.

Nakalimutan na nga ba si Marcelo? O walang pakialam lang ang lalaking ito?

Maging sa dyip kanina mula Dao, wala man lamang ni isang nagbanggit tungkol sa paglaya ng dating Assemblyman. Dahil naroon siya at alam ng mga kapwa pasahero na isa siyang apo?

Nagsilbi itong sinok sa kanyang umaga. Nagutom siya. Dalawang nilagang itlog at isang saging lang ang kanyang inalmusal. Hinugot niya ang baon na tumbler sa malaking bag at uminom ng ***Heavenly Blend*** ng Starbucks.

FILES SECTION ang nakasulat sa itaas ng pinto. Dito siya itinuro kapwa ng security guard at ng Information Desk nitong Regional Trial Court na nasa Binirayan Hills ng San Jose. Ipinagtanong niya kung saan siya maaaring makakuha ng kopya ng desisyon ng korte.

"Good morning. I'm Sadyah Zapanta Lopez *ho*," pagpapakilala niya sa mamang naka-barong. Nakikita niyang naka-hanger ang tipo ng barong nito sa department store.

"Morning," sagot nito, sabay turo sa puting monoblock chair.

Umupo siya, kandong ang bigat ng kanyang malaking puting leather bag. Kinuha niya rito ang isang long-sized letter envelope. Iniabot niya ito sa kaharap.

Binuksan ito ng lalaki at binasa.

Napangiti siya at napaigtad sa pagkakaupo, dahil para bang isa siyang aparisyon ng diwata. Nakalugay ang para pa ring naka-rebond niyang buhok sa init at alikabok ng kalsada ng Antique. May shimmering blush-on sa kanyang mga pisngi. Tila nabasag niya ang napakabagal na araw na ito ng abogado sa kawalan ng kakaibang pangyayari maliban sa pagharap sa mga papeles.

Isang acolyte sa tabi ng pari noong hayskul niya sa pribadong paaralan ng kanilang bayan ang naalala niya sa tayo at pangangatawan ng kaharap. Kung hindi dahil sa nakakalbo nitong ulo at umbok ng tiyan, hindi niya

aakalaing ito si Atty. Zosimo L. Moraga, ang punong sheriff ng korte. Nakasulat ang pangalan niyang ito sa marmol na desk nameplate sa ibabaw ng mesa, katabi ng kuwadro ng isang nakatawang bata, nakasandal sa malaking filing tray saan nakadikit ang mga markang: Incoming, Outgoing.

Sa kanyang kanan, isang DELL na kompyuter; Naruto ang screensaver. Sa kanyang likuran, hanay ng steel filing cabinet. Sakaling mangarag ang pader sa lindol at matumba ang mga ito, siguradong mangangalasag ito.

"Sandali, ha, tingnan muna natin," sabi ng abogado. Nakangiti pa rin ito. Ngayon, dahil ba parang may nabuksan itong baul at may natagpuang mga ginto. O sa wakas, nakapagbenta sa eBay. Binuksan nito ang isang Folder sa My Documents at kumukutib-kutib ng Guinsang-anBridgeMassacreGuinsang-anBridgeMassacreGuinsang-anBridgeMassacre.

Naging malinaw kay Sadyah ang Ilonggo nitong punto. "File No. 9674," sabi nito. Inabot niya ang isang itim na ballpen, Reynolds, sa ibabaw ng bungkos ng mga dokumento sa mesa saka sinulat ito sa blangkong short bond paper na nagsisilbing *mouse pad*. "File No. 9674," ulit nito, at pinunit ang bahaging ito saka iniabot sa dalaga.

"Salamat," sabi ni Sadyah, naghihintay na ituro siya ng abogado kung saang opisina didiretso para sa kopya nito.

"It's not yet available, *'day*," sabi ng abogado. Muli, ang punto nito na nagpaalala kay Sadyah ng Manila. Kay Stephen. Ng mga bar examinees na galing probinsya tuwing Agosto na nagrerenta ng mga condo sa paligid ng sa La Salle at nagrerebyu sa Starbucks para sa bar exam sa tatlong linggo ng Setyembre. "Nasa Regional Trial Court pa sa Cebu *gali*. Balikan mo na lang, *e*."

Naisip niya na aabutin siya ng siyam-siyam dito. "*Mga san-o ayhan bay*?" Mga kailan kaya? Gusto niyang makasiguro.

"Depende. *Basi neks wek ari naman 'di, a*." Nakangiti pa rin ang lalaki. Ngayon, parang namamangha, parang sinasabi ng mga mata nito na "Amo gali 'ni apo ni mal-am Marcelo." Ito pala ang apo ng matandang Lopez.

Gusto pa sanang itanong ni Sadyah kung anong sistema mayroon sa lipatan ng mga dokumento sa burukrasya ng mga opisina ng gobyerno. Gusto niya sanang idagdag, sa naglalambing na tono at mukha, na "Naka-Microsoft naman 'yun, di po ba? Puwede bang paki-email na lang?" Pero ito ang kanyang nabigkas: "Pwede balikan ko na lang...next week kaya. Babalik na po kasi ako sa Manila."

Tumatapik-tapik ang abogado sa mesa, sinusundan ang kung anong ritmo mayroon sa kanyang utak. "It's up to you. You have your request anyway." Ang pag-Ingles niyang ito ay para bang paggigiit ng kanyang gulang, ng kanyang pagiging abogado, dahil apo ni Marcelo itong kaharap niya. At nang matagal makasagot

ang dalaga, na para bang hindi naman nagpapaligsahan sa Ingles, bumalik ito sa Ilonggo-Kinaray-a. "*Ipakopya mo 'na sa gwa. Updan ka sang staff.*"

Tumangu-tango si Sadyah saka tumayo. "Salamat *gid,* Atty."

Nakangiti pa rin ito, patangu-tango, saka tumayo bilang pagkilala sa pamamaalam ng dalaga. Umabot ito sa paghahatid sa pinto.

Lumagutok ang platform sandal ni Sadyah sa mahabang pasilyo palabas; parang hanay ng filing cabinet ang nadadaanan niyang mga opisina na nagdi-display sa nakataas na venetian blinds ng mga empleyadong naka-uniporme.

Tumayo siya sa harap ng korte. Sa likuran nito, diretso ng daan sa gilid, papaakyat—ang Binirayan Hills. Bago nito, madadaanan ang provincial gymnasium. Dito ginaganap ang *Search kang Lin-ay kang Antique*, ang *Miss Binirayan*, taun-taon. Dito ang mga pampublikong guro at estudyante dumidiretso sa pagpaparada at field demonstration. Hindi na niya maaakyat ang burol na ito. Wala ng dahilan. Marahil tama ang madre at guro niya noong hayskul: hindi na niya kailangang makilala ang burol na ito dahil inosente naman talaga ang kanyang Lolo Marcelo.

"Manong, sa Green Planet Cafe *gani*," sabi niya nang makaupo sa traysikel.

Napakunot ng noo ang matabang mama. "*Sa diin gani ra?*" Nasaan daw ito.

Hindi niya ito pinagtakhan. Sa egroup niya lang din ito nalaman. Kabubukas lang nito ngayong taon at tipong ang yuppies lang na well-heeled ng San Jose ang nakaaalam. Tipong ang mga balikbayan lang at turista ang magkakainteres dahil nakalista sa *Places to Go* sa ilang unofficial website ng probinsya na gawa ng ilang concerned *layas* nito sa iba't ibang sulok ng mundo. Tipong kapag bisita ka at wala sa social network ng host mo ang mga considered artist at patron of the arts ng probinsya, hindi mo madidiskubre ito. Maliban na lang marahil kung tipong Ingleserang katulong na si Inday ang iyong mapagtatanungan.

Napangiti si Sadyah. Maya-maya, napaseryoso. Naalala niya ang samaan ng loob nila ni Nene.

Sinagot niya ang drayber na dalhin siya sa lumang bahay, ang bahay na bato ng mga Villavert, ang bahay Kastila na madaraanan bago magdaungan. Basta sa kalye papasok sa daungan, na alam niyang wala nang barkong pampasahero na bumibiyahe pa-Manila simula nang inilunsad ni PGMA ang kanyang nautical highway, ang kilala sa tawag na RORO.

"'Yung dating bahay nina Gov," dagdag pa niya.

Nadadaanan na nila ang isa sa mga tinuturing na flagship project ni Isabel, ang Olympic-sized na swimming pool.

Hindi na nangulit ang drayber. Naging sapat na ang linya niyang "dating bahay nina Gov."

TELENOBELA, ito ang salita at ang mga imaheng kaakibat nito ang napukaw sa kanya ng bakal na tarangkahan ng mataas na pader. Binabalutan ito ng mga dahong-halaman. Lumilikha ng drama ang sira at lumang bahay na ito ng mga Villavert. Animo'y isang prutas na winakwak ng mga paniki ang bubungan nito't dingding. Ang mga capiz na bintana ay tila hinog na bayabas na naghihintay mahulog. Mistulang isang kuta naman ang pader ng silong. Nakalugay dito ang come down my love ng Nasuli at ng Barasanan, at ang mga namumulaklak na cadena de amor. May malaking puno ng kalachuchi na lila ang mga talulot.

Lumakad siya sa gitna ng hardin ng African daisies, begonias, bird's nest ferns at Jamaican ferns, ng santan at crotons. Maayos ang pagkasalansan ng maliliit na bato sa gilid. Sa kanyang kaliwa kung saan sumasali bilang pader ang mga puno ng Chinese bamboo, may apat na pabilog na mesa, bakal na puti, sa tig-aapat na silya. Sa kanan, may mga puno ng makopa. Lumilitaw ang bubong ng mga kapitbahay.

Diretso, humimlay ang kanyang paningin sa malaking bintanang capiz. Nakabukas ito. Nakikita niya ang isang may-edad at may-katabaan na babae sa kusina ng Green Planet Café na ito. Abala ang mga kamay. Sa harap nito, may limang parisukat na mesang kahoy, katamtaman ang laki, gayundin ang taas ng mga silya. Nagniningning sa varnish. May nakatayong binata,

nakangiti sa uniporme nitong puting polo shirt at itim na slacks, hawak-hawak ang menu list.

Ipinagtanong niya ang banyo. Itinuro siya sa unahan, sa gilid sa pagitan ng open-air na café na ito at ng hugis kalahating-buwan—hugis suklay ni Alunsina—na pintuan ng malaking bahay.

*Babaye*, ito ang nakapaskel. Marmol ang sahig. Malinis. Mamahalin ang inidoro, may antigong salamin, may scented candle, may nakasabit na pamunas. May gripo at magkahalong yari sa semento at kawayan ang lababo.

Hinugot niya ang kanyang cellphone sa bag at kinunan ito. Ipakikita niya ito sa mga panday. Ito ang gusto rin niya para sa mga lababo sa kanyang bahay-kubo.

Pagbalik, nag-iisa pa lang din siyang customer. Sabi ng weyter, tuwing hapon daw, mula alas dos hanggang alas otso, doon maraming tao. Karamihan, pre-ordered menu. Tulad ng *veggie mundo, vegetable paella, vegan pizza*, at *chili con frijoles*.

"Wow," sagot niya, "nakatutuwang malaman na may ganuong makakain dito sa San Jose. Hindi ako nakatikim ng mga ganun sa Manila."

Pinasadahan niya ang menu para sa walk-in diners:

**Garden Salad** **65**

Home-grown organic lettuce with tomato, cucumber, carrot, and fruits in season in herbed vinaigrette dressing

**Camote Tops Salad** **40**

Blanched sweet potato tops with lemon juice,
tomato and onion

**Sweet & Sour Mixed Veggies w/ Tofu** **95**

Red kidney beans, Baguio beans, shitake mushroom
& home-made tofu in sweet & sour sauce

**Grilled Eggplant Sandwich** **60**

Herbed whole wheat bread with grilled eggplant, lettuce,
cucumber and tomatoes in hummus pesto spread

**Pasta ala Puttanesca** **80**

Spaghetti w/ fresh tomatoes, anchovies, olives, capers & herbs

**Fruit Platter** **50**

Slices of 4 kinds of fruits in season

**Squash Bread** **60**

Whole wheat bread w/ mashed squash & natural spices

**Rolled Oats Muffin** **30**

Whole wheat flour w/ rolled oats

**Beverages**

| | |
|---|---|
| Lemon grass & ginger tea | 20 |
| Lemon grass ea t | 20 |
| Fruit shake in season | 30 |
| Brewed coffee | 20 |
| Herbal ea t | 20 |

Nag-order siya ng sweet & sour mixed veggies with tofu, squash bread, at lemon grass & ginger tea. Twenty minutes ang serving time.

Ngumiti siya sa babae sa likod ng capiz na bintana. Tumayo siya at sumilip sa kung ano ang ginagawa nito, isang pasakalye sa pakikipag-usap.

Siya si Melda, ang nagsisilbing manager at cashier. Matagal na itong katiwala ng pamilya. Beinte anyos. Dalawang tauhan ang naghahanda ng mga order sa kusina.

Nagpakilala si Sadyah na kamag-anak mula Dao. "Na-acquit si Lolo Marcelo, *di bala?*"

"A, *huod*" mabilis na sagot ni Melda. Talaga naman daw inosente ito. Gayundin ang anak nitong si Leandro at mga tauhan. Self-defense lang naman daw ang ginawa. Kahit naman daw sino, siguradong ganuon ang gagawin kapag nakabangga ang kaaway.

*"Sa diin run bay tana?"* May ideya ba siya kung nasaan na si Marcelo.

Sa Mapatag ito; sakay ng jeep, hindi raw ba niya napansin ang bago at maganda nitong resthouse na pumalit sa dating bahay nila doon. May palaisdaan ito doon saka manukan.

"E, si Asun?" patuloy ni Sadyah.

Sinipat siya ng tingin ng babae, may pagtataka bakit kilala niya pati si Asun. Doon din daw ito umuuwi dahil matagal na itong parang *nagbuang-buang*. Ito nga raw ang malungkot dahil *ulianon* na ito, *nagauli-bata* na. Noong pag-uwi raw sa pagkalaya ni Marcelo, hindi na ito

nakilala ni Asun. Ayaw maniwala na iyon si Marcelo, ang kanyang bana. Dahil bata raw at guwapo ang kanyang si Marcelo.

Napangiti si Sadyah. May ikukuwento siya mamaya pag-uwi kay Nene.

Mamayang gabi raw, patuloy ng babae, pupunta rito si Governor, may mga bisita galing Manila. Dito sila maghahapunan.

Inulit sa kanya ni Sadyah, na tama po ba, kung gusto niyang makita si Marcelo, sa Mapatag lang ito.

Namangha si Sadyah sa natagpuang kilos na ito, ang pag-ulit-ulit niya ng tanong, na para bang palagi kailangan niya ng kumpirmasyon. Naisip niya na baka dahil sa klase, karamihan at kadalasan, kailangan niyang ulit-ulitin ang pagpaliwanag dahil sa umiiksing atensyon at pandinig ng mga estudyante.

*Huod*, Oo, sagot ng babae. Pero baka raw sa susunod na mga araw, nandito na rin iyon. Nagmamadali na raw kasi itong makapagtrabaho uli. Baka raw ang bakanteng kuwarto sa silong ng malaking bahay ang gagawing opisina nito. Kaya nga lang daw, kailangan pa talagang ipaayos ito. Baka magrenta na lang din sa CB Arcade o sa St. Joseph. Tulad ni Asun, pihikan din daw sa pagkain si Marcelo. Dapat gulay at prutas.

Gustong isipin ni Sadyah na hindi lang dahil iyon ang konsepto ni Marcelo ng wastong pagkain para sa kanyang gulang. Kundi dahil iyon ang nakasanayan niya sa pagiging Ati ng kanilang Lola Anyag: ang pagkain ng

mga bunga't dahon. Kagaya niya, bagama't ngayon, nasa olive oil na at balsamic vinegar o di kaya'y apple cider.

Dumating ang kanyang order. Bumalik siya sa mesa.

Nasabik siyang tumusok-subo't nguya. Kaharap niya ang pader ng come down my love at cadena de amor. Nakikita niya sa isipan ang binatang si Marcelo na naghaharana sa dalagang si Asun. Ano ang kuwento ng pag-ibig nina Teresa at Leandro? Ano ang ligawang nangyari? Ang kasalan?

Naalala niya uli si Dr. Jesus Baylon ng UPV. Nag-scroll down siya sa kanyang Contact sa cellphone. Sino kaya sa mga UPV connection niya ang nakaaalam kung nasa campus pa rin ito o kung retired na? Sakaling retired na, saan niya ito makikita?

Ipinadala niya ang tanong na ito tungkol kay Dr. Baylon sa lahat ng taga-UPV sa kanyang Contact. Sakaling walang alam ang mga sasagot, ipo-post niya rin ito sa Bulletin ng Friendster. Nausal niyang huwag naman sanang umabot pa sa isang panawagan hanggang sa YouTube.

Biglang nawala ang sinok na naramdaman niya nang umagang iyon. Nanuot ang lakas at sigla sa kanyang katawan. Katulad noong nasa burol siya at nakatungtong siya sa mundo—kaya niya lampasan ang lahat. **Law of Attraction**, boxed-in sa mabagal at tunog chime ng slide show sa kanyang isipan. Positibo siya na nasa tama siyang direksyon. Nagiging malinaw ang maraming daan patungo kay Teresa at Marcelo. Hinahawan para

matahak niya. Kailangan lang niyang palakasin pa ang kanyang creative visualization.

Naubos niya ang order. Busog na busog siya. Naisipan niyang lumakad, saka na magtraysikel, pahatid sa kilalang supermarket ng probinsya.

Nagbayad siya at nagpaalam kay Manang Melda. Naramdaman niya ang pagsunod ng mga mata nito. Gusto niyang magtiwala sa talino ng matatanda.

Palabas, kinunan niya sa cellphone ang cafe na ito, ang hardin, ang natitirang bahay ng mga Villavert. Milyones ang gagastusin sa renobasyon dito, naisip niya, at inilakad niya ang pagtataka kung may ganuong balak si Isabel.

"SADYAH, KUMUSTA?" Tapik sa kanya ni Jesse, kaklase sa History electives sa UPV, upper class ng ilang taon, isang fratman. Naka-t-shirt ito ng **World Without Strangers**. Naka-shorts, naka-rubber shoes.

Namimili siya ng mantika at asukal sa pinakabagong supermarket sa San Jose.

"Wow," sagot niya. Masaya siya na sa wakas, may nakabangga siyang kakilala na hindi kamag-anak. Halos lahat ng mga kaibigan niya mula elementarya hanggang kolehiyo, sa Friendster, Multiply, YM, at yahoo egroups na lang sila nagkikita-kita at nagbabalitaan. Nasa iba't ibang sulok na ang mga ito ng bansa at mundo. "Ok lang. Ikaw?"

"*Sa gihapon*." Ganuon pa rin. "Kailan ka pa rito?"

"Abril pa. On leave ako, pero pabalik na rin, dahil magsisimula na ang 2nd term, this September."

"Akala ko nandito ka dahil sa balita."

Napangiti si Sadyah. Sa wakas, may makakausap siya tungkol dito. Napagkuwentuhan nila noong kolehiyo ang pagiging apo niya ni Marcelo Lopez. Tumutula rin si Jesse ngunit ayaw nitong ipakita sa nakararami ang kanyang nasulat, lalo na ang pagpapalimbag.

"May miting kami ngayon. Papunta na nga ako dun. Bumili lang ako nito," turo nito sa bote ng mineral water at dalawang litro ng Coke.

Ikinuwento ni Jesse na aktibo siya ngayon sa Antique Outdoors, grupo ng mga mountaineer at environmentalist. May kasalukuyan silang proyekto kasama ang Haribon Foundation.

"Mabuti naman, di ka na-eengganyo na mag-abrod din."

"Wala pa akong nakikitang dahilan para umalis ng Antique."

Parang bumara ang lalamunan ni Sadyah. Napakibit-balikat siya. Sa kanyang isipan, may kanya-kanyang dahilan ang bawat isa. "Teka, baka may balita ka kay Dr. Baylon?"

"Ah…si Dr. Baylon. Alam ko sa BIDANI siya ngayon," sagot ni Jesse. "Balita ko, siya ang director. Pumayag ang UP na i-extend ang retirement niya hanggang 65. Pero wala 'kong number niya, e. Kung gusto mo, bisitahin mo na lang. Baka pa lang mat'yempuhan mo."

"Kumusta ang pagkilos dito?" tukoy niya sa mga progresibong grupo tulad ng NPA. "Tahimik ba?"

"Nan'dyan pa rin. Hindi naman nawawala 'yan. May mga kasama nga kami. Kung gusto mo, sama ka muna, para maipakilala rin kita sa grupo."

"Gusto ko rin sana pero nagpapagawa ako ng bahay kubo, e. Kailangan kong makauwi. Hanggang alas sais lang ang last trip ng dyip, at mula bayan, baka wala na'ng traysikel."

Umabot hanggang sa pagpila nila sa cashier ang kuwentuhan.

"Sayang. Sana makasama ka rin namin. Kailangan namin ang tulad mo."

"Ano'ng mga events n'yo?"

"Marami. Nag-sponsor kami ng film showing ng "The Inconvenient Truth" sa mga paaralan. Eto nga, nagmi-miting para sa clean-up campaign ng mga baybayin at para sa pagprotesta sa pagpasok ng small town lottery."

"Kumusta ang pulitika?"

"Naku, nakapapagod na...walang katapusang bangayan. Ikaw ba, may balak ka bang tumakbo."

Napatawa si Sadyah. "Bakit mo naman naitanong 'yan?"

"Kasi kung meron, simulan na natin ang pangangampanya. Susuportahan ka namin."

"Susuportahan, e, hindi pa ba kayo pagod sa nepotismo? Apo ako ni Marcelo, kalahating-pamangkin ni Isabel. Bakit masasabing isa akong sariwang dugo

at may kakayahang sagutin ang problema ng mga Antiqueño, kung hindi man magsilbing inspirasyon?"

Napatangu-tango si Jesse. "Magandang punto. Pero 'yun na nga, mahahatak mo ang mga loyalista ng Lolo mo, pati ang tauhan ni Isabel. 'Yun kasi ang nakalulungkot, hindi nananalo ang bago at bata dahil wala pang political base. 'Yan ang bentaha ng mga *trapo*. Karamihan kasi sa mga botante, mga may-edad at matatanda pa rin. Kasi 'yung mga bata, kung hindi nakarehistro, wala naman dito. Sa Manila o di kaya nasa abrod na."

"Nagdidisertasyon kasi ako. Heto nga, procrastinating. At heto, inaasikaso ang personal na buhay. Gusto ko munang magpaka-selfish."

"Lopez ka pa rin ba o may kadugtong na?" Napasulyap ito sa mga daliri ng dalaga.

"Hmm...malapit na...baka 'to na nga katapat ko."

"Aba, bilis-bilisan niya, napaka-eligible mo." Dinugtong nito na may nabasa itong tula niya sa isang website. Nangangagat daw ang mga linya at gusto niya ang pulitikal na anggulo nito na balot sa himig ng erotisismo.

Humalo ang kanilang tawa sa ingay ng supermarket.

"Ikaw, may asawa ka na?" tanong ni Sadyah.

Napataas ng kilay si Jesse, nagsasabing "sister, ano vah," bagama't wala itong kasabay na pilantik ng mga daliri at kembot ng beywang.

Nahalata ito ni Sadyah noon pa man sa kolehiyo. Ngayon lang niya nasiguro. Humalo ang kanilang tawa maging sa ingay ng mga sasakyan sa labas.

Humalo rin ang kanilang tawa sa kalas ng isang supot na kumanlong sa kanyang grocery items na napamili, sa kalansing ng baryang iniabot sa kanya ng cashier, sa pagpatong ng mga nabili niyang bote ng ketchup at olive oil at oyster sauce mula sa basket, hanggang sa pagpalitan nila ni Jesse ng numero.

"Sana makapirma ka sa kampanya namin laban sa pagbubukas ng minahan sa Culasi."

"Sige ba, i-text kita sakaling makabalik ako dito."

Bitbit ang kanilang mga supot, inihatid siya ni Jesse sa pila ng mga traysikel. Itinuro nito ang mountain bike sa gilid ng pader ng supermarket, katabi ng guwardiya. Maliban sa recyclable bag, kung hindi pa man muna bayong, na alternative sa plastic bag, isa pa raw ito sa kinakampanya nila. Sa halip na bumili ng motorbike na uso ngayon sa halos lahat ng bayan dahil sa promo ng mga malalaking autoshop, magbisikleta para mas makatulong sa pagbawas ng carbon footprints na nagpapalubha sa global warming.

Nag-uumapaw ang puso ni Sadyah sa pananalig at pag-asa habang sakay ng traysikel. Magpapahatid siya sa isang construction supply. Hinugot niya sa bulsa ng bag ang nalista na bilin ng panday. Tatlong kilo ng .5 na pako. Ito raw ang numero ng pako na bagay para sa pagpukpok ng kawayan para sa barandilya ng bintana. Pagkatapos dadaan siya sa isang appliance center para sa TV. Sampung libo ang kanyang badyet. Saka diretso na siya sa paradahan ng dyip.

Lampas alas tres na ng hapon. Napakagandang araw, bulong niya, hindi na siya kailangang mag-abang ng sagot sa text message tungkol kay Dr. Baylon. At sa unang pagkakataon, habang bumibiyahe ang kanyang mga mata sa hanay ng mga bangko, tindahan, sasakyan at tao sa kalsada ng San Jose, naisip niya na, oo nga ano, hindi siya marunong magbisikleta. Siguro nga mabuting bumili na rin siya nito, sa Pasko, at mag-aral magbalanse dito, sa kalsada ng Barasanan, kasama sina Joshua at Angela.

SI NONOY ang sumalubong sa konduktor ng dyip sa pagbaba ng karton ng 26-inch colored TV na nabili niya. Panasonic.

Naghiyawan sina Joshua at Angela. Pati ang mga panday.

Inilapag ito ni Nonoy sa mesa sa kusina. Saka umakyat ng puno ng bayabas para ikabit ang antenna.

Nakasalampak si Nene, kumukukot ng mais. Ito ang hinihiwalay na binhi mula sa naani ngayon, at kamakailan lang. Nanatili itong tahimik sa sunud-sunod na pagbaba-akyat ng bana sa puno ng bayabas, may sigla sa pagtatanong kay Sadyah kung kumusta na, malinaw na ba.

Malabo, magansal ang tunog. Ilan pang akyat-baba ni Nonoy sa puno ng bayabas hanggang sa naging malinaw ang iskrin nito.

"Mamaya na," sabi niya sa mga bata, sabay abot sa mga ito ng isang supot ng biskwit.

"Nakapunta ako sa dating mansyon," sabi niya, parinig kay Nene. Napatingin sa kanya ang pinsan, naghihintay ng karugtong. "Green Planet Café na ito ngayon. Doon ako kumain. Masarap, maganda, may hardin. Tingin ko galing Nasuli ang ferns at come down my love dun."

Iyon lamang at napatawa sila, isang pagbubuga sa mga natirang hinanakit. Lumabas siya sa kusina at sumalok ng tubig sa balde. Naghilamos siya sa banggerahan. Nagpalit ng pambahay. Naisip niya na hindi nawala ang turo sa kanila ng kanyang Auntie at Uncle. Tuwing nag-aaway sila noon, pinagsasabihan si Nene ng mga magulang na siya dapat ang magpakumbaba, dahil siya ang nakatatanda. Katwiran palagi ni Nene, bakit siya; dapat ang nakababata ang hihingi ng paumanhin bilang paggalang. Dapat ang nakatatanda raw ang umunawa, giit ng kanyang Auntie. At hindi niya makalimutan ang karugtong nito: huwag sigeng awayin si Sadyah dahil *ilo* ito, ulila, at sila lang ang maituturing na pamilya. Oo, ginawa siya ng magkapatid na *taga* noong bata. Ngunit hindi niya narinig ni minsan kina Nene at Bongbong na sampid lang siya sa kanilang pamilya.

Napabuntunghininga siya. Wala rin siyang mga kamag-anak ng ina na madadalaw. Ilongga si Teresa. Taga-Passi. Wala man lamang siyang nakilala sa mga ito. Hindi siya sigurado kung may alam ang mga ito tungkol sa kanya. Noon, naiisip niya na tuntunin ang pamilya ng ina. Ngunit naitatanong niya sa sarili na para ano pa kung siya nga ay hindi nila tinutunton.

Lumabas siya at iniabot sa mga karpintero ang kanilang suweldo. ₱200 ang kanilang arawang kita, labas diyan ang tagayan tuwing hapon, San Miguel beer o Tanduay mula sa tiyangge sa baryo.

Ipinakita niya rin ang mga nakuha niyang litrato ng lababo sa Green Planet Café para mabigyan ng ideya ang mga panday at magkasundo sila sa disenyo.

May mga kapitbahay na pumunta kinagabihan, mga pamilya ng panday, para manood sa kanilang bagong TV. Nagbukas siya ng ilang supot ng biskwit at inilagay ito sa pinggan sa gitna ng sahig kung saan palibot na nakasalampak ang mga manonood.

Ito ang nakikita niyang eksena sa pagbubukas ng kanyang Balay Sugidanun. Nanonood ang mga bata at may bilao ng nilagang saging o mani na makukukot. Pagkatapos, pag-uusapan nila ang pelikula. Sa mga araw ng pagbabasa, susundan din ito ng pagkain ng lugaw o sopas.

Bandang alas nuebe, nagpaalam siya na mauuna nang matulog. "Mapa-Iloilo ako, Ne," sabi niya.

"Sige," sagot ni Nene, "gigisingin kita ng alas kuwatro."

3:30 a.m. ang set niya sa alarm ng kanyang cellphone. Nagsuklay siya at nag-CTM: Cleanse, Tone, Moisturize. Nagbanyos maging ng petroleum jelly sa mga bukong-bukong. Nahihirapan siyang makatulog sa bukas na bombilya kaya ibinaba niya ang switch sa haligi. Liwanag mula sa mga siwang ng kawayang dingding at bintana ang pumapasok.

Maya-maya, naramdaman niya ang paglatag ni Nonoy ng banig at unan. Pagkaraan, ang paglapag sa mga anak na natutulog na. Ang dahan-dahang paglabas ni Nonoy. Narinig niya ang pagpatay ng TV, ang paglalabasan ng mga kapitbahay at ang kanilang mga hakbang sa tarangkahan, sa may puno ng atis at hilera ng bogambilya—papalayo.

# 29

"I'M SADYA ZAPANTA LOPEZ po," pakilala niya kay Dr. Jesus Baylon. Nakaupo ang propesor sa isang mesa na checkered ang mantel sa kantina ng UPV-Iloilo sa Gen. Luna sa Molo. Naglalagay ito ng cream sa kanyang kape. May isang saging na lakatan sa tabi nito at isang folder.

Nahanap niya ang opisina ng BIDANI sa gusali sa gitna ng campus. Dito siya itinuro. Dito raw nagpaalam pumunta ang propesor. Mga beinte minutos bago siya dumating. Lampas alas nuebe ng umaga.

Marami ang tao sa kantina: mga estudyante, mga empleyado, mga guro, mga bisita. Nanghinayang siya na hindi siya rito kaagad dumiretso pagbaba ng bus. Hindi niya naubos ang hot chocolate at corned beef ng Jollibee.

Tantiya niya, 5'10" si Dr. Baylon. Payat ito. Nakukuba, iyong parang may sakit na TB. Nang una niya itong

makasalubong sa hagdanan ng Arts & Sciences Building sa Miag-ao, ibinulong ng kasabay niyang dormmate na isang Pol Sci major na ito nga, ito si Dr. Jesus Baylon. Bantog ito bilang isang terror. Iilan-ilan estudyante lang ang nakapapasa sa kanya. Pinapahiya raw nito ang mga estudyante sa klase. May mga tanong daw ito tulad ng "What is the color of your panties?" At kailangang bigyan mo ito ng isang kritikal na pagsusuri ayon sa mga political theories na napapag-aralan sa klase. Sa recitation daw, kailangan mong makaabot ng 60 over 100 puntos. Kapag bobo ang sagot mo, babalik sa zero ang iyong puntos. Gayunman, palaging puno ang klase nito dahil isa nga itong henyo. "Ikaw ba naman," sabi ng kanyang dormmate, "kung makaka-survive ka sa klase niya, henyo ka rin." Tsismis din na mayaman ang pamilya nito. Halos lahat nasa Amerika na. Malapit na kamag-anak ito ng arsobispo ng Jaro. Sa malaking bahay daw nito sa Jaro tumutuloy ang ilang NPA kapag nakaluluwas ng syudad. Ang totoo nga raw, espiya itong si Dr. Baylon ng mga komunista. Kaya hindi ito nakikialam sa mga kung anu-anong iskolarship at travel grant sa ibang bansa dahil ayaw mabusisi ang kanyang mga personal na record. Ang totoo raw, isa itong NPA. Dito sa campus natoka para magrekrut ng mga estudyante. Isa na raw dito si Mary Gene Dumaplin, ang kilalang gradweyt ng UPV na naging NPA at napatay sa isang engkuwentro.

Maputi si Dr. Baylon. Mestiso, namumula-mula ang mukha. Naisip ni Sadyah na papasa ito bilang isang rock star sa kanyang kabataan. Parang sa *anime* ang tayo ng

tuwid nito't manipis na buhok. Naka-polo shirt ito ng puti at olive green, nakataas ang mga kuwelyo, tuck-in sa faded na Levi's. Makintab ang kanyang itim na sapatos. Sa isang silya sa kanyang tabi, nakaupo ang kanyang satchel leather bag. Type ni Sadyah.

Naalala rin ng dalaga ang mga tsismis na bakla ito. Ginapang daw nito ang isang hunk na Pol Sci major nang malasing sa isang party sa Marina Beach. Napansin ni Sadyah ang mapupula rin nitong mga bibig, bahagyang nakausli. Malalaki ang mga mata nito. Nakapatong ang isang siko nito sa mesa, ang isang kamay nagbabalat ng saging.

Kinakabahan si Sadyah habang papalapit. Inalis niya ang salamin. Ngumiti siya at idinugtong na gradweyt siya ng UPV, BA Literature major, Batch 2000.

"I know," sagot ng propesor, itinuro siyang maupo sa silya sa harap. "So, you're still with La Salle or what?"

Ikinabigla ni Sadyah ang kaalamang ito sa kanya ng propesor. Hindi niya ito naging guro o nakasalamuha man lamang noong kolehiyo. Bumilis ang tahip ng kanyang dibdib, binubulong nito na sina Teresa at Leandro nga ang koneksyon niya sa propesor na ito, at may mangyayari sa pag-uusap na ito.

Sumagot siya na naka-leave siya ng isang termino at pabalik na dahil magsisimula na uli ang klase.

"Oo nga, ano," sabi nito, "trimestral nga pala sa inyo."

Tumango siya. Mahigpit ang kanyang hawak sa bag.

Humigop ng kanyang kape ang propesor, sumubo ng saging. Ito raw ang kanyang almusal. Ang totoo raw,

ipinagbabawal na ito ng kanyang doktor. Noong isang araw daw, 140/90 ang kanyang blood pressure. 220 naman ang kanyang sugar level. Isa pa raw sa ikinasasama ng kanyang loob ay 'yung hindi na siya makakain ng corned beef saka malasadong itlog. Lalong umusli ang mga bibig nito sa pagsabi ng maraming bawal.

Malumanay magsalita ang matanda, iyong parang nagsusumbong. Ikinatuwa ito ni Sadyah. Taung-tao, sa loob-loob niya. Akala niya, kaagad susubukan ng propesor ang kanyang galing sa pakikipagdiskyusyon sa mga *ismo*.

"E di," sabi pa nito, "balik na uli kayo sa UAAP. Kayo na naman ang champion sa men's basketball."

Napangiti si Sadyah. Hindi niya rin akalain ang kaalaman dito ng propesor.

"Sana nga," sagot niya.

Kawawa naman daw ang UP, wala pa ring panalo. Wala raw kasing badyet. Kahit nga raw dito sa Iloilo, Fisheries lang ang maraming proyekto. Sa Arts & Sciences daw, ang hirap, kung hindi external funding. Wala na rin daw ang aktibismo ngayon.

May nasalat siyang pangungulila sa boses ng propesor. Malayo ang tingin nito, sumasalpok sa kurtina na nakalugay sa dingding ng kantina. Sa isip ni Sadyah, inaalala ni Dr. Baylon ang mga estudyante na tulad ni Mary Gene Dumaplin. "Hindi pa tapos ang pakikibaka, *'day*," patuloy nito. "Wala pa *gid* ang totoong rebolusyon."

"So you remain optimistic, Sir, with the armed struggle?"

"Hmm, it's a whole discourse, ***'day***, na mahabang usapan ***gid***. But to give you an idea, since the early 1990s, nagkaroon ng expulsion o breakaway sa iba't ibang territorial at sectoral na grupo ng CPP-NPA. Dahil itong si Joma reaffirmed the Maoist strategy, 'yung mamundok pa rin, 'yung slogan na "semi-colonial" at "semi-feudal" pa rin ang bansa. Iyung mga naniniwala pa rin dito, ito ang tinatawag na reaffirmists (RA). Whereas, 'yung mga tumiwalag, ito ang mga naniniwalang kapitalista na ang bansa. Community organizing na for empowerment at active participation ng masa, hindi ang giyera, ang solusyon para ma-transform ang elite democracy into a more participatory and egalitarian democracy. Isa ako sa mga naniniwala dito, and yet, hindi na muli ako, officially, sumali sa mga so-called new Marxist-Leninist groups ***nga ini***."

"Like?"

"Marami. There's the Manila-Rizal group led by Popoy Lagman, and the Alex Boncayao Brigade. At ang territorial group led by, I don't know if you've heard of Sonny Melencio. Then nag-away-away din sila hanggang magkawatak-watak. 1993 if I recall it right. Kaya sina Popoy, nag-form ng Partido ng Mangagawang Pilipino, whereas 'yung ABB, nag-join forces with the Negros group while 'yung grupo ni Sonny, naglunsad ng Sosyalistang Partido ng Paggawa. Maraming internal conflict kaya eventually, the Negros group for instance, tumiwalag din saka nag-align with the Central Mindanao group at isinama ang ilang elemento ng

Manila-Rizal para bumuo ng Rebolusyonaryong Partido ng Mangagawa ng Pilipinas."

"I'm not familiar with that."

"Ito 'yung grupo na bumuo ng Revolutionary Proletarian Army o RPA based mainly sa Manila, Mindanao, and would you believe, Panay. Ito 'yung grupo na nag-sign ng peace pact with the government noong 2000 pero at war with the NPA and I was informed, just split this June 2007."

Gusto niyang itanong na bakit hindi na lang mag-join forces ang mga ito para mapatumba ang kasalukuyang gobyerno. Pero ayaw niyang magmukhang tanga. Alam niya na hindi ito ganuon kadali, na ito ang pangunahing katangian ng organisasyon: rule ang conflict, hindi exception.

"Itong RAs, ito ang inaakusahan ng RJs na pumatay sa kanilang mga dating cadre like Kintanar, even Popoy. Akusasyon naman ng RAs sa RJs, counter-revolutionary na sila. Malalim ang iniwang pilat ng pagtortyur sa mga kadreng iniwan ang pamilya at pag-aaral para lamang maakusahang DPA o deep penetration agent. Of course, may mga attempts *man gid* para ayusin ang rift among RJs, 'yung mas kilala sa bansag ngayon na Leftists, for anti-Arroyo alliance, halimbawa. Pero *sus*, ang daming isyu. Like ang human rights abuses nga, 'yung kanilang capacity for negotiations, ammunitions, strategy and tactics, political base, funding and support. Madugong diskurso. If you are interested, there are books you can read like *Suffer Thy Comrade* ni Bobby Garcia."

"Nanatiling legitimate pa rin, therefore, ang aktibismo."

"Exactly. Kayo pa rin ang pag-asa ng bayan. Iyan pa rin ang hamon maging ng susunod na henerasyon."

"There's globalization. Kapitalista na ang China."

"Iyan ang trahedya ng bansa natin. Hindi pa man nangyayari ang Cultural Revolution, inabutan na ng globalisasyon."

Iyon at nasingit niya ang pakay. "E, Sir, may balita po ba kayo kung nasaan na si Kumander Rafflesia."

Hinawakan siya sa balikat ng propesor. "I adore her." Binuksan nito ang bag at kinuha mula roon ang isang maliit na planner. "I have no cellphone. I resist. Buti na'ng ganito. Ang mga gusto ko lang ang nakakausap ko at nakakatawag sa bahay. Pero alam mo, natutuwa ako sa mga video ng mga pamangkin ko. They're in California, 'yung iba naman sa New York. They sent me photos via Flickr saka YouTube. Naku, tuwang-tuwa ako." Inilapit nito ang nguso kay Sadyah. "Pero mind you, ***'day***, hindi ko alam kung paano mag-internet. Ang dalagitang anak ng katulong namin ang pinabubukas ko." Natawa ito. "She's based in Davao. Pero ang alam ko, palagi rin siyang nasa Manila."

Binuklat nito ang planner. "Subukan mo ito," ipinakita nito ang isang numero. "You also give me your number, ha. Minsan, pasulput-sulpot, nakababalita ako. Like last December, naimbita ako ng mga dating kasama. Nagkataon namang may official trip ako sa Diliman. Nagkita kami sa bahay ng isa naming kasama sa Hardin

ng Rosas. Potluck at rebolusyon pa rin ang pinag-uusapan, kasama na syempre ang mga blood pressure namin, ang health benefits ng ampalaya at anti-oxidant elements ng kape. Naku, pati na ang sex three times a week." Humalakhak ito. Napahalakhak na rin si Sadyah. Natutuwa siya sa propesor.

"Hindi nakapunta ang nanay mo." Patuloy pa nito, napabuntunghininga. "Nakapunta ka na sa Center?"

Umiling ang dalaga. "A, oo, dun ako galing. Dito nga ako itinuro."

"I mean, sa Center for West Visayan Studies?"

"I've been there several times. Nagdidisertasyon po kasi ako. Isang nobela…tungkol kay Magdalena Jalandoni."

"What about her?"

"'Yung probable love story nila ni Rizal."

"That's interesting. O, *te, san-o* ko na mabasa?"

"Matagal pa po siguro. Dami ko pa kailangang basahin."

"Aba, bilisan mo, para mabasa ko pa." Natawa uli ito. "Di na bale na hindi na ako nakakakain ng corned beef at itlog."

Natawa rin si Sadyah.

"I meant to ask," sabi ng propesor, "kung nabasa mo 'yong thesis about Coronacion Chiva, si Kumander Waling-Waling?"

Umiling siya.

"There's a copy sa Center. Basahin mo. Maganda ring malaman mo."

Sinabi ito ng propesor na may mga alitaptap sa mga mata, may namumuong pagbagsak ng ulap, parang mga nalalagas na dahon sa daan sa labas.

"Pa'no n'yo po ako nakilala, Sir? "

"*Papuri* awardee ka nang mag-gradweyt, di ba? Nang tinawag ka sa entablado, alam ko'ng ikaw ang kanilang anak sa Antique. " Tumayo ang propesor. "I have a meeting in 15 minutes. Sa City Hall. Partner kasi namin ang LGU sa nutrition improvement program sa mga barangay."

Bumagsak ang balikat ni Sadyah. Uhaw siya sa kuwento. Marami pang kuwento si Dr. Baylon. Nahihiya siyang mangulit. "Sige po. *Damo gid nga* salamat." Yumuko siya bilang tanda ng paggalang at pasasalamat. Ang totoo, gusto niyang magmano rito.

"Sige. Good luck sa nobela mo. Ang number mo pala."

Kaagad binuksan ni Sadyah ang bag at humugot ng isang calling card.

Tinapik siya sa balikat ng propesor. Humakbang ito papalayo na nakangiti.

Sinundan ito ng tingin ng dalaga. Sa labas ng kantina, makikita sa salaming dingding ang nakahilerang puno ng mahogany. Pakiramdam ni Sadyah, isa siyang puno sa hilera ng mga ito. May alitaptap sa mga mata, na isa ring ulap ng mga ulang nagbabadyang bumagsak.

PARANG NAG-TELEPORT siya papunta noong unang panahon at nagustuhan niya ang ganitong pakiramdam. Isang carpet ang nalalagas na tuyong dahon ng narra sa pathwalk ng campus. Palabas siya sa lumang gusali kung saan naroon ang Center for West Visayan Studies. Higit pa sa pagpunla ng mga sanga ng madre de cacao ang pangangalay ng kanyang mga daliri. Bawal ilabas ang kopya ng mga pag-aaral para ipakopya. Pero puwedeng isulat.

Walong tissue napkin ng Starbucks ang nahanap niya sa bulsa ng bag. Sa kanyang nangangarag na sulat-kamay, dito niya kinopya ang tungkol sa buhay at pakikipaglaban ng isa sa mga inspirasyon ng kanyang mga magulang: si Kumander Coronacion "Waling-Waling" Chiva. "Kamatayan ng Isang Hangaway ng Bayan*: Kumander Waling-Waling.*"

Sinasabi rito na ang Chief of Police mismo ng Calinog ng panahong iyon ang nagpayo sa kumander na lumipat ng lugar dahil may shoot-to-kill order na sa kanya. Sinunod ito ni Corning. Bago nito, nakipagkita siya sa kanyang mga anak sa tinutuluyan nilang bahay sa bayan. Namalengke siya, na siya niyang nakagawian, hindi lang bilang konsumo nila ng bana niyang si Andres kundi dahil may tiyangge sila. Sa palengke, kinutuban siya niya na may sumusunod daw sa kanya at ipinagtapat niya ito sa mga anak nang makarating siya sa tinutuluyan ng mga ito.

Hindi nasabi sa papel kung ilan ang kanilang mga anak at kung ano'ng edad ng mga ito. Pero sa tant'ya niya, may mga sapat na gulang na, mga tinedyer, dahil nag-aaral ang mga ito at nagmakaawa sa kanya na manatili roon. Ngunit nagmatigas si Corning. Alam niyang masasabak sa panganib ang mga anak. At ayaw nitong maiwang mag-isa si Andres sa kanilang bahay.

Habang kinokopya niya ito, naisip niyang maganda ring isapelikula ang istorya. Si Chin-Chin Gutierrez ang nakikita niyang gumaganap. O hindi kaya si Angel Aquino. Sinabi pa raw ni Corning sa mga anak na kung sasaktan siya ng sinumang tumitiktik sa kanya, gaganti siya. Kaya raw naging matindi ang sagutan ni Corning at ng mga anak nito hanggang sa nagkasundo silang sige, uuwi ito, ngunit dapat may kasama. Pero hindi naman sinabi kung isa ba sa mga anak nito ang naghatid o isa sa kanilang mga kasamahan. Basta sumakay siya ng dyip pauwing Alibunan na may guwardiya.

Hindi pamilyar si Sadyah sa bayan na ito. Naisip niya na ano kaya kung sasakay siya ng dyip papuntang Calinog at ipagtanung-tanong ang bayan na ito. Kaya lang hindi siya nakapagpaalam kina Nene. Walang cellphone na maaari niyang i-text. Siguradong mag-alala ang kanyang pinsan. Bibili na lang siya ng mapa ng Iloilo. Susubukan niya rin itong tingnan sa googleearth.com.

Ipinagpatuloy niya ang pagbasa-kopya. Nasa bahagi na siya na sumakay na rin sa dyip ang mga nagmamanman kay Corning. Nang makarating daw

sila sa Banban, ang babaan pauwi sa kanilang lugar, sinubukan ni Corning na iligaw ang mga tumitiktik sa kanya. Tumigil siya sa isang tiyangge, nakipag-inuman ng tuba.

Ibig sabihin, hapon na iyon.

Pagkatapos nagpatuloy silang lumakad pauwi sa Alibunan. Kasabay ang iba pang pasahero. May ilog silang kailangang tawirin. Dito raw, somewhere along the river, tinutukan siya ng baril. Hindi nasabi kung ilan ang umispiya sa kanya. Pero siguradong kalalakihan. Dalawa? Tatlo? Higit pa? Sa mga oras na iyon, ito raw ang sinabi ni Corning, alyas Kumander Waling-Waling: "While you are pointing your gun at me, you better squeeze the trigger, if not, I'll kill you too."

Iyon nga, at binaril si Corning—si "Kumander Waling-Waling" Bumagsak ito. Patay.

Sinasabi pa sa tesis na sa araw ng kanyang libing, naging ghost town ang Calinog. Nasuspinde ang mga klase, pansamantalang nagsara ang mga tindahan, at nabakante ang munisipyo. Sa pagpupugay. Ngunit higit sa lahat, sa takot na rumesbak ang mga NPA.

Napamura si Sadyah. Itiniklop niya ang mga napkin, naubos ang walo, at ipininid sa kanyang planner.

Kaharap ang malawak at matingkad na damuhan, ang lumang Little Theater na animo'y isang abandonadong klasrum, at ang mushroom na tambayan ng mga estudyante kalapit ang tambayan ng mga fraternity

at sorority, umaalingawngaw sa kanya ang **"Kung hindi ngayon, kailan? Kung hindi tayo, sino?"**

Paano niya maisasalin sa cold, hard cash ang kanyang pagiging Ph.D. sakali? Paano maiaangat ang produksyon sa lupa; magkaroon ng sapat na supply ng tubig sa Barasanan para lumago ang produkto sa lupa? Magsari-sari store? Kakausapin niya si Kapitan? Hindi man lang siya nakialam sa lokal na pulitika dahil alam niyang hindi kakampi ng mga ito ang kanyang Lolo. Sadya niyang iniiwasan ang pakikisangkot. Baka maengganyo siyang tumakbo. Nakatatakot. Lalo na dahil naiisip niya ngayon, sa mga minutong ito, na siguro nga mas mainam kung nasa posisyon siya para maisakatuparan ang mga bisyon. Rebolusyon. Education Revolution. Green Revolution.

Nilakad niya ang pag-iisip. May UP Bookstore na pinapatakbo ng isang fraternity. Nadaanan niya ang auditorium. Dito niya dating nakatabi si Isabel sa gawad-parangal. Pumasok siya sa bagong building ng hayskul. Sa ground floor, narito ang opisina ng graduate school. Nangyayari ang mga transaksyon sa salaming bintana. Tumigil siya sa harap ng isang bulletin board. Nakapaskel ang 2008-2009 na Monbusho Scholarship ng Japan. Sa gilid nito, may malaking poster:

**57% of Filipinos would avoid having**
**a Muslim boarder in their homes.**
**Would you?**
**Stop the discrimination.**

Umulan. *Kinabayo*, naalala niyang paglalarawan ng kanyang Auntie Fely sa biglaang pagbuhos ng ulan. Para ngang bagsak ng mga paa ng mga kabayong patungo sa giyera, tulad ng mga sinasakyan ng mga mandirigma sa pelikula. Hindi ito tatagal, ayon pa sa kaalaman ng kanyang tiya.

Pinagmasdan niya ang Oblation sa hardin malapit sa bakod, patungo sa tarangkahan palabas ng campus. Nanginig siya, parang isang hangover, ang pangungulilang akala niya naburol na niya sa kumot at unan sa maraming gabi.

Tila ba sumama na rin sa mga dahong nakahalik sa lupa ang sentimientong napukaw kanina ni Dr. Baylon. Ngunit ngayon, nanunuot sa kanyang mga buto't kalamnan ang sipa at kagat ng mga bagsak ng ulan. Gusto niya ng yakap. Iyung mahigpit na yakap, mainit na yakap, mga yakap ni Priya habang nanonood sila ng *Animal Planet* sa condo nito at sinusubuan siya ng lalaki ng dark chocolate.

Rumagasa din sa kanya ang kaisipang ito. Pinagtaksilan siya ni Ishmael pero totoo ang sinabi nito nang inihatid siya sa airport. Hindi ito nagsinungaling sa kanya.

Hindi nagtagal ang ulan. Nakabibinging trapik sa Diversion Road at sa kahabaan ng Gen. Luna ang pumalit sa kanyang pandinig. Bumara.

Pinindot niya sa cellphone ang numero na ibinigay ni Dr. Baylon. Cannot be reached ang natanggap niyang sagot. Inulit niya. Ganuon pa rin. Humakbang siya

pakanan, baka may problema lang sa signal sa kanyang kinatatayuan. Ganuon pa rin. Out of coverage area.

Napabuntunghininga siya. Binalangkas niya sa isipan ang daan pauwi sa Antique. Ngayon, didiretso siya sa San Jose. Mag-a-alas dose pa lang. May sapat pa siyang oras para kunin ang kopya ng desisyon ng korte.

Nakatayo siya roon kaharap ang Oblation, sa labas ng tarangkahan, at sa kalsada nakatigil ang mga sasakyan sa trapik. Walang mga ibon ng Barasanan ang kalawakan ng Iloilo na kailangan niyang gumuhit sa isipan. ***Ang paglilipad ng ibong banog.*** Hawk-eagle, nabasa niyang salin nito sa Ingles. Sa panunukso ng kanyang mga kababata, ito ang ibong dumagit sa kanilang Lola Anyag kaya bigla na lang ito nawala sa Barasanan. Ito ang ibon na kapiling nina Leandro at Teresa sa kabundukan ng Panay. Nakaramdam siya ng pagod sa pag-iisip. Isang yakap lang ang nais niya sa mga sandaling ito ngunit bakit napakailap katulad ng ibong banog. **Kalayaan kaysa Katanyagan**, ang islogan sa kanyang utak.

Tumakbo siya sa ambon, slow-mo, at sumubsob sa paanan ng Oblation.

# 30

BUMAGSAK sa mga palad ni Sadyah ang bigat ng 129 na pahina ng desisyon ng korte sa **Criminal Case No. 6177** na nag-absuwelto sa dating Assemblyman Atty. Marcelo N. Lopez sa kasong **Multiple Murder** sa Guinsang-an Bridge Massacre noong 1984.

Ipinasok niya ito sa nabiling clear folder. Nagkasya ito sa kanyang bag. Nagpasalamat siya sa sheriff.

Nagkapakpak ang kanyang mga paa palabas sa korte, paakyat sa traysikel. Alam niya kung saan siya tatambay para mabasa kaagad ito: sa Green Planet Café.

Umorder siya ng fruit platter at herbal tea at nagsimulang magbasa. Sa pahina 92, ganito ang sinasabi tungkol sa bangkay ni Leandro:

*On May 14, 1984, Dr. Bernabe Train, OIC Chief, IPMO, Angel Salazar Memorial General Hospital, San Jose, Antique*

*conducted an autopsy on the cadavers of Edgardo Salazar and Leandro Lopez at the Angel Salazar Memorial General Hospital, San Jose, Antique.*

*Accordingly, he issued the corresponding Autopsy Report for each of the deceased where he noted his findings, as follows, to wit:*

**Leandro Lopez**

"DIAGNOSIS/FINDINGS:

1. Body in state of primary flacidity.
2. Multiple splinter wounds, varying in sizes from 1 to ½ cm with smudging of the edges, subcutaneous tissue depth, scattered around the face, upper chest, dorso-lateral aspects of the upper extremities, bilateral, abdomen, antero-lateral aspect, left thigh and both hands.
3. Multiple lacerated wounds, 1 inch to 1½ inches diameter with smudging edges located at the left thumb, distal phalanges of $2^{nd}$, $3^{rd}$, $4^{th}$ and $5^{th}$ fingers, left hand.
4. Wound, gunshot, oblong in shape, ¾ inch diameter, 1½ inch below wound # 3, directed medially and producing a compound, comminuted fracture of the left distal portion of the humerus.
5. Hemothorax with collapses of the left lung, approximately 1 liter with blood clots."

CAUSE OF DEATH:

Hemorrhage, severe, secondary to gunshots and lacerated wounds.

Marahil nabuhay ito kung nalunasan kaagad. Napalunok siya ng laway. Naisip niya na sa kasaysayan, maraming lalaking mangangaway ang naging bayani sa kanilang kamatayan. Marami ang biyuda sa kasaysayan. Ngunit ang masaklap sa sinapit ni Leandro ay wala itong libingan. Hindi ito napatayuan ng rebulto at marahil hindi magiging tesis ng mga estudyante o paksa ng pananaliksik ng mga katulad niya. Dito sa mga pahinang ito ang kuwento tungkol kay Leandro. At ang nabiyuda niyang si Teresa ay hindi naging isang Cory Aquino.

Napalingon siya para sa kanyang order. Nauuhaw na siya. Inihatid ng weyter ang kanyang herbal tea.

Nasulyapan niya si Manang Melda sa likod ng capiz na bintana. Abala sa harap ng cash register. Hinintay niyang mapatingin ito sa kinauupuan niya. Napatingin nga ang babae at kinawayan ito ni Sadyah.

Bumalik siya sa kopya. Binasa rin niya ang sinasabi tungkol kay Edgardo.

## Edgardo Salazar

DIAGNOSIS/FINDINGS:

1. Wound, gunshot, (entrance) roughly oval in shape, measures about 0.3 inch in diameter, located at right cheek bone, piercing the skin and zygomatious muscle.
2. Wound, multiple, gunshot, roughly oval in shape six (6) in number with flame zone. Four (4) of these are superficial, skin-deep, while the remaining two (2) measure about 0.5 inches in diameter, located at the anterior chest wall, above the superior aspect of the manibrum sterni,

directed posteriorly and downwards piercing the skin, gnawing the first rib, entering the thoracic eye, penetrating and perforating the arch of aorta, right, middle, right lung. Hemothorax — 2,000 cc. Paleness of visceral organs; Heart big blood vessel empty.

3. Wound, lacerated, measures 7 cm x 5 cm in diameter, located at the shoulder region involving the skin and the deltoid muscle, left.
4. Wound, gunshot, roughly oval in shape measures about .6 cm in diameter, located at the right inner, lower quadrant of the gluteal region, muscle deep.
5. Wound, blasted, measures about 10 cm x 4 cm, located at the lateral and medial aspect of the left planar surface, involving the skin, tendons, muscles and tarsal and metatarsal bones.

CAUSE OF DEATH:

Internal and external hemorrhage due to multiple gunshot wounds.

Naalala niya ang napanood na palabas tungkol sa buhay ni Edgardo Salazar.

Gusto niyang sumulat ng tula tungkol sa kanyang ama. Pati dulang may ganap na haba, screenplay, kuwento. At wikipedia entry para kay Leandro Lopez.

Unang subo at may natanggap siyang mensahe galing kay Priya. Nangangamusta ang binata, sa nanatili nitong buong mga linya, karugtong ang walang kamatayang *hugs and kisses*.

Naging isang mahigpit na yakap ito sa kanya sa hapong ito. Sumagot siya, sinabi niyang nasa isang magandang lugar siya at ang siya ang iniisip.

Si Manang Melda ang nagdala ng kanyang fruit platter. Mga hiwa ito ng melon, singkamas, pakwan, mangga.

Nagkita na ba raw sila, tanong ng babae.

Napakunot ng noo si Sadyah.

Sinabi ng matanda na hindi na niya kailangang dumaan ng Mapatag para makita si Marcelo. Narito ito ngayon sa San Jose. Maabutan pa niya. Lampas alas tres pa lang.

Pakiramdam niya, tumangkad siya bigla sa kanyang suot na sneakers. Ibinalik niya sa bag ang clear folder. Inubos niya ang order at nagbanyo. Sa lababo na gusto niyang magaya ng kanyang mga panday sa kanyang Balay Sugidanun, pinahid niya ang mga namumuong langis at pawis sa mukha. Nagpulbo siya, inayos ang nakalugay na buhok, at nagpahid ng lipstick.

Siya, si Sadyah Zapanta Lopez, makikipagkita na ngayon sa kanyang Lolo: si Atty. Marcelo N. Lopez, dating Mill Hill missionary, Assemblyman noong panahon ni Marcos at naakusahang pumatay sa kalaban. Sa loob ng 21 taon na pagkabilanggo, naabsuwelto, at ngayon, sa edad na 76, bumabalik bilang isang pribadong abogado.

IBINABA siya ng traysikel sa isang kalye, sa puting pader na may karatulang nakasabit: **Atty: Marcelo N. Lopez.**

**Open,** sabit ng karatula sa pinto. Kumatok siya. Walang nagbukas. Maya-maya, pinihit niya ang seradura at sumilip. Pumasok siya.

Malawak ang sala. Kawayan ang sala set. Limang katao ang nakaupo. Mga mukhang magsasaka. Nakikita niya pagbaba-akyat ng mga ito sa bundok, pagtawid ng ilog hanggang sa pagsudsod ng mga paa sa maalikabok at lubak-lubak na kalsada bago makasakay ng dyip patungong San Jose. Ganito ang nilalakbay ng maraming kababayan sa mga malalayo pang baryo lampas ng burol ng Barasanan.

Ang isang mama, may kasamang dalagita. Apo siguro, naisip niya.

Nakapatong sa center table ang diyaryo, magasin ng *Haribon*. Sa gilid, may mahabang mesa. Abala sa pagti-text ang sekretarya. Tantiya niya, lampas kuwarenta. Matangkad ito. Maganda ang hubog ng katawan. Maiksi ang buhok. May kulay. Naka-manicure ang mahahabang daliri.

Ngumiti siya bilang pagpapansin sa sekretarya. Sa kanyang isipan, may pagtatalak tungkol sa Customer Service 101.

"Si Attorney?" tanong niya, dahil nasa cellphone pa rin nito ang atensyon ng babae. Sinadya niyang huwag ito dugtungan ng "Manang." Alam niyang maglalamukot ang mukha nito.

"*Ay*, nasa korte pa. Pakihintay na lang." Tiningnan nito ang oras sa cellphone. "Maya-maya nandito na 'yun." Sinabi niya ito sa kanilang lahat, hindi lamang sa kanya. Saka hinarap siya. "Ano'ng sa inyo?"

"Personal," sagot niya. Kinuha niya ang pitaka sa bag, hinugot ang isang calling card at iniabot sa babae. Paniwala niya, sapat na ang nakalagay sa kanyang calling card para sa atensyon ng babae. "Uuwi pa ako ng Barasanan, sa Dao," dagdag niya.

"Sige, maupo ka muna." Nakangiti na ito ngayon sa kanya, pasulyap-sulyap sa kanyang kabuuan.

Naupo siya. Pinagmamasdan siya ng mga mama at ale. Ngumiti siya. Inabot niya ang diyaryo. Noong isang araw pa ito. Nabasa na niya sa internet.

Sa pader, nakasabit ang naka-frame na mga larawan. Black-and-white. Si Marcelo na nakikipagkamay kay Marcos. Si Marcelo at ang maraming kalalakihang naka-barong. Si Marcelo at ang First Lady Imelda Marcos.

Walang larawan nina Marcelo at Asun.

Ano kayang sakit ang inirereklamo ng matanda? Naalala niya si Dr. Baylon. Tiningnan niya ang cellphone. Walang sagot mula kay Priya. Okey lang. Walang text kahit kanino. Buti nga. Kinapa niya ang iPod ngunit minabuti niyang makipag-usap.

Taga-saan sila, simula niya, ano ang kaso nila.

Kuwento ng mama, hihingi siya ng tulong sa kalagayan ng anak na OFW. Hindi na ito tumatawag. Wala ring sulat. Nababahala na sila.

Nagrereklamo naman ang isa sa ginawang panloloko ng rekruter papuntang Dubai.

Ibinaling niya ang tingin sa mga kuwadro. Ayaw niyang salubungin ang mga mata ng mga kausap. Akala niya luma at gasgas na ang mga kuwentong ito. Sa pelikula na lang. Tulad ng prostitusyon. Ayaw na niya magkuwento at tumula tungkol dito. Gusto na niyang sumulat ng speculative fiction, ng horror fiction.

Pero totoo pa rin ang mga bagay na ito. Itong kahirapan ang nanatiling horror sa buhay ng mga Pilipino. Nanatiling sexy ang prostitusyon bilang tema. Maisusulat niya bilang speculative fiction ang pag-ibig nina Teresa at Leandro. Bilang flash fiction ang pag-ibig nila ni Priya.

Siya, ano ang kaso niyang ihahain kay Marcelo? Nasa kanya na ang kopya ng desisyon ng korte. Itatanong pa ba niya ang laman ng kanyang hindi naihulog na sulat noong hayskul? Sa hapong ito?

Bumukas ang pinto at pumasok ang isang matanda. Mga 5'7". Maganda ang pangangatawan. Akala niya mahina na ito. Hindi. Mukhang nakapagpahinga. Maaliwalas ang mukha. Mestiso pero hindi 'yung puro. Hindi mo mapapagkamalang hacendero o anak ng hacendero. Makapal ang buhok. Naka-polo shirt. Walang tatak. Naka-slacks ng abuhin. Naka-sapatos ng itim.

Nakangiti ito sa kanilang mga nakaupo. Pumasok ito sa opisina. Sumunod ang sekretarya.

Maya-maya, lumabas ang babae. Siya ang pinapapasok. "Sandali lang po," paumanhin nito sa mga nakaupo.

Pinihit niya ang seradura. Rattan na sofa ang sumalubong sa kanya. Nakapalibot sa dingding ang koleksyon ng mga sombrero. *LA Lakers. Chicago Bulls*.

May desktop. Bukid na may magsasaka sa kanyang kalabaw at kasamang bata na nakasombrero ng buri, nilalatayan ng bahaghari, ang screensaver. Nakilala ni Sadyah ang mesa—totoong kahoy na kamagong.

Hawak ng matanda ang kanyang calling card.

Nagmano siya.

"Ang laki mo na."

"Ngayon pa nga lang nagdadalaga."

Natawa sila. Nabasag ang kanyang pagkabalisa.

Nakaupo ang matanda, padekuwatro, tinitingnan siya na may pagkamangha.

Napakagat siya ng mga labi: nakalimutan niyang magdala ng kanyang libro.

Itinuon niya ang tingin sa kamagong na mesa. Gusto niyang hingin na mana ito.

"Ilang taon ka na sa La Salle?"

"Pito po."

"Matagal na." Napatangu-tango ang matanda. "May kilala ako d'yan...si Bro. Dizon. Kumusta siya?"

"Nasa Amerika yata, nagpapagamot."

Napatapik sa mesa ang matanda. "Taga-Bacolod 'yun. E, si Bro. Andrew?"

"Namatay na po. May building na nga na nakapangalan sa kanya."

"Magaling na tao 'yun. E, sino ang Presidente ngayon?"

"Si Bro. Armin Luistro po."

"A, hindi ko na kilala 'yan."

"Active po siya sa Black and White Movement."

Napatango ang matanda. "Alam mo, edukasyon pa rin ang sagot sa kahirapan, lalo na dito sa atin sa Antique. Pagbabago sa pag-iisip ng tao. Saka micro-finance, 'yan ang magbibigay ng credit access sa maliliit na namumuhunan. Saka partnership ng gobyerno at private sector sa pagbibigay ng skill enhancement trainings, technology transfer, market linkage, tulad na lamang sa mga galing sa Barasanan. Try to imagine kapag maayos ang kalsada, mapadadali ang paglilipat ng produkto. Kaya nang maging Assemblyman ako, 'yan talaga, kalsada at basic infrastructure ang inuna ko."

Napatango si Sadyah. Malinaw at bilog ang boses ni Marcelo. Bihasa ito sa Ingles at Kinaray-a. Magaling magsalita. Dito rin niya namana ang pagiging makata?

"Kaya binuksan ko ito kaagad," tukoy nito sa opisina. "At dito sa probinsya natin sa halip na sa Iloilo o sa Maynila. Iniimbitahan ako ng mga dati kong kompanyero sa Maynila. Pero sabi ko, dito ako kailangan sa Antique. Pro bono ito. Syempre, ang mga maykaya, nagbabayad. 'Yang mga 'yan," turo nito sa koleksyon ng sombrero, "Lahat bigay 'yan ng mga kliyente. Hindi naman kaila sa'yo na tumakbo ako kahit nasa bilangguan. Nakakuha pa rin ako ng higit singkwenta mil na boto kahit walang pangangampanya. Iyon, alam kong akin talaga iyon."

"Kumusta naman po kayo sa bilangguan?"

"Syempre, dati akong Assemblyman saka si Isabel naman ang gobernador. 'Yung nararapat din na treatment ang ibinigay sa akin. Doon ko nakita na ang dami talagang inosente ang nabubulok sa bilangguan dahil walang kakayahang magpiyansa. Kaya ipinangako ko sa sarili na babalik ako sa pagpa-practice sakaling makalaya."

"Tiwala na kayo noon pa na makalalaya kayo?"

"Dahil iyan ang totoo. Bagama't pinahirapan din nila ako. Mantakin mo, inabot ng 21 years, kasintagal ng pagiging presidente ni Marcos. Pitong taon na nakabilanggo ako without trial. Just try to imagine, nagawa nila 'yun sa akin, how much more sa mga walang estado sa lipunan?"

"Kumusta naman po kayo ngayon?"

"Heto...mabuti naman...may awa ang Diyos... malakas pa."

"Makaaakyat pa kayo ng Barasanan."

"Kayang-kaya pa."

Bago naitanong ni Sadyah kung kailan kaya, bago niya mabanggit ang kanyang proyekto na Balay Sugidanun, bumukas ang pinto; isang silip ng sekretarya. Itinuro nito ang oras sa matanda.

Itinakip ng matanda ang kanyang mga palad. "Kumusta na lang sa kanila doon. Pakisabi na lang na pasensya muna, busy tayo."

Tumangu-tango si Sadyah.

Tumayo ang matanda. Nag-aakmang ihahatid na siya sa pinto. Hinawakan siya nito sa balikat, isang

marahang pagtulak palabas. Parang noong bata siya na bawal makinig sa usapan ng matatanda. Parang noong pitong taong gulang siya at itinulak din nang marahan na bumalik na sa pagkahiga dahil nabigyan na siya ng dalawampung piso.

Nagmamaktol ang isip ni Sadyah. Hindi pa tayo nag-uusap, gusto niyang sabihin, hindi pa ito ang pag-uusap na inaasahan ko at ninanais.

Inihatid siya ng matanda hanggang sa pinto, na isa na ring pagsilip-anyaya sa kasunod sa pila na pumasok na.

Dumami ang nakaabang. Nanliit si Sadyah. Wala siyang karapatang magsuplada. "Don't be needy and demanding," naalala niyang linya ni Priya.

Hindi niya pagmamay-ari ang kanyang Lolo. Tulad ng oo, magkasintahan sila ni Priya ngunit hindi pa rin nila pagmamay-ari ang isa't isa.

Ito ang mapait na paalala ng araw na ito sa kanya.

Nagpasalamat siya sa sekretarya. Hindi na niya sinulyapan ang mga nakapila. Dire-diretso siyang humakbang sa pagtulak ng pinto palabas.

Naramdaman niya ang timbang ng folder sa kanyang bag sa naging bigat ng kanyang mga balikat. Gusto niyang umiyak. Lumakad siya nang lumakad. May mga traysikel na humihinto. Hindi niya pinapansin. Gusto niyang umakyat ng bundok ng Madya-as at sumigaw doon. Gusto niyang pumunta sa Guinsang-an at haplusin sa tulay nito ang bangkay ni Leandro, na kung maaari lang, may mga buto siyang mapupulot doon

at maililipat sa isang puntod. Tulad na nailipat ang mga buto ng Lola ni Ishmael mula sa karaniwang sementeryo Katoliko sa Naga hanggang sa sementeryo ng Peñafrancia. Gusto niyang sukatin sa mga hakbang at pagpalagatok ng mga daliri ang layo ng tulay ng Guinsang-an sa mga bakawan hanggang sa tabing-dagat na iyon saan nawalan ng hininga si Dakila hanggang sa bahay na inuuwian ngayon ni Marcelo. Gusto niyang makita si Asun at magmano rito.

Gusto niyang narito si Priya para makapaghapunan sila sa Green Planet Café sa kanilang pre-ordered menu, sa gabing naroon si Gov. Isabel Lopez-Chua at ang kanyang mga bisitang galing Manila. Magpapakilala siya.

Gusto niyang mag-morph bilang isang avatar tulad sa larong kompyuter para makapag-teleport siya. Maging invincible.

Dinayal niya uli ang numero na binigay sa kanya ni Dr. Baylon. Ganuon pa rin: out of coverage area, cannot be reached.

Sinipa ng kanyang sneakers ang malilit na bato, ang alikabok. Gusto na niyang maligo. Nanlalagkit na ang kanyang balat. Pumara siya ng traysikel patungo sa supermarket. Bibili siya ng shampoo at conditioner. Ubos na rin ang kanyang *Heavenly Blend*. Hahanap siya ng salabat. Susubukan din niya ang Virgin Coconut Oil. Saka didiretso na siya sa terminal ng dyip.

Sa dyip, binasa niya sa cellphone, makailang ulit, ang dalawang folder ng mga mensahe ni Priya. Buti na lang mayroon siyang isang Priya Iyer. Magkikita sila mamaya sa YM, alas otso ng gabi sa Pilipinas.

# 31

IPINAGPALIBAN NIYA sa panonood ng TV ang pagbabalita kay Nene ng pagkikita nila ng kanilang Lolo Marcelo. Wala namang dapat ikainggit ang pinsan at ayaw niyang makipagsabayan sa mga telenobela.

Nilunod niya ito sa pag-i-internet.

***Back in Manila in two days,*** sulat niya sa Post Shout ng Friendster. Sa kanyang Multiply, nakabukas na ang *My Site*.

Ito ang kanyang blog.

> Nakakabagot ang bughaw na langit ng Barasanan. Iyong bughaw na parang hindi totoo, kaya mapauusal ka ng pasasalamat—dahil totoo nga, naririyan pa rin ang bughaw na kalawakan ng Antique—at sana, sana, mananatili ito hindi lamang bilang isang file sa Gallery ng aking cellphone at

> sa My Pictures ng aking laptop, kundi matitingala pa ito't maging bukal ng pagkamangha ng aking magiging anak.
>
> Kaya babalik na ako ng Manila, para muling magpabalot sa lungkot ng katotohanan at sa pagkawala't pagnanasa sa maraming kulay tulad ng bughaw na langit na ito ng Barasanan at sa amoy ng sariwa't matitingkad na luntiang mga dahon ng palay.
>
> Babalik ako ng Manila dahil magkakasakit na ako kapag tatagal pa itong hindi de-orasan na paggising at pagtulog. Gusto ko na muling manginig sa malalamig na silid ng unibersidad at makaharap ang mga guwapo't gwapang estudyante. Gusto ko na muling sumigaw sa UAAP at lumakad sa gitna ng mga tao't paninda sa mall at kalye na walang iisa at malalim na iniisip ngunit parang walang nakikita't naririnig dahil may gaan ng bulak na nakasiksik sa bulsa ng aking pantalon at ang aking mga hakbang, isang paglulutang sa lupa.

Nag-upload din siya ng mga larawan ng kalangitan at kabundukan at palayan ng Barasanan. *Nature's Delights* ang ipinamagat niya sa album. Ipadadala niya rin ito kay Priya.

Nag-Buzz ang kanyang Yahoo Messenger!

Priya Iyer wants to see your webcam. Press <u>Accept</u>

Priya Iyer: **hi mahal...finally see you**

Sadyah: cameras keep on losing signal

*Priya Iyer sent the wink "Kiss"*

Priya Iyer: **i might see you soon, mahal. got to go back to India for a while.**

Sadyah: why?

Priya Iyer: **got a house there. my cousins take care of it for me and my mum wants to live there for a while.**

Sadyah: how old is your mum?

Priya Iyer: **very old, babe**

Sadyah: where does she stay?

Priya Iy er: **got her family of her own…problem with her partner…that's why she called**

Priya Iyer: **i have had 20 phone calls today while i am trying to work**

Priya Iyer: **sick of it**

Sadyah: how do you feel about it?

Priya Iyer: **not fuckin happy**

Priya Iyer: **i have been alone for years and do not want her living with me at all**

Priya Iyer**: i do not have the family devotion like you**

Priya Iyer: **no other options as i have the house for her**

Sadyah: send cam please

Priya Iyer: **it keeps losing…got phone calls from her**

Priya Iyer: **refusing to answer now**

Sadyah: you must be her fave son:)
Priya Iyer: **bullshit**
Sadyah: you look bloody gwapo
Priya Iyer: **that is all i am... nothing special at all**
Sadyah: you are special
Sadyah: especially when you have me:)
Priya Iyer: **after worked all day. need you to suck my dick**
Sadyah: sure, palangga, my pleasure ☺
Priya Iyer: **ohh, having a hard on now, mahal, wish you're here to ride on it..**
Sadyah: soon…so when are you coming
Priya Iyer: **don't know yet. bloody work**
Priya Iyer: **will let you know, for sure, mahal**
Priya Iyer: **got to go**...
Sadyah: miss you so much
Priya Iyer: **can we do this next time again, please, mahal.**
Priya Iyer: **not so long for now. have to deal with my mum first**
Priya Iyer: **please, mahal..**
Sadyah: oo, i'm just here..ingat palagi…mwuuuaaaah
Priya Iyer: **salamat, napakaganda mo**.
*Priya Iyer sent the wink "Kiss"*
Priya Iyer waves goodbye

Habang hinihintay ang diskoneksyon ng internet, napaigtad siya sa pangangalay ng mga balikat na

tumatagos hanggang likod. Isinara niya ang laptop at inilapag sa mesa sa dulo ng katre.

Sa labas, tangkay at mga dahon ng atis ang anino sa bintana. Isang rebelasyon ang gabing ito. Ano ang sariling kuwento ni Priya tungkol sa kanyang ina?

Hindi pa siya inaantok at gusto niya munang ipahinga ang pag-iisip.

Mahimbing na ang tulog ng mga bata sa banig, nakakumot. Sa ibaba, naghihilik na si Nonoy. Naririnig niya ang pagbabali-balikwas ni Nene sa langitngit ng kawayang sahig sa banig.

Bumaba siya para uminom. Dahan-dahan siyang humakbang patungo sa galon ng mineral water sa banggerahan.

"Kumusta ang biyahe mo?" tanong ni Nene.

Hindi na niya maipagpaliban ang pagkukuwento. "Nagkita kami ni Lolo." Lumagok siya. "Sandali lang. Hindi rin naman kami nakapag-usap. Busy siya." Nakagat niya ang dila. Ito ang sanhi ng tampo ng kanyang Auntie Fely. Ito ang ibinigay na dahilan ni Marcelo kung bakit hindi nakapunta sa kasal ng anak. Ganuon kalamig ang puso ni Marcelo gayung dati itong misyonaryo? Pinalamig ng pulitika, ng ambisyon? Kailangan ba talaga para maging matagumpay ang isang tao, na tibayan niya ang loob at nangangahulugan itong pagsasawalang-bahala ng emosyon? Na silang mga babae lamang ang umaatupag ng ganuon? Isang kadramahan. Isang pagsasayang ng enerhiya at oras?

"Ano itsura n'ya?"

"Guwapo…parang si Joel Torre."

"Malakas pa?"

"Makaaakyat pa ng Barasanan."

"Si Isabel?"

"Wala."

"Si Asun?"

"Nag-*ulianon* daw. Hindi na nito nakikila si Lolo. Ayaw daw maniwala na ito si Marcelo, ang kanyang bana. Bata raw at guwapo ang kanyang si Marcelo. Nang dumating daw si Lolo sa bahay, tinanong niya ito nang "Sin-o timo?" Napaiyak daw si Lolo at hinalikan ang kamay ni Asun. Pagkatapos sabi raw ni Asun, ganuong-ganuon kung humalik ang kanyang si Marcelo."

"Alam mo bang ilang gabi ko siyang napanaginipan bago ka umuwi, bago ang balita ng pagka-absuwelto niya. Basta, sari-sari. Siya sa ilog ng Nasuli. Nananagub siya ng hipon at alimango at hito. Pagkatapos tinatawag tayo. Tuwang-tuwa naman tayo. Pagkatapos nakikita ko rin siyang naghahabi ng *amakan*. Doon lampas sa pampang, doon siya nagbibilad ng kopra at palay. Pagkatapos nakikita ko rin siya na may sukbit na bolo sa beywang. Tinatawag si Bongbong."

"Magtataka ka pa, e, may lahi tayo ng babaylan. Ano'ng panaginip mo tungkol sa'kin, Ne?"

"Wala. Hindi ko kaya ang gahum mo."

Natawa sila.

"Kaya nga babalik na lang ako. May tiket na ako. Sa Domingo na."

"May balita ka kay Nanay mo?"

"Oo. Sana nga...gusto ko na magkita kami."

"Tingin mo babalik pa siya rito?"

"Di ko alam. Hindi naman niya naging bahay ang Barasanan."

"Kunsabagay."

Lumagok uli siya, ibinalik ang baso, at isinara ang bote ng mineral water.

"Iiyak ka?"

"Di ko alam." Simula na siyang mainis uli kay Nene.

"Hmm, iiyak ka rin...iyakin ka rin, e, sa totoo lang. Akala mo ako lang ang ma-drama, sobra ka pa."

Pinagtawanan niya ang pinsan. Saka umakyat. Ayaw niyang makipagtalo, kahit biruan lang. Pagod na siya. Simple lang ang nais niya ngayon: ang makabalik na sa Maynila para makapag-shower na siya muli at makapagpahinga sa malambot niyang kama at bedsheet at unan.

ANG PAGBALIK niyang ito sa Manila ay nangangahulugan ding ng pagharap niya kay Stephen pagkalipas ng higit limang taon.

Alas syete ng gabi sa café ng Century Park ang kanilang usapan. Nakaupo na siya sa bahaging likuran ng café, malapit sa bintana. Kumaway siya nang makita niya si Stephen.

Naka-barong ito, iyung mabibili sa department store. Wala nang suot na salamin ang binata.

Sa balkonahe ng hotel, may tumutugtog na orkestra. Mga banyaga at mga kasosyo nilang Pilipino ang

karamihang nakaupo sa loob ng café at sa lobby. Mga Koreano, mga Hapon, mga Puti, mga Tsino, mga Arabo.

Seryoso ang mukha ni Stephen habang papalapit. Hanggang sa maupo sa kanyang harap.

Itinago nito ang hawak na cellphone sa itim na pouch na nakasukbit sa itim na pantalon.

Wala na ring braces ang binata. Parang hindi nagbago ang itsura. Lumaki ang pangangatawan. Mamang-mama na. Napangiti siya sa pag-isip na gym rat na ito ngayon, bagama't wala pa itong 6-pack katulad ni Priya.

Sumenyas siya sa weyter.

"Mahal," sabi ni Stephen nang makita ang menu book na inilapag ng weyter.

"Taya ako."

Ngumiti si Stephen. "Kunsabagay, malaki naman suweldo mo."

"Hindi a, mas malaki ang sa'yo."

"Hindi pa ako partner. Next year pa."

"Happy ka naman."

Tumango si Stephen. Nag-order ito ng rib steak at pineapple juice.

"Green tea," sabi ni Sadyah. "Nakakain na 'ko, e."

"Malapit ka lang?"

Tumango ang dalaga.

"Ikaw" sa saxophone ang tugtog. Napangiti si Sadyah. Isang kabalintunaan sa gabing ito ang gara ng paligid at harana ng orkestra.

Inilabas niya mula sa clear folder ang 129 na pahina ng desisyon ng korte sa Guinsang-an Bridge Massacre.

Iniabot niya ito kay Stephen. Binasa ito ng binata. Pagkaraan, itiniklop.

"May kaso pa rin ba laban kay Teresa?"

"Kung may maghahain at may ebidensya."

"Sino ang maghahain?"

"Ang aggrieved party, 'yung pamilya ni Edgardo o ang State."

"Bakit kaya nasa sasakyan ni Marcelo sina Leandro at Teresa nang gabing 'yon?"

"Blood is thicker than water? Posibleng pinatawag sila ni Marcelo para magpatulong sa eleksyon. Other than that, wala na akong makitang motibo bakit bumaba sila."

"Kunsabagay, lalo na dahil alam nilang delikado sa mga panahong iyon. For sure, malaki ang dahilan para rumisgo sila."

"Pwede ring pinakiusapang sumuko. Pabango ni Marcelo kasi alam niyang matatalo na siya. Identified siya kay Marcos, e, and that time, napatay na si Ninoy, di ba? Galit na ang tao."

"At naiinggit si Edgardo. Nagpapatay din siya para maging bayani rin."

Natawa si Stephen.

"*The Filipino is worth dying for*. Ibig sabihin, expected na talaga ni Ninoy na mapapatay siya, therefore, nasa subconscious niya—as a desire—na magiging hero siya."

"What's your point, Miss Sadyah Lopez?"

"Na it was also selfishness: self-serving-securing his immortality. Kasi kung talagang gusto mong isalba ang

bayan, dapat buhay ka at nakikipaglaban. Huwag kang magpapatay."

"Hindi naman nila ginusto 'yun. Pinatay sila, and their deaths inspired revolutions."

Naalala niya ang usapan nila ng binata tungkol sa kung totoong may gahum, may anting-anting ang mga dating rebolusyonaryong Pilipino, bakit nagapi pa rin tayo ng mga kaaway. Napagod siya. Ayaw na niyang itanong kung anong pagbabago ang naidulot ng EDSA 1 at EDSA 2, lalo na sa mga karaniwang Pilipino. Ayaw niyang banggitin ang kaso ng Barasanan. "Nagkita kami actually," nasabi niya.

"Ng Lolo mo?"

Tumango si Sadyah.

"Ba't di mo itinanong?"

"Hindi pala ganuon kadali kapag kaharap mo na."

"Nakaiintriga na naman kuwento mo. Baka gabihin na naman tayo."

"At mukhang uulan na naman."

"Umuulan na nga paglabas ko ng kotse."

"Sa'n ka nag-park?"

"D'yan lang sa labas. Wala namang problema."

"I see. Good, so you'll not worry."

Dumating ang order ni Stephen.

"Kain ka muna," sabi niya sa binata.

Tahimik na sumubo si Stephen. Tugtog na ngayon ng orkestra ang "All I Ask of You." Naalala niya ang *Phantom of the Opera*.

Alam niya na lumilipad din ang isipan ng binata. Sa mga panahong ito, natutunan na niyang igalang

ang ganitong patlang. Sa maraming gabi nila ni Ishmael, natuklasan niya na magkasiping man sila, may mga gabing wala sa nobyo ang kanyang isipan at kalooban.

Minsan, mas natutuwa pa nga siyang makipag-usap sa isang tao sa isipan lamang. Nasasabi niya ang lahat ng kanyang gusto: siya ang manunulat at director at actor sa sarili niyang pelikula.

Gusto niya sanang pag-usapan nila ng binata ang tungkol sa mga nabanggit na mahahalagang ebidensya sa pagka-absuwelto kay Marcelo, ang sinasabing "trajectory of probable calibers of bullets that caused the bullets holes on said vehicles." Gusto niyang makasilip sa tayo at tono ng binata pagdating sa litigasyon.

Kinuha niya ang nakalapag na folder sa gilid ni Stephen at binasa ito nang tahimik. Nakatuon siya sa testimonya ng isang Lt. Col. Rene Fabella ng Philippine Constabulary. Tungkol ito sa eksaminasyon nito sa Toyota Tamaraw na sinakyan nina Leandro Lopez et al. at sa puting Toyota Corolla kung saan natagpuang nakahandusay si Edgardo Salazar. Bilang pagpapatibay sa kredibilidad ng tinuturing na forensic expert na ito, nakasaad sa dokumento na nakapagtrabaho ito sa PC Crime Laboratory sa Camp Crame, Quezon City ng 15 taon. Nakadalo ito sa mga seminar tungkol sa Forensic Examination at nahasa bilang forensic chemist sa PC Crime Laboratory ng dalawang taon bago nadestino bilang Chief of the Crime Laboratory sa Regional Unity VI, Camp Delgado, Iloilo City.

Sinasabi ng dokumento na ayon sa naguhit nito, ang mga taong lumikha ng mga butas sa kanan at kaliwang bahagi ng Toyota Tamaraw ay nakapalibot sa sasakyan. May 99 na entrance bullet holes at 22 exit bullet holes ang kaliwang bahagi ng sasakyan habang 43 entrance bullet holes naman sa kanan. Para sa unahang bahagi, may 33 exit bullet holes at 19 entrance bullet holes.

Nakikita niya na pinapalibutan ng mga armadong kalalakihan ang sasakyan nina Leandro.

Ito naman ang sinasabi tungkol sa kotse ni Edgardo:

> The trajectory of the entrance bullet holes at the rear of the Toyota were perpendicular while those found in the glass were 30 degrees angle upward and were fired by person directly facing the rear of the vehicle and the exit bullet holes on the side of the car were fired by the person who must be down on the ground on prone position.

Mas kilala niya ang kariton at kalabaw kaysa sa kotse. Nasusundan man niya, naniningkayad siya sa dokumentong ito sa kanyang teknikal na bokabularyo at pagkabuhul-buhol ng mga salita sa Ingles. Ito ang unang pagkakataon na nakabasa siya ng desisyon ng korte.

Sa ganitong mga linya napalaya si Marcelo:

> There is treachery when a person shall kill another by employing means, methods or forms in the execution thereof which tend directly and specially to ensure its execution without risk to himself arising from the defense which the offended party

> might make. Likewise, there is evident premeditation when the offender deliberately planned the killing before executing it. While taking advantage of superior strength means using purposely excessive force out of proportion to the means of defense available to the person attacked.
>
> The issue to be resolved herein is: Whether or not, from the evidence adduced, the prosecution has established the guilt of the accused by proof beyond reasonable doubt?
>
> Subject to the herein below dissertation, the Court holds in the negative.
>
> There is no clear evidence that the accused staged the ambush.

Tiniklop niya ang dokumento at ibinalik sa clear folder.

"Ba't halos pare-pareho ang tono ng legal writing?"

"Pare-pareho kasi ang model...sa law school pa lang."

Ibinaling niya ang tingin sa lobby. Inuubos ng binata ang kanyang pineapple juice.

Tumunog ang cellphone nito. "Excuse me," sabi ng binata, saka binasa ang mensahe. Kaagad niya rin itong ibinalik sa pouch sa kanyang beywang.

"Girlfriend mo."

"Trabaho."

Lumapit ang weyter. Kinuha ang pinagkainan ng binata at tinanong sa gusto nitong dessert. Umiling si Stephen. Ganuon din siya.

"Naglasing ako nun," sabi ni Stephen. Sumandal ito sa silya. "Pinaimbestigahan kita, alam mo ba?"

"Hindi." Napakunot ng noo si Sadyah at napatuwid sa pagkaupo. Ibinalabal niya ang shawl. "Paano?"

"Secret. Simple lang naman. Para malaman nga kung nabuntis ka. Pinarusahan mo 'ko, e."

"That was but just and fair."

"It was a deliberate act to hurt me."

"O, ano'ng nalaman mo tungkol sa'kin?" Ayaw niyang magsisihan sila ni Stephen.

Tumahimik ang binata.

"I feel bad," sabi niya. Totoo, hindi niya inaasahan ito. Masama pala ang pakiramdam na malamang pinaimbestigahan ka. Pinagtakhan niya kung ganito rin ang pakiramdam sa pagkakaroon ng stalker. "Pero gusto ko na lang isipin na sakali palang nabuntis ako, you will care din. At least, and that way, I'll think of you as someone better nga than other men."

Tahimik pa rin si Stephen. Maya-maya, sumulyap ito sa suot na relos. "May bagyo na naman 'ata."

Sumenyas si Sadyah sa weyter para sa bill. "Thank you very much, Atty. Stephen Chua."

"You're welcome, Prof. Sadyah Lopez. Note: with an 'H.'"

Natawa sila, saka biglang napatigil. Lumapit ang weyter. Kinuha ni Sadyah ang pitaka, hinugot dito ang credit card.

"Pero bilib ako sa 'yo, you're a strong woman."

Napangiti si Sadyah. Hinigpitan niya ang pagbalabal ng shawl.

Bumalik ang weyter. Pumirma si Sadyah at ibinalik ang credit card sa pitaka.

Unang tumayo si Stephen. Sumunod siya. Sa balkonahe, biyolin na ang tugtog. Hindi siya pamilyar sa piyesa.

Malakas ang hangin paglabas nila. Madilim.

“Maraming salamat uli, Steph, ha,” sabi niya, sabay hakbang papalayo.

Ikinagulat iyon ni Stephen, na hindi sasabay sa kanya si Sadyah, sa kanyang kotse na nakaparada sa malawak na espasyo sa harap. “Taft ang daan ko.”

“Sige,” sagot ni Sadyah. “’Kala ko kasi Mabini ka o mag-Quirino paliko ng Taft.”

“Ano ba, delikado sa lugar na ’to.”

“Di ka takot makasabay uli ako?”

“Ikaw?”

“Asa ka pa.”

“O hayan, umuulan na naman.”

“Ba’t ba palaging umuulan kapag nagkikita tayo?”

“Ewan, sa lahi mo ’ata.”

Natawa na lang si Sadyah. Pumasok siya sa kotse. Isa nang Honda Civic ang minamaneho ng binata. Abuhin. Mabango. Sa upuan, hawak-hawak ang seatbelt, naalala niya ang iginuhit ni Stephen na family tree. Hindi na niya matandaan kung saan niya nailagay iyon. Sa bawat pagbubukas ng klase, nag-aayos siya. Maaaring naihalo niya sa ibang dokumento o naitapon. Naisip niyang hanapin ito kaagad. Sakaling makita, ipapakopya niya ito at ipapa-laminate. Isasabit niya ito sa Balay Sugidanun.

Ilang minuto lang at nasa harapan na sila ng Cityland Towers.

"Good night," paalam niya.

"Good night."

Kinuha ni Stephen ang kanyang kamay at hinalikan ito. Dahan-dahan, may panandaliang pagtigil, isang pag-amoy sa dumaraang bango ng bulaklak, bago pa bumuhos ang malakas na ulan.

Isinara niya ang pinto ng kotse at dire-diretsong lumakad, patakbo, papasok sa gusali.

Hangggang mapatigil siya sa pag-aabang sa elevator, ang hagdan papasok sa kanyang tore sa ika-27 na palapag, na naging isa na namang pagbalangkas sa isip kung nasaang istasyon na ng LRT si Stephen. Panalangin niya ang ligtas nitong pag-uwi.

Hindi niya inaasahan ang halik na iyon sa kanyang kamay. Wala siyang halik na inasahan. Dahil doon, kapwa nila alam na iyon na ang huli nilang pagkikita. Katulad nang napagkasunduan nila.

Sakay sa elevator, wala na siyang nararamdamang pangangailangan pa na tawagan ang binata kaugnay sa madidiskubre niya sa kanyang buhay. May sariling buhay ito na pinagkakaabalahan. Katulad ni Ishmael na nagsusumikap makahanap ng mabuting trabaho. Lahat sila, pare-pareho lang silang lahat.

Kailangang igalang ang halik na iyon bilang huling salita.

PINATAY NIYA ang ilaw at nahiga. Iyon at tumunog ang kanyang cellphone.

Bagong numero. Binubundol ang kanyang dibdib.

Pinindot niya ang loudspeaker ng cellphone, tumagilid sa pagkahiga. "Hello, may I know who's this?"

"Kumusta, anak," narinig niyang sagot. May lundag sa boses nito, isang pagtatalun-talon sa malalaking bato sa ilog pababa sa kabayanan ng Antique hanggang Barasanan upang mangatok sa gabing madilim sa bahay ng kanyang Auntie Fely at Uncle Lydio.

# 32

"SADYAH," pakikipagkamay niya, nakangiti, parang nagpapakilala sa isang kumperensya. Nakahawak ang kaliwang kamay niya sa strap ng malaking malaking bag.

Laking pasalamat niya na nag-lipstick siya at nag-blush on. One hot mama si Teresa.

Wala itong make-up pero ang pino ng mukha. Pinagtakhan niya kung kay Leandro niya namana ang oily skin.

Nakapalda na maong ito. Iyung uso na hanggang hita. Naka-sandal, balat. Napansin ni Sadyah ang pares na ito sa Aerosoles sa Rustan's sa Robinsons Ermita minsang nag-window shopping siya matapos magbayad ng internet at handyphone bill doon. Cotton ang blusa nito. Hindi katsa. Abaca ang shoulder bag, iyong pang-export. Iyong tipong naka-display sa showroom sa

Bacolod at sa Iloilo. Kung kukunan niya ito ngayon ng litrato sa kanyang cellphone at i-upload sa kanyang Multiply, o*ne groovy Mama* ang kanyang ita-Tag.

Sa madaling sabi, may style si Teresa. May taste. Dumadagundong sa isip ni Sadyah na marahil tulad ng Presidente ng bansa na pinapa-resign nito, she has plenty of sex, too?

Nagmarka ang munti niyang inis na hindi siya si Teresa, ang kanyang ina na inaasahan, sa kanyang pagkayamot sa ingay at pagsisiksikan sa loob ng Jollibee.

Nakatayo sila sa harap ng isang bakanteng mesa na pinaghintayan sa kanya ni Teresa.

Gusto niyang sabihin na okey ka naman pala, hindi ka naman pala naghihirap pero bakit di ka man lang nagpakita all these years? May karugtong na !!! Parang papel ng kanyang mga estudyante. Parang Post Shout sa customized na pahina ng kanyang Friendster at Multiply.

Ano nga ba ang inaasahan niya? Napaka-istiryo-tipikal pala ng imahen niya ng aktibista.

Gusgusin. Parang si Auntie Fely niya nang sumulpot sa kanilang klase sa Biology noong hayskul. Gayung karamihan ng pumapasa ng UP, lalo na sa Diliman, gradweyt ng pribadong hayskul, kundi man ng Special Science Class ng mga National High School sa bansa.

Bakit nga ba hindi ito nabura ng rock star na anyo ni Dr. Baylon, at ang pagiging bukas nito sa pagkukuwento ng personal na buhay?

Nasalat niya ang pagiging "in control" na ito ng ina sa bilog na boses nito at bilis ng pagsasalita nang gabing iyon matapos sila magkita ni Stephen at natanggap niya ang tawag nito.

Nasiguro niyang ito nga ang kanyang ina—bukod sa tibok ng kanyang puso at lukso ng kanyang dugo—sa pagbanggit nito ng pagkikita nila sa UPV ni Dr. Baylon. Nagbago na raw ang numero niya. Mabuti raw at tumawag ang dati nilang kasama sa Iloilo. Naikuwento rito ni Dr. Baylon ang kanyang paghahanap. Ito raw ang kanyang hinihintay, at alam ito ng mga malalapit niyang kasama sa hukbo, kaya itinimbre agad sa kanya. Nasa Davao siya.

Nakalimutan niya itong markahan, tulad ng pagmarka niya ng neon na highlighter sa mga linya sa libro para ibahagi sa klase o isipi sa isang kritikal na sanaysay.

Mabilis ang usapang iyon. Matapos magkasundo na magkita nitong Linggo ng tanghali sa Jollibee sa Mall of Asia, sabi nito, "Okey, anak, see you soon." Tapos. Walang dead air tulad ng pag-uusap nila ni Priya na kahit ilang beses nang mag-mwuaah at tsup-tsup at "sige na, bye na," may bago pa uling istorya.

Matagal siyang nakatulog nang gabing iyon. Nagpadala siya sa 2381 ng HSBC CC para i-tsek ang kanyang outstanding balance. Naisip niyang i-shopping ito. Blusa kaya o sandal tulad ng nasa wishlist ni Nene. Kumbaga bonding nila. Pagkatapos kakain sila at magkukuwentuhan. Naisip niya rin na bigyan ito ng cash.

Limang libo. Ilalagay niya ito sa sobre saka i-aabot sa kanilang paghihiwalay. Totoo iyon sa loob niya. Hindi bilang pangungunsensya.

Nahihiya siya sa sarili. Natatalo ang kanyang *dungan*, ang kanyang *animo*. Papalapit pa lamang siya, kampante nang nakaupo si Teresa sa sulok na ito ng Jollibee at pinagmamasdan siya. May pagkamangha sa mga mata—isang pagmamalaki. Pakiramdam niya tuloy, nagka-catwalk siya sa runway ng Bench. Nasisiguro ng babae, sa nag-aabang nitong ngiti at palad, na siya nga si Sadyah, ang kanyang anak.

Hindi siya dapat patalo. Hindi bagay ang 'emo face' sa kanyang platform sandal, skinny jeans, *MANGO* top at ethnic-inspired bling-bling. Nakalimutan na niya ang huling serye ng telenobela na napanood niya kasama ang pamilya ni Nene. Ayaw niyang alalahanin si Claudine Barretto sa "Anak" nila ni Vilma Santos. Si Angel Locsin ngayon ang laman ng tabloids at Entertainment pages ng mga dyaryo at hindi ito sumikat sa pag-iyak kundi sa kanyang kaseksihan sa pagsigaw ng "Darna."

Hindi niya ito nobela o pelikula. Totoong buhay ito. Sa lamig ng centralized aircon ng Mall of Asia na pinaglulutangan ng mga paninda at mga tao, pinagtakhan niya na marahil, ito rin ang tipo ng pagkikita ng isang kolehiyala at nanay niyang OFW na domestic helper sa Italy o di kaya nurse sa UK o titser sa kabundukan ng Texas. Pinapalapot lang ng media.

Hindi kikita sa kanila ang GMA at ABS-CBN.

"Actually, matagal na akong hindi kumakain ng fastfood." Nakatayo pa rin sila sa harap ng Jollibee, nakamasid sa hilera ng mga tindahan at sa mga taong paroo't parito. Naisip niya na coffee drinker din sigurado ito. Hindi magpo-protesta sakaling dalhin niya sa Starbucks o Coffee Bean. Pero ayaw niya roon. Siguradong masikip at maingay, lalo na ngayong Linggo.

"How about *Bacolod Inasal*?" sabi ng ina. "I love their 'Tinola ni Lola,'" sabay kindat.

"Okey." Hinigpitan niya ang paghawak sa kanyang bag at unang humakbang.

Pinalagutok niya ang mga daliri. Kumanan sila, kumaliwa, bumaba sa escalator, dumaan sa ice skating rink, at parang kape na natimpla ang kanyang damdamin: ang lahat na nangyari sa kanya, sa kanyang 28 na gulang, humanda para sa pakikipagkita sa babaeng ito na kanyang ina.

"ALL YOU have to do is ask," harap sa kanya ni Teresa pagkatapos ulitin ng weyter ang kanilang order: dalawang set meal ng pitso, Tinola ni Lola, calamansi juice kay Teresa at mango juice naman sa kanya, at ube halaya bilang panghimagas.

Tiniklop ni Teresa ang menu list.

Cool, sa loob-loob ni Sadyah, dahil akala niya, patutungo sila sa eksena na tipong "So, tell me what are you doing these days." Uulitin niya rito ang kanyang mga blog dahil wala ito sa kanyang Friendster at Multiply.

Parang pag-a-update ng CV dahil kailangan uling upuan sa rehiring, renewal, promosyon.

Gusto niya ito. Parang magkabarkada lang sila. Parang siya at ang kanyang mga dating estudyante na kaibigan niya ngayon. "Do you smoke?" tanong niya.

"No. Never. Ikaw?"

"'Sang stick pa lang, nagkaka-sinus na ako."

Tumangu-tango si Teresa. "I have read your poems."

"Really?"

"Oo, kahit noong kolehiyo ka pa. May mga kopya ako ng literary folio n'yo sa Miag-ao. Lately, sa internet. May nabasa ako sa Likhaan at Critical Survey of Philippine Lit."

Nauna pa niyang nahanap sa google ang anak. Nabasa ni Teresa ang paghahanap sa kanya ni Sadyah sa Friendster. *Who Do You Want To Meet: My grandfather Marcelo N. Lopez and my mother Teresa Zapanta Lopez*. Kaya ganuon siya kasigurado na makikipagkita ito sa kanya.

Pakiramdam ni Sadyah, naisahan na naman siya ng babaeng ito. Ang pagtangu-tango nito, ang hilig ng ulo pakanan, ang kembot ng beywang habang padekuwatrong nakaupo, ang taas ng kanyang kilay sa dilat ng kanyang mga mata, maging ang pagbuka ng kanyang mga labi—lahat nagsasabing "o, yeah" o "you bet."

Naisip niya na bagay nga ang alyas nitong Rafflesia. Ito ang tinuturing na isa sa mga di-pangkaraniwang lahi ng pinakamalaking bulaklak sa mundo.

Natagpuan itong lumalago sa kabundukan ng Sibalom at San Remigio sa Antique. Pinagmamalaki ito na atraksyon sa website ng probinsya. Nang mabasa niya ito, nasapawan ng imahen nitong bulaklak ang alaala niya ng klase sa Biology bilang isang biglang pagsulpot ng kanyang Auntie Fely. Sinasabi na parasitic itong bulaklak ngunit hindi pumapatay ng kanyang host. Kulang ito sa chlorophyll at hindi nito kaya ang photosynthesis kaya itinuturing itong rebelde: "likened to a fungi."

Isang pagbabalatkayo ni Teresa ang pagiging one hot mama? At kaya dito sa pinakamalaking mall na ito ng bansa, na ika-apat sa listahan ng malalaking mall sa buong Asya, bilang pagbabalatkayo—paglilinlang sa mga nananatiling kalaban tulad ng pulisya? Kaya ang pabagu-bago niyang numero. Naisip ni Sadyah na hindi na mahalaga na malaman niya kung saan ito nanggaling o tumira ilang oras bago ang pagkikitang ito. Hahayaan niyang lumabas ito sa kanilang usapan.

Napatingin siya sa labas sa pakiramdam na walang pinagkaiba ang pakikipagkita niyang ito sa kanyang ina sa pakikipag-eyeball at pakikipag-date. Isang paghuhulihan ng galaw ng isip. "All you have to do is ask," alingawngaw ng nasabi nito sa ingay ng mall.

"Ano'ng pinagkakaabalahan mo ngayon?" Sa unibersidad mula pa sa UPV, marami na siyang nakasalamuha na mga taong nagtatrabaho sa NGO. Hindi malayong aktibo si Teresa sa sector na ito.

"Marami," sagot ni Teresa. "May nire-review ako ngayong programs on agro-forestry at forest

management ng isang NGO sa Bukidnon. Kasi nga pati bundok at gubat ngayon, ginagamit na para sa agrikultura. So paano ang sustainability niyan? We are looking into economic viability side by side with forest conservation and sustainable agriculture. But I'm here to represent an organization for a workshop on the proposed Alternative Mining Framework. In UP this Friday."

"Nakapapasok na nga sa Antique." Naalala niya si Jesse. Nakalimutan niyang kumustahin ito.

"Dahil target ng gobyerno ang 90,000 square kilometers or ⅓ of total land area ng bansa para d'yan. There are 23 priority mining projects in the country."

Nagsimulang makaramdam si Sadyah na nasa isa siyang lektyur, na magiging simulation ito ng inihahandang powerpoint presentation ni Teresa sa darating na Biyernes sa UP. Natutuwa siya. Nangangako ang araw na ito ng maraming kuwento. At may pagka-iskolar ang tono ng ina. Natutunaw ang kanyang pagka-asiwa; bumabalik ang kanyang *animo*. Binubulong sa kanya na *ask brilliant questions, and listen, listen, listen. Downplay the drama*.

Hinayaan niyang magpatuloy ang ina.

"It's in the Medium-Term Philippine Development Plan that calls for "wealth creation by facilitating investments in mining, oil and gas exploration" and to "provide economic opportunities to uplift the majority of us —*kuno*—from poverty. It identifies mining as the 'pillar of development.' Can you imagine that?"

Nakabukas ang mga palad ni Teresa habang nagsasalita. Kumukumpas ang mga braso.

Ang magkabilang pares ng daliri sumesenyas ng " " na simbolo. Parang siya, si Prof. Sadyah Lopez.

"Ang nakalulungkot, karamihan sa mga mining territories na ito, mga lugar ng katutubo sa Mindanao, sa Palawan, sa Mindoro, sa Cordillera," patuloy ni Teresa. "'Yang Benguet Corporation, 'yan ang pinakamatanda na mining company sa bansa. 'Yang Lepanto Consolidated Mining Company at Philex Mining Company, believe me, patuloy ang malawakan nilang operasyon gamit ang mga modernong technology for large-scale mineral extraction."

Bugaw, gustong idugtong ni Sadyah, tukoy sa gobyerno. Pero napigilan niya ang mga bibig. Hindi pa man nabuo sa kanyang dila, napagod na siya. Alam na ito ni Teresa. Dapat sa klase niya ito sasabihin.

Ibinaling niya ang tingin sa labas, sa dagat ng mga tao. Ang totoo, may namumuong luha sa kanyang mga mata. Kabig ng galit at pangungulila sa mga hangaring napakailap. Nakikita niya ang hapong iyon na lumalakad sila ni Ishmael sa Roxas Boulevard at nadaanan ang hanay nga mga aktibista sa US Embassy. Noong una niyang hinangad na makita na ang babaeng ito.

At ngayon kaharap na nga niya. Bakit napakalayo pa rin. May gusto siyang tawirin ngunit parang hindi na niya makapa sa loob.

"I'm also into internal and external evaluation... you know, ensuring accountability and checking on

the financial health of these NGOs. Pati editing ng narrative report para sa funding agencies at partner organizations, nasasabak din ako diyan."

Wow! Parang naririnig niya ang kanyang mga estudyante sa kanilang ekspresyon na "Astig!"

"Exciting pala ng work mo. I have this impression na ang daming funding agencies para sa mga proyekto sa Mindanao."

"Well…alam mo, aside from counter-terrorism efforts, you can't set aside the fact that Cotabato for instance is a pineapple factory; Agusan is palm oil estate; Surigao is lumber yard; Saranggani is fishing ground; Davao, banana plantation; Basilan, rubber trees; Zamboanga is mining country, and there's sugar cane sa Bukidnon."

"Pero bakit poor pa rin ang Mindanao? Dahil nanatiling tenant at laborer ang karamihan?"

"Exactly. Kaya nga what we are trying to work here sa Alternative Mining Framework ay ang concept ng shared burden at prioritization ng land and water use for food security. Ang pamamahala ay community-initiated stewardship kung saan hindi nako-compromise ang buhay at dignidad ng indibidwal at ng komunidad."

"Pero paano 'yan kung utang pa rin sa World Bank ang kapital? Bugaw pa rin ang gobyerno *ta*."

"Kaya nga ang need to strengthen micro-finance. Kapital halimbawa mula sa community ng mga OFW o Filipino expats? That's also one of my jobs, creating new tools mula sa mas makabayang paradigm."

Ano ang checklist sa parent-child relationship? New tools dahil sa nagbabagong value system? Pero ito ang nasabi niya: "Like what?"

"Ancestral domain title. Read Filipino, buy Filipino, invent, innovate at hindi lang maging consumer. I've read about the SINAG, for instance, the solar car invention sang College of Engineering n'yo. I think it's a great thing."

"Sasali nga 'ata sa isang kompetisyon sa Australia."

"That's great." Tango ni Teresa, ang mga daliri tumatapik-tapik sa mesa. Napalinga-linga siya—isang pag-aabang sa kanilang order.

"May subject ako ngayong *Philippine Epics*. We are doing dramatic reading at costume play. Then I let them come up with a business or project proposal, at syempre, may sample output *gid*. Nakatutuwa, may nag-submit ng theme park-inspired ng *Hinilawod*, may gumawa ng flash animation ng *Lam-ang*, may graphic novel ng *Tuwaang*, may fashion at accessories line, etcetera."

"That's interesting. So enjoy *ka gid* sa teaching."

"Yeah."

"How about your social life?"

"Plays, concerts, movies."

"So napanood mo ang "The Inconvenient Truth" ni Al Gore?"

"May natanggap akong invite from *Greenpeace*. It was screened 'ata rito sa IMAX pero dinedma ko. Ewan nga ba, siguro toxic ang schedule ko that time."

Patapik-tapik pa rin sa mesa si Teresa, sumasabay sa pitik ng kanyang utak, ang mga matang tila ba

nagsasabing “kanugon.” Sayang. “Napanood ko na but I want to buy copies for partner organizations,” sabi nito. “Siguro naman meron na ’yan sa Quiapo ano. Napapagawi ka ba dun?”

“Minsan.” Ayaw niyang mag-volunteer na “Sige, I’ll buy for you.” Lumalakas ang kutob niya na marahil pinili nga ni Teresa ang ganito niyang istilo sa pananamit—ang kanyang re-invention—bilang pagiging ‘normal’ at karaniwan: kalayaan sa pakikisalamuha, dahil pinapatay na naman ang mga aktibista, ang mga mamamahayag. Siguro nga, may pera na rin ito, kaya marahil isa ring pagbawi sa naisantabi nitong normal na pagdadalaga.

Naiinggit siya sa mukha nito na parang hindi man lamang tinubuan ng taghiyawat.

“I’m also trying my hands into web design. For fund-raising para sa grass roots, saka dahil tipong community service ko na rin sa movement ang pagiging virtual CEO.”

Napanganga siya. Hindi lamang aktibista at iskolar ang babaeng ito, hindi lamang isang one hot mama, isa rin itong techie! HTML. Java Script. Adobe. Hindi niya alam ang mga ito. Nababasa niya lang ito sa classified ads. May pagsasanay sila sa La Salle, sa Center for Educational Multimedia. Nakatapos siya hanggang Level 4: Powerpoint Presentation, Design and Management of Online Course, Video Streaming, at Basic Digital Imaging. Masaya na siya na maliban sa Microsoft Word, marunong siya ng Excel at Powerpoint at nakapagpapatugtog ng CD at nakapanonood ng

DVD sa MultiMedia Player ng kanyang laptop. Hindi pa niya nasusubukan ang MovieMaker. Nababagot siyang umintindi sa maraming gamit ng mga hi-tech na cellphone at digital camera. Natutuwa siyang manood ng football ngunit hindi niya naiintindihan ang mga alituntunin ng laro at ang sistema ng pagpupuntos. Basketball lang ang naiintindihan niyang laro.

Gusto na niyang maging eksena sa telenobela ang sandaling ito: *Nasaan ka sa mga panahong nagtitiis ako ng noodles at sardinas ng UP? Nasaan ka sa mga panahong nangangailangan ako ng gabay, ng payo, ng isang tagapakinig dito sa Maynila? Gusto kong magpapalo, aking ina, dahil ako ay isang makasalanan at hindi ko na nararamdaman ang pagpalo ni Nene ng aking kaliwang kamay—dahil sa kanan dapat ako matutong sumulat. Matagal nang patay sina Auntie at Uncle para pagsabihan akong "Bata ka pa; h'wag magmadali." Nang magkita kami ni Bongbong at kahit may disgusto siya kay Ishmael, iyon lamang ang kanyang sinabi: "Bahala ka, buhay mo 'yan, malaki ka na." Nagkita na kami ni Lolo, at oo, katulad lamang iyon ng "Hi" at "Hello" at katulad mo, pakikinig sa inyong mga nagawa at walang katapusang pangarap para sa bayan. Linti!*

Hinigpitan niya ang paghawak sa strap ng bag.

Nagpalagutok siya ng mga daliri.

Ipinikit niya ang mga mata at nakita niya ang mga karpintero na nagpupukpok ng pako sa mga dingding at sahig ng kanyang Balay Sugidanun. Napakagat siya ng labi sa pagmumura sa kanyang utak.

Napaigtad siya sa pagkaupo. Napalunok.

Pumagitna ang mga ellipsis sa kanilang pagitan.

Kapwa sila napasulyap sa isang mag-anak sa kabilang mesa. May bata sa stroller na dumedede.

"So hindi ka na naniniwala na nasa bundok pa rin ang labanan?"

"Let's say I've evolved." Mahaba ang pagbigkas ni Teresa ng 'say' saka diniin ang 'I've evolved' sa pagtaas-baba ng tono nito, sa puntong Hiligaynon, higit kaysa Kinaray-a.

Nakikita ni Sadyah ang kabundukan ng Panay mula sa bintana ng eroplano, ang paliku-likong kalsada mula Iloilo pauwing Antique, ang burol sa Barasanan. Napakagandang salita, *evolved*. Parang napakagandang sagot sa *Describe Yourself* sa Friendster at Multiply. *Evolved.* Parang napakaganda ring sagot sa coffee dates o small talks sa cocktail parties. Naisip niya si Priya at ang mga aklat nito sa evolutionary biology; ang paniniwala ng binata na oo, mayroon tayong magagawa sa pagre-reduce ng carbon footprints ngunit sadyang pagwawakas ang tinutungo ng mundo.*What are you living for, Mr. Priya Iyer?* Ito ang kanyang itatanong sa darating nilang pagtsa-chat.

Pagkikilala sa kanyang kaharap, at marahil, pagpapatawad: ito ang silbi ng kanyang pagiging buhay ngayon.

Napalunok ang dalaga ng laway. Tinitigan niya ang ina.

Papalapit ang weyter na dala ang kanilang order. Inilapag ito sa kani-kanilang placemat. Humingi siya ng tubig.

Nakapagitan na sa kanila ngayon ang kanilang mga pinggan, ang isang mangkok ng Tinola ni Lola, ang kanilang baso ng inumin.

Sumandok si Teresa ng tinola, pinuno ang isang tasa, at inihain sa kanya.

"What do you usually eat?"

"I'm trying to eat healthy," sagot niya. "Kababalik ko lang from Antique at *te*, healthy *gid,* e. Puro dahon sa sabaw." Humigop siya. Gusto niya ang timpla. Sunud-sunod ang kanyang paghigop, hanggang sa maubos niya ang buong tasa.

Naalala niya ang pag-igib ng tubig nina Nene sa sapa. Ayaw niyang mawalan siya ng gana sa pagkain. Kapag dadalhin niya ang usapan dito, maaaring bubulwak lamang ang maraming hinaing, may kasabay man itong mga pangarap na proyekto—mga bagong pangungulila.

Magiging pakiusap na lamang niya sa ina ang paghingi sa permanente nitong address. Para sa bagong "pagdating ng panahon." Sa balang-araw na nakikita niyang happy ending para sa kanila: ang kanilang partnership sa community service. Kapag isa na siyang Ph.D.

Kapag hindi nila matawid ni Priya ang maraming nakapagitan sa kanila sa isang kasal.

Hindi na siya humugot ng calling card sa pitaka. Hindi ito kailangan ng ina. Alam nito kung saan siya madadalaw, kung saan siya makikita. Kung gugustuhin nito. Katulad ngayon.

Sumubo sila sa katahimikan.

"I'VE read this book, *The World is Flat* ni Thomas Friedman," basag ni Sadyah. Magkakalahati na ang ubeng halaya na kanilang pinagsasaluhan. "He identified ten factors that contributed to its flattening, like offshoring. Dito ko lang ito naintindihan na it's the transferring pala of say, factories like in Canada to China, after China formally joined the World Trade Organization in 2001. The eBay, the rise of India."

Inayos ni Teresa ang kanyang blusa."When I was at a conference in Amsterdam five years ago, there was this Filipino sociologist who presented a paper on power-distance. I guess you can search this via google. His point was, ang daming advancement sa West, hindi lamang sa teknolohiya kundi sa pag-iisip, na hindi pa reyalidad, hindi pa applicable sa context natin."

"Different contexts, different narratives, different imaginations. Ito, actually, ang isa sa mga kongklusyon ni Friedman."

"You have the book?"

"*Huod*... sa condo."

"So nagarenta ka o *nabakal* mo na?"

"Rent. Can't afford it pa. At ang concept ko ng bahay, ang may garden *sa gihapon*.

May offer nga na one bedroom, 28 square meters. 8 years to pay pero after 2 years, pa pwedeng makalipat. Kaya lang, ayaw ko ng financial anxiety. Pati documentary stamps at kung anu-anong tax ikaw pa pala ang babayad. *Sus Ginuo*, pati poste at metro ng koryente. Kundi ibili ko na lang ng lupa sa probinsya."

"Pagmamay-ari ng mga Lopez ang lahat ng lupa sa Barasanan, higit kalahati ng Dao."

"May nagawad ako. Pinapatayuan ko ngayon ng modern bahay kubo." Napangiti siya sa pagbigkas dito. "Katabi nina Nene. By December siguro tapos na. I'm dreaming na pakabitan ito ng wi-fi."

Napangiti si Teresa. "Great."

Napangiti rin si Sadyah. Naghintay sa idudugtong ni Teresa. Nakahawak ito sa tinidor, ninanamnam ang ube halaya—maingat—tulad ng pagbibitiw niya ng salita tungkol sa anumang may kaugnayan sa Antique.

*Too much talk, too soon.* Ito ang sinasabi ng mga glossy magazine sa first bad date.

Sumenyas siya sa weyter para sa kanilang bill.

Hinawakan ni Teresa ang kanyang kamay na nakapatong sa mesa. Isang pagpipigil, pagsasabi na ipaubaya sa kanya—bilang ina—ang pagbabayad. Kaagad ito humugot ng pitaka.

Pinagbigyan ito ni Sadyah. Isang pagpapatawad. Parang pitso na ng manok, tinola, at mango juice ang papalit sa alaala niya ng noodles at sardinas. Gayunman, gusto niyang makatabla. Iimbitahin niya itong magkape o hindi kaya mag-tea. Marami pa itong kuwento.

"I love your bag," puna niya.

"Iloilo-made *dya*...regalo."

Dinala ng weyter ang kanilang bill at nagbayad si Teresa.

"Nasa Vito Cruz ka lang, di ba?"

"Yes," sagot niya. Bahagya niya itong ikinabigla —na oo nga ano, bakit hindi man lang niya naisip na

imbitahin ang ina. "May Starbucks coffee ako, may tea—*English Breakfast*. May salabat din mula pa San Jose."

"That's great," sagot ni Teresa, saka tumayo.

Sumunod si Sadyah.

PAGPIPIGIL. Paghihintay. Pero pinaniniwalaan din ni Sadyah na walang istriktong batas–dapat—sa pakikipagrelasyon. Katulad na ang pagsunod niya sa bugso ng isip at katawan sa pakikipagtalik kay Priya sa unang pagdalaw nito sa kanyang bahay ang siyang nagbigkis ng kanilang mga sumunod na sandali.

Ito ang pakiramdam ni Sadyah habang humaharurot ang taxi sa Diosdado Macapagal Avenue: parang pakikipag-sex sa unang eyeball matapos ang maraming taon ng pagdi-date online.

Nagmamatyagan sila. Iyung alam mong may mangyayari na espesyal, ngayon na, dahil marami ang maaaring mangyari. Iyong hindi inaasahan, lalo pa at hindi kanais-nais. Tulad ng pagsabog ng isang bomba habang namamasyal kayo sa mall at magiging casualty ang isa sa inyo. Tulad na maaaring lilindol mamaya at guguho ang gusali na kanyang tinitirhan. O bigla na lang, mababangga itong taxi sa pink na poste ng MMDA pagliko nito sa interseksyon.

Napalunok siya, may naiwang lasa ng tinola at manok. Sa labas, matingkad ang kapit ng mga sinag ng araw sa mga dahon ng talahib. Dito niya itinutok ang paningin, hindi sa nakabubulag na mga billboard.

Habang umuusad ang taxi, nakikita niya ang mga magulang na kipkip sa kanilang dibdib ang *Red Book* ni Mao, na nagwawagayway ng bandila ng Pilipinas.

Pinintahan niya ang kalangitan, bandang Manila Bay, ng mga ibong *banog.* Galaw nila na pakampay ang ginagaya ng mga Sulodnon at binigyan ng pangalan ng mga iskolar na *binanog.* Isang *mimetic dance,* sabi rito ng mga libro sa teatro, gayundin ng Tuklas Sining videocassette ng CCP na ginagamit niya sa klase.

Trapik palabas ng CCP, sa bungad ng interseksyon ng Roxas Boulevard at Vito Cruz.

Nasa labas din ang tingin ni Teresa. Panatag ang mga noo't kilay.

Pinagtakhan ni Sadyah kung anong ibon ang binubuhay ng ina sa isipan. O marahil inililibing.

Walang imik ang mamang drayber. Pambihira. Tulad ng walang stereo ang kanyang taxi.

Napabuntunghinga si Sadyah, sabay igtad. Isang pagkabagot. Napaharap sa kanya ang ina. Nagngitian sila. Sandali. At muli silang bumaling sa kani-kanilang bintana sa naangking puwesto sa taxi.

Nakikita nila sa labas ang pagduduro ng isang batang babae ng paninda nitong basahan sa katabing kotse. Sa kabilang kamay ng bata, nakalawit ang bungkos ng sampaguita.

Nakikita niya ang mga gabi ng kuwentuhan nila ng kanilang Auntie Fely at Uncle Lydio, palibot sa *kingke*, kumukukot ng mais at mani upang ibenta sa bayan

para sa *lab-as* o sariwang isda. Nakikita niya ang mga bata't matandang babae ng Barasanan na humahabi ng sombrerong *buri*, ng bag na *buri,* ng banig.

Napasulyap siya sa abaca na bag ng ina. Sa sarili niyang bag, bili sa Rustan's. Pinalagutok niya ang mga daliri, saka minasahe. Bakas sa mga ito ang mga latay na nilikha ng pagkukukot niya ng mga mais at mani sa liwanag ng nag-iisang *kingke* sa kusina. Sa mga gabing iyon na may bugso at tapang ng pagduro ng batang magsasampaguita, at may pagpapasensya ng mamang drayber, ang paghabi niya ng mga pangarap.

Malambot ang kanyang mga palad. Ngunit hindi napalis ang mga latay nito ng mga mamahaling hand cream na naibanyos niya.

# 33

IPINASOK NIYA ang susi sa double lock, sunod sa main lock, sabay pihit ng seradura. Kinapa niya ang switch ng ilaw sa gilid at ipinatong ang bag sa center table. “This is it.”

Nahuli niya ang pagtigil ng mga mata ng ina sa kulay-abo na refrigerator. Nakapatong dito ang bote ng salabat, ng Extra Virgin Olive Oil, ang French Press ng Starbucks, ang isang pakete ng *English Breakfast* at kapeng *Sulawesi*, ang maliit na pakete ng dental floss.

Naninipat ito; bigwas ng pagiging dating Kumander. Lumipat ito sa bungkos ng lilang statis sa mahabang kristal na plorera na nakapatong sa isang bilugang mesa sa gitna ng isang armchair at sofa. Nakasalansan din dito ang maraming libro ng nobela at kuwento. Katabi ang pila ng mga orihinal na CD at DVD.

"Heto naman ang mga galing Quiapo," turo ni Sadyah sa dalawang malalaking paper bag sa sulok.

Tiningnan ito ni Teresa. Inisa-isa sa mga daliri ang kopya, patangu-tango: *Sex and The City, Heroes, The Practice, Les Miserables, Stanley Kubrick: Collection, Last Tango in Paris, Goya's Ghost, Frida, The Science of Sleep, Lolita, Pulp Fiction, Pride & Prejudice, Gandhi, Becoming Jane, Mr. Brooks*.

"Interesting," sabi nito. Saka sinalat ng mga daliri ang nakasabit na Chinese mask sa gilid ng wooden-glass panel papasok sa kuwarto.

"Pasalubong ng kaibigan kong nag-aral ng Mandarin sa China habang nagtuturo ng Ingles. Pantaboy daw ng masamang espiritu."

Napatango si Teresa. "It's nice," tukoy nito sa wooden-glass panel.

"Oo. Kaya nga ito ang kinuha ko. Semi-furnished."

Binuksan niya ang pinto palabas sa balkonahe. Kaharap nito ang mga balkonahe ng Tower 2 kung saan mga sinampay ang tanawin. Matitingala rito ang dating kuwarto ni Priya. Nanatili itong bakante. Lampas dito, ang rooftop ng mga katabing condominium, ang tuktok ng Star City, ang gusali ng CCP.

"'Yan ang aking kabundukan dito," turo rito ni Sadyah. "Marami ring NPA d'yan. No Permanent Address." Sinundan niya ito ng tawa.

Napangiti si Teresa. Matipid. "Ang lakas pala ng hangin dito."

"Oo, ang bilis matuyo ng sinampay. Isang araw lang."

"Mabuti hindi napapatid."

"Hmmm…minsan…nung bumagyo…kaya nagkakilala kami ng nobyo ko."

"Talaga? Ikuwento mo naman."

"Kapag ikinuwento mo rin ang love story ninyo ng Tatay."

"Iyon lang naman pala, e."

Nagseryoso ang mukha ni Sadyah. "Kape tayo."

Pumasok sila. May pares ng 5 LB dumbbells na nakapatong sa side table sa gilid ng hanging cabinet. Nahuli ni Sadyah ang pagbaling dito ng ina.

"I used to work out. Kaya lang tinamad din ako kaya bumili na lang ako n'yan."

"Ilang kilo ka ba, 50?"

"55." Tumawa siya. "For toned muscles, saka mas magaan nga ang pakiramdam at magana ang pagkain kapag nag-e-exercise. Pero nakakalimutan ko rin palagi."

"It burns bad fats at napapalitan ng good cholesterol. I do yoga at times. Kung hindi, sigurado, cranky ako. Matanda na tayo, anak."

Pinagmasdan niya ang kabuuan ng ina. Baling-kinitan ito. Manipis ang umaalon-along buhok; puti higit kaysa itim. Kinuwenta niya sa isipan ang edad nito ayon sa nalalaman niyang taon ng kapanganakan nito: Pebrero 28, 1951.

56 na ang kanyang ina. Pisces ito. Kasundo niya na isang Capricorn.

Binuksan niya ang laptop na nakapatong sa mesa.

Pinili niya ang "Somewhere" na versyon sa *West Side Story* sa kanyang playlist.

Bumalik sila sa sala. Binuksan niya ang ref, kinuha ang tubig na nasa bote ng alak, dinampot ang puting mug sa katabing rack at uminom. Nilagyan niya ang isang baso at inilapag sa center table para sa ina.

"Ano'ng oras ka natutulog?"

"Dapat before 12," sagot niya, "kasi kapag lalampas na diyan, nahihirapan na akong makatulog. At kapag puyat ako, nagiging moody ako, umiiksi ang pasensya sa mga estudyante."

"Malakas kang magkape?"

"Walang talab ang Starbucks." Inasahan ni Sadyah na dudugtungan ito ni Teresa ng lektyur sa globalisasyon at kapitalismo ng Amerika.

Hinintay niya na pagsabihan siya ng ina ng tipong, heto, marami ang nagugutom sa bansa at ikaw, umiinom ka ng kape sa presyong higit isang daan, at nasa plastic cup.

Sasagutin niya ang ina na hanggang ngayon sa sapa pa rin umiigib sina Nene. Ano'ng nagawa niya, ng NPA, para sa mga katulad nina Nene sa Barasanan? Habang siya, nagpakahirap sa pag-aaral sa UP at nagpapakagaling bilang propesor ng La Salle kaya naipakabit niya sila ng koryente, nabilhan ng TV. Natubos niya ang ilang bahagi ng mana ng angkan at ngayon may nursery siya ng mahogany at ipinapatayong Balay Sugidanun. Wala siyang karapatang ipamukha sa kanya, ninuman, na nagpapaka-sosyal siya sa pag-iinom

ng kape ng Starbucks. Simple lang ang kanyang dahilan: gusto niya ito dahil masarap.

Ngunit nanatiling tahimik ang kanyang ina, sa padekuwatrong nitong pagkakaupo, bumubuklat mula sa mesa sa gilid ng mga isyu ng *Time*, ng *Cosmo*, ng *Oprah*, ng *2401* at *Ang Plaridel,* at *The Lasallian*. Parang promding versyon ito ni Gretchen Barretto. Ganda na walang pangangailangan ng mamahaling anti-aging cream o ng Belo surgical treatments.

"Sweetest Thing" ng U2 ang tugtog na ngayon sa kanyang laptop.

Nilagyan niya ng tubig mula sa bote sa ref ang maliit na electric pot.

"I like your skin," nasabi niya, sa wakas. Kinuha niya ang pakete ng beef shabu-shabu sa freezer. Ipatitikim niya sa ina ang naging versyon niya ng menu na ito ni Priya.

Tumigil sa pagbubuklat si Teresa. Inililis nito ang blusa at ipinakita kay Sadyah. Sa kanang beywang nito, isang matingkad na pilat na may mga katabing mahahabang latay, umaabot hanggang likod. Nililis niya pati ang palda. Sa kanan ding hita, malapit sa panty liner, isa ring latay.

Napalunok ng laway si Sadyah. Kinuha niya sa ref ang dalawang supot ng sibuyas.

"White o red?"

"Red."

Bumalik sa pagbabasa si Teresa.

Kumuha si Sadyah ng dalawang malalaking sibuyas.

Ibinabad niya ito sa tubig. Ito ang napag-alaman niyang paraan upang hindi maluha sa pagtatalop nito.

Sumipol ang kumukulong tubig, hanggang magklik ang kanyang electric pot.

Binunot niya ito sa plug at nagsalin sa French Press. Inilagay niya ang dalawang kutsara ng *Sulawesi* at hinalo ito.

Sugar o honey? Gusto niyang itanong. May isang supot siya ng muscovado mula Antique. May limang satchet ng brown sugar ng Starbucks. May isang bote ng honey. Ito ang ginagamit niya. Paminsan-minsan.

Hindi niya ito nabigkas. Hindi siya naglagay ng anuman. Let her ask for it, sa isip niya.

Dahil ngayon, libro na niya ang binabasa ni Teresa. *Lumbay ng Dila.* Inaabangan niya rin ito, kanina pa, na mapansin ng ina sa mga salansan ng libro.

*Basahin mo ako, aking ina*, nahuhuli niyang sabi sa sarili, *kilalanin mo ako sa pagitan ng mga linya ng aking mga tula.*

Mataman ang pagbasa nito, sa kanyang pa-dekuwatrong pagkakaupo.

Kinuha niya ang placemat sa cabinet sa uluhan ng ref. Inilapag niya ito sa center table. Pagkatapos ang French Press at ang dalawang mug, at nagsalin ng kape. "Hmm, perfect," sabi niya sa unang higop. Iniabot niya ang isang mug sa ina.

"Nasa dugo mo ang pagiging manunulat. No doubt about it," sabi nito.

Nagkibit-balikat siya. Hinila niya ang nag-iisa niyang folding stool at naupo rito, sandal sa dingding, kaharap ang ina.

Uminom ang ina. "It's good," sabi nito. Saka bumalik sa pagbabasa. "Gusto ko ito," turo nito sa nakabukas na pahina ng libro. Binasa niya ito nang malakas, sa kanyang padekuwatrong pagkakaupo:

*Ang Pagsukob sa Laman ng Baso at Pinggan*

May isang lalaki na umiigib sa ilog ng Panay
at sa kabilang bundok, may isang babae
na naghahanap ng mahihiraman ng bigas.
Lumalagablab ang kanilang uhaw at gutom
hanggang masunog ang kanilang lalamunan
at tiyan—dila ng apoy na sumisiga
sa tuktok ng Bukid Madya-as.
Gumapang ito sa buong isla
ngunit hindi nakadikit sa munisipyo at kapitolyo
na nagmimiryenda ng tinapay at may tubig na malinis.

Hanggang isang araw, nagkatagpo ang babae at lalaki
sa daan na sinasangahan ng bundok at ilog.
Parang ibon na bumalik sa kanyang pugad ang kanilang uhaw at gutom.
Sumasakal sa kanilang lalamunan, pumipiga sa kanilang tiyan
habang ang hangin humahagunos ng malinis na tubig
at ang dinadalang bango lusog ng aanihing palay.

Ang pagsukob sa laman ng pinggan at baso
Hindi pa nakadaong ang sampung datu,
Hindi pa nahayaw ang espada at krus,

Hindi pa bumaha ang hamburger at Coke,
Ang siya nang sinaunang lakas:
Babaylan na may angking pinaniniwalaan
Dito sa mga ilog, dito sa kabundukan.

"Gumaganda siya sa pagbasa mo."

Totoo iyon, kuha ni Teresa ang tono. Huminga ito at tumigil sa tamang saknong, ang bagsak at diin ng kanyang pagbigkas isang testimonya sa kanyang pagkabihasa rin sa Filipino.

"Marami rin akong tulang naisulat. Kami ng Tatay mo." Uminom si Teresa. Tuluy-tuloy.

Inubos ang kape. Tumayo ito, dinala sa lababo ang mug, saka muling naupo na padekuwatro. "Pero nawala ko na ang mga 'yun, 'yung mga naisulat namin sa kaha ng sigarilyo, sa notebook, sa pad paper." Kinuyom nito ang mga palad, ang mga kamay nag-aanyong bibigkas, ngunit sinundan ito ng pag-iling." Hindi ko na maalala. Matanda na tayo," nakangiti nitong sabi, na isang pagpaumanhin, panghihinayang.

"Magkaklase raw kayo, sabi ni Auntie."

"AB Pol Sci siya, History major naman ako." Nakatiklop ang mga kamay ni Teresa, nakapatong sa kanyang nakakrus na mga hita. "First Quarter Storm" 'yun. Pareho kaming SDK—Samahang Demokratiko ng Kabataan. So we were immersed sa kasaysayan at mga isyu. Tulad ng Sedition Law ng US noong 1901 at Flag Law noong 1907 na sumikil sa malayang pamamahayag at mga pag-aaklas. 'Yung pakikipagsabwatan ng simbahan at paggamit ng lumang

paniniwala tulad ng aswang sa Dueñas, Dumangas, Capiz at Antique upang isa-demonyo ang mga babaylang nagprotestang magbayad ng buwis at ipinaglaban ang pagkamkam ng mga ito ng kanilang lupain. Tulad ng Apoy Ati Bulalakaw mo, ng Lola Anyag mo. I'm sure, narinig mo sila sa Auntie mo."

Tumango si Sadyah.

"Hanggang sa sistema ng edukasyon, sa pagpapadala ng mga gurong Kano sa kabundukan ng Tapaz at Calinog, 'yung pacification purpose ng mga Peace Corps. Kaya ang katutubong pangalan ng mga baryo napalitan ng Taft, McKinley, Wright. Hanggang sa pagputok at paglawak ng mga welgang bayan, halimbawa sa pamumuno ni Jose Nava, ng kanyang Federacion Obreros de Filipinas o FOF."

Napatangu-tango si Sadyah. Nabasa niya si Jose Nava bilang isang sarswelista at lider ng unyon ng mga sacada. Pero ngayon lang, sa kaswal na tono ng ina, na daig pa ang powerpoint presentation o isang conference paper, ngayon niya lang naiintindihan ang mga detalye sa mga sabjek niya noong kolehiyo. Tumubo sa kanya ang isang uri ng pagpapasensya sa kanyang mga estudyante: na sige lang, okey lang kung hindi pa nila naiintindihan ang mga makabayang akda sa ngayon; darating din ang sarili nilang panahon sa pagkakaunawa rito.

"So sa campus pa lang, sa mga group study, kilala na namin sina Fernandito Togonon alyas Ka Andres Aldeguer at Coronacion Chiva alyas Kumander Waling-Waling, na as early as 1948, nasa hanay na ng lumang

Partido Komunista ng Pilipinas. Alam na namin ang nangyaring masaker noong 1950's sa Taroytoy sa Libacao sa Aklan. Ito 'yung panahon na nadakip ang mag-asawa at 36 kadre nila ang namatay. Napasok ng tropa ng mga militar ang kanilang kampo dahil sa pagtataksil ng isang kasama. Nadakip si Corning at nakubkob sa Bingawan sa Iloilo. Hanggang sa nag-lie low silang mag-asawa at nakipagsapalaran sa Mindanao. Bunsod ng malawakang welga sa mga plantasyon doon, naengganyo rin silang bumalik sa Panay para magpatuloy. Sa Calinog sila nagkampo. Lumakas ang kanilang hukbo hanggang sa Tapaz sa Capiz, sa Libacao sa Aklan, at sa Antique: sa Sebaste, sa San Remigio, sa Hamtic, at oo, hanggang sa Dao. And of course, there was the Vietnam War. So nagsimula kaming magtanong na kung makatapos man, walang katuturan—saan kami patutungo?"

"Kumbaga ang mga teorya, ang mga ideolohiya sa klase, e, talagang napatunayan ng mga pangyayari sa labas?"

"Exactly...na wala pa ring pinagkaiba sa ngayon. Only na marami na kayong choices at heto nga, globalisasyon. Sa panahon namin, iyun ang tawag ng panahon. Nag-imersyon kami sa Stalin University sa Libacao, sa Aklan. Nagturo kami doon. Iyon ang ideya namin ng pakikisangkot. Tumulong kami sa programa sa literasi sa paaralang gerilya na ito. Iyon ang panahon na napakalakas ng rekrutment at mobilisasyon ng Bagong Hukbong Makabayan. Nasaksihan namin ang

seryosong pag-aaral ng mga kadre at kumander sa basic party course. Kaya nalublob din kami."

"Like what, ano'ng basic party course?"

"Ang pilosopiya ng hukbo—ang dialectical materialism nina Marx at Lenin at ang pagsasataktika rito ni Mao sa China: ang paggamit ng terrain, mobility deception, surprise attack at dispersal, ang pakikipagsalamuha sa masa, disiplina, tiyaga, at ang papel ng propaganda at psychological warfare."

"Ano'ng taon 'yun?"

"I973. Pero 1950's pa lang, may Stalin University na. 'Yan ang tawag noon. It's still there, pero hindi na ganun ang tawag, syempre."

"Doon n'yo nakilala sina Ka Andres at Ka Waling-Waling?"

"*Huo*."

Sa gitna ng center table, nakabukas ang kanyang Starbucks Planner. Dito nakatago ang walong napkin ng Starbucks na pinagkopyahan niya sa Center for West Visayan Studies sa UP Iloilo, matapos makipagkita noon kay Dr. Baylon, ng buhay at kamatayan ni Kumander Waling-Waling.

"How was it to be in her presence?"

"Magnificent."

Hindi niya inaasahan ang salitang ito. Katulad na hindi niya inasahan ang ***evolved*** kanina sa kanilang pananghalian. Napamangha uli siya, hindi lamang sa tono ng ina, kundi sa bokabularyo nito. Maluluma ni Teresa ang maraming propesor sa UP at La Salle.

"Masarap siya magluto. Siya ***gid*** ang nagdadala nito sa amin lalo na kapag pagod na kami. Pati sigarilyo, kape, vetsin, mani at kung anu-ano pa tuwing may pag-uusap ang grupo.

Hindi rin siya maramot sa pagbahagi ng mga natutunan at mga taktika. Naging inspirasyon siya ng lahat sa hukbo."

Nabanggit nga ito sa tesis. Parang nagliliparang mga pangungusap mula roon ang pahayag na ito ni Teresa. Masarap para kay Sadyah ang marinig ang ganitong pagpapatotoo. Kailangan niya ng ebidensya. Parang museo. Parang mga bahay na bato sa Jaro sa Iloilo, sa Silay sa Negros, sa Calle Crisologo sa Vigan, na nagpapatunay na dumaong nga rito ang mga Espanyol at Amerikano.

"Napatay siya noong Agosto ng 1977 ng ahente ng military na si Purok, sa utos ng Chief Command ng AFP sa Cebu. Kaya muling sumampa sa hukbo si Ka Andres, kasama ang kanilang mga anak."

"Aktibo na kayo noon? Mga kumander na?"

"1975 nang magdesisyon kami ng Tatay mo na humawak ng baril. Sa mga panahong iyon, hindi sapat ang tumula at magturo lang. Sobrang mapanganib na. Bale iyon ang una naming kasal—ang pagpapakasal sa kilusan. Marso naman ng 1978 kami ikinasal bilang mag-asawa. March 29, to be exact. Isang araw matapos namin ipagdiwang ang aming 8th-year anniversary. Matapos niya ako tanungin kung ano ang gusto kong regalo. Sabi ko, a cone of ice cream. Kahit ice buko.

Gusto ko kasi 'yun. Na syempre, hindi niya naibigay, kahit pa gusto niyang bumaba para ihanap ako, na sigurado namang ilang metro pa lang sa dalawang araw na pag-akyat-baba, tunaw na. Ikinamangha 'yun ng Tatay mo. Hindi niya raw akalaing ganun kasimple ang aking hiling, ang aking kaligayahan. Masasabing maykaya ang pamilya namin sa Passi kasi may aroserahan ang ama ko. Dalawa lang kaming magkakapatid. Ako ang panganay. Lalaki ang bunso, isang doktor, nasa Amerika.

"Paano kayo ikinasal?"

"Hmm...sa kilusan, ang matataas na opisyal ang nagiging pari. Masasabing masuwerte kami na sina Ka Andres at Ka Waling-Waling ang nagkasal sa amin. Imbes na singsing, nagpalitan kami ng pagpaputok ng baril. Tig-iisang bala lang, dahil nagtitipid. Saka bring your own baon. Sa bakuran 'yun ng bahay ng isang kasamahan sa Tubungan. Sa gitna ng mga puno ng sinigwelas. Nagkaroon ng kantahan, ng sagutan ng tula. Spontaneous, ha. Saka sumayaw kami buong maghapon ng ***binanog***."

Tumayo si Teresa at ikinampay-kampay ang mga siko, nagpatalun-talon sa paghakbang, pumipisik-pisik ang mga balikat.

"Kung ano'ng pitik ng utak, siyang galaw ng katawan," sabi nito. Bumalik ito sa pagkakaupo, padekuwatro. "May saliw ng tambol, ng agong, ng gitara, ng pagpukpok ng kawayan, o ng pagtukap ng mga kamay. Mag-iinuman ang magkapareha ng basi. Pagkatapos sasayaw."

Tumayo uli ito at inulit ang pagsasayaw. "Matatapos lamang ang sayaw kapag naagaw na ng babae ang panyo ng lalaki sa pamamagitan ng sariling panyo nito. O di kaya'y kapag ibinalabal na ng babae ang kanyang panyo sa leeg ng lalaki, tanda ng pagsuko sa hindi nito pagkaagaw ng panyo ng minamahal."

"Ba't pagsuko? Hindi ba unfair 'yun? Napaka-patriarkal?"

"Sa punto-de-bista ng West, lalo na sa kanilang brand ng feminism, na I'm sure, pinag-aaralan ninyo sa klase. Pero para sa mga Sulodnon, ang pagpapasukob na ito ay hindi isang pagsuko, kundi isang pakikipagrelasyon. Sibod, dapat nagkakatugma. Partnership."

Napatangu-tango si Sadyah. "Magandang sabjek ng riserts." Inubos niya ang kanyang kape.

Napatangu-tango rin si Teresa. Naupo ito. "Bago pa man kami madestino sa magkahiwalay na sona, nabuntis ako sa 'yo. Iyon din ang panahon ng kasikatan ng Lolo Marcelo mo bilang Assemblyman. Naipasemento niya ang kalsada mula Iloilo hanggang Antique. Naging madali 'yun sa kanya dahil tauhan siya ni Marcos. Siya talaga ang lider ng KBL sa Panay. At 'yun din ang ikinasira niya. 'Yun din ang dahilan ng pagiging magkalaban nila ng Tatay mo. Namin."

"Pakiramdam ni Auntie, na-etsapuwera sila nang makapag-asawa ito kay Asun."

"Ang magandang si Asun." Parang hinahapuhap ni Teresa ang mukha ng matandang babae na ito sa ilaw ng kuwarto. May lungkot sa pag-alaala rito.

"Naga-*ulianon* na ito ngayon." Nasabi niya, may pagtataka sa pagpapalaot ng ina sa alaala hinggil kay Asun.

"Hindi napakinabangan ng pamilya at ng Barasanan ang kanyang pagiging pulitiko." Pagpapatuloy ni Teresa. "He was sincere. Sino ba naman ang hindi para sa pagpapaunlad ng probinsya?"

"Nabalitaan mo naman siguro." Tukoy ni Sadyah sa pagka-absuwelto kay Marcelo.

"Oo."

"Nabigla ka ba? O was it expected?"

"I was hopeful."

"Nagkita kami. Sandali lang."

"Kumusta siya?"

"Nagpo-pro bono. Sa San Jose." Muli, ang pagpapalaot ng mga mata ni Teresa na lumulusot sa kisame, sa dingding.

"Was it too dangerous that time para iwan ninyo ako kina Auntie?"

"Hindi ka namin naihingi ng permiso, anak. Dahil nga sa kaselanan ng trabaho sa hukbo at madalas at kailangang mabilis na paglipat-lipat, dapat may permiso ng partido. Masasabi bang naging iresponsable kami ng Tatay mo? Isa kang magandang balita, marahil higit pa sa ilang unang libro at gantimpala. At iyon nga ang napagkasunduan, ang ipagkatiwala ka sa iyong Auntie Fely. Hindi ko hihingin ang kapatawaran mo. Look at you now. I'm so proud of you, anak, and I am not taking credit for that. 1979... iyon ang taon na nasabak kami sa napakamadugong engkuwentro sa Aklan.

Doon namatay si Dakila, ang panganay nina Ka Andres at Ka Waling-Waling. Iyon ang unang pagkasa ko ng baril, dalawang linggo pa lamang kita ipinanganak. Tagumpay ang opensibang iyon maliban sa pagpanaw ni Dakila. Masusi ang pag-aaral at paghahanda na ginawa namin. Kilala namin ang mga sibilyang kinontrata ng mga pulis para tiyaking ligtas ang paglibot ng mga nakasibilyan nilang kasamahan. Nasundan namin ang pagtabas nila ng mga damo at kahoy sa mga kalsadang kadalasan nagiging lugar ng engkuwentro. Pati oras ng kanilang mga kilos, pagdaan ng kanilang mga sasakyan at pagpasok ng kanilang mga supply, naitala namin. Kaya nagulat namin sila sa lugar na hindi nila inaasahang magiging ambush site. Patag iyon, walang mga kahoy na makukublihan maliban sa maliit na tubuhang malapit sa kalsada. Bandang takipsilim nagsimula ang engkuwentro at tumagal hanggang alas nuebe. Pero hindi umabot sa kampo si Dakila, para malunasan. Namatay siyang kumakasa ng baril."

"Bagay sa kanya ang kanyang pangalan."

"Your brother was also named Dakila."

Inilapag ni Sadyah sa mesa ang hawak na mug. Nanghina siya. Ang bilis ng pagdaloy nito, una niyang naramdaman sa kanyang mga bukong-bukong, paakyat, hanggang sa pakiramdam niya, babagsak siya dahil sa pagkahilo. Pero tama ang kanyang narinig, malinaw ang kanyang pandinig. Kailangan niyang kumapit sa wooden-glass panel—isang unat ng kanyang braso—upang hindi tuluyang bumagsak.

Iniunat niya ang mga paa, nagpasipa-sipa. Iniisip niyang nasa treadmill siya. Bumalik ang sinamak na pinagsawsawan ng pitso sa kanyang dila, ang laway na nalulunok niya.

*May kapatid ako? Was named Dakila*.

"Kumusta siya?" Gusto niya ng pagpapatotoo, tulad ng pagpapatotoo ng kuwento ni Teresa sa nakopya niya sa walong napkin ng Starbucks at nakatago ngayon sa kanyang planner.

"He was two, you were four. He died with your father, anak, sa Guinsang-an."

Dinampot ni Sadyah ang kanyang mug, sinimot ang laman nito. Tumayo siya, ipinatong ito sa lababo. Kinuha niya ang nakababad na dalawang malalaking pulang sibuyas. Binuksan niya ang gripo at hinugasan ang mga mug kasama ang kutsarang isinandok sa kape.

U2 pa rin ang tugtog, "Where The Streets Have No Name." Nanatiling nakapadekuwatro si Teresa.

Ibinalik niya ang mga pinaghugasan sa katabing rack. Kinuha niya ang kutsilyo at chopping board at sinimulang hiwain ang sibuyas. Nagsisisi siya na ibinabad niya ito sa tubig.

"He was two, you were four. He died with your father, anak, sa Guinsang-an," alingawngaw ng hapong iyon, sumasaliw sa hiyaw ng U2.

Inubos niyang hiwain ang mga sibuyas, inilapag ang kutsilyo, at humakbang—lagpas sa wooden-glass panel ng kanyang kuwarto, palabas sa balkonahe, kung saan tiningala niya ang balkonahe ni Priya.

Sumabay ang kanyang mga luha sa pagpatak ng mga tulo ng mga bagong sinampay ng mga kapitbahay.

# 34

MAYO 9, 1984, simula ni Teresa. Isang linggo bago iyon, nakatanggap sila ng paanyaya ng pagdalaw mula kay Assemblyman Marcelo N. Lopez. Tumatakbo ang matanda para sa Batasang Pambansa sa ilalim ng Kilusang Bagong Lipunan (KBL) ni Marcos. Kandidato si Gov. Edgardo Salazar ng Partido Nacionalista. Sa katorse ang eleksyon.

Naisip nila ni Leandro na humihingi ng proteksyon ang matanda. O makiusap na mag-lie low muna sila para bumango sa pangalan nito. Mas matunog na ang pangalan ni Edgardo. Nanunuot sa buong kapuluan ang hangad na makawala sa piglas ng diktadurya ni Marcos.

Naisip naman ni Leandro na pagkakataon na ito para humingi ng pabor: pagkain, dagdag na armas, at gamot para sa kulisan. At upang mapag-usapan ang

makukuha nitong mana: ang parte nito sa lupa, ang mga sako ng palay na makukunsumo nila sa bundok kasama ang hukbo.

Gusto rin niyang makababa sila para makasagap ng sariwang balita tungkol sa nalalapit na eleksyon. Higit sa lahat, sa kaibuturan ng kanyang puso, nais niyang malaman kung ano na ang nangyayari sa Barasanan. Kay Sadyah, ang kanilang panganay. Tutal sa Mapatag sila pupunta, inaasahan ni Teresa na makasisilip sila kina Fely sa Dao.

Bumaba sila ng Bukid Baloy. Ito ang pangalawang pinakamataas na bundok sa Panay, kung saan nanggagaling ang bukal ng dalawang malaking ilog ng Panay—ang Ilog Aklan ng Aklan at Ilog Jalaud ng Iloilo. Dinaanan nila si Dakila sa San Remigio na nasa pag-aalaga ng isang kaibigan na kaklase sa kolehiyo. Para makalabas din ito ng bundok at hindi lumaki na *manol,* ignorante sa mundo. Gusto niya ring makita ito ng matandang Lopez.

Sa San Remigio sila natulog. Nag-atubili sa kanilang balak ang kaibigan, gayunman, pumayag ito. Katulad ng pagpayag ng kanilang hukbo matapos sila paalalahanan ng peligro.

Nang araw na iyon, maaga silang nagising, tulad nang nakasanayan. Dahil dapat palaging handa, palaging nagmamanman. Upang hindi maungusan. Upang makatakbo agad sa pagpadala ng red alert sa mga kasama. Sa pagliligpit. Sa pananakot ng PC sa sibilyan na nagpipinta sa NPA bilang demonyo.

Inihatid sila ng kaibigan at ng pamangkin nitong binata hanggang sa kalsada. Ito ang kumarga kay Dakila, na mabilis na ring maglakad. Kulot ang buhok ni Daks, pero matangos ang ilong. Marami na itong alam na salita. Nakakikilala na ito ng mga tunog ng ibon, ng paligid.

Halos kalahating araw iyon na lakad bago nila marating ang sakayan pa-San Jose.

Hindi muna sila dumiretso sa headquarters ni Marcelo sa Mapatag. Tumuloy sila sa bahay ng supporter ni Marcelo, na isang kamag-anak, sa Dalipe. Kina Dr. Molina. Alam nila ang pagdaan nilang iyon. Alam din ito ng kampo ni Marcelo.

Nagpahinga sila roon. Naligo. Kumain. Ang likut-likot ni Daks. Tuwang-tuwa sa kanya ang maybahay ng doktor. Hindi na matandaan ni Teresa ang pangalan nito. Susan o Sally? Pero natatandaan pa niya ang kanilang kinain: bihon at macaroni salad. Noon lang din uli sila nakainom ng malamig na Coke.

Nagpakuha pa sila ng larawan. Silang tatlo. Souvenir daw. Hindi niya alam kung napa-develop iyon ng doktor.

Sinundo sila ng isang asul na Toyota Tamaraw, bandang alas nuebe ng gabi. Napag-alaman nila sa drayber na pagmamay-ari ito ng isang opisyal ng probinsya, loyalista ni Marcelo.

Pagdating nila sa Mapatag, isang malaking umpukan ang kanilang nadatnan. Kaumpukan ni Marcelo. Ipinakilala sila sa maraming barangay captain, mga

mayor, at kanilang mga guwardiya at tauhan. Kaharap ang ilang case ng San Miguel Beer at Tanduay, sa mahabang mesa na pulutan ang sinugbang isda, litsong manok, dinuguan.

Dito magaling si Marcelo, isang bagay kung bakit marami pa rin itong loyalista. Maliban sa kanyang natural na karisma, sa barangay ito dumidiretso. Kilala nito hindi lamang ang mga barangay captain kundi pati mga kagawad at sekretarya at tresurera, at mga opisyal ng Sangguniang Kabataan. Maging ang matatanda ng kabaranggayan. Mahilig itong makipagkuwentuhan. Kaya marami ring babae ang nahuhumaling dito.

Nang gabing iyon, naroon din si Asun, sa kanyang naka-coiffure na buhok at naka-manicure na mga kuko. Hindi siya si Asuncion Villavert, Miss San Jose at Miss Binirayan, kung hindi siya nakaayos. Isa itong lisensyadong nars. Gradweyt ng UST at piniling maging dakilang maybahay ni Assemblyman Atty. Marcelo N. Lopez. Nang gabing iyon, kinandong nito si Daks.

Ano ang dahilan ng pagpapatawag sa kanila ni Marcelo?

Hindi hiningi ng matanda ang kanilang pagsuko. Malinaw na respetado nito ang kanilang napiling paniniwala at pakikibaka. Magkapareho sila sa layunin na magsilbi sa bayan, sa pakikipaglaban sa demokratisasyon ng yaman ng bansa tungo sa ikaaangat ng pamumuhay ng nakararami.

Nag-usap silang tatlo sa kuwarto na lawanit ang dingding at kahoy ang jalousies.

Madilim nang gabing iyon. Mga punong niyog na pumapagaspas ang mga tangkay sa hangin galing sa kaharap na baybayin ang nababanaag mula sa labas. Sa likuran ng kuwartong iyon, ang daan sa bundok patungong Iloilo. Naririnig nila ang kuwentuhan at halakhakan sa ibaba, sa mesa ng inumin at pulutan. Sa kusina, sa saliw ng mga pinggan at kutsara't tinidor ng mga katulong, naririnig ni Teresa ang pagkanta ni Asun kay Daks ng "Dandansoy."

Mabilis ang pag-uusap na iyon. Dahil hindi sila nagkasundo. Hinding-hindi. Walang taasan ng boses. Basta alam nila ni Leandro na kailangan na nilang umalis, kaagad-agad, pabalik kina Dr. Molina sa Dalipe. Mas nakabubuting doon sila magpalipas ng gabi. Kinaumagahan, sasakay ng dyip pa-Sibalom, at muling maglalakad paakyat sa San Remigio para ibalik si Daks at tumuloy na kaagad sa sona.

Masasabing hindi sana nangyari ang masaker na iyon kung sa Dao, sa Barasanan sila dumiretso. Pero mapapalayo na sila, matatagalan, kung dumiretso pa sila sa Dao. Mapapatawan na sila ng disciplinary action, na ayaw nilang mangyari.

Tinangka silang pigilan ni Asun. Natuwa ito kay Daks. Nangungulila sa isang apo, na paroo't parito, palibut-libot sa mahabang mesa ng pulutan at inumin. Kahit anong kaway nila at tawag, hindi ito lumalapit.

Naroon lang ito, sa kanyang sariling mundo. Ngunit iginiit niyang sa San Jose na matulog.

Pinagbalot sila ni Asun ng mga supot ng pagkain. "Salamat, Manding," nasabi niya, sa pinto palabas.

Alam ng lahat na naroon kung sino sila ni Leandro. Kitang-kita ito sa kanilang mga mata. Nagkamayan silang lahat. Nagpaunlak si Leandro. Sandaling nakitagay. *Pass*, sagot naman niya, ginawang dahilan ang anak.

*Andam*, sabi ng mga ito, nang magpaalam sila. Si Marcelo, tahimik itong nakatayo sa hagdan patungo sa kuwartong iyon sa itaas.

Palabas ng tarangkahan, napansin ni Teresa ang mahigpit na paghawak ni Leandro sa kanyang M2 carbine. Ilang beses nitong inalis ang safety, ikinasa ang bolt at sinisilip ang butas ng barrel para masigurong malinis. Di mapakali. Hanggang sa ibalik niya ulit ito.

Papasok sa likurang upuan ng Toyota Tamaraw, narinig ni Teresa ang utos ni Marcelo sa dalawa nitong guwardiya na ihatid sila sa Dalipe. Kaya sumakay na rin ang mga ito, sa unahan. Sa asul na Toyota Tamaraw na iyon na pagmamay-ari ng isang opisyal ng probinsya.

Pakamut-kamot si Daks sa paa. Inayos ni Teresa ang sandalyas ng anak, niluwagan.

Tahimik si Leandro. Ganuon naman talaga iyon. Nagsasalita lamang kapag importante. Pero kakaiba ang pagkabalisa na nasagap ni Teresa sa katahimikang iyon ng bana. May kasabay na maliliit na lindol sa kanyang dibdib. Para maibsan iyon, binuksan niya ang isang

supot ng pabaon ni Asun. Ang supot ng isang bungkos ng saging na rikondal. Kinuha niya ang isa, binalatan, isinubo. Ang natirang kalahati, pinakain niya kay Daks.

"Huwag na huwag mo itong ihihiwalay," sabi ni Leandro, tukoy sa M-16 ni Teresa.

Nanlamig si Teresa ngunit hindi niya ito pinansin, tulad ng mga lindol sa kanyang  dibdib. Ilan na bang engkuwentro ang nalagpasan nila? Kaya nga Kumander Pusa si Leandro. Maraming buhay. Siya naman si Kumander Rafflesia, isang ilahas. Isiniksik niya sa isip na pamilyar ang kaba na iyon. Gayunman, naging alerto siya. Nasa sistema na niya ito. Pero ang totoo, sa mga sandaling iyon, simple lang naman sana ang nais niya: ang makarating kaagad sa Dalipe at makapaligo siya't makapagpahinga silang magpamilya.

Naubos ni Daks ang saging. Inilagay niya sa supot ang balat. Iyon lamang, ang ingay ng plastik, ang naririnig niya. Pambihira ang katahimikan ng drayber, ni Leandro, ng dalawang guwardiya, ng aspaltadong kalsada ng Hamtic, ng kabahayang nadadaanan nila.

Papasok sa tulay ng Guinsang-an, napabaling siya sa buwan sa itaas ng dalampasigan. May buwan sa bandang iyon at sumasayaw-sayaw ang mga bakawan sa gilid ng pampang na dumadaloy sa dagat.

Iyon at humarurot sa kanilang tagiliran ang isang puting kotse. Naungusan sila. Bumagal ang takbo nito, lampas ng tulay sa gilid ng hilera ng mga niyog ng kasunod na barangay, ang Funda.

Hinintay sila.

Napamura ang isang guwardiya. Kotse ito ni Edgardo, aniya. Siguradong galing sa pangangampanya sa fiesta sa Lindero. Ito ang pinakahuling barangay ng Antique, sa bahaging bundok pa-Iloilo. *Pangaman*, dugtong pa nito, may mga CAFGU at militar itong alalay.

Tama nga. Humarurot ang isa pang sasakyan. Isang owner-type na dyip. Nakaungos din ito at sa di-kalayuan, sa kotse na nakapondo, paharang itong tumigil.

Kitang-kita nila, sa liwanag ng buwan na iyon, ang mabilis na pagbaba roon ng tatlong lalaking naka-fatigue, may hawak-hawak na M-16, nakatutok sa kanila. "Surinder na lang." Kilala nila ni Leandro ang boses na iyon. Si Botchoy, isang pulis na kamag-anak. Malinaw na natiktikan ng mga ito ang pagdalaw nila sa matandang Lopez.

Nakita rin nila ang paglabas sa kotse ni Edgardo: isang may katabaan at katangkarang lalaki sa suot na kamisetang puti, tuck-in sa maong na pantalon. Naka-tsaleko ito kung saan naka-imprenta ang kanyang apelyido. Nakasalamin. Hindi magkalayo ang kanilang mga edad.

Isang malaking balita, tagumpay nga naman nito ang pagpasuko sa kanila: mga kumander ng NPA ng Panay na anak at manugang ng kalaban na isang tuta ni Marcos.

Masasabing isa nga itong Don Quixote. Alam nito ang panganib na nakaamba sa paglabas niyang iyon sa

kotse, sa pagtayo sa gitna ng kalsada, sa pakikipag-usap sana sa kanila.  Na sumuko na. Sumuko na lang. Ang kanyang impossible dream!

Sabay sa paghawak ni Teresa sa kanyang M-16 at paghapit sa beywang kay Daks, nakita rin niya ang pagkasa ni Kumander Pusa ng M2 carbine nito. Narinig niya rin ang pagkasa ng dalawang guwardiya.

Sino ang unang nagpaputok? Sino ang gumawang bayani kay Gov. Edgardo Salazar?

Niyanig sila ng pagsabog ng dalawang gulong sa likuran ng Toyota Tamaraw. Galing sa likuran ang putok, sa isa pang sumulpot na owner. Mga elemento ng militar.

Bago pa sila mapalibutan, naitumba na ni Leandro si Botchoy na nagtutok sa drayber. Wasak ang salaming bintana sa unahan ng Toyota Tamaraw. Natamaan pati ang drayber. Nagkapalitan na ng putukan.

Naitulak ni Teresa ang pinto ng sasakyan. Hapit sa beywang si Daks, lumukso siya. Nabitiwan niya si Daks, sa gilid ng pampang, nahulog sa mga damo't tangkay doon,  malapit sa ilog, sa mga bakawan.

Putukan at nahuli niya ang pagtatangka ng kotse na tumakas pagkasakay ni Edgardo. Pinaputukan niya ito, patakbo, hanggang sa nagpasuray-suray na ang kotse, at napatagilid sa kalsada. Inubos niya ang bala ng kanyang M-16. At nakita niya ang pagbukas ng pinto ng kotse, lumilitaw ang kamay ni Edgardo—nakadunglay ang ulo at duguan ang katawan. Patay din ang drayber. Nakadilat ang mga mata, may tama sa ulo.

Doon siya nagkubli sa kotse, para sumali sa putukan nina Leandro at mga militar. Mga ilang minuto iyon. Hanggang sa tumahimik, at gumapang siya papalapit doon, hanap ang bana.

May bumaril sa kanya. Isa sa mga naghihingalo. Natamaan siya sa beywang. Napaluhod siya at nakapulot ng baril. Gumanti siya. Napatay niya ito.

Natagpuan niyang duguan si Leandro. Nag-aagaw-buhay, sa gilid ng tulay, katabi ng dalawang lalaki na naka-fatigue.

May nagpaputok uli, isa pang naghihingalo. Ngunit wala na, hindi na nakayanan ng lakas ng mga kamay nito ang pagtugis sa kanyang direksyon. Naging isang putok na lamang iyon sa kawalan.

Namayani ang katahimikan. Napalinga-linga siya, tutop ang beywang, hinahanap si Daks.

Narinig niya ang sirena ng bumbero. Papalapit.

Paika-ika siyang lumakad. Nakita niya si Daks sa mga bakawan.

Kandong at hila ang bigat ni Daks, tinawid niya ang bakawan patungo sa dalampasigan ng Guinsang-an.

Doon sa buhanginan, kandong-lapit sa kanyang dibdib, binawian ng hininga ang anak. Hindi nagamot ng tubig-dagat ang pagbutas ng bala sa dibdib nito. Nawakwak, na parang dinukot ng bala ang puso ng bata.

Doon sa buhanginan ng Guinsang-an, lampas alas dyes ng gabing iyon ng Mayo 9, 1984, at may buwan na nakatanglaw, natagpuan siya ng isang mangingisda. Natatandaan pa niya ang pangalan nito: si Manong

Osting Misajon. Pinakiusapan niya ito na ihatid sila ni Daks pabalik sa bahay nina Marcelo at Asun sa Mapatag.

Hinugasan ni Asun ang kanyang mga sugat sa nilagang dahon ng bayabas. Binalot niya ito sa katsa. Sa mga oras na iyon, hindi niya nakita si Marcelo. Hindi niya nasisiguro kung sumama rin itong sumugod sa tulay.

Nang madaling-araw na iyon, ibinaba nila sa hukay ang katawan ni Daks, balot sa patadyong. Doon sa likod ng bahay, katabi ang hilera ng mga gumamela at bogambilya. Doon nila ipinagsindi ng kandila si Daks. Si Dakila Zapanta Lopez.

Naabutan ito ni Marcelo. Kagagaling lang nito mula sa Salazar Memorial General Hospital ng San Jose. "For autopsy," tukoy nito sa bangkay ni Leandro. Patay lahat.

At kapwa sila delikado: ***At-large***, balita sa radyo.

At pinagluluksaan ng probinsya, ng rehiyon, pati ng bansa, si Gov. Edgardo Salazar. Samantalang mga pamilya lamang nila, mga kaibigan at ka-opisina, ang nagluksa sa mga guwardiya, drayber, at militar.

Pinagmumura naman sila ng kapwa-NPA.

Isinakdal si Assemblyman Marcelo N. Lopez bilang mastermind.

Natatandaan ni Teresa na sinubuan siya ni Asun ng lugaw. Muling pinabaunan ng isang bungkos ng saging na rikondal bago isinakay ng abuhing van palayo sa

hukay ni Daks. Palayo sa Mapatag. Palayo sa panganay sa Barasanan. Iyon din ang huling pagkikita nila ni Marcelo.

Tinahak ng sasakyang iyon ang aspaltadong kalsada ng Hamtic at San Jose. Bagama't pinagsuspetsahan ng mga sundalong nakabantay sa dalawang checkpoint area, hinayaan itong makausad. Suspetsa ni Teresa, kahit matunog ang pangalan nila ni Leandro, hindi sila namumukhaan ng mga karaniwang sundalo. At nasa gobyerno ang kanilang katapatan. Kay Marcelo pa rin sa mga sandaling iyon.

Napahagulhol siya nang mapatapat sila sa ospital ng probinsya. "Walang pamamaalam sa amin ng Tatay mo," kumpisal niya kay Sadyah. Maraming labanan ang pinamunuan ng kanyang bana at matapat ang budhi nito sa bayan. Ngunit namatay ito na walang luha para sa kanya ang mga Antiqueño.

Magpahanggang ngayon, himutok ni Teresa, hindi pa rin nababanggit ng DYKA, ng Bombo Radyo, ng mga pahayagan sa rehiyon at bansa, gayundin ng mga istasyon ng TV, maging ng mga investigative journalism report, ang pagkamatay ng isang batang si Dakila sa binansagang Guinsang-an Bridge Massacre na iyon ng 1984.

Dinala siya ng van na iyon sa Patria sa Pandan. Doon sa isang malaking bahay sa tabing-dagat kaharap ang Palawan. Doon, para isakay sa isang chopper. Para siyang dinagit ng ***banog.*** Dinala siya sa isla ng Semirara.

Pamilya ng isang negosyanteng Intsik, loyalista ni Marcelo, ang kumupkop sa kanya.

Gumaling ang kanyang sugat sa loob lamang ng isang linggo. Ngunit mapanganib para sa kanya ang bumalik sa probinsya. Lalo na sa sona. Madalas at maigting na ang pagbabangayan sa kilusan sa nalalapit na pagpapatalsik kay Marcos at pagbabago ng rehimen. Marami ang namamayaning kontradiksyon sa hukbo. Sa maraming pagkakataon, kailangang lunurin ang sariling paniniwala at sentimiento sa mga isyu. Kailangang igalang ang opisyal na posisyon ng grupo.

Nabalisa na rin si Teresa sa maraming patayan sa loob ng kilusan. Sa isang banda nakikipag-away sa militar; sa kabilang banda sa mga kasamang tumiwalag, kung hindi man sa mga inaakusahang deep-penetration agent (DPA).

Nagpalipat-lipat siya sa loob ng halos dalawang taon bilang manlalako ng sapsap sa Caluya, tagapag-alaga ng taniman ng isang Belgian sa Palawan, at tindera sa negosyong RTW ng Intsik sa Semirara. Napapangiti siya sa alaala na sa Semirara, halos pare-pareho ang damit ng mga tao, dahil sa monopolyo ng mga tindahan. Marami rin ang dayo sa isla, mga trabahador sa minahan.

Nahirapan siya sa 'normal' na buhay. Binabangungot siya at inuusig ng konsensya: siya, si Kumander Rafflesia; kailangan niyang panagutan sa kilusan ang

nangyaring pagbaba nila ni Kumander Pusa sa bahay ni Assemblyman Marcelo Lopez.

Nangulila ang kanyang mga kamay sa paghawak ng baril. Hinahanap-hanap niya ang mga kaluskos ng gabing nagbabadya hindi lamang ng paparating na kaaway kundi ng mga nakaambang na ahas at malulupit na hayop. Nanabik ang kanyang mga paa sa kapwa mabagal at mabilis na paglalakad. Sa pagtakbo-dausdos-gapang sa mga bangin at burol at damuhan sa kiskis ng samutsaring dahon at suntok ng mga tangkay at kagat ng mga langgam.

Hindi sumagi sa kanyang isip ang pagsuko. Ipinangako niya sa sarili na igaganti niya, sa bawat putok, sina Leandro at Daks. Ayaw niya ang kaisipang isa siyang paralisa sa 'normal' na buhay habang niluluto ang rebolusyon: ang hinihintay na panahon ng pagwawagi ng kilusan. *Ito ang papalit kay Marcos*.

Kaya bumalik siya sa sona—sa kabundukan ng Antique-Iloilo-Capiz-Aklan, kasama ang mga dating kadre na ka-alyansa at mga bagong rekrut. Para muling masaksihan ang ika-apat na kamatayan: ang pagkapaslang kay Fernandito Togonon alyas Ka Andres Aldeguer noong 1985, bisperas ng EDSA People Power. Tumatawid sila sa Ilog Jalaud.

Iyon, ang pagkamatay ni Ka Andres, at ang Amnesty Program ni Cory Aquino, ang nagbunsod sa kanya na sumuko. Noong Pebrero 17, 1987, sa Tubungan Police Headquarters sa Iloilo.

# 35

IYUNG SINASABI nilang huminto ang mundo, tulad halimbawa nang makasabay mo sa LRT o MRT ang iyong unang pag-ibig, o nang masaksihan mo ang isang krimen na akala mo sa mga pelikula lamang nangyayari, tulad ng pagguho ng World Trade Center noong Septyembre 11, 2001— iyon ang naramdaman ni Sadyah nang hapong iyon habang nakaupo sa kanyang folding stool, sandal sa dingding, kaharap ang kanyang ina, at napakinggan ito.

Nang bumalik siya pagkatapos makipagsabayan sa mga tulo ng sinampay sa kanyang balkonahe.

Dahil siya, si Sadyah Zapanta Lopez—apo nina Marcelo at Anyag, panganay nina Leandro at Teresa, pinalaki nina Fely at Lydio, itinuring na kapatid ang mga pinsang Nene at Bongbong—may bunsong kapatid pala. *Dakila* ang pangalan. Ka-pangalan at namatay sa

isang engkuwentro tulad ng anak na inalay sa bayan nina Ka Waling-Waling at Ka Andres. Mas malungkot dahil namatay na hindi pa nakakikila ng baril.

Ito ba ang kaligtasan ng kaluluwa ni Dakila?

Para siyang zombie na humakbang noon pabalik sa ina. Sa kanyang isip, sa kanyang lalamunan, sa kanyang dibdib, sa kanyang puson, may palibut-libot na pagtulo ng tinta. Kasing-itim ng ink ng laser jet, ngunit hindi makakagat-kagat sa papel, dahil tulad ng natagpuan mong istiker para sa premyong laruan sa isang value meal ng fastfood, kailangan mo pang bumili ng isa pang set meal para makuha iyon.

At heto nga ang katotohanan na matagal niyang pinangungunahan: Namatay si Gov. Edgardo Salazar sa mga kamay ni Kumander Rafflesia. Karapat-dapat lamang na ma-absuwelto ang dating Assemblyman.

Ano ngayon ang silbi nito?

Inabot niya ang aircon sa itaas ng bintana. Itinigil niya ito sa high cool, at hinawi ang kurtina. Binuhat niya ang 5 LB na dumbbells sa tabi. Kaliwa, 1, kanan, 2, kaliwa, 3, kanan, 4...

"Stuck In the Moment You Can't Get Out Of" ng U2 ang tugtog. Ibinalik niya ang mga dumbbells at pinalitan ang musika. "Wake Me Up When September Ends" ng Green Day ang sumabay sa lamig ng aircon.

Kumuha si Teresa ng tubig sa ref. "Ano'ng gawin mo rito?" Tukoy nito sa nahiwang sibuyas.

"I want you to taste my specialty—beef shabu-shabu." Mas gusto niya na nag-uusap sila sa Ingles,

o sa Taglish. Mas nakakampante siya. Nagiging iyakin siya kapag nasa Kinaray-a o Hiligaynon o Tagalog.

"Mukhang napakasarap."

Binuksan ni Sadyah ang ref at kinuha rito ang isang pakete ng beef shabu-shabu, ang isang bungkos ng celery at pechay. Ibinabad niya ang karne sa oyster sauce at sinimulan na balatan ang celery.

"Where's your rice?" Palinga-linga si Teresa, hawak niya ang maliit na kaldero. Itinuro ni Sadyah ang ibabang cabinet. Kinuha mula doon ni Teresa ang isang plastic container at sumukob ng dalawa. "Tama na 'to?"

Tumango si Sadyah. "That's jasmine rice. Sinubukan ko rin ang organic brown rice pero matagal palang kumulo saka ang dami ng awas."

Hinugasan ni Teresa ang bigas at isinalang sa rice cooker. Bumalik ito sa pagkakaupo. Ipinagpatuloy ang pagbabasa.

Isinalang ni Sadyah ang kawali sa electric stove. Bumalik siya sa celery at pechay; pinutul-putol ang mga ito. Pagkatapos, pinatuluan niya ng olive oil ang kawali. Maya-maya, inilagay niya ang nababad sa oyster sauce na beef shabu-shabu. Tama lang para magkalasa.

"Natatandaan mo pa ba na nagkita tayo nun sa waiting shed sa paradahan ng dyip, when you were in high school?"

"Konti lang naman ang naging pagkikita natin. Natatandaan ko lahat. 1992 'yun. First year ako."

Hinahalu-halo niya ang karne. Madali lang ito maluto. Pero ayaw niyang madaliin. Gusto niyang

perpekto talaga ang lambot nito sa pagluluto niyang ito para sa ina.

"Two days before noon, nabigyan ako ng amnesty. Si Noel, si Atty. Noel Marasigan, siya ang naging abogado ko…my current partner. May conference siya that day sa Cebu and from there, umuwi kami ng Davao, kung saan siya naka-base. Kaya sumaglit ako sa inyo sa Dao."

"Sinundo ako sa klase ni Sister Rose at sinabihang may naghihintay sa akin sa waiting shed malapit sa akasya sa paradahan ng dyip pa-San Jose."

"Did you have an idea that it was me?"

"Yes. Maaasahan ang intuition ko."

"Were you excited?"

"I think I was glad to be out sa boring na H.E. class. Wala talaga akong kahilig-hilig sa pananahi, sa embroidery, sa patching, etc."

"Yeah, you're born to be a writer and a teacher."

"I like what you're doing now."

"Marami akong naka-trabaho na NGO sa Davao. Yes, I love what I'm doing."

"And I think you're very good at it."

"You're very good too in what you're doing."

Inilagay na niya ang sibuyas. Hinalo. Sinunod niya ang celery, at pinagsabay na rin ang pechay. Para parehong hindi malata.

"Halimbawang hindi mo nakilala si Noel, would you have considered going back sa Iloilo o sa Antique?"

"No. That's the whole point of amnesty. Saka panahon na 'yun ni Ramos. Napakalakas ng pagdurog sa

kilusan sa Panay. Narito kasi ang Camp Macario Peralta na laboratoryo ng militar para sa live ammunitions testing at training group. Dito sinasanay ang yunit ng militar sa hunter killer tactics at air mobile operations bago ipadala sa ibang rehiyon sa bansa tulad sa Bohol at Negros. Saka, it's an understatement, anak, na sabihing napakasakit para sa akin ang lahat ng nangyari. That also explains why, kahit nababalitaan kita, hindi ako nagkusang magpakita sa 'yo. Because you're okay...why should I mess it up? Of course, of course, I know ito rin ang cause ng angst mo but then, you know, I think talagang may kanya-kanyang panahon ang lahat. And there could have been no perfect time for us to meet but today. Now. I'm sorry, but if we've met sometime ago, we could have just fucked it up, you know."

Napatawa si Sadyah. Gusto niya maging katulad ni Teresa kapag nagme-menopause na siya.

"Binigyan mo ako nun ng hikaw, di ba? Bilog, nakalawit. *Sinubong*, kalahating ginto, sabi ni Auntie nang pinakita ko iyon sa kanila ni Nene. Feeling ko, ang ganda-ganda ko nun kapag sinusuot ko. Ni ayaw ko ngang ipahiram kay Nene." Natawa siya. "Syempre, kinant'yawan ako. H'wag ko raw araw-arawin, dapat isuot lang kapag espesyal na okasyon. Tama nga siya. Nahulog ang isa nun, nang maligo ako sa sapa. Hindi ko nakita. Kaya itinago ko na lang ang natira. Nakalimutan ko na rin kung saan ko naitago 'yun."

"Don't worry, I'll buy you a new one. And of course, you're beautiful, anak."

Nagkatawanan sila.

Pinatay ni Sadyah ang electric stove at inihain sa pinggan ang naluto. Tinikman niya ito. Tamang-tama ang lambot, ang pagsanib ng oyster sauce at olive oil, ang luto ng mga gulay.

Kumukulo ang sinaing.

"You want us to eat outside, in the balcony?"

"Sure," sagot ni Teresa. Tumayo ito para tulungan si Sadyah sa paglilipat ng mesa sa balkonahe. Inilipat din doon ng dalaga ang placemat mula sa mesa sa sala. Nagdala si Teresa ng dalawang pinggan doon, nilagyan ng kutsara at tinidor.

Nagklik ang rice cooker. Inilabas din ng dalaga mula sa ref ang isang bote ng bangus belly sardines at isang bote ng tubig. "We have no wine. Sana pala bumili tayo kanina."

"You remind me pala, ha. Papadalhan kita ng mangosteen at rambutan. Ang mumura lang sa Davao. Naku, dito sa Manila, nakakatakot ang presyo."

"After UP, uuwi na kaagad kayo?"

"May biyahe kami ni Noel sa Cambodia. May preliminary research project kami on human rights abuses ng mga communist groups sa Southeast Asia. Funded ng isang international NGO."

Napatangu-tango si Sadyah. Naiinggit siya sa ina: hindi lamang niya mangingibig sina Leandro at Noel, kundi comrade, at oo, partner pa.

Ito ang tamang salita para rin kay Noel. Kahit hindi pa niya ito nakikita, pakiramdam niya, nakikilala na niya. At nagugustuhan para sa ina.

Nang hapong iyon sa kanyang balkonahe, sa pagitan ng pagsubo ng jasmine rice at beef shabu-shabu, ikinuwento niya sa ina ang paglipad ng kanyang Levi's 501 patungo sa balkonahe ni Priya, at ang mga gabi't araw ng pagsisilip niya sa pagbabago ng kulay ng ilaw sa bintana nito.

KOPYA ng kanyang aklat ang pabaon niya sa ina.

Inihatid niya ito sa sakayan ng taxi sa harap ng gusali. Pabalik, halos lumipad siya, may gaan ng bulak na binabaon niya sa bulsa, dahil alam niyang habang nakaupo pa lamang sa kanyang sofa ang ina, napatawad na niya ito. Marahil habang nasa Mall of Asia pa lang, naintindihan na niya ito, kung bakit hindi siya binalikan nito sa Barasanan.

Paakyat sakay sa elevator, pakiramdam niya, isa siyang higante na humahakbang sa kabuuang isla ng Panay, at ngayon, kayang-kaya na niyang hakbangin ang anumang sulok ng mundo. Makikipagkita siya kay Priya sa Bangkok—ang pagitan ng India at Pilipinas. Binigyan siya ng ina ng mahahalagang salita: *evolved, magnificent, partner.*

Pagdating sa kuwarto, sinalubong siya ng "Budapest Symphony Orchestra" ni Beethoven. Ikinabit niya ang internet. Nag-sign in siya sa Friendster at Multiply.

Hinugasan niya ang kanilang pinagkainan. Mabula ang nabili niyang lemon-scented dishwashing liquid. Unti-unting nagkahubog ang mga damo at bulaklak sa palanggana, sa mga pinggan, sa kawali. Mga bulaklak at damo na tumutubo sa hukay ni Leandro, ni Daks, ng kanyang Auntie Fely, ng kanyang Uncle Lydio, ng kanyang mga ninuno mula kina Ati Bulalakaw at Donya Maria, kina Vicente at Donya Maria, at sa kanyang Lola Anyag.

Isa-isa niyang binalik sa kanilang kinalalagyan ang mga gamit. Nagpunas siya ng kamay, naghilamos, nagsepilyo, at bumalik sa pagharap sa laptop.

"What is now will soon be then."

*– Godel, German physicist*

Ito ang sumalubong sa kanya sa Friendster, ang kanyang Post Shout.

Nagsimula siyang sumulat. Ito ang kanyang blog:

> Naiwan sa nakaraan ang aking pagkamuhi sa aking mga magulang.
>
> Totoo ang sinasabi nila na ang biyaya ng katotohanan ay kalayaan. Gayunman, hindi lahat ng katotohanan ay kailangang ilantad sa madla. Katulad na hindi lahat ng sugat ay kailangang ibilad upang pagpyestahan ng mga uwak at buwitre. Katulad na hindi lahat ng mga kapana-panabik at kahindik-hindik na pangyayari sa aking buhay ay nararapat kong i-blog. May dangal

> sa pananahimik. Nasa paglibing ng mga kalansay ng nakaraan ang kaligtasan ng isang anak ng bayan.

Pinamagatan niya itong “Isang Pagdayaw sa mga Kasabihan.”

Lumabas siya sa balkonahe. Malamig ang simoy ng Setyembre. Nagbabadya na naman ng pag-ulan. Gusto niyang tumawa. Iyung halakhak. Malutong na halakhak na yayanig sa gusaling ito. Iyung hanggang sasakit ang kanyang tiyan at mapapaluha siya.

Ngunit tag-init na sa kanyang mga mata. Napakabanal na, napakamamahalin ng kanyang mga luha: hindi niya ito sasayangin. Iaalay niya ito sa mga espiritu na nananahanan sa apat na sulok ng mundo upang magiging kasabay ng mga patak ng ulan na magpapalambot sa mga tigang na palayan ng Pilipinas.

Isang kasaganaan.

Napakabanal din ng mga kuwento sa kanya ng ina. Magiging nobela at pelikula niya ang katotohanan sa Guinsang-an Bridge Massacre.

Nakikita niya na hinihila ni Teresa ang bigat ng sariling katawan sa kirot ng sugat sa beywang, duguan sa sementong tulay na iyon. Nakikita siya ni Leandro sa paghihingalo nito. “Tumakas ka na, *ga*, kayo ni Daks,” sigaw nito. Lumapit si Teresa sa anak na parang pusa ang pag-iimpit sa kirot ng mga sugat, nakalingon kay Leandro—nasasaksihan ang pag-aagaw-buhay ng kanyang palangga. “Leeaannndroooo!” Sigaw nito, habang nakasudsod sa bakawan sa pampang ng

tulay; may buwan sa ibabaw ng dalampasigan sa di-kalayuan.

Susulatin niya ito at gagawing pelikula. Dahil ang pagmamalabis ng sining ay ang katotohanang hinahangad ng tao sa buhay.

Ito ang sasabihin niya sa kanyang mga estudyante kinabukasan sa pagtatalakay nila ng nobela na *Ben Singkol* ni F. Sionil José.

May kabanalan din sa senswalidad sa pade-kuwatrong pag-upo ni Teresa, sa pagdadaop nito ng mga palad na ipinapatong sa tuhod, sa pagsasayaw nito ng *binanog* sa kanyang sala.

Nakikita niya sa espasyong nakapagitan sa kanilang mga balkonahe ni Priya ang paghuhuli ng panyo ng babaeng mananayaw sa leeg ng lalaki. Pumipisik-pisik ang mga balikat nito, pakampay-kampay ang mga siko sa naglulubid na beywang. "Kung ano'ng pitik ng isip, siyang galaw ng katawan."

Isang kadakilaan ang makaharap ang kanyang ina.

Walang buwan ngayong gabi. Walang mga bituin. Pumasok siya at tiningnan ang kanyang horoscope. *Make it happen!* Sabi ng www. horoscope.com. Pabor maging ang *Daily* at *Weekend* na horoscope niya sa yahoo.com. Magkasundo maging ang biorhythm nila ni Priya sa darating na mga araw.

Ang guwapong si Priya at ang mga mensahe nito sa buong mga titik sa Ingles. Napangiti siya. Iyon lamang at pinatay niya ang ilaw at inihiga ang tindi at bigat ng araw na ito.

# 36

SIYA, SI Sadyah Zapanta Lopez, sumakay ng PAL PR990 patungong Bangkok isang Biyernes ng gabi ng Setyembre para makipagkita kay Priya Iyer. Sa sarili nitong paghaharap sa ina sa pagbabalik sa Patna, Bihar, India.

Napagkasunduan nila na sa Bangkok magkita dahil ito ang kilalang transit point sa Asya: may direct flight para kay Priya mula Munich at patungong Mumbai. Ganuon din sa kanya mula at pabalik sa Manila. Higit sa lahat, hindi niya kailangan ng visa.

Ito ang kanyang unang biyahe sa labas ng bansa. 2 N/3D. Walang fixed itinerary. Kipkip niya tulad ng kanyang passport ang paniniwala na ito ang tamang panahon. Hindi siya bibiguin ng Bangkok.

**Welcome! Make yourself comfortable babe. One more meeting. Be there in an hour. Kisses.** Ito ang natanggap niyang mensahe sa cellphone pagbukas ng elevator sa ika-21 na palapag ng isang 4-star na hotel sa Silom. Lampas alas-dos ng hapon, oras sa Pilipinas. Dalawang oras ang abanse ng Thailand.

Kagabi dumating si Priya. Tumawag kaagad ito sa kanya at ibinigay ang pangalan at address ng hotel na ito. Nakikipagkita ito ngayon sa mga katrabaho dito sa Bangkok. Mga top-level manager ng kanilang subsidiary company. Mga kapwa Indian na nakapag-aral sa Singapore at piniling magtrabaho sa Bangkok. *Better infrastructure, babe, and lower cost of living.* Ito ang sagot sa kanya ni Priya sa kung ano ang lamang ng Bangkok sa Manila.

Nasasabik na siyang madiskubre ang syudad.

Room 2104. Ipinasok niya ang card at bumukas ang pinto. Carpeted ang kuwarto.

Lambot at nagniningning na kaputian ng bedsheet at comforter at mga malalaking unan ang bighani ng pangdalawahang kama. Kabilaan ang lampshade. Mayroon rin sa gilid ng couch, malapit sa salaming bintana na bahagyang nakabukas sa gitna ang mahaba at magarang kurtina

May malaking flat TV. May parihabang kahoy na mesa kung saan nakapatong ang fax machine at telepono at menu book. Malaki ang salamin. May nakasobreng card, bumabati kay Priya at sa pagpili niya ng hotel na ito. Malaki ang bathroom. May jacuzzi.

Nakahilera ang mga bote ng shampoo at conditioner at lotion katabi ang bath scrub at loofah. Puti rin ang malalambot na tuwalya at bathrobe.

Binuksan niya ang kanyang maliit na traveling bag. Nakita niya ang safety box sa drawer, sa gilid ng maliit na ref katabi ang hilera ng mga bote ng inumin at tsokolate. Naisip niyang huwag nang itago doon ang kanyang passport. Maliit lang din naman ang baon niyang dolyar.

Hindi nila napag-usapan ni Priya ang pera. Kampante siya sa kanyang credit card. Mataas ang kanyang credit limit at malaki pa ang kanyang balanse. Siya ang gumasta sa kanyang round-trip na tiket; na siyang nararapat.

Nagutom siya. Tiningnan niya ang menu book. Napakamahal. Kahit ang bote ng tubig.

Ayaw niyang i-charge ito sa nobyo. At ayaw niya ng paghihintay na kumakatay sa kanya tulad sa mga gabi ng pagdalaw ni Stephen at pag-aabang niya sa pag-uwi ni Ishmael. Ang paghihintay na may lamig na gumagapang sa mga bukong-bukong, may pananamlay ng mga siko, may pagbuldozer sa dibdib.

Kukumustahin niya ang Bangkok sa sariling paraan. Tamang-tama lang para makabalik siya at makapaligo at makapaghanda sa muling pagkikita nila ng kanyang prinsipe.

PARANG distrito ng Ermita at Malate—na mas malinis. Ito ang impresyon niya sa Silom. Nadaanan niya ang maraming restawran, karinderya, botika. Sa magkabilang gilid ng kalsada, nakahilera ang maraming Thai na nag-aabang ng masasakyan. Pagod na mga mukha: bugbog-sarado sa pagbabaha ng mga turista sa kanilang bansa. Katulad ng nakararaming Pilipino, mga poste sa gilid ng kalsada sa kanilang paroo't parito sa pagdadakip ng kalansing ng barya sa bulsa—masasagasaan anumang oras. Kaliwa ang pagmamaneho dito.

Dumaan ang isang trak, ***bagon*** ang tawag sa Antique, sakay ang mga magsasaka na Thai.

Kinakabahan siyang tumawid. Sumunod siya sa grupo ng mga turistang Puti. Sa lobby pa lang ng hotel, napansin na niya ang pagdagsa ng mga turista: Hapones, at mga lahing Caucasian.

Natanaw niya sa di-kalayuan ang Silom Village. Nabasa niya sa *Lonely Planet* na dito makakakain ng authentic Thai food. Pumasok siya sa mga shop. Tiningnan niya ang mga panindang damit at lokal na produkto tulad ng key chain ng elepante at mga diyos at diyosa.

Naupo siya sa isang restaurant at sumenyas sa weyter. Binati siya sa Thai. Sumagot siya sa Ingles. Palibot, puro dayuhang Puti ang kapwa niya customer; sa kanilang iba't ibang lahi na maaapuhap niya lamang sa isip sa punto ng kanilang mga dila. Para siyang isang butete sa akwaryum kasama ang mga goldfish.

Inubos niya ang order na soup at bumalik sa hotel.

LUMIPAS ang isang oras at ang katok sa Manila ay naging katok sa pinto ng hotel na iyon sa Bangkok. Isang magkaparehong siil ng halik ang isinalubong nila sa isa't isa pagkasara ng pinto.

Bumalot ang mga kamay ng nobyo sa kanyang negligee. Binuhat siya nito't inihiga sa kama, sabay alis ng kanyang itim na sapatos. Inalis niya sa pagkakatali ang kurbata ng nobyo at hinubad ang polo nito. Muling tumambad sa kanya ang maninipis na kulot na buhok sa dibdib ng kanyang prinsipe. Nakasuot ng gintong kuwintas si Priya, walang pendant. Hindi niya ito nakita sa Manila. Inamoy niya ang kili-kili ng nobyo. Narinig niya ang pag-alis nito ng kanyang gintong relos. Hindi niya rin ito nakitang naisuot ng binata.

Ibinaba niya ang zipper ng itim na pantalon ni Priya. Puti ang briefs nito, tulad ng dati.

Kinandong ng kama ang kanilang kahudban. Nalukot sa kaputian ng bedsheet ang kanilang pangungulila sa isa't isa. Hanggang dalhin nila iyon sa bula at bango sa jacuzzi.

Hinayaan niya ang binata na ikuskos ang loofah sa kanyang likod habang dumadampi ang mga labi nito sa kanyang batok. Hanggang muling magmistulang mga hinog na papaya ang kanyang mga suso sa pagsasakop ng mga palad nito. Hinayaan niya ring i-shave nito ang kanyang mga hita.

"They are there for a purpose," bulong niya makaraan. Ayaw niyang makakalbo ito tulad ng

kabundukan ng Panay. Lalo na sa bahaging itaas. Sinunod siya ng binata, at muling nilasap ang kanyang balat sa mga bula ng sabon, sa tubig-jacuzzi. Dahil isa siyang Filipina—diwata at diyosa ng Antique—na sinasamba ng prinsipe ng Bihar, India.

"SHE is a Filipina," sabi ni Priya sa babaeng weyter na kumausap sa kanya sa Thai.

Nasa isang open bar & resto sila, ilang metro ang layo sa hotel. Mga turista ang karamihan. Nagtataka si Sadyah kung nasaan ang mga Filipino sa Bangkok.

Si Priya ang nag-order para sa dalaga: *yum kung maprao-orn*. Isa itong spicy prawn soup with young coconut in lemon grass. Singha beer ang order ng binata.

Nabanggit ni Sadyah ang nadeklarang martial law sa Thailand noong nakaraang taon at ang pagsusuot ng mga Thai ng dilaw na kamiseta tuwing Lunes bilang paggalang sa kanilang hari.

"Safety is a matter of perspective." Nagsindi ang binata ng sigarilyo, Marlboro Lights.

"The war on terrorism can't stop people to travel."

Humanga siya, sabi ng dalaga, nang mabasa sa *The Wall Street Journal* ang hindi pagkabahala ng junta sa komento ng Amerika: na napakabilis naman maghusga ng taga-labas gayung sila ang nakaaalam sa kung ano ang nakabubuti sa kanila. "Happiness of Thai people,"

natatandaan niya na sabi ng junta. Parang China rin na pinagsabihan ang Amerika to shut up. Nainggit siya, patuloy pa ni Sadyah, na may hari na masasandalan ang mga Thai. Sa Pilipinas, ganito ang joke na natanggap niya nang panahong iyon: *Sa Thailand, mga general may bayag. Sa Pilipinas, mga general malaking bayad.* Isinalin niya ito sa Ingles at napatawa si Priya.

Mabilis ang paghitit-buga ni Priya. Napaka-agresibo ng marketing ng Thailand, sabi nito. Saka ang bentahe nito, may direct flight ito sa maraming bahagi ng Asya at connecting flight patungo sa Amerika at Europa.

Inilapag ng weyter ang Singha beer.

Alam ba raw ng dalaga na kapag tumitikim ng beer, dapat walang ice. Tulad ng kape, mayroong iba't ibang klase ng beer. Noong nasa Europa siya, iyong Leffe ang gusto niya. Produkto ito ng Belgium. Dark at lasang tsokolate. Matapang pero hindi mapait. Bagay ito sa barbekyu. Isa pang gusto niya ay ang Beck. German naman ito. Napakatapang pero suwabe. Ito ang San Miguel Beer ng mga German: puwede kahit anong panahon at klase ng pagkain. "I miss drinking Pale Pilsen," sabi ni Priya. "That was my favorite there," tukoy niya sa Pilipinas.

Napangiti si Sadyah. Ngayon, alam na niya kung ano ang palalamigin niya sa ref sa pagbabalik ng nobyo sa Manila.

Hindi niya naubos ang order. "Nakakahiya," sabi niya, "I feel guilty."

Kung hindi niya raw maubos, huwag niyang pilitin.

Sinubuan niya ang nobyo, hanggang sa maubos nila ang buong order.

Si Priya ang nagbayad.

Lumakad sila. Dito sa Silom ang itinuturing na red-light district ng Bangkok, ang Patpong. Nabasa ito ni Sadyah sa internet.

Lumakad sila palayo sa Patpong, sa kabundukan ng mga paninda at turista, magkahawak-kamay.

"That's a Hindu temple," turo ni Priya. *Sri Maha Mariamman Temple.*

Tumigil sila sa bukana nito. Nakapaskel sa poste ng pinto ang listahan ng donasyon, kasama ang babalang bawal kumuha ng larawan at manigarilyo. May tumpok ng mga bulaklak sa isang altar sa unahan. Dilaw. "Marigold," narinig niyang usal ni Priya, na parang pinapaniwala ang sarili na kilala pa niya ito.

Sa kama sa hotel pagbalik nila nang gabing iyon, magkadantay ang kanilang mga paa. Nakatutok sa kaputian ng kuwarto, sa liwanag na ibinibigay ng mga lampshade, ang kanilang pananahimik. Hanggang sa patagilid na humarap sa kanya ang binata at niyapos siya nang mahigpit na parang isang bungkos ng marigold na ayaw nitong mahulog sa lupa, dahil isang espesyal na alay na ihaharap sa dambana.

Napapikit si Sadyah, pinatunaw niya sa lamig ng kuwarto ang pagod na isip at mga paa. Inamoy niya sa gara ng kuwarto ang sinasabing walang bango na marigold, at sinagot ng isa ring mahigpit na yakap ang nobyo.

Isang panaginip ang hatid ng gabing ito.

# 37

"I WANT to tell you a secret," sabi ni Priya. Rumaragaak ito sa tanghaling-tapat ng tag-init. Nasa harapan sila ng Maring's Grocery Store, ang pinakauna at pinakamalaking tindahan sa bayan ng Dao sa Antique. Hinihintay nila ngayon na mapuno ang L300 na nakalutang sa gitna ng kalsada. Pabalik sila sa Iloilo matapos ang tatlong araw na pagbisita sa Barasanan. Pormal niyang ipinakilala si Priya kina Nene. Naroon din sina Isabel at ang kanyang Lolo—pasalampak na nakaupo sa kawayang sahig nina Nene. Sina Teresa at Leandro, nakaupo sa barandilya ng bukas na bintana. Ang kanyang kapatid na si Daks, kasama nina Joshua at Angela sa itaas ng punong bayabas. Ipinakilala niya si Priya hanggang sa mga kamag-anak nila sa

kabilang ilog. "Indian," sabi nila, sabay sa pagtataka na hindi ito mabaho, at ang guwapo.

Lubhang nabagabag siya sa ipinagtapat sa kanya ng nobyo. Naramdaman niya ang pamamaga ng kanyang likuran sa paglundag-lundag ng traysikel na kanilang sinakyan sa liku-liko at batuhing kalsada mula sa baryo. Gayundin ang tinolang dahon ng kamote na inulila ng isda nang mananghalian sila sa kabahayan sa Barasanan.

Umalis daw sa kompanya nila si Priya, umalis ng Pilipinas, dahil may imbestigasyon itong tinatakasan. Inaakusahan ito ng forgery, ng breach of trust, ng breaking into computer systems. Noong nakaraang taon, nakipagnegosasyon ito para sa bonus. Pero ipinagkibit-balikat lamang ng kanyang boss. Sobra naman daw kung manghingi. Kaya sumabak sa trading ang binata. Naging paraan na niya ang pag-invest sa pamamagitan ng sabay na pagtaya sa magkabilaang direksyon. Low-risk, 'ika nga. Ngunit nadiskubre niya na mas mainam kung sa iisang direksyon lang siya tataya ng totoong pera. Sasabayan niya ito sa kabila ng peke. Mananatili pa ring balanse ang kanyang account.

Hanggang isang araw, pinuna ng boss nito ang kanyang kakaibang transaksyon. Kaya gumawa siya ng pekeng email gamit ang kanilang in-house messaging system. Kinopya niya ang kanilang electronic letterhead at pinalitan ang laman ng isang lumang email para maisakatuparan ito. Ayos, hindi siya nahuli. Nakasara siya ng higit 10 milyong piso.

Tuwang-tuwa siya, bilib na bilib sa sarili. Ipinadala niya sa India ang kalahati nito.

Tumaas nang tumaas, lumaki nang lumaki ang kanyang nakamkam sa paraang ito. Sa pesos, sa dolyar, sa rupiah, sa euro. Hanggang isang araw, nahuli siya, at ganuon din kabilis at kadaling nabawi ng bangko ang kanyang nanakaw. Kailangang pangalagaan ang reputasyon ng kanilang kompanya, ng mga bangko, ng bansa. Dahil marami rin siyang alam sa mga karumal-dumal na krimen at katiwalian sa maraming transaksyon ng kompanya, ng bangko, ng gobyerno, at mga dayuhang tulad niya. Ipinatapon siya sa Germany. Hanggang ngayon hindi pa ito pumuputok na balita.

"Hindi ka natakot o nakonsensya?" tanong ni Sadyah.

Sinagot siya ng binata sa Tagalog, sa puntong Kinaray-a. "Mas nauna pa'ko sa'yo siguro sa pagbasa ng *Les Miserables*, ng *The Brothers Karamasov*, ng *Metamorphosis***.**"

Tumunog ang "Drink with Me" mula sa musical na "Les Miserables."

"Nauuhaw ako sa k'wento mo. Bili nga tayo ng Coke," yaya ng dalaga.

Tumalon sila mula sa L300 at parang mga astronaut na pumasok sa Maring's Grocery Store. Dilaw ang pinta ng dingding ng tindahan na kinakapitan ng alinsangan. Ano ang kakayahan ng nag-iisang ceiling fan sa mahabang pila ng customer sa nag-iisa ring cashier? Malagkit ang hangin na dumidikit sa kanilang balat.

Kahit pa may abaniko at nagpapahid ng pawis, animo'y isang banga ang lalamunan ni Sadyah na naghihintay mabuhusan.

Walang Coke sa hilera ng mga inumin sa loob ng two-door na refrigerator. Puro mga basyo lamang sa nakapatung-patong na kaha sa gilid ng dingding.

Talagang wala. Sa botelya man o kaya'y sa lata.

Pepsi lang, Sprite, Royal Tru-Orange, at Pop Cola.

Bukas pa ang delivery, sabi ni T'ya Maring. Nakabestida ito, marapait ang mga bulaklak, abala sa pagpapaypay ng sarili habang padekuwatrong nakaupo sa pinto ng kanyang tindahan. May pagpaumanhin sa boses nito. Pinansin ni Priya ang naka-dye nitong buhok: kahel ng papalubog na araw sa Manila Bay. Magkakilala sila ni Priya. Lumundag-lundag sa pagkaalinsangan at pagkasikip ng tindahan ang kanilang kumustahan. Talagang napaka-gwapo na raw nito na hindi napigilan ng matanda ang pagkurot sa pisngi, sa braso, sa tagiliran ni Priya.

Nang tinanong ni Sadyah si Priya tungkol dito, sagot ng binata, nakikita niya ang maraming tulad ni Manang Maring sa kalsada ng India.

Napangiti si Sadyah. May asim ng sinigwelas na binebenta na sampung piso isang supot sa kahabaan ng kalsada ng Antique at Iloilo.

Lumipat sila sa kabilang tindahan. Ganuon din, wala talagang Coke. Coke Regular, Coke Diet, Coke Light. Naubos na raw sa kabibili ng mga taga-bukid dahil sunud-sunod na ang mga fiesta.

Tumawid sila sa kalsada, lumiko sa kaliwa at sa kanan hanggang marating nila ang isa pang tindahang malapit sa gasolinahan ng bayan. Ngunit wala rin silang suwerte. Sprite at Pop Cola lang. Naubos na raw ang Coke ng mga magpapamilya at magbabarkada na ngayon lumalangoy at nagdidiriwang-pahinga sa kalapit na mga beach resort.

"Hindi makuha ang uhaw ko kung hindi malamig na Coke," reklamo ni Sadyah.

Para uli silang astronaut na lumutang pabalik sa L300. May dalawang tinedyer na pumasok. Sumenyas ang drayber na isa pa, isang pasahero na lang at lalarga na sila.

"Ako nga rin. Maging sa tinapay, ayaw ko na kahit ng Gardenia. French bread at Big Mac na ang hinahanap ng aking lalamunan."

"Ang sarap na nga rin ngumuya ng French fries. Miss ko na rin ang blueberry cheesecake. Kelan pa ba aalis 'tong van? Manong, alis na tayo," pagmamaktol ng dalaga.

Napalitan ng turbo cool ng aircon ang amoy ng maalikabok na kalsada, ang amoy ng nabubulok na balat ng mga pakwan at melon na nakatambak sa unahan.

Nakapuwesto sila sa unahan. Dalawampung pasahero ang kapasidad ng sasakyan. Nagrereklamo ang drayber na napakamahal na ng gasolina kaya isa pa, isa pa, at tutulak na sila.

"Tiisin mo na lang. Sobrang dalawang oras lang naman," si Priya. Pinapaypayan siya nito.

"Imagine that. Akala mo, hanggang higit dalawang oras lang ang titiisin mo at makakainom ka na ng malamig na Coke at makakakagat ng iyong hamburger? Hanggang mga anak mo, mamanahin nila 'yang uhaw at gutom mo."

Mga estudyante ng summer class ang ibang pasahero. Abala sila sa pagti-text at paglalaro sa kanilang cellphone, kung hindi man nakasaksak sa kanilang earphone. Katulad nang magnobyo, nalulunod din sila sa kanilang sariling mga alaala at pangarap; sa kanilang sariling uhaw at gutom. Wala nang nakagagayuma sa pakikipagkuwentuhan sa kani-kanilang katabi.

Si Sadyah, halimbawa, parang dahon ng punong akasya sa unahan nitong terminal na dumudunglay-dunglay sa hangin. Dumudunglay-dunglay siya sa kanyang panagimpan habang abala sa paglunok ng laway at nakasandal kay Priya na nakadunglay naman sa kanyang balikat habang nakamasid sa mga burol mula sa bintana nitong sasakyan.

Nakikita ni Sadyah sina Teresa at Leandro. Kumakaway sa kanya. Sa Starbucks. Naroon ang mga ito na naka-maskara at naka-costume ng superheroes. Pinupuno nila ang kanilang mga basket ng iba't ibang supot ng kape: ***Guatemala Antigua, Kenya, Ethiopia Sidamo, Sumatra, Sulawesi, Kape Vinta Blend, Caffe Verona, Italian Roast, French Roast, Heavenly Blend***. Pinupuno ng sari-saring tinapay: ***Azuke Danish, Strawberry and Peach Danish, Belgian Waffle, Cinnamon Roll, Cinnamon Swirl***. Bago sila tumakas, sakay ng

isang Kawasaki, namudmod sila ng pamphlet na nagkokondena sa pagkainutil ng gobyerno sa pagbibigay ng mabuting trabaho; sa kontraktwalisasyon na sistema mula sa internship patungo sa part-time hanggang sa full-time job.

Umandar ang L300 at naging isang skyway ang palayan ng Antique. Nagpalutang-lutang ito sa baybayin hanggang sa kabundukan ng Iloilo at nagkonsyerto sila ni Priya sa loob ng sasakyan. Isang rock musical sa "Shoplifters of the World Unite," "That's Entertainment," at "Please, Please, Please Let Me Get What I Want" ng The Smiths.

Lumalaki, lumalakas ang lindol na nararamdaman ni Sadyah sa kanyang dibdib.

Napunta sila ni Priya sa Fully-Booked sa The Fort. Binuksan nila ang plastic cover ng libro na ***Chew on This: Eve rything Y ou D on't W ant T o K now A bout Fastfood*** at nag-free reading. Bago pa sila masita ng saleslady, bago pa manghina ang kanilang mga tuhod sa pagkakatayo sa gilid ng bookshelf, nabasa na rin nila ang iniladlad na banner ng Beijing University noong 1999: **Resist America beginning with Cola!** Sa kanyang sneakers na suot noon sa UPV, sa kurbata ni Priya at ginto nitong kuwintas na walang pendant, nakalutang sila sa kalawakan ng Denmark, ng Holland, ng Russia, ng China, ng Alaska. Nagsasaboy sila ng marigold at bogambilya at kalachuchi sa mga nagpoprotesta at nagsusunog ng mga tindahan ng Coca-Cola, ng McDonald's, ng KFC.

Tinawag sila ng drayber na bumalik na. Si Ishmael! "Handa kayo, mangho-hold-up tayo pagdating sa Iloilo," kindat nito sa kanila. "Sabi ko magnanakaw tayo. Pasukin natin 'yung bagong bukas sa Diversion Road. Tama, naalala ko na, Fresh Paradise Gourmet Shop."

Freesh Paaraadaayss Gormeee Shop, ulit ni Sadyah.

Hindi sumagot si Priya. Abala ito sa pag-iisip kung German ba o French ang salitang gourmet. Ngunit napagod ito sa pag-iisip. Nadesisyunan itong i-google na lang bukas pagdating sa opisina. Pinasok niya itong reminder sa cellphone.

"Para may closure ang pagnanakaw mo. Hindi mo maipapamana sa magiging mga anak natin." Tapik ni Sadyah kay Priya.

Dumugo ang ilong ng binata. Naging ilog ng Nasuli sa loob ng sasakyan.

"Anong nangyari sa'yo, *ga*," muling tapik sa kanya ni Sadyah, nagsasawsaw ng mga paa sa ilog.

Hindi pa rin sumagot si Priya.

"Ano'ng relihiyon n'yan," lingon ni Ishmael.

"Hindu."

"Sigurado ka? Baka atheist 'yan."

"Ewan ko sa'yo Ishmael. Ilang beses na natin napag-usapan 'to. Akala ko ba umuwi ka na sa Naga."

"Siguro sa langit o sa kabilang buhay. Hindi dito sa lupa."

Binilisan ni Ishmael ang pagmamaneho ng L300. Para itong naging *banog* sa kalangitan.

Muling naramdaman ni Sadyah ang pananakit ng kanyang likuran. Muli niyang nakita ang ang tinolang dahon ng kamote na lumalangoy sa tubig-ilog at asin.

"*Ga*," tawag sa kanya ni Priya, "gusto kong tumira d'yan." Itinuro nito ang dalampasigan. Sa kalawakan nito, may lumilipad na pares ng saranggola. Nagpapaligsahan ito sa pataas-taas, sa patayug-tayog. Madalas, magkasabay ang mga ito. Magkatabi. At sa pagkakataong ito, ang hangin ay 'yung tinatawag ng matatanda na dupoy-dupoy. Mapino, maligamgam.

"Napapagod akong mag-isip," pasinghal niyang sagot kay Priya. "What do I need a Ph.D. for? Magpakasal na lang tayo. Pero bakit ba kailangang mag-asawa? Bakit ba kailangan pang magpakasal? O mag-anak?" Patuloy ni Sadyah.

"Nagdududa ka sa damdamin mo sa akin?"

"Ba't ikaw, sigurado ka bang talaga sa nararamdaman mo sa akin?"

Humarurot sa Cityland sa Vito Cruz ang L300. Dinuduyan ng lindol ang balkonahe ni Priya. Puti at kahel ang ilaw sa bintana.

"Sige, ikaw na ang matalino, ikaw na ang tama. Let's do it your way, magnakaw tayo."

"It's not about 'your way' or 'my way' but being there when needed. Putcha, wala ka ring pinagkaiba sa kanila. Akala n'yo puro "yes, dear" lang kaming mga Pinay."

"Don't be complicated, babe. Don't give me a shit for a misunderstanding."

"Oo na, tama na. Manghold-up tayo pagdating sa Iloilo."

"Sa isang kondisyon. Ipamimigay natin ang ating makukuha." Si Priya. Lumilipad sina Nene at Nonoy, inaabot ang mga supot ng tinapay. Biglang nagkaroon ng mahabang pila—mga ulo sa umaga sa Mendiola na nabansagang EDSA 3.

"That's your idea of corporate social responsibility?"

"Ano naman ang gagawin natin sa makukuha natin? Hindi mo naman siguro mauubos kainin lahat 'yun, ano. Ibebenta?"

"Hmm, pwede rin. Mas mura, lalo na kapag may rice shortage."

"I can't believe you. Negosyante ka rin pala."

"Puwede nating tingnan bilang empowerment. Access to quality and affordable goods. Mas mabuti na 'yan kaysa Robin Hood."

"Akala ko ba gusto mong patayin ang uhaw sa Coke at gutom sa fastfood? Sunugin ang nararapat na gawin."

"Great," sang-ayon ni Sadyah. Tumunog ang "Do You Hear The People Sing?" sa *Les Miserables*. Nakikita nila sa koro si Lea Salonga.

Nagpalakpakan sila sa loob ng L300. Pati ang mga estudyante. Nagkurutan sina Sadyah at Priya. Sumali rin ang mga estudyante. "Akala nila drama sa radyo o pelikula," hinaing ni Ishmael sa manibela.

"Poverty is not relative!" Nagmamartsa na ngayon ang mga estudyante. Ito ang nakasulat sa hawak-hawak nilang mga balloon, sa kanilang Green & White

na kamiseta. Nasa labas sila ng Araneta Coliseum, nasa Gateway sa Cubao. May poetry reading ang isa niyang klase. Ang lahat ng kanyang mga tula sa **Lumbay ng Dila**. Nakaparada ang patrol ng GMA, ABS-CBN, ng Reuters, ng BBC.

Hinahabol siya—si Sadyah—ng Anvil, ng UST Press, ng UP, ng Ateneo, ng National Book Store, ng Random House. Napagod siya sa katatakbo at nakarating siya sa isang couch kaharap sina Kris Aquino at Boy Abunda. Nag-uusap sila. Aniya, "hindi natin kailangang malibot, Boy, Krizzy, ang buong Pilipinas para mapatunayan ang lubak-lubak ang mga kalsada, mahigop ang mga tinolang lumalangoy sa malunggay at dahon ng kamote, at makilala ang mga kapwa-tao na hanggang sa kanilang kamatayan, nauuhaw at nagugutom. 'Yung pagsabi na relative ang kahirapan, perspective lang 'yan ng middle-class. Ikaw lang naman, Kris, ang talagang mayaman dito. You should go back visit Negros with Baby James, and you'll see...you know, those *dumaan* and *sacadas* of Negros. Have you heard of them? May bago na'ng airport sa Silay. The view is fantastic...you should really tell James...soon."

"Hindi relative ang kahirapan? Hmm…totoo…pero inuuto lang din natin ang ating mga sarili kung patuloy nating paniniwalaan na mas marangal tayo kaysa kanila." Sabat ni Ishmael.

"Siguro. Pero mas nakakahiya kung maging tulad din tayo ng mga old rich at so-called new rich na bilanggo

sa paniniwala na mahirap lamang ang isang trabahador dahil tamad siya at walang pangarap."

"What's our weapon of mass destruction?" Si Priya. "Mahirap lumusob sa giyera na walang armas. That's what you call calculated risk."

Kumatok sina Teresa at Leandro sa salaming bintana ng L300. Si Darna si Teresa. Si Lastikman si Leandro. Winawagayway nila ang mga supot ng tinapay: *Living bread, French bread, Azuke Danish, Strawberry and Peach Danish, Belgian Waffle, Cinnamon Roll, Cinnamon Swirl, Naan, Chicken Empanada, Ensaymada, Banana Loaf, Whole Wheat Croissant, Multigrain Bagel, Sausage Roll, Tuna Pandesal*. Napakarami. Iba-ibang dila't panlasa. Hindi nila lahat nakikilala.

Parang eroplano sa runway ang pagbaba ng FX sa harap ng Fresh Paradise Gourmet Shop sa Diversion Road sa Iloilo. Sa kabilang kalsada, may gasolinahan at fastfood joint.

Isa-isang nagsulputan ang marami pang matataas na mga poste ng ilaw at mga gusali. Dito sumasalpok ang paningin ng mga pasahero. Nakabibingi ang busina ng mga sasakyan sa hapong iyon.

Pinalabas nila ang mga estudyante. "Bilisan n'yo, takbo," sigaw ni Priya. Tumakbo ang mga estudyante, sumali sa pagbaha ng mga nakaputing uniporme mula sa malapit na mga caregiver training center sa palapag ng mga nakahilerang gusali.

Animo'y isang slow motion ang paglakad papasok nina Sadyah at Priya sa shop: Mr. & Mrs. Iyer. May kasiguraduhan sa kanilang mga hakbang at galaw ng mga braso. Naka-tsinelas lang sila. 'Yang tinatawag na Havaianas. Naka-T-shirt sila na puti, 100% cotton, at naka-shorts na maong—made in China. Nakasukbit sa kanang balikat ni Sadyah ang malaking bag, ***buri***, gawa sa Iloilo at nabili niya noong mag-trade fair sa Mall of Asia.

Naiwan sa L300 si Ishmael. Nakahanda sa muling pagpapalutang, parang spaceship, ng sasakyan sa pagtakas nina Sadyah at Priya.

Binuksan ng guwardya ang pinto para sa magnobyo. May paggalang na nababagay sa customer nitong espesyal at mamahaling tindahan. Sinalubong sila ng lamig ng aircon at bango ng mga tinapay. Ng mga tinedyer at ka-edad nilang nakapostura na inilalarawan ng mga glossy women's at men's magazines na dolled-up at well-heeled; ng mga katawang produkto ng treadmill, bench press, dumbbells. Marami sa mga pumipila ang mga Koreano. Katulad sa Manila at sa marami pang isla sa bansa, may mga simbahan at eskuwelahan na sila dito sa Iloilo.

Kumikinang sa kaputian ang tindahan. May maliliit at bilugang mesa, mapusyaw na dilaw, gawa sa kahoy. Sa dingding, nakasabit na parang larawan ang isang flat screen TV. 38 inches. "Heroes" na American-Australian TV series ang palabas. Ito ang pagti-teleport mula Japan ni Niko Nakamura patungo sa New York.

Kailangan niyang ipaalam sa isa pang bida, ang pintor, ang pagsalba sa isang tinedyer. **Save the cheerleader, save the world**. Ito ang Post Shout ng palabas na ito.

Nag-morph si Sadyah bilang si Maniwantiwan. Sumayad ang kanyang gintong kuwintas sa sahig ng Freeesh Paraaadise Gourmet Shop. Naging si Marikudo rin si Priya sa kanyang gintong salakot at bahag. May kanya-kanya silang sukbit na bolo sa beywang at pana sa balikat.

Kinamusta sila ng manager. Nagpaliwanag si Sadyah na isa itong shooting para sa isang reality TV show na hindi pa naiisip ng bigwigs ng ABS-CBN, GMA 7 at ABC 5. I-a-upload nila ito sa YouTube.

Pinalibutan sila ng mga staff at customer. Namamangha, natutuwa. Kinukunan sila ng litrato sa kanilang mga cellphone. Smaaayl, sabi nila. Nagtakbuhan maging ang mga estudyante mula sa labas. Hindi napigilan ng guwardiya ang kanilang paglusob para lamang makasulyap sa reinkarnasyon nina Datu Marikudo at Dayang-dayang Maniwantiwan na hindi na nila napapag-aralan sa klase. Burado ang **PANITIKAN NG PILIPINAS** sa kanilang kurikulum.

Kumaway-kaway si Sadyah, isang Miss Binirayan, isang Mutya ng Pilipinas, isang Miss Universe.

Kumalat ang sigla sa Paradise Gourmet Shop. Parang pitik ito ng liwanag na sumulpot mula sa puting tiles ng sahig at sumuot papasok sa mga paa ng mga customer, umakyat sa kanilang katawan, hanggang magpatayo sa kanilang buhok. Kung sa "Kill Bill" pa ni Quentin

Tarantino o sa "Pinoy Blonde" ni Peque Gallaga, ito ang bahaging *anime*.

Kumuha si Sadyah ng tray at pansipit ng tinapay, agad pila. Si Priya naman, sa mga oras na ito, nagsisimula nang pumuno ng kanyang basket ng lata ng Coke at iba pang inumin na nagsusumigaw sa tatak na "for healthy living."

Ito ang kanilang ginagawa, parang mga *sacada*, habang naging klase ang loob ng tindahan: sina Teresa at Leandro sa kanilang powerpoint presentation sa *Basic Party Course* ng komunismo. Lumalabas ito sa TV.

Sa loob ng maraming oras, huminto ang pag-ikot ng mundo sa Freeesh Paaaraaadaays Goormee Shop. Nakatayo siya, si Sadyah Zapanta Lopez, bitbit ang isang tray, bitbit ang pangsipit at kaharap ang sari-saring tinapay, masasarap na tinapay, mababangong tinapay ng iba't ibang parte ng mundo ngunit nasa tindahan na ang mga ito sa Iloilo. Sumasayaw-sayaw ang pula at itim na pinta, italics, ng *Maring's Grocery Store*. Muli niyang naramdaman ang lindol sa kanyang dibdib at ang pananakit ng kanyang likuran sa pagluksu-lukso ng traysikel sa batuhing kalsada ng Barasanan. Smaaayl, sabi ng isang Pinay, kahawak-kamay ang isang Kano, at nabulag siya sa kislap ng digital camera nito. Gumagalaw ang lahat sa kanyang paligid. Naririnig niya ang mga yabag sa kanyang gilid, sa kanyang harapan. Naririnig niya ang pagbagsak ng barya sa kaha ng cashier. Naririnig niya ang pagkapuno ng mga basket ni Priya ng iba't ibang bote ng inumin. Gusto niyang tawagin

si Priya, ngunit wala siyang mahuling salita, tulad na hindi pa ito naiimbento ng radyo, ng TV, ng internet, ng diksyunaryo, ng wikipedia. Kaya kailangan niya munang isipin. "That's what you call creative visualization, babe" naririnig niyang bulong ni Priya. Gusto niyang tawagin si Teresa, si Darna, ngunit hindi ito ang Darna ni Mars Ravelo o ng Regal Films o ng Ballet Philippines. Nasa **Eat Bulaga!** si Leandro at nakikipagbatuhan ng jokes kina Vic Sotto at Joey de Leon.

Bumalik ang ilaw sa kanyang mga mata at nakita niya ang lumulutang na mga supot ng mamahaling tinapay at botelya ng Coke. Coke Diet, Coke Light, Coke Regular. Lumilipad-lipad ang mga ito sa bughaw na langit ng Panay, napakagaan tulad ng mga bulak na binabaon niya sa bulsa. Napuno ng bango ng tinapay ang L300 ni Ishmael. Ginising nito ang asawa at anak.

Nagsalo sila sa pag-amoy, paghati, pagnguya, paglunok ng mga tinapay na kanilang pinagmamasdan lamang sa salaming bintana ng Freeesh Paaaraaadaayss Goormee Shop. Dumagundong ang L300 sa kanilang pag-inom ng Coke. Tinunaw nito ang kalam sa kanilang tiyan. Natulog sila nang mahimbing. Sa kanilang panaginip, humahagunos ang malinaw na tubig mula sa kagubatan ng Madya-as at Baloy na muling nagpadaloy sa ilog ng Panay. Nang-ugat ang mga kamote; namulaklak ang mga mais, kalabasa, kangkong, maging ang mga malunggay at katuray. Naamoy ang bango ng pan de coco at ang linamnan ng bibingka at tamis ng **bandi** at ito ang

pinagsaluhan nila ni Teresa sa kanyang condo. May kumatok at binuksan niya. Si Priya, lukdo-bitbit ang basket ng mga Coke at inumin na ”for healthy living” at bumaha sa kanyang kuwarto at sumulpot ang buong isla ng Panay, ang 7,100 isla ng Pilipinas, ang buong mundo.

# 38

NAPASIPA si Sadyah, isang paghakbang sa pagsulpot ng mundo sa kanyang kuwarto, at natamaan nito si Priya. Napapisik ang binata.

Napabangon ang dalaga. Kaagad niyang hinaplus-haplos ang binata. ”I'm sorry, dear. I had a dream.”

”You're okay, *mahal*?”

Tumango siya. Napasandal sa malalaking unan. Nagkumot hanggang dibdib. Nakayakap sa kanya ang binata.

Inabot ni Sadyah ang cellphone sa lamesita sa gilid. Nakabukas ang nakatayong lampshade dito, mapusyaw na dilaw. 5:45 sa umaga. Nagpadausdos siya sa pagkakahiga. Sinuklay-suklay ng mga daliri ang buhok ng nobyo. Hinalikan niya ito sa noo. “Tell me a secret,” sabi niya. “In my dream, you shared a secret.”

Iniangat ng binata ang ulo, naging poste ang siko sa unan. Patagilid, nanatiling nakaharap sa nobya, at humalik sa ilong. Pagkatapos, sinuyod nito ng daliri ang magkabilang kilay ng dalaga, at hinawi ang mga hibla ng buhok na tumatabon sa mukha nito para isukbit sa kanyang tainga. Saka humalik sa mga labi. "My Mum was a prostitute. She's English, of Hungarian descent. I'm not really interested to dig into this, but they hooked up—she and my old man of Brahmin-Hindu snob of a clan, in his sojourn in the land of Oz in the early '70s. And as you can see, I'm the big fraud."

"There must be a beautiful love story there."

"You bet. It could be a bestseller."

"Have you forgiven them?"

"I'm working on that. ***Baba*** passed away when I was to take that state exam."

"No wonder you did not pass."

"Probably...This is me, babe...nothing special."

"Of course, you are, ***ga***."

"You're always into 'feel good.' That's not life."

"Happiness is a choice."

"Do you think this will really work?"

"We've gone this far...I'm staying."

"And that's all I need to hear, *mahal*."

Tumangu-tango si Sadyah.

ANO ANG SAGOT ni Nene matapos niya maikuwento ang tungkol sa kanila ni Ishmael?

Na sa maraming beses, pumasok din sa kanyang isip na iwan si Nonoy at ang mga bata. Para pumasok bilang katulong dito sa Manila o mag-Hong Kong. Lalo na kapag walang pera. Na sa maraming beses, galit na galit din ito kay Nonoy. Gusto niya itong tirisin na parang taghiyawat o tadtarin ng pinung-pino na parang bawang o sibuyas o di kaya, lingkisin ng lubid sa leeg hanggang maidura nito ang mga salitang gusto niyang marinig sa bana. Masipag sa kung masipag, mabait sa kung mabait ngunit nakukulangan siya sa diskarte ni Nonoy sa buhay. Palaging siya lang ang nag-iisip ng kung ano ang dapat mabuting gawin, saan kukuha ng binhi o pambayad sa magiging katuwang sa pag-aararo. Kapag hindi niya ito itutulak, hindi ito kikilos. Siya ang pumapasan sa bana. Sa mga pagkakataong ganito, kaagad din siyang bumabawi sa paghugot sa mumunting kaligayahan niya kay Nonoy. Tulad na lamang na hindi ito naninigarilyo. Isang bote lang ng beer ang kaya nito. Palagi siya nitong hinihintay sa pagkain at pagtulog at sakali mang magkagiyera, nasisiguro niya na ibibigay sa kanya ng bana ang rasyon nitong tinapay. Magpapakamatay para sa kanya, para sa kanilang pamilya, si Nonoy. Higit sa lahat, sabi ni Nene, dahil siya mismo, wala na siyang ibang mas malaki pa, mas mataas pang pangarap kundi ang maging mabuting asawa at ina. Malinaw ito sa kanya, noong pinili niya si Nonoy kaysa sa isa niyang manliligaw, at sa pagpapakasal niya rito, kaya kahit may dalaw ng panghihina—dito siya ibinabalik ng kanyang isip at puso.

Ito rin ang kanyang binabalikan ngayon: ang pagtupad para sa sarili sa pangako ng pananahan sa salitang *palangga*.

Ginaya niya rin ang nobyo: sinuyod ng kanyang daliri ang makakapal nitong kilay, ang matangos nitong ilong, ang tikom ng mga bibig, at inihimlay sa dibdib nito—sa maninipis at kulot nitong balahibo roon.

Inamoy niya ang India sa kanyang mga kuko.

CONTINENTAL BREAKFAST ng hotel ang nagpabangon sa kanila. Pagkatapos nagkasundo sila sa dalawang bagay para sa araw na iyon: Sige, mag-golf si Priya kasama ang kanyang mga kaibigan. May darating na mga Koreanong kliyente ang mga ito. Inimbita siya ng nobyo—na biniro niyang ang kanyang Tiger Woods—ngunit pinili niyang madiskubre pa ang Thailand sa isang tour sa Ayuthaya kasama ang pag-cruise sa Chao Phraya River, the River of Kings. Sige, magkita na lang sila, alas-kuwatro ng hapon, sa Siam Paragon. Pagkatapos, didiretso sila sa Oriental Hotel.

"THERE'S no running Buddha," sabi ng tour guide. Nasa Ayuthaya iyon, ang dating capital ng Thailand.

Mag-a-alas singko na, wala pa rin si Priya. Nasa harap siya ng isang shop sa Siam Paragon, ang Shangrila ng Bangkok.

Wala rin itong text. Pambihira. At wala rin siyang kaba, iyung bundol na nagbabadya na may masamang nangyari o mangyayari. Baka napasubo lang sa mga kaibigan at mga katrabaho. Baka natrapik lang. Pero dapat ipapaalam ito sa kanya ng nobyo. Tinawagan niya ang cellphone nito. Nagri-ring. Nakampante siya. Walang masamang nangyari kay Priya.

Maya-maya, nakita niya ito. Nagmamadali, papalapit sa kanya. Nagpapaumanhin. Galing daw siya sa Kinukoniya. Narito siya mga dalawang oras na. Kinamusta nito ang kanyang tour.

"It was beautiful," sagot niya. "Beautiful enough to be alone. I want to go back there...with you."

Nasa elevator na sila. Tumangu-tango ang binata. "Sure, *ga*...there's a lot more in Thailand...and India...do you want to see India?"

"Of course...and do you want to go back to the Philippines and see Antique?"

"Hopefully...hopefully soon...*ga*." Hinalikan siya ng binata sa pisngi.

Nagugustuhan niya na may ingat si Priya sa pananalita. Hindi nangangako.

*Kinukoniya Bookstore*. Ito ang matagal na niyang naririnig sa mga kaibigan na galing Singapore. Ang siya ring bukambibig ni Priya. Wala pa ito sa Manila.

*Sightseeing*, ito ang pamagat ng libro na pinili niyang bilhin, dahil nakasulat sa *About the Author* sa likurang pabalat na Thai ang manunulat. Si Rattawut Lapcharoensap. Ipinanganak ito sa Chicago, lumaki sa Bangkok, nakatira ngayon sa New York City. "Pussy and elephants. That's all these people want," sabi ng ina sa kanyang anak na lalaki. Ito ang pambukas na linya sa kuwentong "Farang," ang unang kuwento sa koleksyon. *Farang*, ibig sabihin, banyaga. Dayo, estranghero. Pangayaw sa Kinaray-a at Hiligaynon. Foreigner, stranger sa English. *Lannang* sa Chinese. Sa Bicol? Sa Hindi? E, sa Pilipinas, pussy and what?

Lima naman ang binili ni Priya. Mga libro sa negosyo at pamamahala.

Palabas, hanggang sa elevator, nangangarap sila ng kanilang library. Napansin niya na panay ang ngiti nito. Natuwa si Sadyah sa pag-iisip na dahil magkasama sila at oo, dahil sa mga nabili nitong libro. Parang bata si Priya na bitbit-bitbit ang supot ng laruan.

Naalala niya ang gabi ng paglalaro nila ng Ragnarok, ang kanilang pagsayaw, ang hapon na iyon ng pagsakay sa kalesa sa trapik ng Manila at paghapunan sa Bistro Remedios sa harana ng kundiman.

Dumiretso sila sa Oriental Hotel. Malapit ito sa distrito ng kanilang hotel. Dito dahil gusto ni Sadyah makita ang Authors' Lounge. Una niya itong narinig sa isang kaibigang manunulat. Nabasa rin niya sa *Lonely Planet*. Ito ang pinakamakasaysayang hotel sa Thailand at isa sa mga itinuturing na pinakamagandang hotel

sa mundo. Nakapaskel sa dingding nito ang pangalan ng mga nanalo ng SEAWRITE, na iginagawad taun-taon ng monarkiya ng Thailand. Nakapaskel din dito ang maraming manunulat ng mundo na tumuloy dito. Tulad ni Joseph Conrad noong 1888.

Naupo sila sa magarang sala ng Authors' Lounge. Sa balkonahe sa itaas na pinagkabit ng dalawang hagdan, may tumutugtog ng biyolin. Isang makisig na lalaki sa puti nitong kasuotan. Hinaharana sila.

Iyon ang musika sa hapong iyon, panatag siyang nakaupo, ninanamnam ang ganda ng paligid. Sa kanilang harapan, ang magkapares na tasa ng kanilang order na chai. "Classic spiced Indian tea recipe," sabi ng menu book, sa presyong 220 baht—mga 300 pesos. May kasama itong platito ng cookies. Nakikita niya—malabo sa kanilang pagsasalit-salitan—ang Manila, ang Iloilo, ang Antique, ang burol sa Barasanan. Ngunit walang sundot, tulad ng pag-inom niya ng kape ng Starbucks, na hindi kailangang ipagpaumanhin.

Iyon at hinawakan ni Priya ang kanyang kanang kamay. Hinalikan ito, dahan-dahan; isang pagsamyo sa bulaklak. "You have a good heart," sagot niya, sa couch na iyon ng Oriental Hotel, sa napaka-English nitong kapaligiran at isang mapa ng Pilipinas ang kanyang kabuuan na sinasaulo ni Priya Iyer.

Iyon at isinuot sa kanya ng binata ang isang singsing, hugot mula sa bulsa ng slacks nito, mula sa kulay-mocha na kahon.

Daan-daang buldozer na animo'y pumapatag sa kalsada ng Antique ang nasa kanyang dibdib. Humupa ito nang kumasya sa kanyang palasingsingan, sa kanyang maliliit na bato, ang singsing. "To my palangga, a beautiful soul." Sabi ni Priya, sa kanyang Indian-inflected English.

Kinuyom niya ang mga palad ng nobyo at inilapit sa kanyang dibdib. Matagal.

Napakaganda niya nang takipsilim na iyon. Isa siyang diwata sa dagat ng mga turista sa mamahaling hotel na iyon.

Panatag siya na nakaupo, hawak-kamay si Priya, sa kanilang pananahimik. Isang paggalang sa kabanalan ng pangyayari. Isang pagnamnam dito—kalakip ang mumunting agam-agam—kasama sa chai at cookies.

"Chao Phraya river does not dry up," nagmarka sa kanya na linya sa brochure sa kanyang pag-cruise.

"You have a good heart," sabi sa kanya ni Priya. Hindi niya kailangan ang "I love you." Isang pangako at pananalig, higit kaninuman, sa kakayahan ng puso na tumagal, ang "palangga." Napakagandang salita. Kailangan niya itong angkinin nang makailang ulit sa hapong iyon, upang ang distansya ay isang pag-ibig.

NANG MADALING-ARAW na iyon, lumipad si Priya sa Mumbai. Naiwan siya sa hotel, para sa kanyang pagbabalik sa Manila nang alas dos ng hapon. Walang pamamaalam sa daungan at paliparan para sa kanila ng nobyo. Nagising siya ng umagang iyon na may nakasaboy na mga talulot ng bulaklak sa kuwarto. Sa kama, sa sahig, hanggang sa pinto papasok sa banyo.

Sa eroplano, ito ang alaala niya ng Bangkok: ginawa siya nitong napakaganda, napakasaya.

Sa kanyang kuwarto sa Manila, binura niya ang *Distant* sa tula niya para kay Priya. Ito ang kanyang huling revisyon: *You, A Tenderness*.

# 39

DISYEMBRE 2007. Barasanan, Dao, Antique.

Umaga. Ka-aalmusal lang nila ng sinandomeng, piniritong tilapia, tortang talong at kamatis na nabudbudran ng mani, sa olive oil.

Itinuturo niya kay Nene, katabi si Nonoy, gayundin ang dalawang bata, ang paggamit ng camera sa Nokia 750. Ito ang kanyang regalo kay Nene. Maliban sa karton ng grocery at mga bagong damit.

Nasasabik si Nene na matuto, kagabi pa nang matanggap ito, dahil ngayon ang pagbubukas ng Balay Sugidanun. Ayaw niyang pahuli sa pagkuha ng litrato. Nakatanggap sila ng balita na darating ang kanilang Lolo Marcelo. Hindi rin malayong makasusulpot si Governor Isabel Lopez-Chua.

Marami na ang tao. Nakaupo ang mga ito sa kawayang bangko sa labas. Isang araw itong pinagtulungan ng mga karpintero. Ano'ng tuwa ng mga asawa ng mga ito sa pagpupuri ng buong baryo.

Nagluluto sa likuran ng bahay. Tatlong kaldero ng kanin, dalawang kaldero at dalawang kawa ng ulam. Isang malaking baboy ang ihaw at isang dosenang litsong manok. Si Nonoy ang namamahala rito. May gabay naman mula kay Sadyah ang kababaihan at kadalagahan ng baryo na tumutulong sa paghahanda ng inumin at mga pagkain.

Nakaayos na ang mahahabang mesa. Gusto ni Sadyah na nakaupo ang lahat.

Kinukunan ni Nene ng litrato sina Joshua at Angela nang may tumigil na puting Mazda sa harap ng Balay Sugidanun. Kaagad ito sinalubong at pinalibutan ng mga nagtumpok na taga-Barasanan.

Ang espesyal na bisita.

Nakasombrero ito ng C*hicago Bulls*, pula. Nakapantalon na abuhin. Naka-kamisa chino. Naka-sandalyas. May kasama itong drayber-guwardiya. Isputing, sabi ng mga bata, dahil naka-rubber shoes ito at naka-salamin.

Nakipagkamay si Marcelo sa tumpok na naghihintay sa kanya, na tila ba sabik na sabik sa kanyang muling pagtapak sa baryo; higit kaysa panghuhusga. May mga matatandang babae na yumakap dito na napapaluha.

"Mabuti malakas pa ang mga tuhod n'yo," bati ng isa.

"Kalabaw lang ang tumatanda," sagot niya. "Natumba na pala ang dating akasya." Baling nito kay Nene.

"Oo," sagot ni Nene, "matagal na."

"Hindi nakapaghintay," sagot ng matanda, saka binaling nito ang pansin sa Balay Sugidanun.

Bukas ang pinto nito. Nakaharang ang isang kumpol ng mga bulaklak at mga tuyong tangkay. Sinuyod nito ng tingin ang bubong, ang dingding, ang bintana. Patangu-tango. "Magandang ideya," sabi niya. "Pulido."

Palinga-linga ito. "Sa'n na si Sadyah?"

Nasa loob ang dalaga. Naghahanda ng TV at ng laptop. Pati ng digital camera. Sa dingding, ikinabit niya ang naka-stainless frame na drawing ni Stephen ng kanilang family tree. Hinagod niya ito ng tingin. Pinungos niya ng lastiko ang buhok saka lumabas at nakipagkamay sa Lolo.

Gustong makita ng matanda ang *uma.* Sino na raw ba nagmamay-ari?

Sumagot si Sadyah na nagawad niya ang ilang pilapil. Iyong mula sapa hanggang sa burol saan pinapalibutan ngayon ng nursery ng mahogany.

Maaga pa. May sapat silang oras para sa pagbubukas. Tamang-tama para sa pananghalian at pagdating ni Isabel. Nagkumpirma ito kagabi. Gusto niyang makita ng matanda ang nursery ng mahogany at ang firebreak na pinagtulungan nina Nene at Nonoy.

Tinawag ni Sadyah si Nene. "Dalhin mo ang cellphone," sabi pa niya.

Patakbong lumapit si Nene, nagsusuot ng tsinelas, hawak-hawak ang cellphone.

TUMIGIL SILA sa ilalim ng punong mangga. Sa ibaba nito sa unahan, may balon na walang tubig.

Nagbabalak daw siya ng Farmer's Coop, simula ni Marcelo. Ipaparehistro ito sa SEC. Kakausapin niya ang mga umuuwing OFW at seaman na mag-invest para sa sustainability nito. Itinanong niya sa magpinsan kung alam nila na pati ang lupain papasok sa Barasanan, pagmamay-ari rin ng kanilang Apoy Ati Bulalakaw. Dito raw magandang patayuan ng isang trade center para hindi na bumiyahe patungong San Jose at Iloilo ang mga magsasaka ng Barasanan at ng mga kalapit na baryo. Dahil may biyahe raw araw-araw ang mga bus, ang RORO, madali na ang pag-wholesale mula Divisoria at Baclaran at kung saan-saan pa. Magiging sentro sa bahaging ito ng bayan ang baryo.

Sumang-ayon ang magpinsan. Nasa bunbunan na nila ang araw, ngunit walang kagat ng init; malakas ang mga hanging nagpapagaspas sa mga dahon ng kawayan at mangga.

"Nagkita kami ni Teresa," sabi ni Sadyah.

"*Gaba* ko ang pagkamatay ng 'yong ama at kapatid," sagot ni Marcelo.

Nakatingin silang tatlo sa mga pilapil sa unahan.

Nakumpirma ni Sadyah ang kuwento ng ina: ang pagpapababa sa kanila ng matanda para itumba si

Gov. Edgardo Salazar. Ngunit pinahiya nila ito sa kanilang paninindigan at moralidad, na siyang hinangaan ng matanda't naging rasyonalisasyon sa pagsisisi nito.

Sa damuhan sa di-kalayuan, may kalabaw at baka. Sa burol sa kabila ng sapa, may mga kambing na gumagala. Namumulaklak ang mga atsuete roon. Sa kalayuan, muli, ang Bundok Aliwliw at ang satellite dish ng isang telecompany. Manipis ang mga puno sa bundok na ito. Parang ulo na kailangan ng rebonding. Hindi mananalo ang lugar na ito ng Best Picture sa isang pelikula.

"Kumusta siya?" tanong ni Marcelo.

"Mabuti naman po. Maganda ang trabaho. Para sa bayan pa rin."

Hinawakan ni Sadyah ang buhok, pinalaya sa pungos ng lastiko.

Kumuha si Nene ng litrato. Naiwan naman ni Sadyah ang kanyang cellphone. May pagmamadali siyang naramdaman. Baka may text na si Priya. Naibalita niya ang pagbubukas na ito ng Balay Sugidanun.

Niyaya niya ang lolo at pinsan na umakyat sa burol.

Nakaakyat si Marcelo mag-isa. Itinuro sa kanya ni Nene ang mga bahaging nakasangla sa iba't ibang kamag-anak. Hanggang inangkin nila ang magkakaibang direksyon mula sa burol. Naging katahimikan ang hanging sumamyo at muling kinilala ng kanilang mga mata ang mga damo, mga ligaw na bulaklak, at mga punong makikita mula roon.

Nananatili sa Barasanan, bumubunggo sa Bundok Aliwliw, ang isip at puso ni Nene.

Lumampas naman dito, bumubulusok papalayo—na may paglilingon—ang kay Sadyah. Nakikita niya ang kabundukan at ilog ng Panay, ang Manila at pahapyaw—ang Bangkok, ang India. Ang pagsulpot ng 7100 na isla ng Pilipinas at ng buong mundo sa panaginip niyang iyon sa hotel sa Bangkok kasiping si Priya.

Si Marcelo, tinatahak ng mga mata nito ang daan pabalik sa Nasuli. Sa ilog na iyon, sa lumang bahay na iyon nila ni Anyag, hanggang sa paglalakad niya sa paliku-likong kalsada ng Dao, diretso sa San Jose sa Binirayan Hills, pabalik-balik—para tumigil sa Mapatag, sa bahay nila ni Asun.

Naramdaman ni Sadyah ang pagkagat ng langgam sa kanyang kanang paa. Napahawak siya kay Nene sa braso. Maya-maya, nakita nilang bumababa ang kanilang Lolo, dahan-dahan silang sumunod, pabalik sa Balay Sugidanun, sa pagbubukas nito sa buong baryo, at sa pagsasalo sa isang malaking handaan.

SI ATTY. MARCELO N. LOPEZ, dating Assemblyman ng Antique, ang matandang nakikipagkuwentuhan sa tumpok ng kabataan sa kabubukas na Balay Sugidanun sa Barasanan, 5716 Dao, Antique.

Nakaupo siya sa kawayang silya na disenyo ni Sadyah at pinanday nina Manong Estong, sa liwanag

ng malalaking bintana, ng matataas na kisame, sa mahinang saliw ng Original Kinaray-a Music.

Ikinukuwento niya ang pagdaong sa Panay ng sampung datu galing sa Borneo, si Monsignor Dewitt, ang Nasuli, ang isang magandang babae na si Anyag na nakipaglaban sa mga Hapon at Amerikano, ang pagtahak niya sa liblib na kabaranggayan ng Antique, ang kanilang kuwentuhan sa bilangguan—ang Diyos.

Nagsisimula na sa pagpila para sa pananghalian ang buong baryo nang may tumigil na isa pang sasakyan sa harap ng Balay Sugidanun. Isang abuhing kotse, kung saan lumabas ang isang may katabaang babae. Tulad ni Teresa, pang-export din ang suot nitong patadyong, katsa na blusa, malaking sombrero na ***buri***, at malaking bag na abaca, saka sandalyas na tunay na balat. Gucci ang tatak. Naka-salamin ito. May dalawang guwardiya.

Parang itong artista sa paningin ng mga bata, katulad na ito ang tingin dito ni Sadyah noong gabing iyon ng 1986 at pitong taong gulang siya.

Pinuri nito ang Balay Sugidanun. Pinuri si Sadyah at ipinaalam sa dalaga na isa ito sa magiging ***Bugal kang Antique*** Awardee for Culture & the Arts sa Binirayan Festival sa darating na Abril. Pinansin nito ang nakasabit sa dingding na frame ng family tree. Walang narinig na komento sa kanya, dahil hindi ito nagtagal doon. Kaagad nito ibinaling ang pansin sa hilera ng mga libro at DVD at CD at VCD. Gayundin, sa ginagawang pag-video ni Sadyah ng pagkukuwento ni Marcelo sa mga bata.

Nagpakuha si Nene ng larawan kasama si Isabel. Binanggit nito pagkatapos ang pagka-lubak-lubak ng kalsada tuwing tag-ulan at ang pagpupulbo naman nila ng alikabok kapag tag-init.

"Ano'ng ginagawa ni Kapitan? P'wede siyang mag-request ng bulldozer sa DPWH," sagot ni Isabel. "Hayaan mo, Ne, kakausapin ko siya later."

"Mabuti rin sana kung makararating din dito ang mga multi-vitamins. May pinamimigay daw sa bayan, pero kahit ang eskwelahan, hindi nakatikim. Tinatago 'ata nila, para sa kanila lang."

"That's not my politics," sambit ni Isabel. "Hayaan mo, kakausapin ko ang head ng DSWD. Kontrol 'ata ng Mayor, at alam mo naman, oposisyon tayo."

Tumangu-tango si Nene. At kinunan nito ng litrato si Isabel, kasama ang ilang grupo ng kababaryo.

Hindi nagmarka sa lupa ng Barasanan ang mga gulong ng kotse ni Isabel.

"IKAW, pag-abot ng tiyempo." Ito naman ang iniwang salita ni Marcelo kay Sadyah sa hapong iyon, matapos nito makipagkuwentuhan sa mga bata, matapos makipagtagayan at makipagkantahan sa mga karpintero at magsasaka ng Barasanan.

Bahagya nitong napatigil ang dalaga sa pagkakabit ng memory stick ng digital camera sa laptop. Upang muli itong lumublob sa paggawa ng video na kinasasabikan niyang i-upload sa YouTube.

# 40

SIYA SI Sadyah Zapanta Lopez. Kung i-google ninyo, mayroong higit 123 na entry ngayon tungkol sa kanya. Sa *Who Do You Want To Meet* ng kanyang Friendster, nakasulat ngayon ang ganito: *Surprise me!*

Sa kanyang Multiply, ito ang pinakahuling photo album: ang paglalakad nila ni Nene, Nonoy, Angela, at Joshua papuntang Nasuli nang Disyembreng iyon. Nagtanim sila doon ng limang liso ng Indian kapok na bigay ni Teresa mula sa biyahe nito sa Cambodia. Iyung ibang liso, nakatanim sa mga paso sa gilid ng Balay Sugidanun, at sa unahan ng balon na muling nagkakatubig sa sunud-sunod na pag-ulan.

Binisita siya ng ina, kasama ang partner nitong si Noel, sa Cityland bago bumalik ang mga ito sa Davao.

Ibinahagi niya sa kanila ang kuwento ng singsing sa kanyang daliri, ang biyaheng iyon sa Bangkok.

Tinupad ng ina ang pagreregalo nito ng bagong pares ng hikaw. Kulay pula at puti ito, nakalawit, sa disenyo nitong bala.

Sa *My Pictures* sa kanyang laptop, isang Folder ang may pangalang *Family Album*. Natanggap niya mula sa ina ang sumusunod bilang Attachment sa jpeg format: 1) larawan ni Leandro, circa 1970s. Naka-polo ito, tuck-in sa kanyang corduroy na bootleg, kulot ang buhok. 2) Si Dakila, kandong ni Teresa, noong hapong iyon ng Mayo 9, 1984 sa bahay ni Dr. Molina sa Bantayan, San Jose, Antique, bago sila tumungo sa Mapatag. Gwapo. Kulot din ang buhok. Pero matangos ang ilong. Ang sarap nitong kurutin. Naririnig niya ang hagikhik ng kapatid na ito, malutong, habang kinokopya ito mula email papunta sa kanyang memory stick; may pangingilid ng luha sa kanyang mga mata.

Sa kanyang updated CV sa Department of Literature ng De La Salle University, ito ang isinulat niya sa *Person to Contact In Case of Emergency*: Ma. Gina "Nene" Lopez Josilva-Valdellon. Cellphone Num: 0917-3179231. Si Nene rin ang beneficiary sa kanyang SSS, Pag-ibig, at life insurance.

Sa huling bisita niya sa YouTube kaninang 7:15 ng umaga, umabot na sa 20641 ang bilang ng nagbukas sa video ng pagkukuwento ng kanyang Lolo Marcelo sa kanyang Balay Sugidanun. Positibo ang mga komento.

SIYA SI SADYAH. Sa Kinaray-a at Hiligaynon, nangangahulugang "masaya."

Ito ang katotohanan ngayon: hapon sa unang araw ng bagong taon at nagbibisikleta siya. Sa kanyang unahan, si Angela. Sa kanyang likuran, si Joshua.

Nasa mga dahon ng kawayan ang hangin. Kilala niya ang mga punongkahoy, ang mga halaman, ang mga bulaklak na nadadaanan. Walang amorseko na didikit sa kanilang shorts, na kikiskis sa kanilang mga binti. Walang mga hinog na aratiles na magpapayuko sa mga sanga nito sa kanyang paghinto para abutin ang dulong tangkay sa kanilang pamimitas hanggang sa magsawa ang kanilang bunganga. Wala ring mga hinog na sinigwelas na mapupukol nila ng bato, kung hindi man maaakyat.

Mapusyaw na luntian ang hapon. Walang mga paru-paro at tutubi. At sakali mang may mababanhaw na mga alitaptap ngayong gabi, hindi na rin masisilip ng dalawang bata sa kanilang pagtutok sa pinakamainit na telenobela; sa kanyang pakikipag-chat kay Priya.

Lalong walang ibong banog sa kalangitan. Ngunit bughaw pa rin ito, na parang hindi na ito totoo, na parang dito niya gustong mamatay, sa ganuong gaan at lambot.

Suot niya ang regalong hikaw ng ina.

May kling-kling ng mamang sorbetero sabay sa ringtone ng Nestle sa unahan. Naalala niya ang mga poster na nakapaskel sa isang dyip noong sa Paco pa siya umuuwi. Protesta sa anti-labor na patakaran ng Nestlé. Kaya palagi siyang natitigilan sa pagbili ng yogurt.

Pero gusto niya ang double dutch, ang hiningi ni Teresa kay Leandro noong anibersaryo nila na nagsemento ng kanilang pag-iibigan sa matrimonya ng kasal sa hiyaw ng mga bala.

Ngunit may isa pang kling-kling, na nakilala niyang Garin Ice Cream. Naikuwento ni Nene, noong una niya itong matikman, na isang working student itong batang naglalako. Taga-kabilang baryo.

Nag-pedal siya palapit dito. Buko pandan ang tanging flavor. Bumili siya ng tatlo.

Binilisan niya ang pagpedal, kandong ang bigat ng dalawang bata. Binubundol siya ng kaba sa pag-iisip tungkol sa kanilang kinabukasan, sa pagkawala ng mga ibon at tutubi, ng ulan at bundok at palayan.

Nakababasa ang mga ito ng Ingles. Nakapagsasalita. Mga apo rin ito ng Barasanan, Dao, Antique, Philippines. *They will be okay*, kumbinsi niya sa sarili, tulad na *I'm okay*.

SIYA SI Sadyah Zapanta Lopez, ngayong hapon ng Enero, inililipad ng amihan sa batuhing kalsada ang kanyang buhok, ang bago niyang mga hikaw. Sa isipan, nakikita niya ang pagbukas ng pinto kay Priya Iyer. Sa paglasap niya sa buko pandan na ice cream, patuloy siya sa pagbabalanse sa bisikleta.

Bukas, gigising siya nang maaga. Sasakay siya sa bus na dadaan sa maraming baryo ngunit mabuti na

iyon kaysa magpa-San Jose pa. Babalik siya sa Manila, sa kanyang condo. Natutuwa siya na sa loob ng walong taon, nasasabik pa rin siyang magturo. Nasasabik na siyang pasadahan ang kanyang nobela.

Nasasabik din siya sa nalalapit na ika-29 na kaarawan.

ITO ANG natatanging katotohanan ngayon. Nagbibisikleta siya at pinupulbo sila ng alikabok ng dumaang bus. Nahuli niya ang pagkaway sa kanya ng konduktor. May itinuturo sa loob.

Tumigil ang bus sa tapat ng Balay Sugidanun. Daan-daang kabayo ang tumatakbo sa kanyang dibdib. Huminto siya. Bumaba ang dalawang bata. Masusukat ang distansya sa kanilang pagtakbo mula sa kanyang bisikleta hanggang sa puno ng madre de cacao bago niya nakita ang paglabas, una, ng isang bughaw na knapsack. Naging matipuno itong bisig sa fit na T-shirt, maong na pantalon, rubber shoes.

Naging isang makisig at guwapong lalaki na bumaba. Nasa ngiti nito ang ganda ng hapon. Nasa mga gulong ng kanyang bisikleta ang sigla. Ang intensidad, nasa timbang ng kanyang mga hikaw na paroo't parito sa hanging dumadaan sa pagitan ng mga hibla ng kanyang buhok.

Huminto siya sa tapat ng lalaki. Umangkas ito sa likuran. Kumaway sila kina Joshua at Angela. Gumanti ang mga ito, may pagkamangha't pagtataka.

Siya, si Sadyah Zapanta Lopez, nagbisikleta nang nagbisikleta. Hanggang sa burol na iyon, kung saan itinuro niya kay Priya Iyer ang palayan ng Barasanan at ang balon sa sapa.

Nilakad nila ito sa maghapon, magkahawak-kamay, hanggang ang lumbay ng kanilang mga dila, naging tamis ng takipsilim.

# *Pasasalamat*

Sa De La Salle University Manila: sa Department of Literature lalo na sa aming Chair na si Dr. David Jonathan Y. Bayot na nagrekomenda ng nobela para sa publikasyon; sa aking tagapayo mula M.F.A. hanggang Ph.D. na si Dr. Cirilo F. Bautista, at sa aking panel: Dr. Isagani R. Cruz, Dr. Buenaventura S. Medina, Dr. Efren Abueg, Dr. Fanny Garcia, at Dr. Gerardo Torres. Mapalad ako sa pagkatuto sa kanilang mga puna at suhestyon. Kina Dr. Paz "Doods" Santos at Atty. Soliman Santos sa pagbabahagi ng kanilang mga pag-aaral sa Muslim at Mindanao, sa pagbabasa ng draft, sa pagpapakilala sa akin kina Manny Calizo at Vicky Segui, at sa *wakeboarding* sa CamSur Water Sports Complex. Sa College Research Fund (CRF) ng College of Liberal Arts sa pamamahala ni Dr. Rhoderick Nuncio. Kay Dr. Ronald Baytan, editor ng *IDEYA*, sa unang paglathala ng limang tsapter ng nobela. Kay Ms. Jhonalyn Cruz sa pag-copy edit. Kay Vince Groyon na nagsakatuparan sa magandang disenyo ng pabalat. Sa Academic Publishing Office lalo na kay Ms. Joanne Castaňares. Sa aking mga estudyante sa Philippine Literature at Creative Writing mula SY 2007-2008 sa kanilang pagbasa at pagkomento. Kina Jamie Bibit at Kristine Calpe sa white water rafting sa Cagayan de Oro at sa island tour sa Camiguin.

Sa C & E Publishing, Inc. lalo na kay Sir Alain Padilla, ang senior editor, at kay Ms. Judith Ann C. Buhain na nag-layout.

Sa aking mga kaibigang manunulat at kababayan: kay John Iremil Teodoro: sa maraming kuwentuhan at sa pag-edit ng ilang unang versyon ng nobela; kay Glenn Mas sa mga libreng tiket sa mga dula; kina Acai Flores, Nonong Egida, Remy Muescan, Randy Tacogdoy, Edison Tondares, Wilan Train, Ninet Molina, Dani Misajon, at Ceci Pefianco sa maraming magagandang alaala sa Paranubliun-Antique. Sa iririmawtaton@yahoogroups.com.

Sa iba pang kaibigang manunulat: kina Kate Ramil at Joni Cham sa writing trip sa Vigan; kina Kristian S. Cordero at Carlo Arejola sa pagbasa ng ilang draft at sa pagpapakilala sa akin ng Bicol, at kay Sonny Sendon sa pakikinig; kay Sid Cruz na maaasahan sa mga impormasyon; kina Sir Jun Cruz Reyes at Egay Samar sa mga komento.

Sa pamilyang Javellana-Vandenbroeck (Norma, Arnold, Maya, Bayani) ng Ma-a, Davao City: sa writing residency noong 2007 at sa pagpapakilala sa akin sa marami pang cultural artist lalo na kina Bobby Cielo at Fe Remotigue; sa biyahe sa Saranggani at GenSan; sa mangosteen, at sa pagkakaibigan sa maraming taon— mula Antique hanggang Facebook.

Sa UP in the Visayas, Miag-ao, Iloilo: Sir Leo Deriada,

Ma'am Alice Tan Gonzales, Sir John Barrios, Sir Jonathan Jurilla, Sir Melchor Cichon, Ma'am Zeny French, Sir Tom Talledo, Sir Joefe Sta. Rita. Kay Dulce Deriada-Manaog. Kay Ma'am Melanie Padilla at ang Center for West Visayan Studies. Ang Sentro ng Wikang Filipino. Ang Skimmers Batch 2000 lalo na kina Bernadette Gumawa-Martinez, Jenny Hormillosa, at Lyra Nordista.

Sa Dao Catholic High School, lalo na ang Batch '96.

Sa aking pamilya na palaging inspirasyon at moog: sina Nanay at Tatay; Nene Faith at Mike; Toto Lemuel at Darlyn at Nyhl at Princess Sadja; Riza, at kay Pearl na bumasa ng 1st draft at tumulong sa pananaliksik. Sa buong Barasanan.

Sa aking mga ka-Friendster, ka-Multiply, ka-Facebook.

Sa Dakilang Kaluluwa na lagi't lagi, gumagabay at nagbibiyaya.

Ang pahinang ito ay sadyang iniwang blangko.

# *Ang Manunulat*



Awtor ng *Komposo ni Dandansoy* (koleksyon ng mga kuwento sa Hiligaynon at Filipino, UST Press, 2007), *Pula ang Kulay ng Text Message* (koleksyon ng mga tula sa Kinaray-a at Filipino, University of San Agustin Press, 2006), *taga-uma@manila kag iban pa nga pakipagsapalaran* (koleksyon ng mga kuwento sa Kinaray-a, NCCA, 2005), at tagasalin ng *Ang Bukid nga Nagapalangga sang Pispis* (picture book sa Kinaray-a at Hiligaynon, Mother Tongue, 2007).

May Ph.D. in Literature (High Distinction at Outstanding Dissertation) mula sa De La Salle University–Manila kung saan siya nagtuturo. Centennial Model *Iskolar ng Bayan* Awardee ng UP Visayas sa Iloilo (BA Literature 2000). Premyado ng Don Carlos Palanca Awards for Literature at ng Komisyon ng Wikang Filipino. Umuupo bilang panel sa IYAS National Writers Workshop sa University of St. La Salle sa Bacolod City at sa San Agustin Regional Writers Workshop sa Iloilo City. 2009 Overseas Writing Fellow sa Seoul na inisponsor ng Ministry of Culture & Tourism ng South Korea.

Taga-Tobias Fornier, Antique. Nag-aral sa Barasanan Elementary School at sa Dao Catholic High School. Nasa Board ng Dungug Kinaray-a, Inc. at itinatayo ang *Balay Sugidanun*.

Ipinanganak noong Enero 5, 1979.